BILAKLAK

Kiyas ng Tahanan

ABRIL 11, 1956

30 sts.



Ang "LIT-UP" Set ay nakahahalinang tingnan, napakabago sa disenyo at katamtaman ang halaga na di-sasalang magtatamo ng walang katapusang papuri at kasiyahan sa isang dangal na babaing tahanan.

Makabagong makinarya, piling materyales at mainam na pagkakayari ay ang iyong katiyakan sa walang kupas na kagandahan at mayuring muwebles na nagbubuhat sa Bahay kalakal ng Puyat.



PARA SA BABAING TAHANAN...

Bantog sa Mahusayang Muwebles

190 RODRIGUEZ ARIAS, MAYNILA * TELEPONO 3-60-81
Sangay: 604 AVENIDA RIZAL * TELEPONO 3-23-07

THE HOUSE OF Puyat

TEOFILO E. SAUCO
Patnugot

EMILIO MAR. ANTONIO
Pangalawang Patnugot

Mga Kagawad:
CIRIO GALVEZ ALMARIO
CONRADO S. ACUÑA
EPITACIO REYES TAN
VICTORIO S. FRANCISCO
ANACLETO L. BUSTAMANTE
AMADO S. PAGSANJAN
AMELIA ARCEGA DE LA CRUZ
EMMA MARIA CRISTINA

Tagapaglathala
BULAKLAK PUBLICATIONS
1002-1004 R. Hidalgo, Quiapo
P. O. Box 1382, Maynila
Tels. 3-36-13 at 3-36-14

FRANCISCO G. GUBALLA
Tagapamahalang Patnugot

BEATRIZ M. de GUBALLA
Tagapangasiwa

CHERY GUBALLA-ATIENZA
Pangalawang Tagapangasiwa

ROSAURO M. GUBALLA
Kasangguni

CORAZON G. ESTRELLADO
Pangalawang Kasangguni

MARIO A. ATIENZA
Tagapamahala sa Anunsiyo

RAMON P. IGNACIO
Sa Sirkulasyon

Nakatalang pangalawang uri sa Kawanihan ng Koreo sapul noong Abril 14, 1947
Halagang Suskrisyon
Isang taon ₱12.00
Anim na buwan ₱ 7.0
(Doble sa ibang bansa)

HINAKDAL ni BALAGTAS...



Tila pangitaing sa aki'y dumalaw
ang makatang-haring Sisne ng Panginay;
siya ay lumapit sa aking himlayan
at ako ay kanyang masuyong pinukaw:
—Anak, aking anak, —ang wikang marahan,—
aba, bumangon ka't taas na ang Araw.

Huwag kang pahimbing, aba, gumising na,
pagka't naglulubha ang mahal mong Ina;
kapatid mo na ring walang kaluluwa,
ang sa Inang Wika ay dumurusta pa;
sa aking kinathang "Florante't Laura"
ang bawa't pangala'y tingnan mo't iniba.

Sukat bang ang aking Selyang kinakasi,
binigyan ng bagong palayaw na CELY....
yaong si Flerida'y nginalanang FLERY,
si Aladin nama'y tinawag na ALLY,
maging si Adolfo, gayong lilong Konde,
akalain ko bang taguriang DOLPHY?

Gayong ubod-tamis itong Wika natin,
sa wikang dayuha'y pinaaalipin;
maging ang aklat ko na sariling atin,
sa paaaralan ma'y bihirang gamitin;
kaya, aking anak, bangon na't gumising,
ang taksil sa Wika'y iyong pag-usigin.

—Sa gayong sinabi ng Makatang Hari,
ako ay nagbangong walang pasubali;
saka pagkatapos, ako ay naglimi,
ang hinakdal niya ay aking sinuri;
may matuwid siyang usiging palagi
ang sa Inang Wika ay umaaglahi.

Emma Maria Cristina

Ang pagkakaparis, kung-sakali, ng mga pangalan ng tao, buhay man o patay, sa mga pangalan ng alin mang tauhan sa mga akdang nalalathala sa BULAKLAK, ay isang pagkakataong hindi sinasadya ng kumatha. Anumang malathala sa bilang na ito ay parehela, maikling kuwento at kuwento o nobelang nakalarawan, gayundin ang pagsasapelikula o pagsasadula sa radyo o tanghalan sa mga yon nang walang pahintulot ang "BULAKLAK PUBLICATIONS"—Patnugot.

BAKAS NG NAKARAAN:

Palihim na pumasok si Emma sa malaking bakuran ng kanilang tahanan. May kausap na bata rin ang isa niyang anak. Narinig niyang sinabi ng kanyang [illegible], na ang pagkaalam nito ay nagsakit siyang nakahahawa at maaaring mamatay siya sa sakit na yaon, ayon naman sa paliwanag ni Lauro. Nakita si Emma ni Lauro. Ipinagtabuyan siya. Sinumbatan siya ni Lauro. Umalis si Emma. Nagtuloy si Emma sa bahay ng kaibigan niyang si Nena. Pagkaraan ng dalawang araw ay nabalitaan ni Emma, na si Lauro at ang dalawa nilang anak ay nagtungo sa Hongkong...

(Ika-27 Labas)

Malimot Pa Kaya Ng Ating Lipunan

Usaping Nabunyag N[illegible] Dalawang [illegible]

ANG usaping Lauro Arrastia laban kay Emma Barcelona ay naging pangmukhang balita ng maraming pahayagan sa buong Maynila. Walang pagtitipon na hindi ito ang paksa ng usapan. Ang katanyagan ni Emma sa lipunan, at ang kanyang pangalang laging kakabit ng mga kilusang pambayan at pangkawanggawa ay naging bukambibig ng lahat. Hindi pa man natatapos ang paglilitis ay kung anu-anong pasiya na ang nabubuo sa isip ng tao. May nagbibigay katwiran kay Emma at may sumusumpa naman!... Sari-saring hinala ang binalangkas sa isipan ng marami tungkol sa sanhi ng pagkakalayo ng dati-dati'y ulirang mag-asawa. Hayan ang sabihing si Emma ay nabulag sa pag-ibig ng isang pinuno ng hukbo, hayan ang sabihing ang kanyang buhay sa piling ng asawa ay isang buhay na tigib ng paghihirap at pagtitiis dahil sa ugali at kabagsikan ng mayamang lalaki...

Ang kanilang pagsasagutan sa pahayagan, ang pagpapaliwanagan ng mga manananggol tungkol sa katwiran ng isa at isa ay hindi nakakaligtaan ng bayan na di basahin at nuynuyin. May mga balita na labis kung sumugat sa damdamin. Hayan ang sabihing si Emma ay di dapat maging ina ng dalawang bunso, isang inang dahil sa makasalanang pag-ibig ay natutong iwan ang tahanan, pinabayaan ang mga anak at kinaladkad, ang puri ng asawa sa putik ng pagkakasala...

Sa panig naman ni Emma ay ibinandila ang kahigpitan ng asawa, ang kabagsikan, ang ugaling makahari na siyang nagtaboy sa kulang-palad na babae na iwan ang tahanan at hanapin ang kaligayahan sa piling ng iba...

Anupa't ang usapin ng mag-asawa'y naging bulaklak ng dila ng lahat, sinubaybayan ang mga pangyayari sa mga lingguhan at pahayagang pang-araw-araw.

Datapuwa't ang katarungan at ang batas ay may isang patakarang dakila at banal. Ang ganitong suliranin ng mag-asawa ay di agad pinagpasyahan. Ang pinagbigkis ng pag-ibig sa harap ng batas at sa harap ng altar ay hindi kaagad-agad makakalas sa kabiglaanan at sa kapusukan ng loob. Kailangan silang maghusay... kailangan silang huminahon. Kailangang bigyan sila ng panahong lumamig ang naglalatang na kalooban upang baka lamang sa kabiglaanan

NAAKALA KAYA NINYONG ANG KANILANG PAGSASAMA NANG MAHIGIT SA TATLONG BUWAN AY WALANG NANGYARI? NAKATATAWA, PADRE !... KAYO'Y LALAKI RIN...

Emma

Nobela ni **DR. FAUSTO J. GALAURAN**

ay nakakaisip silang maghiwalay. Kaya't pagkatapos ng mahabang panahon sa paglilitis ay ipinasya ng hukumang bigyan ang magasawa ng anim na buwan upang masuri ang kani-kanilang kalooban sa gitna ng kahinahunan.

Ang anim na buwang taning ang nagpalamig sa mainit na mga balita sa mga pahayagan. Unti-unting nawawala ang malalaking titik sa pangmukhang dahon ng mga lingguhan at pang-araw-araw na balita. Ang suliranin ng mag-asawa ay tinakpan ng iba't ibang suliraning pangkabuhayan at pampulitika.

Subali't sa buhay ng dalawa ay walang kalutasan pa ang kanilang suliranin. Lalong nagmatigas si Lauro. Hindi maamin ng lalaki na makisama pang muli.

—Ako'y hindi tunggak!... —iyan ang madalas niyang sabihin sa mga kaibigang lumalapit sa kanya at namamanhik na sila'y muling magka-ayos ni Emma. — Ang dangal na dinungisan ng isang kasalanang katulad niyan ay di maaaring mahugasan ng pamanhikan at pagpapatawad. Hindi na kailan man mabubuksan sa kanya ang aking tahanan. Ako'y may dangal at may pangalan sa lipunan...

—Ako'y walang kasalanan!... —ang matigas namang wika ni Emma. — Hindi ko maaaring aminin na ako'y nagkasala at dinungisan ko ang puri ng aming tahanan. Ang ginawa ko'y maaaring gawin ng sinumang mapagkawanggawa! Iyan ay isang kabanalang kinikilala ng Diyos!... Tulungan ang mga nasasawi... pakanin ang nagugutom... iligtas ang nalulunod!... Hindi ba't iyan ay utos ng Diyos?... Bakit ko aaminin na ako'y isang masamang ina?...

At sa gitna ng maiinit na pangangatwirang iyan, ay lalong lumawak at lumalim ang banging nakapagitan sa dalawa...

Kaya't maging si Padre Domingo, ang matandang paring kompesor ni Emma, nang matanto ang nangyari sa dalawa ay napilitang kumilos. Iniwan ng matandang pari ang kanyang kumbento at buong kabanalang sinikap na mapaglapit ang mag-asawa upang magkahingahan. Ang eskandalong ikinalat ng pagsasakdalan ng mag-asawa'y lumilikha ng napakalaking pinsala sa kani'ang tahanan at kapurihan. Dinaramdam ng pari ang gayon... Una niyang kinausap si Lauro...

—Nguni't Padre, kayo'y isang lalaki rin... —ang tugon sa kanya. —Bukod sa lalaki ay may dangal at pangalang dapat ipagtanggol. Inaakala kaya ninyong isang kabanalan ang ako'y lumapit kay Emma at siya'y amuing magbalik sa aming tahanang kanyang dinungisan? At maniniwala ba kayo na siya'y walang sala? Kayo'y kanyang padre kompesor... Hindi ba't kayo rin ang nagsabing ang Nestor na iyan at ang babaing iyan ay lumapit sa inyo? Inaakala kaya ninyong ang kanilang pagsasama ng mahigit sa tatlong buwan ay walang nangyari?... Nakatatawa!... nakatatawa, Padre!... Kayo'y lalaki rin...

Ang pagpapatawad, La-

Sundan sa pahina 35

Dalawang Bulaklak

PAGTATAPAT NI CECILIA FERNANDEZ KAY BEN GALLARDO

LAKAS NG NAKARAAN:

Umiibig na si Mercy. Ayaw niyang tanggapin ang mga pialala ni Celia. Isa nang guro sa paaralang-bayan si Celia. Isa sa mga babaing guro, na kasama ni Celia, ang nagsabi sa kanya, na yaon ay may isang pinsang binata, na sa sandaling makita si Celia ay tiyak na tiyak na ito'y liligawan...

(IKA-6 LABAS)

IWINAGLIT ng panahon sa aking alaala ang pagbibiruan namin ni Chayong sapagka't dahil sa aming gawain sa paaralan ay hindi na kami nagkaroon ng isa pang pagkakataon upang makapagusap tungkol sa kanyang "*inilalapit*" sa aking kamaganak. Abalang-abala ako sa pag-aayos ng aking silid sapagka't dahil sa pagsapit ng Disyembre ay kinakailangang ilagay sa ayos ang lahat bago man lamang maipinid ang klase sa panahon ng bakasyong maikli. Si Chayong man naman ay gayon din. Palibhasa'y aapat kaming guro sa nayon kung kaya't hindi kami makapaghilian sa pagliligpit. Kanya-kanyang ayos, kanya-kanyang ligpit at kanya-kanyang paghahanda. Isa pang nakaragdag sa aking gawain ay nang hirangin ako ng aming prinsipal na si Mr. Cruz upang siyang mamahala sa munting palatuntunang pampasko ng mga bata.

Napilitan akong pumasok ng maaga at umuwi naman ng halos gabi-gabi na dahil sa pag-eensayo ng mga batang kasali sa palatuntunan. May sayaw na karinyosa na ipinahanda ko kay Chayong na lalabasan ng mga batang babaing nag-aaral sa ikalawang grado. Si Mr. Marcial Corpuz, tanging lalaking guro maliban sa aming prinsipal ay inatasan kong magpasanay sa kanyang mga bata ng tinikling upang siya naman maging bilang ng mga batang nag-aaral sa ikatlong grado. Ang aking maliliit na tinuturuan ay sinasanay ko sa sayaw sa bilao. Anupa't ang ilang araw na nalalabi bago sumapit ang huling araw ng pasukan ay iniukol namin sa mga paggagayak at paghahanda ng mga kailangan sa tanging palatuntunan ng mga bata. Si Chayong ang tinokahan ni Mr. Cruz na siyang mamahala sa minindal at sa pag-aanyaya sa mga magulang ng mga bata.

—Ikaw naman, Mr. Corpuz ang bahala sa mga silya at likmuang kailangan maihanay sa harapan ng paara-

"Talon Ng Paqsanhan" Ay Tibok Puso Tinig Ng Paq-ibig Na Nasa Malayo.

lan. Ikaw din, bilang lalaki ang gagawa ng maliit na tanghalan. Pagsama-samahin mo ang mga desk at saka patungan sa ibabaw ng malapad na tabla. Marahil ay tama na iyon, —ang wika pa ng aming prinsipal.

—Ayan ang mapapala ng isang gurong lalaki,— ang nasabi tuloy ni Chayong na nakatinging tila nanganganiyaw sa aming kasamang guro. —Lahat nang mabibigat na trabaho ay iyo.

Natawa na lamang si Marcial.

—Sumaya lamang ang palatuntunang ito ni Celia ay hindi na baleng ako'y mahirapan.— Ang kanyang tugon naman na sa akin siya nakatingin.

—At bakit, ito ba'y palatuntunan lamang ni Celia at di ng ating paaralan?

—Ehem, tila nakabibitiw

sa tulos si Mr. Corpuz?...— ang parunggit ni Chayong na kinurot ako sa bisig.

—Hoy, Chayong, ang pilya nito ah!... —ang nakatawang tugon ko naman sa pagbibiro ng aking katabi.

—Mangyari'y deretsong deretso kung magsalita si Mr. Corpuz. Tila si Celia na lamang ang guro ng paaralang nayon.

—Hoy... Hoy..., tama na iyan... —nakangiting awat ng prinsipal nang makitang tila namimilipit si Mr. Corpuz sa kanyang upuan.— Binibigyan ninyo ng kahulugan ang ating miting. Hala, trabaho, kahiya-hiya sa mga magulang kung hindi tayo makapagdadaos ng isang maringal na palatuntunan ng mga bata.

—Heto na nga po't subsob ang aming ulo sa pag-eensayo ah... —sabad ni Chayong.

—Ano, Celia, areglado na ba ang lahat?— baling ng prinsipal sa akin.

—Opo, Mr. Cruz, isa lamang ang kulang natin. Wala tayong piyanong magagamit at kung may piyano naman ay wala tayong piyanista na sasaliw sa mga sayaw ng mga bata.

—Madali iyon,— sabad ni Chayong. —May pivano sa inyo, Celia, ano?

—Oo,— ang bigla kong sagot.— Nguni't...

—Kung ipahihiram iyan ng iyong nanay Loleng ay kami na ang bahalang magpabuhat, —sabad ng prinsipal. —Nguni't paano naman ang piyanista?

—Ako na po ang bahala, Mr. Cruz, —ulit ni Chayong. —Lilihaman ko po ang aking pinsan na dito magbakasyon sa ating nayon. Marunong pong tumugtog ng piyano iyon. Nag-aaral siya sa konserbatoryo.

—Ay salamat, nalutas din natin... — pabuntong-hiningang wika ni Mr. Cruz. — O ano pa ang kailangan Miss Fernandez? —muling tanong sa akin.

—Wala na po, kung mai-pangangako ni Chayong, este ni Miss Ramos na tayo'y may piyanista.

—Isa pa pong mungkahi, Mr. Principal,— ang sagot ni Chayong.— Ibig naming

Sundan sa Pahina - 36

"ULILANG BITUIN"

Nobela ni Bb. Luz del Mundo

BAKAS NG NAKARAAN:

Galit na si Ernesto. Galit din ang kanyang ina. Nagpapayo naman si Don Bandong. Buo pa ang pag-asa ni Donya Adela, na matatuloy rin ang pangarap na yang makasal si Ernesto kay Ligaya. Si Ligaya naman ay ayaw nang matuloy pa sila ni Ernesto. Para kay Ligaya, ang may kasalanan sana ipinagkagayon ni Dora at si Donya Adela. Ang nais ni Ligaya ay makausap si Dora, nguni't matiyak niyang ito ay buhay pa...

(IKA-37 LABAS)

GABING-GABI na nang sumunod na araw nang si Ernesto ay malungkot na umuwi sa sariling tahanan. Inihagis ang sumbrerong suot sa ibabaw ng isang silya sa kabahayan at naupong malatang-malata sa unang likmuang nakita. Hinagod ang kanyang gulong buhok, pinahid ang pawis sa noo ng isang panyolitong may karumihan na ng kaunti dahil sa laging paggamit, at saka pailing na bumuntong-hininga.

"Umuwi ka na pala?..." ang kanyang narinig na tanong buhat sa puno ng hagdang patungo sa itaas ng bahay.

Tiningala ang tumawag at nang makita'y saka pailing na nagsalita.

"Opo, Lolo... Maghapon akong naglalakad..." ang pabuntong-hiningang tugon na hinahaplos ang buhok.

"Mukhang pagud na pagod ka... Saan ka ba nakaratin...?" tanong ng matanda na lumapit sa apo. Ibinalik ang kuwako sa bibig at saka marahang nagpausok.

"Sinunod ko ang inyong bilin... Hinanap ko siya?..."

"At hindi mo na naman natagpuan?..."

"Hindi ko po natagpuan, nguni't naniniwala na akong siya'y... buhay, Lolo".

"Iyan din ang sabi ng iyong ina... Nguni't hindi mo naman makita at matagpuan."

"Ako'y galing sa konsulado ng Korea, Lolo. Ibig kong iyon ang una kong tunguhin. Natanto kong may isang Dora Wang Lee na nagnanais magbalik sa sariling bayan. Alam ba ninyo, Lolo na si Dora pala'y hinahanap ng buong pamahalaan ng Korea?..."

"Tutoo ba iyan?... At bakit daw?..."

"Wala doon ang konsul at wala rin ang kanyang kalihim. Ang nakausap ko'y ang kanilang punong kawani sa tanggapan. Sinabi sa akin na naghihintay ang konsul ng sagot ng kanilang pamahalaan kung dadakpin si Dora Wang Lee!..."

"Dadakpin?..." at ang kuwako sa bibig ng matanda ay kauntik nang malaglag sa malaking pagkagulat. "Bakit, si Dora ba ay isang..."

"Iyan na nga ba ang sinasabi ko eh..." ang kanilang narinig na tinig

"Mama..."

Narinig pala ni Donya Adela ang sinasabi ng anak habang siya'y papanaog sa hagdanan

"Iyan na nga ba ang kutob ng loob ko sa babaing iyan..." ang muling ulit na tila lalong ipinaririnig sa matandang Bandong. "Sa kilos at pananalita ng asawa mong iyan ay may lihim na binabalak..."

"Huwag ka na munang magpauna, Adela..." payamot na wika ng matandang lalaki. "Bayaan mong si Ernesto ang magsalaysay ng lahat..."

"Iyan po ang aking narinig, nguni't hindi nila matiyak kung dadakpin o hindi sapagka't naghihintay sila ng pasabi ng pamahalaan ng Korea. Nguni't ayon sa aking nakausap, ang buong konsulado ay humingi na ng tulong sa mga kagawad ng pulisya dito sa Maynila at maging sa hukbo..."

"*Que grande kosa* sa isang gusgusing Koreana!..." papiksing wika ng matandang babae. "Bakit pa?... Madali namang madadakip iyon kung gusto nila."

"O ano pa ang natuklasan mo, iho?" tanong ng matandang Bandong na hindi pinansin ang pagsasalita ng pamangking babae.

"At nagtungo rin kami ni Sebio sa itinuro ninyong otel, Mama..." ang tugon ng lalaki. "Doon ay walang nakatirang Koreana, ayon sa katiwala ng Otel. At wala rin silang pangalang Dora Wang Lee. Ang nakatitik sa kanilang talaan ay Miss Teodora del Mundo, taga Tayabas. Ang silid ay may bilang 22 sa ikalawang palapag.

Hindi Akalain Ng Mutyang Si Dora

"Teodora del Mundo?... Baka si Dora rin iyon?..." ang tanong ng ina sa anak. "At tumungo ka ba sa silid na yaon?..."

"Oo, mama... Nguni't walang tao. Siniyasat ko ang mga tagapaglingkod doon, nahulo kong si Dora nga at walang iba ang doon ay nakatira. Ayon sa tagapagdala ng pagkain, ang babai'y isang mukhang Tsina, singkit ang mga mata, at ang lalaki'y mukhang Pilipino, malaki at mabibilog daw ang mata, magandang lalaki, at mahusay managalog. Ang babae din daw, managalog man ay may kagarilan ng kaunti..."

"Samakatuwid ay doon sila nagtitira?..." tanong naman ni Don Bandong.

"Ang babae lamang daw, nguni't malimit doon ang lalaki at siyang sumasama sa mga pagpapasyal ng babae. Kung minsan daw, ang lalaki ay may kasama pang ibang babae at doon sila kumakain sa loob ng silid..."

"Hindi mo pala nakita?..."

"Hindi, Lolo... Kaya ako inabot ng gabi ay sa paghahangad kong sila ay makatagpo. Nguni't hanggang ika pito ng gabi ay hindi pa sila dumarating. Naghintay ako ng matagal sa bulwagan ng otel nguni't hindi sila sumipot..."

"Ngayon, napatutohanan mo na ang lahat?" ang wika ng ina na ikinibit pa ang balikat. "Sa wakas ay natanto mong hindi pala ako nagkakamali? Nakita mo na...? Dahil sa nabigla ka ng pagpapakasal sa kanya pati ang

Sundan sa Pahina-37

(IKA-17 LABAS)

NANG makaalis si Carding at pagkatapos ay matagpuan ang pilas-pilas na tsekeng iniwan ni Rafael na nakasabog sa lupa, sa may likuran ng "Cocktail Lounge", ay sumaisip ni Lucy na ang tsekeng iyon ay sadyang siyang ihahandog sa kanyang kaarawan ni Rafael, dangan na nga lamang at nakita siyang nakikipag-usap nang masinsinan kay Carding. Nuo'y muling dumaragang unti-unti sa kanyang budhi ang 24 na oras na taning sa kanya upang magbayad ng hulihan sa binili niyang mga kasangkapan, kaya wala nang sumagi sa kanyang isip kundi ang paghanapin si Rafael at siya'y makapagpaliwanag, sa layong bigyan siyang muli ng halagang kanyang kailangan.

Dumating si Lucy sa bahay ni Rafael, samantalang hawak nito sa kamay ang baso ng matapang na wisky; sa ibabaw ng mesang katabi ng kinauupuan ni Rafael ay makikita ruon ang bote ng alak na nangangalahati na ang laman, isang pitsel na tubig, ilang tabako sa isang kahon at ilang basong walang la-

Luksang TAGUMPAY

Isinanobela ni
TEOFILO E. SAUCO
Salaysay ni
MIKE VELARDE

man.

Nakalilis ang manggas ng kamisadentro, maluwag ang pagkabuhol ng korbata, nakabukas ang kuwelyo ng kanisadentro at gusot ang buhok, si Rafael ay larawang dunay ng isang wala nang tunay na kapag-apag-asa sa buhay. Ang tanawin iyon at ang walang kaayusang kapaligiran sa loob ng bulwagan at silid ni Rafael, ay nagpapakilala lamang na wala nang kamay na doo'y nagpapala at nag-aayos.

Napansin ni Rafael ang pagdating ni Lucy, nguni, hindi niya kinibo ito. Lumapit itong may masayang mukha at bumati kay Rafael.

—Rafael, hindi mo ako babatiin sa aking kaarawan?

Napatingin lamang si Rafael sa kanyang hindi hinihintay na panauhin, nguni, nagwalang bahala, hindi man kumibo. Humarap sa kanya si Lucy at magiliw na nagsalita

—Alam kong nagtatampo ka sa akin... nakita ko ang tsekeng pinagpilas-pilas mo; nauunawaan kong ang tsekeng iyon ay ihahandog mo sa aking kaarawan, dangan lamang at...

Hindi rin umimik si Rafael; unti-unti nang naghihinanakit si Lucy sa kilos na ipinakikita ni Rafael; sumasal ang tibok ng puso.

—Ang lahat kaipala'y dahil kay Carding, nguni, bayaan mo akong makapagpaliwanag bago mo ako kapootan, Rafael.

—Paliwanag? Ano pang paliwanag ang masasabi mo pagkatapos ng aking nasaksihan at narinig sa pag-uusap ninyo ni Carding? Ibig mo bang ipalagay na ako'y tanga?

—Huminahon ka, Rafael; hindi kita ipinalalagay na tanga; ipinagtatapat ko sa iyong sadyang sinadya ko ang mapalapit kay Carding dahil din sa iyo; iniilagan kong siya'y maghinala sa iyo ukol kay Anita.

Hindi tumugon si Rafael; patuloy ang mahinang tugtog ng grapopono ng *"Racmaninoff's piano Concert"*, at dito naukol ang buong kamalayan ni Rafael sa halip na pakinggan ang pinagsasabi ni Lucy.

Ang sumilay na hinanakit ni Lucy sa kanyang damdamin ay nagiging poot habang patuloy na hindi siya pinapansin man lamang ni Rafael. Gumigiti ang luha samantala'y nagtitiim ang mga bagang.

—Aayaw mo ba akong pakinggan, Rafael?

—Para ano pa, wala nang kahulugan ang anumang sasabihin mo sa akin?

—Ah, wala nang kahulugan ngayon. Sinasabi ko sa iyong kailangan ko ang halagang P1,500, huwag nang maging handog mo dahil sa aking kaarawan, kundi upang iligtas lamang ako sa pagkakaaliwan mo sa iyong pangungulila, maging katamisan mo at kasiyahan sa iyong mga kapighatian?

Nguni, hindi rin natigatig si Rafael. Sa loob-loob nito'y gumugol siya nang malaki upang matamo ang mga katuwaang iyon at kasiyahan, na masasabing siyang naging sanhi ng lahat ng kanyang kabiguan sa propesyon, kaya hindi dapat tumanaw ng utang na loob. Samantala, ang huling pagwawalang pakundangan ni Rafael sa mga pagluhog ni Lucy ay naghatid sa hangga ng kanyang maipagpapaumanhin. Sumilakbo ang damdamin ng poot at pagkamuhi kay Rafael; ipinaghagisan ang mga babasaging kasangkapang maabot ng kamay, tinabig ang mga pitsel, botelya at basong nasa harap ni Rafael at pinagbabasag ang mga kristal at salamin.

Sa Pagkakapatay Dito Kay Rafael.

Pinapananagot Ay Itong si Carding.

pasubo; bukas ng hapon ay iiiting lahat ang mga kasangkapan sa "Cocktail Lounge" kapag hindi ako nakabigay ng halagang iyan, kaya, nais kong malaman sa iyo ngayon kung bibigyan mo ako o hindi ng halagang iyan, naririnig mo ba ako, Rafael?

Napahalakhak lamang si Rafael at ang pagtatapat na iyon ni Lucy ay hindi man nakatigatig sa kanya. Napansin naman nitong marahas man ang paraang iyon ng panghihingi ay hindi niya malalamuyot si Rafael, kaya nagbago ng paraan. Yumakap kay Rafae', ang kanyang mukha ay masuyong idinikit sa mga labi ng lalaki at, parang isang sisiw na lulugo-lugo ay napakakalong sa mainit na kandungan ng inahin.

—Rafael, mapababayan mo ba ako, pagkatapos ng ating mabuting ipinagsama, pagkatapos na ako'y maging

—Magsalita ka Rafael, bakit ayaw kang magsalita, bakit hindi ka tumugon?

—Marami ka nang binasag na kasangkapan, Lucy; naminsala ka ng aking mga ari-arian, at inuudyukan mo akong lubos kitang kamuhian at magbasag din ng kasangkapan —pagkasabi niya'y biglang ipinukol ang hawak na basong may laman pang kaunting alak.

Natimbang ni Lucy ang kanyang kalagayan; kung gayong galit na rin si Rafael, maaaring hindi na siya makapagtanggol; tumahimik siya. Samantala'y humalakhak si Rafael.

—Akala mo yata ay malilinlang mo pa ako... hindi na Lucy; ibinigay ko sa iyo ang lahat mong kailangang hingin sa akin, sa paniwala kong sarili kita, nguni, pagkatapos ng nasaksihan ko at narinig, umiibig ka rin kay Carding. Ha, ha, ha! At, ito pa ang mapala ko, na, dahil sa iyong hangad na makapaghiganti kay Anita, ako'y nagpakabaliw na pakasangkapan sa iyong kapritso; bagay na labis ko ngayong pinagsisisihan. Ngayo'y makaalis ka na, sulong, lumayas ka bago malimot ko ang sarili... baka mapilipit ko ang leeg mo... sulong!

—Oo, aalis ako, nguni, kailangan ko munang tanggapin ang halagang kailangan ko P1,500; kung hindi mo ibibigay magsusuplong ako sa maykapangyarihan at kay Carding... sasabihin kong binulag mo si Anita, pagka't hangad mo siyang mapaghigantihan dahil sa pagkapakasal kay Carding.

Dahil sa tangkang iyon ni Lucy, parang sinusuhang pulbura ang damdamin ni Rafael. Binigwasan ng isang mariing sampal si Lucy, at dahil sa pagputok ng mga labi ay dumanak ang dugo sa harapan ng bestido ng dalaga. Sa pagkakalupasay ni Lucy ay dinaluhong pa rin ni Rafael at sinakal iyon, marahil ay sa hangad nang patayin at nang matikom na magpakailan pa man ang matabil na bibig. Nakipagtaban si Lucy at ginamit ang buong lakas. Nakahulagpos sa pagkakahawak ni Rafael, lumayo at siya'y napasandal sa dinding, nguni, nang siya'y muling dadaluhungin ni Rafael, nahawakan ni Lucy ang isang munting estatwang marmol at naipalo sa ulo ng lalaki; nasugatan ito nang malalim at sa malas ay dinamdam ang sugat sa ulo at ang pagdanak ng maraming dugo. Nagliliyab ang mga matang sinibasib na naman si Lucy; ito'y muling napasandal sa isang haligi at nang lalapit si Rafael ay nabigyan ito ng isang matinding sikad; bigla itong nabuwal at ang ulo'y napabagok nang matindi sa sulok ng isang mesa, na siyang ikinawala ng malay-tao at tuloy

(Sundan sa pahina 84

ANG MAY-AKDA

Sayang na Ligaya

BAKAS NG NAKARAAN:

Galit na kinakausap ni Nena ang anak ni Danilo. Si Rosita ay walang munti man lamang takot na nangangatwiran sa kanyang ale. Dumating ang dalawang madre kasama si Laura, na may pinsala sa kamay at sa mata. Lingid sa dalawang kasama, si Laura ay nagsumbong ng mga kasinungalingan sa kanyang ina. Nang magkausap si Nena at ang dalawang madre, ang mga ito pa ang kinagalitan ni Nena at ipinagtabuyan. Ang dalawang madre ay ipinagtanggol ni Rosita...

(Ika-48 Labas)

SA KAUNA-unahang pagkakataon ay noon naramdaman ni Rosita, na nangatal ang buo niyang katawan sa matinding poot, dahil sa ipinamalas na kawalang-pitagan ng kanyang Tiya Nena, sa dalawa ni'ang pananauhin. Mariing nakagat ang kanyang labi, sabay sa pagtuon ng mga mata niyang walang kakurap-kurap na nakapako noon sa nakapinid na pintuan ng silid ng mag-ina.

—Bayaan mo na anak... Kami'y magpapaalam na sa iyo. Ngani't bago kami umalis ay ibig kong magunita mo, na ang mababababang-loob at mapagpaumanhin ay siyang lalong malapit sa pagpapa'a ng Diyos... Huwag mong damdamin, at lalong huwag mong ikagalit ang kanyang inanyo... Lakihan mo ang iyong puso, sapagka't ikaw ang nakaaabot ng katwiran... —ang wika ng matandang madre, na nakaakbay noon kay Rosita.

Mariing kuyom ang dalawang palad na napabuntong-hininga ang anak ni Danilo. Anhin man niyang pakiramdaman ay naubos na ang lahat ng kanyang pagpapaumanhin. Naglalagablab ang poot sa kanyang puso, na tila siyang nagpapasikip sa kanyang dibdib. Muli siyang napabuntong-hininga, saka napayukong kagat pa rin ang labi.

Taksil Na Babaing Kasamaa'y Likas

Di Maasahang Siya'y Maging Tapat.

—Kung may kailangan ka sa akin... anumang oras ay bukas sa iyo ang pintuan ng kolehiyo. Nakahanda ako, Rosita, sa anumang maitutulong ko sa iyo... —ang marahang wika naman ni *Sister* Elisa.

Noon lamang nakapagsalita si Rosita.

—Maraming salamat sa inyo. Sinabi na po ng aking ama, na ako ay magpapatuloy sa aking natigil na pag-aaral. Marahil po ay magsisimula na ako, sa linggong papasok...

—Kung gayo'y hihintayin ka namin... Aalis na kami, anak... ani Madre Maria.

—Adiyos po... Suma-inyo nawa ang pagpapala ng May-kapal, —sagot ni Rosita.

—Salamat, anak... Gayon din sa iyo... —patapos ng matandang-madre, saka nagtuloy nang nanaog, pagkatapos na hagkan ni Rosita ang kanang kamay.

Noon pala naman ay haliling sumisilip sa susian ng nakapinid na pintuan ang mag-ina, kaya't kitang-kita nila, nang manaog na ang dalawang madre. Si Nena ang nagpaunang lumabas. Tumayo sa gitnang-gitna ng bulwagan, nameywang pa muna, saka malakas na tinawag ang pamangkin, na nakatayo noon sa puno ng hagdanan at tinatanaw ang papalayo nang mga madre.

—Halika rito, magaling na babae...

Walang kibong lumapit si Rosita. Pinaglilipat-lipat ang kanyang tingin sa maginang magka-agapay noon sa pagkakatayo.

—Ano ba ang ibig mong sabihin at nagmamagaling ka sa dalawang madreng naparito? —nanlilisik ang mga matang tanong ni Nena.

—Hindi po ako nagmamagaling at wala akong ibig sabihin sa aking ginawang pagpigil sa kanila, nang sila'y ipagtabuyan ninyo, — matatag na tugon ni Rosita.

—Ow, talaga namang nagmamagaling ka... ang ibig mo ay ikaw ang mapuri... Hindi ba talagang iyan naman ang ugali mo...? —pagalit at tila nagmamagaling na wika naman ni Laurang nakapameywang din noong katulad ng kanyang ina.

Tinanaw siya ni Rosita. Ipinakikilala ng nag-aalab na mga mata ng anak ni Dani'o, na hindi niya tinatanggap ang gayong paratang sa kanya.

—Aba, kung makatingin ito, isip mo lalamon ng tao... Hoy, huwag mo akong daanin sa padilat-dilat ng mata at hindi ako natatakot sa iyo... —malakas na wika ni Laura.

—Wala akong tinatakot na sinuman... —mariing sagot ni Rosita.

—O, e bakit mo pinandidilatan ang aking anak...? Palamon mo ba iyan...? Ikaw ba ang nagpapakain diyan... at kung makatingin ka, ay isip mo kayang-kaya mo kaming mag-ina...? — nanggigigil sa galit na sigaw ni Nena, na sinusurot si Rosita, habang nagsasalita.

—Hindi ko sinasabi iyan... at hindi rin naman ninyo masasabi na kayong sumisigaw at nanunurot pa sa pagsasalita ay siyang nagpapakain sa akin... Tayong lahat ay kumakain sa salaping naiwan ng aking yumaong ina... —ang marahan, nguni't mariin at maliwanag na tugon ni Rosita, na hindi na nakapigil sa pagsasalita.

—A, hayon... talaga palang magaling ka... Akalain mong pawalan mong kabuluhan ang paghahanapbuhay ng iyong ama...? Makikita mo... Makikita mo't isusumbong kita, pagdating niya mamaya... Napakasama mong magsalita at wala ka ni munti man lamang paggalang sa iyong ama... Ako pa nga ba ang igagalang mo...? Tayona, Laura... Tayona, at baka mapatay ko lamang ang walang modong ito... —ani Nena, saka hinila ang anak, pabalik sa kanilang silid.

Iniingusan ni Laura si Rosita, habang lumalakad, saka ipinanlura bago padabog na ipininid ang pintuan ng silid nilang mag-ina.

—Ayaw ko nang bumalik sa kolehiyong iyon, mammy,

—ani Laura pagkatapos na ilatag ang katawan sa hihigan.

—Bayaan mo't ililipat kita sa iba, —sagot ng ina.

—E, paano ang naiwan ko roong mga damit at sapatos?

—Ipakukuha ko kay Rosita, bukas.

—Ang inaalaala ko, mammy, ay baka magsumbong si Rosita sa daddy, pagka't narinig niya ang mga idinaldal ni Madre Maria, —ang wika ni Laura.

—Huwag kang mag-alaala... Hindi niya ako maunahan sa pagsusumbong... Mag-ayos ka na at pupunta tayo sa upisina ng iyong daddy, upang doon natin siya kausapin, na hindi marinig ng kanyang anak, — tugon ni Nena, saka sinimulan na ang pag-aayos ng kanyang buhok sa harap ng tokador.

Samantalang nagbibihis ang mag-ina sa silid, si Rosita naman ay basa na ng pawis sa pagpapakintab ng sahig sa bulwagan sa pamamagitan ng bunot. Bagaman nahihirapan sa kanyang ginagawa ay nangingiti rin siya at may nararamdamang ginhawa sa tuwing masusulyapan ang larawan ng kanyang inang nasa isang gawi ng bulwagang yaon. Ligaya na ng kanyang kalooban ang pagkakabalik ng larawan ng yumao niyang ina, sa dating kinalalagyan. Habang nagbubunot ay manakanakang hinahagisan ng tanaw ang hardin sa ibaba, na waring inaalam niya kung hindi pa nalalanta ang mga sariwang bulaklak na kanyang kukunin upang ipalamuti sa larawan ng yumaong ina. Sa ganyang ayos siya nalabasan ng kanyang Tiya Nena, na kasunod si Laura, na kapuwa bihis na bihis.

—Pagkatapos mo riyan ay labhan mo ang marurumi

(Sundan sa panina 84)

— TAYONG LAHAT AY KUMAKAIN SA SALAPING NAIWAN NG AKING YUMAONG INA... MARAHAN, NGUNI'T MARIIN TUGON NI ROSITA.

— A, HAYON .. TALAGA PALANG MAGALING KA...

Mga Kuwento ng Pag-ibig

ni ROGELIO DE LA ROSA

SA PAGKAKASULAT NI Conde Val Pierre

I

NAGDIRIWANG noon ang sangkatauhan dahil sa muling pagkabuhay ng Daki'ang Kristo! Pasko noon nang pagkabuhay! Hindi ko malilimot, Fanny, pagka't kasabay ng pagsasaya ng lahat ng Kristiyano ay muli tayong pinatawran, bago ko sinimulan ang pagpapahiwatig ay nang tanong muna ang ninanais kong masagot mo...

—Ganit ka pa ba sa akin, Fanny?

—Kung galit ako sa iyo, Bert, ay hindi ako sasama sa iyo rito...

—Salamat naman!

—Wala kang dapat pasalamatan, Bert. Nang kinusa ko ang paglayo sa iyo ay hindi ko malaman kung ako'y nagtatampo lamang o nagagalit sa iyo, danil nga sa pangyayaring...

...Kung gayon, Fanny, bakit hindi mo ako binigyan nang pagkakataong makapagpaliwanag? Disin ay hindi tayo nagkalayo...!

—Aywan ko ba... hindi ko nga malaman kung bakit iyon ang sumuot sa naguguluhan kong isip. Gayunman, dahil sa panahong namagitan sa atin ay nalimot ko na

—Mabuti naman, Fanny! Maganda para sa akin ang pagkakataong ito! Maaari ba kitang anyayahan sa isang inuman ngayon?

—Bakit hindi? Tayona!—at nang kawitin mo ako sa bisig ay napatunayan kong nagoabanik nga para ang kahapon na nang una ay hindi ko ibig paniwalaan.

Nguni't napansin kong ikinukubli mo ang luhang nangingilid sa iyong mga mata. Kung ano ang kahulugan ng luhang iyon, ikaw lamang, Fanny, ang nakatatalos.

At nang masarili na natin ang pagkakataon sa isang tanging silid ng tanyag na res-

pagtagpo ng mapagbirong Tadhana pagkaraan nang di mabilang na taon.

Oo, Fanny, ang ilang taong namagitan sa ating paglalayo, para sa akin ay hindi na mabilang. Paano'y gayon na lamang ang hangad kong tayo'y magkatagpo upang liwanagin ang isang bagay na naging dahilan nang ating pagkakalayo.

Hindi naman ako nagkamali nang palagay, na, ikasisiya mo ang muli nating pagkikita. Nagitla ka lamang nang ilang sandali ng ikaw ay lapitan ko at kamayan...

—Ikaw ba si Bert?

—Oo, Fanny! Bakit, malaki ba ang ipinagbago ko?

—Aba, oo! Tumaas ka at lumaki ang iyong katawan! Kumusta?

Ang Kanilang Puso Pala Ay Nagsimpan, Ng Isang Pag-ibig Na Wagas At Banal.

rin ang lahat...

—...Samakatuwid, Fanny, hindi ko pa man naipaliliwanag sa iyo ang dahilan nang ating di pagkakaunawaan ay nakatitiyak na akong maaaring magbalik ang ating kahapon?

—Saka ko na sasagutin ang tanong mong iyan, Bert. Ano nga ba ang tunay na nangyari noon? —at pilit mong pinasungaw sa iyong mga labi ang isang tuyot na ngiti, bago ka uminom ng pampalamig na hiningi natin.

Pagkatapos kong magbuntung-hininga at maiusal sa sarili ang isang taus-pusong pasasalamat sa Poong Maykapal ay isinalaysay ko sa iyo noon ang lahat.

—Inaamin ko, Fanny, na nagsinungaling ako sa iyo upang ikaw ay mapaibig lamang. Hindi ako nagtapat na mayroon na akong masasabing katipan —si Adora nga. Nguni't katipan ko mang masasabi si Adora ay kung bakit nagsusumiksik sa pangitain ko, na, hindi kami magiging magkapalad. Paano'y habang nag-iiwan ng bakas ang panahon sa aming pagsusuyuan ay nagkukulang siya nang pagtitiwala sa akin. Oo, sa aking pag-ibig ay nag-aalinlangan siya. Samantala, isang magandang kinabukasan ang inihahanda ko upang kung kami'y tagurian nang *ginoo* at *ginang* ay maipagkapuri niya ako. Kung ilang ulit ko nang ipinaliwanag sa kanyang magtiwala siya sa akin, hanggang sa siya ang makita kong nakikibahagi ng ligaya sa piling ng iba, na, nang mag-usisa ako'y nagtawa lamang siya at ang sabi: *"Hayaan mo munang magsaya ako, pagka't sa sandaling mabuklod na ang ating mga puso, ay mattutulad ako sa isang ibong nakakulong sa hawla!"*

—Ano ang ibig niyang sabihin, Bert, sa pangungusap niyang iyon? —putol mo sa aking paliwanag.

—Hindi ako nagpalagay ng masamang kahulugan sa kanyang sinabi, Fanny. Hinayaan ko siya at hindi pinakialaman. Itinuring kong buhat noon ay tapos na ang aming pag-iibigan, hanggang sa ikaw nga ay makilala ko at hangaan ang natatangi mong ganda at pag-uugali. Nang tanggapin mo ang aking pag-ibig ay kung ilang ulit kong tinangkang ipagtapat sa iyo ang lahat, nguni't naging mahina ang aking loob, pagka't hindi ko ibig dungisan ang tapat nating pagmamahalan. Datapuwa't malimit sumuot sa isip ko ang kasabihang: *"May pakpak ang balita at may tenga ang lupa!"* Ang kasabihang ito ang nag-uudyok sa akin upang magtapat na sa iyo, subali't hindi ako nagkaroon nang lakas ng loob. Talagang hindi ko matitiis na sugatan ang mura mong puso, kaya nabuo sa loob kong bahala nang humatol ang Tadhana sa akin.

—Nguni't Bert, bakit ganoon ang salita niya nang makita tayo? —putol mo uli sa aking paliwanag.

—Sapagka't sadyang ganoon ang isang taong may karamdaman at naghihingalo na... wala na sa kanyang sarili. Ginawa niya ang gayon upang mamuhi ka sa akin; upang ikaw ay lumayo; upang ako'y mahabag sa kanya't muling papanariwain ang matamis naming kahapon. Subali't nagkamali siya. La'o akong napoot sa kanya, nang ikaw ay biglang tumalikod sa amin. Hindi ba hinabol kita noon? Ang ginawa mo'y sumakay ka agad

(Sunda[illegible] sa [illegible]hina 23)

BAKAS NG NAKARAAN:

Isang "bed room shower" ang inihandog kay Rosella, ng kanyang matalik na kaibigan. Isang tumandang dalaga ang nagpagunita sa doktora, na ang kapahamakan ay lalong maamo sa malapit nang ikasal. Nang makaalis ang mga panauhin, si Rosella ay nakadama ng takot, habang naaalaala ang pagunita ng kaibigan. Dumating si Rogel at siya'y inaliw. Madaling-araw na nang manaog ang binata. Nang nakahiga na si Rosella ay may tumawag sa telepono at may ibinalita sa kanya ukol sa naganap na dukutan. Naalaala ni Rosella si Rogel...

(IKA-2 LABAS)

PATULOY na parang binabayo ang dibdib at halos pigilin ni Rosella ang kanyang paghinga, habang pinakikinggan ang sinasabi ng kausap niya sa te'epono. Pagkaraan ng ilan pang sandali ay saka siya nakaramdam ng ginhawa ng kalooban, pagkatapos na mabatid na ang kanyang kausap ay nagkamali, sapagka't sa halip na sa pulisya av ang kanyang telepono ang napagkamalang tawagin.

Marahang dinampi ni Rosella ang pawis na gumiti sa kanyang noo, at pagkaraang palayain ang isang malalim na buntong-hiningang nagpaluwag sa kanyang dibdib ay saka nagbalik sa hihigan. Ipinikit ang mga mata at inihanda na ang sarili upang matulog; nguni't hindi pa nagtatagal ay

Buhay na LARAWAN

NOBELA NI ARMANDO DE GUZMAN

muli niyang narinig ang pagtunog ng timbre ng kanyang telepono.

—Sino ito...? —tanong ng doktora.

—Ako... aking mahal... Hindi ako makatulog hangga ngayon... Marahil ay dahilan sa laki ng kagalakang nag-uumapaw sa aking dibdib, dahil sa nalalapit nating pagiisang-dibdib... Nagbaka-sakali lamang ako sa pagtawag... Hindi ko iniisip na ikaw man ay hindi pa rin nakakatulog hanggang sa mga oras na ito... —sagot ni Rogel, sa kabilang dulo ng kawad.

Ibinalita ng doktora sa katipan ang pagkakamali ng nakausap niya sa telepono, may mga ilang saglit pa lamang ang nakalilipas.

—Nang malaman kong hindi ikaw ang dinukot ay saka lamang ako nakahinga ng maluwag at nakapagpasalamat sa Diyos... — sagot ni Rosella.

—Hindi itutulot ng Diyos, mahal ko, na mangyari sa akin ang gayon... sapagka't ikaw ay malulungkot at luluha... Ang mga tapat sa pag-iibigan ay inaalagaan at sinusubaybayan ng kapalaran, hanggang sa matupad ang kanilang magagandang pangarap sa buhay... —sagot naman ni Rogel.

Di Mapagkatulog, Hindi Mapalagay, Laging Na Sa Diwa'y Ang Kanilang Kasal.

—Ano ang gagawin mo sa araw na ito...? —tanong ng doktora.

—Ako'y hahandugan ng aking mga kaibigan ng isang "stag party" mamayang gabi. Pagkagaling ko roon ay magtutungo ako riyan, upang ikaw ay makapiling at maibalita ko sa iyo ang nangyari sa akin sa buong maghapon... —malambing na sagot ng binata.

—Kung gayo'y matulog ka na, mahal ko...

—Oo, ikaw man naman ay gayon din, aking mahal...

—Pagkagising ko ay tatawagan kita, upang ibalita ko sa iyo ang aking napanaginip...

—Gayon din ang aking gagawin, kung ako ang unang magising... —sagot ni Rosella.

Kasunod ng katagang iyan, na napinid nang magkasabay ang dalawang telepono.

Kapuwa sila nakatulog nang mahimbing at tanghali na nang mangagising.

Ilang saglit silang nagkausap sa telepono, sapagka't abut-abot na ang may sakit na naghihintay sa tanggapan ng bisita, sa malaking tahanan ng doktora.

—Pagkatapos ng party mamaya ay saka na ako paririyan, upang magkausap tayo ng mahaba... ani Rogel.

—Hihintayin kita... Huwag ka sanang magtatagal sa *party*, sapagka't ako'y maiinip sa paghihintay sa iyo... bilin ni Rosella.

—Oo, sisikapin kong makarating diyan agad —ani Rogel naman, bago ipininid ang telepono.

KINAGABIHAN...

Sunod-sunod halos na dumating sa "Jungle Bar" ng Manila Hotel, ang matatalik

(Sundan sa pahina 81)



HINDI MALAMAN NI ROSELLA KUNG BAKIT NATULO ANG KANYANG LUHA AT MAY TAKOT NA NAMANG NAKISUNO SA KANYANG PUSO.

ANG TANYAG NA MANGHAHABI

Sinulat ni EPITACIO REYES TAN

MASISIGLA ang mga pastol sa pagtungo sa kuweba ng Ermitanyo.

Isa sa kanila, si Minti ay nakahuli ng isang labuyo at napagkaisahan nilang ibigay iyon sa matanda.

Kaya't nang datnan nila ang matanda sa labas ng kuweba ay nagpaunang lumapit si Minti.

—Ingkong, —anya —nakahuli po kami ng isang labuyo. Inyo na po. —At idinulot sa matanda.

Natawa ang matanda.

—Paano ba ang pagkahuli mo rito. Mai'ap ito ah.

—Itinuro po sa akin ni Pido. Pagapang po akong lumapit nang kaunti. At ng tumalikod po ay pinukol ko po ng isang tiningkal. Natamaan po at nakita kong napasubasob. Nang lapitan ko po upang sambutin ay bigla pong nakatakbo. Pasubasubasob po ang pagtakbo kaya't hindi ko po hiniwalayan hanggang sa mahuli ko. Napagkaisahan po naming ihandog sa inyo.

—Salamat sa inyo kung ganoon. Ngayon ay magkukuwentuhan na tayo. —At ang matanda ay nagpaunang umupo sa makinis na bato.

Ang mga bata ay nagsiupo na ring paharap sa matanda.

—Ikukuwento ko sa inyo ang isang dalagang napabantog sa paghabi at pagburda. May matututuhan kayo sa sinapit ng dalagang ito.

—Iyan po ang gusto namin. —Si Manuel ang nagsalita.

—Kung gayon ay magpapasimula na ako.

I.

NOONG unang panahon, isang dalaga ang nakatawag ng pansin sa mga kababayan niya. Tawagin natin ng Maria ang dalagang ito.

Si Maria ay napakabait at napakasipag. Bata pa si Maria ay nakita na sa kanya ang hilig sa paghabi at pagburda sa bastidor, kaya't nang sumapit na maging dalaga, ay siya ang itinuturing ng marami na pinakamahusay na humabi at pinakamagandang magburda sa bastidor.

Anupa't si Maria ang naging hantungan ng mga pagpuri at paghanga sa kanyang paghabi at pagburburda. Sa bayan nila ay halos manghahabi at bordadora ang lahat ng babae, nguni't pinakatanyag sa kanilang lahat si Maria.

Dahil sa katanyagan ni Maria ay dito umuhong magpagawa ang lahat ng malalaking tao at mayayaman sa buong bayan at hang-

NAKITI NA LAMANG NG MGA TAONG UNTI-UNTING NAGING MALAKING GAGAMBA SI MARIA ..



gang sa mga karatig na bayan.

Dahil sa mga pagpuri at paghangang tinatanggap sa malalaking tao, si Maria ay ayaw nang tumanggap ng pagawa ng mga mahihirap at mga karaniwang tao. Ni ayaw na niyang tumanggap ng mahihirap na tao sa kanilang bahay. Ang dahilan niya, ay wala siyang panahong maaaring aksayahin sa mga pakikipagusap sa mahihirap na tao.

Danil sa naging mapagmataas na asal ni Maria ay siya ang naging hantungan ng mga pagpintas sa maraming dako ng bayan. Ang mga pagpintas na iniuukol sa kanya ay hindi naman pinapansin ni Maria. Wala raw kabuluhan sa kanya ang pintas ng mahihirap, ang panabing malimit ni Maria.

Isang araw naulinigan ni Maria na siya ang pinaguusapan ng mga tao sa iba-

Sa Taong Linikha Ang Kapalaluan, Malimit Magdulot Ng Pait Sa Buhay.

iba ng balkon ng kanilang bahay. Binitiwan ni Maria ang bastidor at pinakinggan ang paguusap ng mga tao.

Ang napakinggang maliwanag ni Maria: "hindi pa lubos ang paghanga ko kay Maria, at hindi pa ako naniniwalang siya na nga ang pinakamagaling na bordadora dito sa atin. —At narinig ni Maria ang pagtawa pa ng taong nagsalita.

—Sino naman ang maitatapat mo pa kay Maria. Katunayan ay siya lamang ang tagahabi at tagaburda ng mga kababaihang mayaman dito sa atin? —Narinig na pagtatanggol sa kanya.

—Ang sinasabi ko ay ganito: nanggat hindi ko nakikitang nagwagi siya sa isang paligsahan, ay hindi ninyo maiaalis sa aking isuring ko siyang karaniwan lamang manghahabi.

Ang huling sinabi ng tao ay ikinamuhi ni Maria. Agad itong dumunghal sa balkonahe at hinarap ang taong tumatawad sa kanya.

—Mamang ano, sino ba ang ilalaban ninyo sa akin? Nakahanda akong makipagpaligsahan.

Napatingala ang taong tinawagan.

—Aba marami ditong makakalaban ka, kung talagang ibig mong lumaban.

—Oy, kung tagarito din lamang, ay hindi ako magaaksaya ng panahon.

—E, sino ba naman ang ibig mong makalaban?

—Iyong pinakamarunong at kung wala kayong maiharap sa akin, ay laleng mabuti kung yaong sinasabing Diyosa ng Karunungan, ang paharapin sa akin.

Sa isinagot ni Maria ay lalo siyang napintasan ng mga tao. Ipinalagay na isang kapalaluan ang inasal sa kanila ni Maria. Isa-isa silang nagsialis.

II.

ISANG bagong manghahabi ang biglang napabalita sa buong bayan ang nakarating sa pandinig ni Maria.

Kumalat din sa buong bayan ang sabi-sabihan ng mga tao na kapag lumaban si Maria sa dumating na manghahabi, ay sasapitin ni Maria ang mapahiya.

Pinagpantingan ng tenga si Maria sa kumakalat na pagpuri ng mga tao sa bagong bordadora. Hindi napigil ni Maria ang pagkamuhi. Hindi matanggap ni Maria na may mababalitang nakahihigit sa kanya sa paghabi at sa pagburda sa bastidor.

Sa pagngingitngit ni Maria ay nagparating siya ng hamon sa ibinabalitang magaling na manghahabi.

Ang hamon ay nakarating naman sa pinaguukulan. Tinanggap ang hamon ni Maria.

"Ngayon, makikilala nila ako, —naibulong ni Maria sa kanyang pagiisa, —Ipakikilala ko sa madla ang kakayahan ko sa bastidor.

Dumating ang araw ng pagtutuus. Sa gitna ng plasa ginawa. Maraming tao ang dumalo kung saan-saang dako nanggaling upang panoorin ang kikilalaning pinakamagaling na magburda sa bastidor.

Ang dalawang dalaga ay magkaharap.

Ang mayayamang tagahanga ni Maria ay hugos na dumalo sa paligsahan at lumagay sila sa piling ni Maria.

Ang maraming karaniwang tao at mahihirap ay lumagay naman sa gawi ng hindi kilalang bordadora.

Ang labanan ng dalawa ay pinasimulan.

Ipinamalas ni Maria ang kanyang katangian sa pagburda. Ang kalaban ay ipinakita naman sa mga nasa

(Sundan sa pahina 81)



WALANG PATAWAD

MAKABAGONG NOBELA NI

GREGORIO C. COCHING

HALAW SA NAKARAAN:

Samantalang gumugulong na parang alimbukay ng alikabok na isinasaboy ng hangin sa lansangan ang mahugong na balitang lumilikha ng sari-saring sapantaha at kuro-kuro ng mga tao tungkol sa malalagim na sakunang nangyari sa buhay ng babaing martir na ngayo'y naging bansag na tawaging KUNDENADA, ay mabuting tuwiran tayong magsaaya sa kanya upang mabatid natin ang katutohanan.

Gaya ng ating alam, at napatutunayan din naman ng iba sa maraming pagkasubok na si Erlinda ay isang babaing pambihira sa likas na kagitingan, matibay ang damdamin, may matining na kaisipan at lubos ang pagkaunawang ang magpatiwakal ay kasalanang "Mortal" sa Diyos; bagay na mahirap paniwalaang sa anumang dahilan ay hindi niya kukusaing kitilin ang sarili niyang buhay...

(IKA-39 NA LABAS)

KABALIGTARAN nga ng balitang ikinalat ng mga pahayagan...

Ayon sa pahayag ni Binday sa mga alagad ng Batas na kumuha ng ulat sa pangyayari ay hindi kusang nagpakamatay ang kanyang naging Senyora, kundi nagkamali sa pagkatungga ng hindi nalalamang lason.

Sa kabilang dako...

Batay naman sa "Confecion ante Mortem", o pagtatapat ni Erlinda sa Paring kumumpisal noong inaakalang nasa bingit na siya ng kamatayan, at bago tuluyang nawalan ng malay-tao, ay gaya ng mga pahayag na sumusunod:

Na tutoo ngang noong mga sandaling pauwi na silang magkasama ni Binday na galing sa Husgado ay nagdaranas siya ng di mailalarawang hirap ng loob dahil sa kasakit-sakit na parusang iginawad sa kanya ng Hukom. Kaluluwang nanglulumo sa bugso ng hapis at kalumbayan, dibdib na salanta sa susun-susong dagok ng pagkaapi, pusong wasak na dumurugo sa hinayang at paghihinanakit, diwa, at damdaming nilupig ng nakahihigit na lakas, isip na litung-lito at walang malamang sulingan, mga tayngang tulig at namimingi na sa tungayaw at mga paglait ng mga taong nagagalak na makitang siya'y nakahandusay sa lusak ng pagkasiphayo; at hanggang sa nararamdaman niyang siya na yata ang pinakasawing-palad sa lahat ng nilikha ng Diyos.

Pano'y natitiyak niyang nakaabot na sa Baliwag ang sunud-sunod na balita ng mga pahayagan tungkol sa maselang na usaping iniharap ng kanyang asawa, at sampo ng kahiya-hiyang naging hatol sa kanya ng Hukuman. Mangyari pang ang gayo'y labis nang ipagkasakit, kung hindi man ikamatay na bigla sa kahihiyan ng matanda na niyang ina, at ipaghihimutok naman ng mga kamag-anak na madaramay sa kasiraang-puri ng kanilang angkan.

Ano pa't isipin lamang ay nakapangliliit, at ang tutoo'y hindi pa siya mangingiming humarap sa paglilitis ng

Mapaga ang Kaya Ng Bisa Ng Alak

Ang Bigat Ng Dusa Sa Pusong May Sugat?

Ang lahat nang iyo'y sinisikap niyang mapaglabanan. Matatag pa rin siyang naninindigan sa kanyang panatang kamatayan lamang ang makasusupil upang malimot ang kanyang sarili. Datapuwa't kung baga sa sungit ng panahon, kung masisidhing bugso man ang nagdaang mga unos, ay may babala pa ng lalong linggatong na hindi maiiwasan ang pagdating, at maaari pang magbunga ng malagim na sakuna.

Mangyari...

Hindi pa sila naluluwatang nakapapanhik sa kanyang tahanan ay nakatanggap na siya ng isang Telegramang galing sa Baliwag, na nagbabalitang ang kanyang ina at ilang kamaganakang malapit ay magsisiluwas sa Maynila.

Hindi sinabi sa babalang iyon ang layun at pakay ng kanilang pagluwas, nguni't sapat na iyon upang siya'y maligalig makaramdam ng parang panglalaki ng ulo. Pano'y natitiyak niyang nakaabot na sa Baliwag ang sunud-sunod na balita ng mga pahayagan tungkol sa maselang na usaping iniharap ng kanyang asawa, at sampo ng kahiya-hiyang naging hatol sa kanya ng Hukuman. Mangyari pang ang gayo'y labis nang ipagkasakit, kung hindi man ikamatay na bigla sa kahihiyan ng matanda na niyang ina, at ipaghihimutok naman ng mga kamag-anak na madaramay sa kasiraang-puri ng kanilang angkan.

Ano pa't isipin lamang ay nakapangliliit, at ang tutoo'y hindi pa siya mangingiming humarap sa paglilitis ng sampo mang Hukom, at kahi't na ilan pang taga-usig kaysa pakiharapan ang mga pagkutya at panunumbat ng kanyang ina at kamag-anakang darating.

Gayon ma'y inihanda na rin ang kanyang sarili, gaya nang paghahanda sa lalong mahigpit na pagsubok, nguni't upang magkaroon ng tapang at tibay ng damdamin sa pagtitiis ng gaano mang iuukol na alipusta, ay naisipan niyang patulong sa bisa ng alak.

At gayon nga ang ginawa niya.

Kanyang pinakisuyuan si Binday na isama ang bata sa Pansiterya ng Intsik upang mapakain ng miswa at puto.

—Pati ikaw ay magmineindal na rin ng kahi't anong gusto mo roon.

—Ikaw nganí Senyora... dili man kamo magasama sa amon para magmodyenda din?

—Hindi na't matamlay ang katawan ko, at saka hindi ako nakakaramdam ng gutom, kaya kayo na lamang dalawa ni Carlito ang paroon sa Pansiterya.

—Natural nganing dili ka man gutumin porke masyadong madamo kamong konsumisyon. Por-eso kailangan nga piliton mong makaon miski konti para dili ka man magkasakit.

—Wala akong ganang kumaín, Binday... kaya hindi pagkain ang kailangan ko kundi alak, matapang na alak para mag-init ang aking katawan, at makaramdam ako ng ibayong tapang ng loob upang makiharap sa kahi't na sinong dumating na bisita ko ngayon, at saka kung maaari ay makapagpalimot nga sana sa mga sinasabi mong konsumisyon ko.

—Kung alak po lamang, Senyora ay meron akong ga-



tagong kalahating praskong Hinyebra. Ibigay ko sa imo.

—Anong klaseng alak... matabang yata eh...?

—Abaw, meron bang alak na mas matapang pa sa Hinyebra Marka-dimonyo?

—Hinyebra San Miguel

ang ibig mong sabihin siguro...

—Yun ngani, Senyora!

—Kalahating prasko ba kamo...?

—Higit pa sa kalahati Yun po'y ginainom kong konti-konti kung minsan at ginakaon ng bituka kong malaki ang akong bitukang munti.

Kahi't giyagis ng masidhing dalamhati ay ikinatawa rin ni Erlinda ang alanganing sisti at tila hindi kinukusang naipahayag ng naging alilang waray-waray...

—O sigi, —anya, —ibigay mo na sa akin iyon at saka ko na papalitan sa iyo.

—Hu, bakit ba gapapalitan pa, para gakarampot na miserableng alak lamang... Hintay ka lang at gakuhaun ko sandali.

At nagtatakbo na nga si Binday upang kunin ang kanyang sinisimpang prasko ng Hiniyebra, at nang bumalik ay may dala na ring kopa at isang baso ng tubig, inilagay nang maayos sa isang maliit na mesitang may gulong na kinuha sa isang tabi ng salas at saka inilapit sa sopang kinauupan ng dating panginoong noo'y itinuturing na lamang niyang tulad sa matandang kapatid.

—Salamat at binigyan mo ako ng aki... mong-aaliwan. —Malugod na nasabi lamang ni Erlinda.

—Mainom kamo ng konti-konti lamang muna, at pagbalik namin ni Totoy ay uwian ta-kayo ng pansit-maysabaw, para masoli ang imong lakas, Senyora.

—Ah, sabi ko sa iyong huwag mo na akong tatawagin ng Senyora eh!... —Ang sabat naman nito sa masuyong himig ng pagtutol. —Hindi ba kasunduan nating magpapalagayan na lamang tayong magkapatid?

—Siya, hindi na ako maulit... —Nakatawa namang sambot ng Bisaya. —Umpisa na ngayon ay tawagin ko na sa imo ng Manang-Linda.

NAGPATULOY SIYA SA PAG-INOM, HINDI NA SIMSIM-SIMSIM LAMANG KUNDI LAGOK-LAGOK AT NANG MALAUNA'Y KOPA-KOPANG PUNO NA...

Ganyan ang gusto ko... Sya, lakad na kayo ni Carlito, tumawas ka na sa pang-gastos na ibinigay ko sa iyo. —At binalingan ang alak na noo'y nakaupo sa lapag at nawiwili nang pakikipaglaro sa isang kuting. —Sigi, Carlito, sama na sa Tiya-Binday mo at kayo'y kakain ng puto at miswa.

—Amnima-amnma... Papa sswaa dooon! —Sagot ng bata naman na kay Binday nakalingap nang tingin.

—Oo, Totoy!... —Boong giliw namang tugon ng Bisaya. —Halina, sama ka sa Mamay-Binday at mapapakita ng puto-miswa salap-salap.

At walang munti mang hinagap, o guniguni sa mangyayaring malagim na sakuna noong dapit-hapong iyon, ay dinampot ang bata at may bitbit na isang piyembrera ay magagalak silang nanaog upang patungo sa Pansitersa ng Intsik.

Sa madali't salita...

Nang mapag-isa na si Erlinda sa loob ng kanyang tahanan ay muling nagbalik sa gunita ang mga aninong itim na kanyang kinatatakutan. Para niyang nababanaagan sa kabila ng abo-abong ulap ang mabalasik na mukha ng kanyang inang dumadating na kasama ng ibang malapit pa kamag-anakang tiyak na walang ibang pakay kundi ang siya'y usigin at pag-itingan ng nag-aalimpuyong poot.

Maya-maya'y madiing ipinikit ang mga mata at umiling-iling na parang iniwawaksi sa isip ang mga pangitaing iyon, bago yumuko at tinunghayan ang prasko ng alak na sa mga sandaling iyon ng kanyang pag-iisa sa laot ng kasawian ay siya lamang tanging inaasahan niyang mahihingan ng tulong upang gumaan-gaan nang kahi't bahagya ang bigat ng gatigatig na pasaning nakadagan sa kanyang buhay.

Nilagyan niya ang kopa at nagsimula sa unti-unting paglagok na sinusundan ng tubig. Naramdaman niyang gumuguhit ang init sa kanyang lalamunan, nguni't pagdating sa loob ng dibdib niya ay parang [illegible] nagbibigay ng bagong sigla sa dating pit na mga [illegible] ng sugatan ang puso at habang sumasa- ang alak sa kanyang pang- [illegible] nakakaramdam siya ng [illegible] kaya't ma'y di niya namamalayan, wari'ng nawalan ng bigat ang kanyang [illegible] sa kaunting kilos ay [illegible] sa kinau- [illegible].

Nagpatuloy siya sa pag-inom, hindi na simsim-simsim lamang

(Sundan sa pahina 81

Ang Isang Pagsintang Napakadakila

Lubhang Matiisin Sa Kanyang Pithaya.

May Isang Pag-ibig na Lalong Higit

Kuwento ni
NITA STA. CRUZ

NOO'Y isang hapong kagaya nang karaniwan. Mangisa-ngisa pa lamang ang mga taong pumapasok sa Restawran ni Erlina. Kayang-kaya namang paglingkuran ang mga iyon ng mga upahang tagapaglingkod. Kaya sa gayong mga sandali'y nasarili ni Erlina ang pagkakataon upang pag-ukulan ng pagdidili-dili ang buhay niya sa loob ng kanyang malaking restawran.

Sa isang hapag, sa isang kubling sulok ng restawran ay tahimik na nakaupo si Erlina. Ang kaharap niya sa ibabaw ng hapag ay ang maliit na kahong yari sa kahoy, na kinatataguan ng mga liham na tagapagpa-gunita ng kanyang kahapon at kasalukuyan.

Hawak-hawak ni Erlina noon ang isang liham na katatanggap pa lamang niya. Itatago na sana niya iyon sa maliit na kahon upang pabayaan na niyang mapalagak sa paglimot yayamang wala namang hinihingi kundi paglimot, nguni't sa diwa niya'y tumawag ang alaala ng huling sulat na ilalagak niya roon.

Hinango niya ang sulat na iyon mula sa maliit na kahon. Sumama sa panglanghap niya ang halimuyak ng natuyong kuwintas na bulaklak ng sampagita: "Ganyan ang aking pag-ibig; walang kupas ang bangong susuob sa iyo habang araw" ang bunggo sa kanyang puso ng isang gunita.

Hindi pa nalilimot ni Erlina ang mga talatang nilalaman ng sulat na iyon, gayunma'y muli niyang binasang, may pananabik at may kaba sa dibdib.

"May kasintahan ka na, at kay lungkot isiping huli na ako nang dumating sa iyong buhay. Gayunman, matatanggihan ko ba ang kahilingan nang ikaw ay huwag ko nang mahalin. Oo, susundin kita, at ako'y magiging anino mo na susunod sa iyong likuran, upang kung sakaling dumating ang araw na kailangan mo ang aking pagmamahal, ay masusumpungan mong iyan ang una't huling yamang inihahandog sa iyo ng aking buhay. —Rafael"

May pag-aalinlangang gumuhit sa aliwalas na mukha ni Erlina. Totoo nga kayang may pag-ibig na ganyan?

Tunay nga naman. Ngayong halos lahat ng bagay sa buhay ay nababahiran ng pagmamataas ng tao at labis na pagtingin sa sarili, sa sariling kapakanan at katayuan, maaari pa nga kayang magkaroon sa ibabaw ng lupa ng ganyang uri ng pag-ibig? Pag-ibig na hindi inaalintana ang maaaring sukat sabihin ng makating dila? Pag-ibig na hindi inaalumana ang maaaring maging tukso ng madla at kaipala'y pananagurian pang pag-ibig na "pantakip-butas" lamang?

Si Erlina ay napailing at saka binalingan naman ang huling sulat na katatanggap pa lamang niya. Anang sulat na iyon.

"Talagang hindi tayo magkapalaran. Ang kapalaran ko yata'y sadyang nakaguhit sa babaing idudulog ko sa dambana ngayong hapon. Kaya ang lalong mabuti'y limutin mo na ako at huwag mo pa rin sana akong pagdamdaman.

Artemio"

Pagdamdaman? Isang ngiting alanganing ismid ang gumuhit sa isang sulok ng bibig ni Erlina. Hindi kinakailangan ni Erlinang tutupin ag kanyang dibdib at tanungin ang kanyang puso. Tiyak na tiyak niyang hindi. Hindi siya nagdaramdam!

Matagal nang nakikilala ni Erlina na ang pag-ibig niya kay Artemio ay isang pagkakamali. Bagu-bago pa lamang niyang natatanggap ito'y nagpabaya na. Manaka-naka lamang kung dumalaw sa kanya.

Inaakay ng katutubong ugaling kahinhinan, ibig man niyang ipamukha kay Artemio ang pagkukulang nito ay hindi niya magawa. Nakilala niyang hindi sila magkatugma. Nguni't ang pangako niya kay Artemio ay pangakong kanyang pinahahalagahan. Kaya ang hinihintay niya kung mangyayari ang kanilang pagkakasira, ay kay Artemio dapat na manggaling iyon at hindi sa kanya.

Ngayon ito'y nangyari na, ang ipinagdaramdam ni Erlina'y kung ang aninong sumusunod sa likuran niya'y wala na! Ewan niya kung babalik pa iyon. Kapag nagkagayon, ang hindi pagbabalik niyon ay kanyang pakadaramdamin.

Isang mayuming pag-ibig ni Rafael ay dumating sa buhay ni Erlina. Nakilalà niya sa pagkain-kain sa kanyang restawran. Nguni't lalo niyang nakilala sa pamamagitan ni Berto na katulong nila sa restawran.

—Si Rafael, ay mabait at mabuting kaibigan, —parang pagmamalaking wika ni Berto kay Erlina. Hinahanap niya ang kanyang mga kaibigan sa bunton ng maliliit, pagka't nababatid niyang siya ma'y maliit din. Hindi siya katulad ng maraming kumakain dito sa atin.

Ganyán din ang pagkakilala ni Erlina kay Rafael. Hindi siya "Mapagmalaking pantog" sa kanyang kaliitan. Sa kanilang madalas na pag-uusap, si Rafael ay walang laging nasasabi sa kanya kundi ang karalitaan nito —ang karalitaang kinagisnan at ang karalitaang kasalukuyan pang tinutunggali nito.

—Kaya mangingilag akong makipagkilala sa "malalaki... sa malalaking katulad... mo! — minsa'y tila may pagbibirong sabi ni Rafael kay Erlina.

—Aba! hindi naman ako malaki a, —ang naisagot ni Erlina.



...AT NANGINGINIG ANG MGA DALIRING BINUKSAN AT BINASA ANG SULAT...

—Ang katangiang hinahanap ko sa aking magiging kalbigan ay hindi ang kayamanan kundi ang kabaitan. Bakit ba minamaliit mong mabuti ang iyong sarili? — Ani Erlina pa at hindi niya natatandaan kung nasabi niya kay Rafael o naisaloob na lamang niya ang ganito: —Hindi ka naman alangan sa sinuman sa kanila.

May mga sandaling kung si Erlina'y nagsasarili at nakapag-iisip na mag-isa, ay hindi niya mapaglabanan, katakutang parang multong nagtitindig sa kanyang puso, ang pagdating ng araw na si Rafael ay umibig sa kanya. Wala na siyang puso upang makatugon pa sa isang pag-ibig, pagka't nakatali na nga siya kay Artemio.

Nguni't ang kinatatakutan ni Erlina'y nangyari rin. Isang araw ay may natuklasan si Berto.

—Galing ako kina Rafael, — anito kay Erlina. —Nabuklat ko ito sa kanyang sulatan. Hindi niya nalalaman kinuha ko ito. Isang sulat para sa iyo. basahin mo!

At binasa ni Erlina.

"...Pangapat na ang sulat kong ito. Batid kong hindi ko rin ito maipapadala sa iyo at pupunitin ko lamang pagkatapos. Gayunman, ligaya ko na ang isulat ang buong nilalaman ng aking damdamin na hindi ko yata masasabi sa iyo kailanman."

Mahaba ang sulat na binasa ni Erlina. Isang kiming pag-ibig ng isang mayumi'ng puso. Umibig ay takot na masawi. Umiibig ay hindi makapangahas, pagka't maralita.

—Huwag mong sasubihin sa kanyang ibinigay mo sa akin ang sulat na ito, —nasabi ni Erlina kay Berto at itinago ang sulat.

Nguni't hindi nakatiis si Berto na hindi ipagtapat kay Rafael ang kanyang pagkakasala. Namutla nang gayon na lamang si Rafael sa restawran. Ewan kung bakit nakararamdam siya ng pagkunsumi sa katauhan nito. Nguni't isang hapon, si Erlina'y tumanggap ng mga kuwintas ng sampagita na dala ng isang bata, at di-umano'y ipinabibigay ng isang "mamang" hindi niya nakikilala.

Tuwing hapon, nang makalawang araw ay tumanggap si Erlina ng isang ng kuwintas ng sampagitan. Hindi naman pinagtatakhan ni Erlina iyon. Tinitiyak niyang si Rafael ang nagpapadala niyon..

Hindi nakatiis si Erlinang magsawalang kibo. Isang sulat ang kanyang ginawa at ipinadala kay Rafael sa pamamagitan ni Berto.

"Huwag mo na akong padalhan ng sampagita, —anang sulat niya, —pagka't hindi ko na tatanggapin. Isinasama ko sa iyo na limutin mo na ang iyong pag-ibig sa akin, pagka't ako'y may kasintahan na."

At sumagot si Rafael:

"Ang kasama ng sulat kong ito'y ang huling kuwintas ng sampagitang tatanggapin mo sa akin, nguni't may bango ng aking pag-ibig na susuob sa iyo habang buhay."

At ang dugtong pa sa isang bahagi.

"Kung sakaling may araw na darating na kailanganin mo ang aking pagmamahal iyan pa rin ang masusumpungan mong una't huling yamang inihahandog sa iyo ng aking buhay."

TINIKLOP ni Erlina ang dalawang sulat na inilagay niya sa kahong kahoy. Ibig niyang malimot ang naukol sa dalawang lihim na iyan. Ang kay Artemio, dahil sa wala nang kapararakang alalahanin pa niya; at ang kay Rafael, dahil sa pag-aalinlangan niyang "may pag-ibig na mananatiling pag-ibig sa gitna ng kasawian sa maraming araw."

Tumindig si Erlina mula sa kanyang pagkakaupo. Dalawang kamay na binuhat niya ang munting kahong kahoy, na ang nasa kalooban niya ay hindi na niya lalabas na muli; itatago na niya upang kailanman ay huwag na niyang buksan. Hindi na kailangan sapagka't sa ganang kay Erlina, ay maghahatid siya ng isang kabaong sa libingan ng paglimot na taglay ang lahat ng gunita niyang hindi na niya ibig na alalahanin.

Nasumpungan ni Erlinang may namumuong luha sa kanyang mga mata. Hindi niya mapigil-pigil, nguni't walang dahilan upang siya'y lumuha, ang sabi niya sa sarili. Kaya ibinabang muli ang munting kahon na kinataguan ng kanyang lihim sa ibabaw ng hapag at dinampian ng pangyolito ang kanyang mga mata.

—Magandang hapon po; sino po ba si Aling Erlina? —Narinig ni Erlinang tanong ng isang tinig.

Dumukwang si Erlina at tumanaw sa may dakong pinto. Isang bata ang kanyang nakita. Sa isang kamay ay may bitbit na

(Sundan sa pahina 30)

Pagdidili-dili ni

ISANG yayat na babae ang malungkot na umibis sa Bus. Iyon si Denang. Nakatulukbong siya at bitbit sa kaliwang kamay ang maliit na balutan na kinalalagyan ng kanyang mga damit. Nagpalinga-linga muna siya bago tuluyang tumawid sa kabilang kalsada patungo sa paradahan ng mga karetela.

Kararaüng lamang ni Denang buhat sa mgulong lunsod ng Maynila. Tatlong taon siyang naglagi sa magandang lunsod nitó, na ang buong akala niya'y magkakaroon na ng katuparan ang kanyang pangarap sa buhoy na maging tanyag na dilag sa mata ng lipunan. Subali't sa lunsod niya nalasap ang mapait na kasawiang labis niyang dinamdam: ang maging isang lantang bulaklak sa kamay ng isang mapagsamantala hanggang sa magpalipat-lipat sa maraming palad. At ngayo'y taglay niya sa pagbalik sa bayang kinakitaan ng unang liwanag ang kasawing iyon, na ang kirot ay sumusigid sa pinakaliblib na liha ng kanyang puso.

—Saan ho, kayo? —magalang na tanong kay Denang ng nilapitan niyang kutsero.

—Sa baryo Mulad-Bukod, ho! — Sagot ni Denang at iniaabot na sa kutsero ang dala niyang balutan ng damit.

Makailan pang sandali'y tumatakbo na sa mabakong kalsada ang sinakyan niyang karetela. Nakaupo siya sa huling upuan niyon. Nakatingin siya sa malayo na waring inaaninaw ang pook na kinalakhan niya ng unang liwanag ng Araw. Napabuntung-hininga siya.

Lahat halos ng bahay na nasa gilid ng kalsada ay may nagpapabasa ng pasyong mahal na umaakit sa kanyang pandinig, nguni't nagpapakirot naman sa kanyang puso. Bawa't dampang maraanan niya na nagpapabasa ay iba't ibang himig sa pag-awit ng pasyon ang kanyang naririnig. May himig na maagsa at may himig naman na malumay.

Sa pagkakaupong iyon ni Denang sa huling upuan ng karetela ay naisal niya na walang ipinagbago ang pook na iyon. At napaisatlabi siya. May kirot na nagsimulang naglagos sa kanyang dibdib. Isang malalim na buntung-hininga ang pumulas sa kanyang tila mamad na mga labi. Mahigpit na nakuyom ang hawak na panyolito at idinampi iyon sa mga malang ginigitian ng luha.

—Alam na kaya ni ama na darating ako ngayon? —ang usal niya sa sarili. —At si Angel, salubungin nga kaya niya ako? —Dugtong pa niya na parang nangangarap.

At muling nagbalik sa kanyang gunita ang unang araw at huling pagkikita nila ni Angel sa magulong lunsod ng Maynila. Naglalaba siya noon nang makarinig siya ng sunud-sunod na katok sa labas ng pintuan ng kinakaserahan niyang barung-barong. Matapos pahirin ang bula ng sabong bumalot sa kanyang mga kamay, ay mapayapang binuksan niya ang pintuan sa pag-aakalang isa iyon sa mga pinaglalabadahan niya. Subali't biglang nawalan ng kulay ang kanyang mukha nang mamukhaan ang kaharap na lalaki:

—Angel!.... —ang tangi niyang nausal.

—Magandang araw sa iyo, Denang, —nakangiti nguni't malungkot ang alingawngaw ng tinig ni Angel, ang kanyang katipan sa kanilang lalawigan, sa Kabisayaan. —Makakatuloy ba ako?

—Tu-tuloy ka! —Anyaya ni Denang na malakas ang kaba ng dibdib. Hindi niya sukat akalain na matagpuan ni Angel ang tinutuluyan niyang barung-barong. Ah, marahil ay may nakapagsabi sa kanya, ang bulong niya sa sarili.

—Hindi na ako magpapaliguy-ligoy pa, Denang nakaupo na sila —ay simula ni Angel. —Kaya ako naparito ay upang muling sariwain sa iyo ang aking pag-ibig.... ang ating pag-ibig!

Nabigla si Denang sa kanyang narinig. Hindi niya sukat akalain na matapos pagtaksilan ang dating kasintahan ay iyon pa ang nagpapakumbaba upang sariwain ang kanilang naputol na pagmamahalan.

Alam kong pinag-aalinlanganan mo ang katapatan ng aking pag-ibig, —patuloy ni Angel nang hindi umimik ang babaing sinamba niya nang buong katapatan, ng higit sa lahat.... Nabalitaan kong pinaglaruan ka lamang ng lalaking luminlang ng iyong pag-ibig at hanggang sa magpalipat-lipat ka sa maraming kandungan. Nguni't yaon ay hindi ko pinansin. niwalan ko nang kabuluhan ang lahat sapagka't ang aking buhay, ang aking pag-ibig, ang aking kaluluwa ay ikaw!

—Huwag ka sanang baliw, Angel. —Pagkaraan ng mahabang sandaling di pag-imik ay naisagot

Denang

ni

TRINIDAD A. ALVAREZ

Siya Ay Nauhaw Sa Isang Pag-ibig Na Lubhang Dalisay At Napakalinis.

niya na pinaglalandasan na ng masaganang luha ang mga mata. —Isa na lamang akong maruming yagit.... Isa akong bulaklak na nakaririmarim na sa paningin, na ni sa pangarap ay hindi nababagay upang makipagbuhol pa sa iyong pag-ibig!.... Alam kong tapat ka sa iyong mga sinabi, nguni't ibigin ko man ay tumututol ang aking puso upang sariwaing muli ang naputol nating pagiibigan! —At napayuko si Denang na kagat na mariin ang mga labi.

—Nagkakamali ka, Denang, — sumasamo na ang tinig ni Angel pati na ng kanyang mga mata. — Kung ikaw man ay pinagtawanan nila dahil sa iyong sinapit na kasawian, kung hinamak ka man nila, ay narito ako, nasa dibdib ko pa rin ang init ng pagmamahal na tanging sa iyo ko lamang inilaan.... Iniibig kita, Denang, pinakamamahal kita! —at anyong hahawakan ni Angel ang dalawang palad ng sawing dalaga. Subali't mabilis na tumindig iyon at lumapit sa tabi ng bintana. Tumingin sa malayo na waring may iniisip na malalim.

—Napakadakila ng iyong pagibig, Angel —pagkaraan ng mahabang katahimikang namagitan sa kanila ay nawika ni Denang sa malungkot na tinig. —Oo nga't hanggang sa ngayon ay pumipintig pa rin sa aking puso ang pagibig na ipinunla mo sa aking dibdib. Nguni't magiging batik lamang ako sa malinis mong pangalan. Iniibig pa rin kita, Angel, ngunit hayaan mong sarilinin ko na lamang ang kasawiang nagparumi sa aking katauhan. —At maiinit na luha ang gumawa ng sariling landas sa kanyang mga pisngi.

—Denang! —Nakatayo na sa kanyang likuran si Angel. —Dalawang linggo na lamang at MAHAL NA ARAW na! Alam mo namang sa ating pook ay ikaw at ako ang magkapareha sa pagbasa ng pasyong mahal. At kaya ako lumuwas rito sa Maynila ay naipangako ko sa iyong amang may sakit na bago sumapit ang MAHAL NA ARAW, ay babalik ka sa ating lalawigan at tayong dalawa ang magkakatambal sa araw ng pabasa ng iyong ama!

Parang may mabigat na bagay ang biglang dumantay sa dibdib ni Denang. Napapihit siya at napaharap kay Angel. Mataqal silang nagkatitigan. Parang binabasa niya sa mga mata ng binata ang katapatan ng mga sinabi niyon.

—Aalis na ako, Denang! Nguni't sa pag-alis ko ngayon ay babaunin ko ang pag-asang ikaw ay uuwi na sa ating nayon.... Hihintayin kita! —At matapos isunod ang isang malungkot na paalam ay tuluyan nang umalis si Angel.

Matagal nang nakaalis ang binata ay parang wala pa rin sa sarili si Denang. At hanggang sa sumapit ang gabi ay laman pa rin ng kanyang isip ang mga sinabi ni Angel na: "kaya ako lumuwas rito sa Maynila ay naipangako ko sa iyong amang may sakit na bago sumapit ang MAHAL NA ARAW, ay babalik ka sa ating lalawigan at tayong dalawa ang magkakatambal sa araw ng pabasa ng iyong amá....!"

Sa bahaging yaon ng kanyang gunita, ay mahapdi ang kirot na pumintig sa puso ni Denang. At waring naalimpungatan pa siya nang madama ang luhang kanina pa pala naglalandas sa kanyang mga pisngi.

—Malapit na ho tayo sa Mulad-Bukad, —anang kutsero sa hindi nakikilalang sakay. —Sino ho ba ang patutunguhan ninyo sa baryong iyon? —Tanong ng kutsero.

Hindi narinig ni Denang ang tanong na yaon ng kutsero, sapagka't ang laman ng kanyang isip ay ang amang may sakit na siyang sanhi ng pagbabalik niya sa sariling bayan. Ang kutsero naman ay nagkibit lamang ng balikat nang mapansing parang tulala ang kanyang sakay na babae.

Ang katahimikang nakapamayani sa mga sandaling yaon ay parang landas na nahawan upang magunita ni Denang ang panahon ng kanyang kasariwaan sa sinilangang baryo. Sa kanilang pook ay siya ang kinikilalang pinakamahusay na mangaawit. At kung ganitong sumasapit ang MAHAL NA ARAW, ay nag-uunahan sa pagkumbida sa kanya ang mga kanayong mandi'y naging panata na ng mga iyon ang magpabasa ng pasyong mahal tuwing sasapit ang araw ng paghihirap ng Panginoong Hesukristo.

Sa dinami-dami ng nangungumbida sa kanya ay si aling Trining ang laging nauuna. Maagap si aling Trining. Malayo pa ang MAHAL NA ARAW ay kumbidado na siya nito, bagay na ikinatutuwa naman niya, sapagka't ang anak nitong binata, si Angel ay katipan niya. Silang dalawa ni Angel ang magkapareha sa pag-awit ng Pasyong mahal. Kaya ang nangyayari, bago sumapit ang mahal na araw ay nakatanggo na siya kay aling Trining.

—Saan ho kayo iibis dito sa Mulad-Bukad? —Tanong ng kutsero na binatak na ang renda ng kabayo upang tumigil na ang hayop. Nguni't hindi siya tinugon ni Denang kaya kailangang ulitin niya ang pagtatanong. —Saan ho kayo iibis dito sa Mulad-Bukad? —malakas na ang tinig ng kutsero na ikinagitla ni Denang sa kanyang malalim na pag-iisip.

—Ho?.... Aba, narito na pala ako. —ang nabiglang wika ni Denang. At dalidali na siyang umibis ng karetela. Matapos bayaran ang kutsero, ay tuluy-tuloy na pumasok siya sa isang bakuran ng maliit na dampa na hindi nababago sa kanyang paningin.

MATAGAL na siyang nakatayo sa tapat ng kanilang dampa, ay tila bantulot pa siya upang magtuloy sa itaas ng bahay na kinakitaan niya ng unang liwanag. Isang babae ang dumungaw sa bintana. Matagal na nagkatama ang kanilang mga paningin. Nang mapagsino ng babae ang nakatayo sa lupa, ay halos pasigaw na binigkas nito ang pangalan ni Denang. Nahinto sa pagbasa ng pasyon ang ibang nasa loob ng bahay. Nagdungawan ang mga iyon. Huling dumungaw ang Ama ni Denang, si mang Ambo.

Patakbong pumanhik sa kabahayan si Denang. At buong higpit na

(Sundan sa pahina 79)

PITAK PAMPAARALAN

MGA KATAWAGANG PANGKABUHAYAN AT MGA KAURI
ECONOMIC AND ALLIED TERMS
Inihanda ng SURIAN NG WIKANG PILIPINO

Ang Bulaklak, bilang babasahin sa mga paaralang-bayan ay pinagtibay ng Kawanihan ng mga Paaralang-bayan noong Nobyembre 19, 1951. (Bulletin No. 30, s. 1951)

duress — pamimilit
duty — buwis
effect binding — sapilitang bisa
ejectment — pagpapaalis
embargo —pag-ilit; pagharang: embargo
embezzlement — paglustay
eminent domain, right of — karapatan ng pamahalaan sa pagbili ng ariariang pribado
enactment — pagpapatibay
encumbrance — pataw na sagutin
entrapment — pagpikot, paesilo
entry, unlawful — pagpasok na labag, eskalamyento
unlawful entry and detainer — pagpasok na labag at pangaangkin
equity — katwiran, ekwidad
escheat — estsit
espionage — pang-iispiya, espiyonahe
estafa — istapa
estate — ariarian
real estate — ariariang di-natitinag
estoppel — hadlang, istopel
estoppel in pais — istopel sa pamamagitan ng gawa
estoppel by deed — istopel sa pamamagitan ng kasulatan
ethics, legal — etika legal
event fortuitous — di-inaasahang pangyayari, kaso portuwito.
evidence — katibayan, ebidensiya
circumstantial evidence — di-tuwirang katibayan
competent evidence — katibayang tumpak sa batas, kompetenteng katibayan
conclusive evidence — katibayang panapos
corroborative evidence — katibayang pantulong
cumulative evidence — karagdagang katibayan

(ITUTULOY)

ANG MAGKAPATID

BABASAHING PANG-MABABANG PAARALAN ◊ INIHANDA NI ANTOLINA P. TEODORO
Guro sa BAMBANG ELEMENTARY SCHOOL



AKO AY SI NITOY.
AKO AY PITONG TAON NA.
AKO AY NAG-AARAL NA NGAYON.
AKO AY PALAGING NALILIGO.
AKO AY NAGLILINIS NG KAMAY BAGO KUMAIN.
AKO AY NAGSUSUKLAY NG BUHOK AT NAGSISIPILYO NG NGIPIN BAGO PUMASOK SA PAARALAN.

AKO AY NAG-AARAL SA PAARALAN SA AMING NAYON.
ANG GURO KO AY SI MISS GARCIA.
MARAMI AKONG KAMAG-ARAL.
LAGING MALINIS ANG AKING DAMIT SA PAGPASOK SA PAARALAN.
NAG-AARAL AKO SA UMAGA AT SA HAPON.
MADALAS SUMABAY SA AKIN SI PINING.
SI PINING AY AKING KAPATID.

ILAGAY ANG TAMANG SAGOT SA GUHIT:

1. SI NITOY AY _____ (BATANG BABAE, BATANG LALAKI)
2. SI NITOY AY NAGLILINIS NG _____ (PAA, MUKHA, KAMAY) BAGO KUMAIN.
3. SI NITOY AY NAGSISIPILYO NG _____ (BUHOK, NGIPIN, DAMIT) BAGO PUMASOK SA PAARALAN.
4. SI MISS GARCIA AY KANYANG _____ (GURO, KAPATID, KAMAG-ARAL)
5. SI PINING AY KANYANG _____ (KAIBIGAN, PINSAN, KAPATID)

Sa PAGLIPAS ng mga SANDALI

Maikling Nobelang Tapos ni RICARDO S. AQUINO

Talagang Maramot, Mapanibughuin, Ang Pusong Matapat Sa Ngalang Paggiliw

NALAMUKOS ni Chedeng ang hawak na pahayagang kangina lamang ay tinutungnayan ng kanyang asawa at biglang umasim ang mukha niya nang mapadako ang mga paningin sa labas ng kanilang durungawan. Marahan na ipininid ni Chedeng ang bintana. Wala siyang mapagbuntunan ng galit at lihim na paninibugho! Higit pa sa dagundong ng nakatutulig na kulog ang lakas ng kapangyarihang yumayanig sa buo niyang katauhan. Kaypala ay ginigiyagis siya ng di masayod na pangamba.

Nakagat na lamang ni Chedeng ang kanyang mga labi at napapikit siya nang mariin. Ibig niyang makalimot! Iwaglit sa isip ang mapait na gunitang nagdudulot sa kanya ng pighati. Aywan niya kung bakit lagi siyang ligalig at kalong ng masalimuot na alalahanin magbuhat nang dumating at magbalik sa pook na iyon si Luding at hangaring mapalapit pa sa mga paningin ni Marcelo. Laging ginigiyagis ng pagkamuhi ang kanyang puso at hindi matimpi ang pagsibol ng poot sa kanyang dibdib, tuwing mapag-uukulan niya ng tanaw at panakaw na mga sulyap ang ba'gong kalilipat na kapit-bahay. Batid niyang naging katipan ni Luding ang kanyang asawa. at muntik nang magkataling puso kungdi nga lamang nagtaksil ito sa matibay na sumpaang yaon.

Malimit na natitigilan si Chedeng at madalas na mapagpakuan ng isip ang mahalagang bagay.

—Bakit kaya naisipan pang magbalik na muli, ni Luding, at mamalagi sa pook na iyon pagkatapos ng lahat? Ibig kayang ma-

(Sundan sa pahina 32)

HINDI

MAKAKUKUHA ka ng ginto, bakit tanso pa ang pinili mo, —sa himig-patalinghaga ay madalas na ibiro kay Menardo ng kanyang mga kakilala nang magpakasal siya kay Cora.

Datapwa, sa halip na ikagalit ang pagbibirong yaon, ay dili ang hindi naghanda si Menardo ng panugong siya lamang ang nakababatid ng kahulugan. — Aanhin ko ng ginto, —sasabihin niya, — ang masusumpungan ko sa tanso ang kapayapaan ng budhi, ang kapanatagan at pagtitiwala?

Sa gayo'y mapapatingin na lamang kay Menardo ang kakilalang di-makaiwas na di magbiro. Hindi kikibo iyon, bagaman ang mukha'y kababakasan ng nakukubling pagtataka't pag-aalinlangan sa isinagot niya. Maraming gayong biro ang buong katimpiang pinakikitunguhan niya.

Sino nga naman si Cora?

Isang guro sa isang mababang paaralan si Cora na nakakilala ni Menardo nang minsang maparayo

Katulad ng BUWAN

Salapi't Kariktan Ng Isang Babae, Malabong Salamin Ng Dangal At Puri.

sa Malabon ang binata dahil sa kapistahan ng naturang bayan. Sahol sa karilagang panlabas ang dalaga. Kung may ganda mang maaangkin ang guro, iyon ay ang gandang di-mapapansin ng balana, ang kapayakan nito sa pag-uugali. Uliran si Cora sa kabaitan at isang buti'ng tagahubog ng batang isip sa loob ng paaralan.

Hindi litaw na dilag si Cora. Hindi kilala sa lipunang kinabibilangan ni Menardo. Si Menardo ay isang mayamang namumuhunan sa alahas. Siya ang tanging tagapamahagi ng isang kilalang orasan; pambisig na ginawa sa ibang bansa. May mga tindahan siya sa pusod ng Maynila: sa Eskolta, sa Abenida Rizal, sa Carriede; at gayundin sa litaw na pangalakalan sa ibang lunsod sa buong kapuluan.

—Sino na si Cora? —panunukat ng isang kakilala ni Menardo, nang minsang magkausap sila sa isang palamigan. —Isang "hilaw" na dilag kung ipapara kay Dina!

Pinukol ni Menardo ng makahulugang tingin ang kausap. Nang mga sandaling yaon ay nakikipagtunggali siya sa pagkayamot na biglang nadama.

—Alam ko, Dan, —pinilit ni Menardo na mapahinahon ang tinig. —Subali't nasumpungan kong inibig ko si Cora, nang higit sa pag-ibig na maiaalay ko kay Dina. Ang totoo, maraming karapat-dapat kay Dina. Isa ka na! —Marlin ang pagkakabigkas niya sa huling sinabi.

Sandali ring pinamulahan ng mukha si Dan. Nguni't pagkaraan ng ilan pang sandali ay nagtawa na. —Napakapalabiro mo. Menardo, —anito.

—Hindi ako nagbibiro! —tahasang sambitla ni Menardo na pilit na kinuyom ang pagkayamot.

AKALA ni Menardo ay natagpuan na niya sa katauhan ni Dina ang babaing tutugon sa kanyang pihikang panlansa. Anak ng mayamang mangangalakal si Dina. Sunod ang layaw. Walang ginustong nabali. Litaw na dilag sa lipunang ginagalawan ni Menardo. Maraming nagmimithi sa dalaga. Sapat na iyon upang hangarin niya na makaisang-palad si Dina.

At ang dalaga nga ang napagtuunan ng pansin ni Menardo.

—Napakaganda mo! Dina, —di-mapigilang papuri ni Menardo nang isinasavaw niya ang dalaga noong magdiwang ito ng kaarawan.

—Ilang babae na ang napagsabihan mo niyan?

Napatawa si Menardo. —Ikaw ang una!

—Una? May susunod pa kung gayon?

—Wala na! Sapagka't ikaw ang una't huling pag-uukulan ko ng katagang iyan.

—Sinungaling!

—Totoo iyon! Napakaganda mo! —At hinapit ni Menardo sa baywang ang dalaga na naging mapagpaubaya naman.

Nang matapos ang tugtog, at maihatid ni Menardo si Dina sa upuan nito, ay isang lalaki ang lumapit sa dalaga. May manipis na bigote ito, kulot nang bahagya ang buhok at maputi sa karaniwan.

Nakita ni Menardo nang iabot ng lalaki ang handog nito kay Dina. Nakangiting tinanggap iyon ng dalaga.

—Naantala ka yata? —narinig ni Menardong tanong ni Dina sa lalaki.

Sumagot ang lalaki. Hindi raw nito matitiis na di dumalo sa kaarawan ng dalaga.

—Isa ring mangingibig ang lalaking iyon, —naisaloob ni Menardo. —Matamis ang bungang maraming nag-aagawang maka-

(Sundan sa pahina 34)

TAGUMPAY ng isang TALUNAN

Kuwento ni SALVADOR MAGOLINIO

ANG masakit na bato ng pagkakataon ay nakapagdulot sa iyo ng labis na pagdaramdam. Papaano'y, kung kailan pa naman sumapit na ang pinananabikan mong araw ng inyong "excursion" nina Edgar at Raquel sa matulaing Tagaytay, ay saka pa dumapo sa iyo ang matinding lagnat at sakit ng ulo na siya mong ikinaratay nang araw na yaon.

Subali, hindi ang "excursion" na iyon ang ipinaghihinanakit ng iyong kalooban. Ang labis na lumiligalig sa iyong damdamin ay ang pustahan ninyo ni Edgar:

—'Di kung gusto mo, pustahan tayo. —hamon ni Edgar sa iyo nang minsang, sa inyong pagsasarili ay nasabi mong mabibigo lamang siya kay Raquel.

Si Raquel ay isa mong matalik na kaibigan sa inyong bayan sa Nuweba Ecija. At bilang alaala ng pagkakaibigan ninyong iyon, ay isa niyang mayakulay na larawan ang ipinabaon sa iyo nang ikaw ay malipat ng pag-aaral sa Maynila.

Samantala, sa Maynila naman ay doon mo nakadaupang-palad ang makisig at mabait na si Edgar. Iisa ang pamantasang pinapasukan ninyo, lamang ay "Commerce" ang kinukuha niya at ikaw naman ay "Education".

At isang hapon, habang kayo'y magkapiling na nakaupo sa ibabaw ng mga tipak ng batong kahalikan ng mga alon sa may baybay-dagat, ay nakita niya ang larawan ni Raquel na iniingat-ingatan mo sa iyong "wallet".

—Kanginо larawan iyang nasa "wallet" mo, Lourdes? —magiliw niyang usisa.

—A, kay Raquel ito, ang matalik kong kaibigan sa amin, na luluwas dito sa Linggo upang sumama sa ating "excursion".

—Siya nga? —ang napabigla niyang sambitla, —Maganda siya! Mayruon na ba siyang katipan?

—Aywan ko lamang, —ang tila nakikimi mong tugon at sa iyong dibdib ay nakadama ka ng pag**katigatig.**

—Talagang maganda siya! — may palatak pa niyang paghanga, at muling tititigan ang larawan ni Raquel.

—O, baka naman mangalaglag na iyang mga mata mo? —ang pabiro mong untag sa kanya, at isang tuyot na ngiti ang pilit mong pinagitaw sa iyong mga labi upang tabingan ang pangingimbulo na nais sumupil sa iyong damdamin.

Napalingon siya sa iyo.

—Ang sabihin mo ay malamang na ang puso ko ang siyang malaglag!

—Hoy, dahan-dahan ka! —biglа mong sansala sa kanya, —marahil ay nasasabi mo lamang ang ganyan sapagka't wala siya rito ngayon. Baka kung kasama na natin siya sa Linggo ay mapipipi ka?

—Sino? Ako...? Ibahin mo tayo, tsika. Liligawan ko pa siya kapag nagkataon, —walang kagatul-gatol niyang pakli.

Ang salitang "liligawan" ay waring isang babalang nagpasasal sa kaba ng iyong dibdib! Saglit kang nalito. Namula ang iyong mukha! Ibig-ibig mo na sanang magyayang umuwi, subali't sa iyong diwa ay may nabuong isang pasiya. —Ed, mahirap paibigin si Raquel. Matigas ang kanyang puso, kaya't mabibigo ka lamang.

—Lourdes, matigas mang bato ay naaagnas rin sa masinsing patak ng malambot na tubig, hindi ba? —patalinhaga niyang pakli.

—Nguni't, kakaiba si Raquel. Ako ang nagsasabing hindi mo siya mapapaibig, —pagpupumilit



At Sa Pagkatalo Siya'y Lumigaya,

Pagka't Di Nabigo Ang Kanyang Pag-asa.

mong gilt sa kanya upang siraan siya ng loob, subali...

—At bakit mo naman natiyak? 'Di kung gusto mo, pustahan tayo...

Lalo kang kinabahan sa hamon niyang iyon. Sandali ka munang nagmuni-muni.

—Iyon lamang pala e, 'di-sigi, —nang nalauna'y napilitan ka na ring sumang-ayon, —Ano naman ang magiging pustahan natin?

At sinimulan niyang ipaliwanag ang magiging kasunduan ninyo hinggil sa pustahan.

—Ganito: Kung bago dumating ang bakasyong hinaharap at mapaibig ko si Raquel, ay ikaw ang bibili ng damit-pangkasal na gagamitin niya sa aming pag-iisang dibdib.

—E, kung mabigo ka naman-?

—Kahulugan, ikaw ang panalo kaya't ako naman ang magbabayad sa magiging halaga ng isusuot mong pangkasal...

—At kung hindi ako mag-asawa agad, ano ang gagawin mo?—nakangiti mong biro.

—Aba, e 'di ako'y maghihintay.

—Kung sabagay, matalo man ako sa pustahan nating ito ay madali ko siyang maibibili ng kasuotang lalapat sa kanya sapagka't halos magkapareho kami ng sukat ng damit, —pagtatapat mo sa kanya.

—Gayon naman pala e, ang mabuti, ngayon pa ay bumili ka na, sapagka't nasisiguro ko ang iyong pagkatalo.

—Walang nakatitiyak ng panalo sa ating dalawa, Ed, kaya't bayaan na lamang nating panahon ang siyang humatol...

At gayon nga ang inyong naging pustahan.

Mula noon ay hindi ka na mapalagay. Lumalakas ang pintig ng iyong puso sa tuwing magugunita mo ang pustahan ninyo ni Edgar.

—Diyos ko, —minsa'y naidagdag mo tuloy sa taimtim mong panalangin, —para na ninyong awa. Ako na po sana ang Inyong papanalunin.

Nguni't... lalo lamang naragdagan ang iyong pangambang gumugulo sa iyong isipan. Nang dumating na ang araw ng iyong "excursion" ay nilagnat ka nga kaya't sina Raquel at Edgar na lamang ang napasama sa masayang pangkat.

—Marahl ay maligayang-maligaya na sila sa mga sandaling ito, —sapantaha mo noon, at sa iyong pagkakahiga ay naghali-halili nanudyo sa iyong pangarap ang sari-sari at nakakainggit na mga pangitain ukol kina Raquel at Edgar.

Ilang linggo lamang ang lumipas at ang mga pangitain mong yaon ay nauwing lahat sa katutohanan. Tulad ng iyong hinala, ang "excursion" ngang iyon ang nagbukas ng landas upang magkalapit ang mga puso nina Raquel at Edgar, na nang mga sumunod na araw ay humantong sa pagpapalitan nila ng mga liham ng pag-ibig.

At gayon na lamang ang iyong pagkasindak nang isang araw ay makatanggap ka ng kalatas ni Raquel.. Nasasaad sa sulat na iyon ang pagbabalita niya sa iyo, na bago dumating ang bakasyon, ay haharap na sila ni Edgar sa dambana.

—Diyata...! —ang tanging nausal mo at sa iyong damdamin ay may biglang naglatang na panibugho! At nang maglagos ang panibughong yaon sa pinakaubod ng iyong puso, ay saka mo lamang lubos na nakilalang, umiibig ka nga pala kay Edgar.

—Diyos ko, —ang sa gitna ng isang malalim na buntunghininga ay lumuluha mong nasambit, —kung sa tagumpay ni Edgar ay sadyang ako ang natatakdang masawi at lumuha, ay hindi ako tumututol. Nguni't ang tanging hinihiling ko lamang ay maano sanang balang araw ay maipadama rin Ninyo sa kanya ang tamis ng aking naunsiyaming pag-ibig.

Dahil sa pagkatalo mong yaon, kinabukasan din, araw ng Sabado, halos tumulo ang iyong luha nang bilhin mo ang isang mamahaling damit-pangkasal. At bago ka umuwi ay tinawagan mo si Edgar sa telepono upang magtungo sa inyo.

—Binabati kita. Ed. Mapalad kang talaga! —bungad mo sa kanya nang siya'y dumating. Matamlay mong iniabot ang iyong kamay na nanlalamig. Saglit siyang tumitig sa iyo. Dali-dali mong pinasaya ang iyong mukha upang huwag niyang maaninag ang pagdaramdam na nakukuyom sa iyong dibdib.

—Halika, tuloy ka... —ang malugod mo pang anyaya, gayong

Sundan sa pahina 76)

SA PAGLIPAS NG...

(Buhaa ts pahinà 27)

panumbalik nito ang dating pagtitinginan nila ni Marcelo at, iguho ang matibay na moog na binuklod ng matimyas nilang pagmamahalan matapos na mabatid nito ang pagkakamali?

Ilang araw lamang ang nakalilipas magbuhat nang si Luding ay dumating sa pook na iyon. At sa loob nang mga araw na iyan, ay halos nasusukat ni Chedeng ang di matakal na paglibak at upasalang iniuukol kay Luding ng kanilang mga kapook ukol sa pagbabalik na iyon. Batid ng mga taga-roon na ikakasal na lamang ang dalawa; ni Luding at Marcelo, nang sumama ito sa ibang lalaki. Halos ikabaliw iyon ni Marcelo at malimot itong matagpuang susuray-suray sa lansangan at wala sa kanyang sarili. At ngayon, ay halos tiyak ni Chedeng na magkakaisa sila ng mga palagay at kuru-kuro. Nagbalik si Luding upang akiting muling mapaibig si Marcelo. Hindi malilimot ni Marcelo ang pag-ibig kay Luding, ngayon pa ngang ito'y higit na maganda at kaakit-akit sa kabila ng dati pa ring kalayaan.

Nang maulilang lubos si Chedeng, at wala namang tanging kamag-anakan sa kanilang lalawigan ay napiltan siyang lumuwas sa Maynila. Sa pamamagitan ng isang kaklase ay ihinimatong sa kanya na si Aling Tomasa; isang malaon nang kakilala ng kaibigan ni Chedeng, ay nangangailangan ng kawaksi. Malaki ang tahanan ni Aling Tomasa at nag-iisa lamang sa buhay pagka't ang kaisa-isang anak na binata na musmos pa nang maiwan ng ama. ay isang pinuno ng hukbong katihan na napabilang sa batalyong ipinadala sa Korea.

Ang kabaitan at kasipagan ni Chedeng ay parang balaning nakaakit sa pihkang damdamin ni Aling Tomasa, kaya sa loob lamang ng maikling panahong inilagi niya sa tahanang iyon ay nagkapitak siya sa puso nito.

—Ipagkakapuri kita sa kasipagan at kabaitan, Chedeng.... —Isang araw ay di natimping pahiwatig ni Aling Tomasa. — Hindi ako nalisya ng tanggapin kita. Para na rin akong nagkaroon ng isang anak na babae. Kaya't kung sasagi sa isip mo ang paglisan sa tahanang ito'y... hindi kita mapahihintulutan....

—Hangga't nakasisiya po sa kalooban ninyo ang aking paglilingkod, —ang nasisiyahang wika ni Chedeng, —ay umasa po kayong ako'y mamamalagi na rito. Liban na po lamang, kung... — At sadyang ibinitin ni Chedeng ang sasabihin pagka't siya man sa kanyang sarili ay walang katiyakan noon sa magiging kapalaran sa darating na panahon.

—Hindi maaaring sumapit ang araw na kinatatakutan mo, Chedeng. —Agaw na ibinadya ni Aling Tomasa sa mabait na dalaga, —pagka't kung sakali mang sumapit na sa buhay mo ang paghirang ng isang kakasamahin sa buhay, bago iyon maangkin ng iba, —at tinitigan pa ng buong katapatan ang nakayukong dalaga, —ay ako na muna ang unang maghahangad sa iyo para sa aking anak, kay Marcelo. Pagka't kung mag-aasawa rin lamang siya ay hihilingin kong ikaw na ang kanyang piliin...

Pinamulahan ng mukha si Chedeng. Hindi siya nakahuma at ni isa mang kataga ng pagtutol ay walang namutawi sa kanya. Sa tuwing uuntagin ni Aling Tomasa ang anak na binatang nasa Korea, ay parang may kung anong bagay na bumibikig sa kanya. Malakas at madalas ang tahip ng kanyang dibdib.

Makisig si Marcelo. Iyon ang kaanyuang namamalas ni Chedeng sa larawan ng binatang kawal tuwing mapag-uukulan niya ng pansin iyon sa silid ni Aling Tomasa, kung umagang siya'y naglilinis doon. Malimit na natitigilan ang dalaga. Sa kanyang palagay ay higit na makisig si Marcelo sa tunay na katauhan. Kung malibig nga lamang siya ng binata... kung magiging marapat na nga sana siya sa pagtatangi nitong lihim na pinakaasam niya at iniingatan sa dibdib, disi'y anong ligaya niya! Subali, tuwing magugunita niya ang kanyang kalagayan sa tahanang iyon ay parang nakikita niya ang pagkabuhay lamang sa isang magandang pangarap na kailanman ay walang katuparan.

—Bakit ka umiiyak, Chedeng? —Sa naaaninag na kapagalan ng diwa ay naitanong na minsan ni Aling Tomasa sa dalaga. —May dinaramdam ka ba?...

—Wa-wala po...! —Kaila ni Chedeng. Hindi niya maipahiwatig sa butihing matanda ang kasiphayuang ibig mamahay at lumikha ng gawak sa kanyang dibdib. Hindi niya mawikang iniibig niya ang anak na binata nito. Sabihing ikamamatay niya kungdi si Marcelo ang maging kapilas ng kanyang puso! Subali, wala siyang karapatan. Ni gahibla mang pagpapahalaga ay hindi niya maiangkop ang kanyang sarili kay Marcelo. Alangan siya! Kaipala'y isa lamang siyang utusan...

Lalong umagting sa puso ni Chedeng ang nadarama niyang kapagalan nang mabatid kay Aling Tomasa na dumating ang kable ni Marcelo na galing sa Korea. Sinasabi doon na hindi na magluluwat at silang mga kawal na ipinadala sa Korea ay magbabalik na sa kapuluan. Marami ang mga salanta, nangamatay kapala sa gitna ng madugong pakikihamok sa gitna ng larangan. Subali, si Marcelo ay ligtas!

Hindi matakal ang kaligayahan sa puso ng ina. Ipinagpiging ni Aling Tomasa ang maluwalhating pagbabalik ng kaisa-isang anak na kapitan ng hukbo. Isang malaking salu-salo ang buong dingal na idinaos sa gabing yaon na pagdating ni Marcelo. Maraming panauhin ang nangagsidalo. Mga ka-anak at matatalik na kaibigan ng kanilang angkan.

Isinuot ni Chedeng ang pinakamagandang damit niya na sadyang ipinayari ni Aling Tomasa para sa kanya. —Sa ganda mong iyan, Chedeng, ay bulag na lamang ang puso at pandamdam ng aking anak kapag di ka niya napagpakuan ng pansin. —Parirala ni Aling Tomasa, —pihong magugulat si Marcelo pag nakita ka. Pagka't sa mga liham na ipinadadala ko sa kanya sa Korea, ay ang kagandahan lamang ng iyong ugali at kabaitan ang nababanggit ko sa kanya...

Halos maglumundag sa kagalakan ang puso ni Chedeng. Makailang ulit na nagpaikut-ikot siya sa harap ng tokador bago pa lumabas ng silid. Hindi man ipahiwatig sa kanya ng matandang babae ang mga papuring iyon, ay ibig niyang maging kaakit-akit siyang talaga. Maging katangi-tangi sa mga paningin ng pinananabikang binata.

Subali, ang sigla ni Chedeng ay dagling naparam. Parang ulap na nagmaliw ang kislap sa kanyang mga mata nang sumapit ang sandaling pinananabikan niya. Ang lahat ng kanyang pag-asa at pagasam sa isang kaiga-igayang pagtatagpo ay nadama niyang tila lambong na tumabing at nagpakulimlim sa kanya. Hindi na malaya si Marcelo! Matapos itong parangalan at batiin ng kanilang mga panauhin ay inihayag sa madla ang nalalapit na pakikipag-isang dibdib.

Naging luksa at mapanglaw kay Chedeng ang gabing iyon. Nalaman niyang ang inaman ni Marcelo ay nabigla rin sa ipinagtapat ng binata. Kaypala ay higit nitong dinamdam ang pagkabatid na hindi na malaya ang puso ng anak. May isa nang higit na pinaglalaanan ito ng pag-ibig!

—Sa araw ng aming kasal ni Luding,— ang masigla pang wika ni Marcelo, kinabukasang sila'y magkakaharap sa hapag ng agahan, —ay ikaw ang nais kong maging "bride's maid" namin, Chedeng...

Parang kinurot ang puso ni Chedeng. Ibig-ibig na niyang mapabulalas ng panangis. Ipakilala sa mga sandaling iyon na durog ang kanyang puso. Subali, wala siyang lakas. Kaya't sa pagkukuyom ng sama ng loob ay napatitig na lamang siya kay Aling Tomasa.

ABALA si Chedeng sa paghahanda ng hapag, isang araw na panauhin ni Marcelo ang dilag na di maglalaon at kanya nang masasarili, nang biglang mapakislot ang dalaga at parang mulalang napatigalgal sa pagkakatayo sa bungad ng pintuan nang makitang magkayapos at magkalapat ang mga labi ng magsing-irog. Nalito si Chedeng. Ang nadarama niya'y ang pait at pagkaunsiyami ng pag-ibig. Nabitiwan niya nang di sinasadya ang taglay na bandeha ng mga pagkain.

Hiyang-hiya si Luding sa pangyayaring iyon. Isang makahulugang titig naman ang iniukol ni Marcelo sa walang malamang gawing si Chedeng.

—Ipagpaumanhin mo sana ang nasaksihan ng iyong paningin kangina, Chedeng... —Sabi ni Mar-

GALA FASHION ACADEMY
3 Months Summer Course Offered for Teacher & Students!
* DRESSMAKING
* HAIR CULTURE
* EMBROIDEY
38 Sta. Mesa Tel. 6-78-18
Mail coupon for free prospectus

BAHAY NA HULUGAN
Ipagtatayo namin kayo ng bahay na hulugan sa 5-8-10 taong halugan saan man sa buong Luzon sa interes na 6% at 8%. Kailangan lamang ang titulo ng inyong lote.
Dalhin ang inyong plano o igagawa namin kayo ng plano nang walang gugol.
DE CASTRO CONSTRUCTION
BONDED CONTRACTOR
Silid 207 David Bldg., Rizal Ave.
Kanto ng Azcarraga

celo nang mapag-isa na ang dalaga sa bulwagan nang gabing iyon na tila ibig pang mapahiya sa sarili.

—A, wala kang sukat alalahanin, Marcelo...! —Pabiglang naisagot ni Chedeng sa binata. Nililigalig siya ng kung anong bagay. Kaypala ay naliligayahan na nga siya kapag kaharap si Marcelo at kausap.

Subali, lingid sa kaalaman ng mag-ina, ay binibilang ni Chedeng ang paglipas ng mga araw. Nalalaman niyang habang nalalapit ang pakikipagisang-dibdib ni Marcelo ay lalu siyang nakadarama ng kirot sa kanyang puso. Ibig niyang takasan ang paggunita sa darating na mga sandaling iyon.

At gaano na lamang ang pagkamangha ng lahat, nang isang umaga ay kumalat ang mapait na balita. Si Luding ay sumama sa ibang lalaki! Naurong ang napipintong kasal ni Marcelo. Naging paksa ng lahat ang maalingasngas na pangyayari. Marami ang nahahabag kay Marcelo. At higit rin namang marami ang pumupula kay Luding. Halos araw-arawin at magdamagin ni Marcelo ang paglalasing sa "bar". Ipinaubaya na nito ang pagtahak ng sarili sa kawalang pag-asa. At ang gayon ay malabis na dinamdam naman ng kanyang ina.

Hindi naglaon at si Aling Tomasa ay dinapuan ng mabigat na karamdaman. Binawian ito ng buhay at ang tanging habiling iniwan kay Marcelo ay si Chedeng. Si Chedeng ang makapagpapaligaya kay Marcelo...

Subali, ang habiling yaon ng yumaong ina ay parang naipaubaya pa rin ni Marcelo sa mga pangyayari. Ang malalim na iwa sa kanyang puso na nilikha ng kataksilan ni Luding ay lumikha pa ng malaking gawak sa kanyang dibdib sa pagyao ng minamahal na ina.

—Dinaramdam kong wasakin ang pangako sa iyong ina, Marcelo... Lumuluhang basag ni Chedeng sa binata nang nagpapaalam na upang iwan ang pugad na iyon ng ligalig... pighati. —Natatap kong hindi ko maaaring idulot sa iyo ang kaligayahan at katiwasayang nilulunggati ng iyong puso, pagka't wala sa akin ang mga bagay na hinahanap ng iyong mga paningin: —At pagkawika'y mabilis nang tumalikod si Chedeng. Subali, naramdaman na lamang niya ang mahigpit na pagkakadantay ng mga kamay ni Marcelo sa kanyang mga bisig. Pinipigil siya! Sumasal ang tibok sa dibdib ni Chedeng.

—Huwag kang umalis, Chedeng. Huwag mo akong iwan!... — Sumasamo ang basag ding tinig ni Marcelo. —Iniibig kita, Chedeng! Pinakaiibig kita... —Halos pabigkas lamang na wika at mabilis na ibinilanggo sa mga bisig ang tila natauhang dalaga at sunud-sunod na halik ang iginawad sa luhaang mga pisngi ni Chedeng.

—Marcelo... —Sapat nang marinig ni Chedeng sa mga labi ng binata ang katagang "iniibig kita", at yaon ay katimbang ng gamundong kaligayahan niya.

At nangagsipaglaho ngang lahat ang mga pag-aalinlangan at kapighatian sa buhay ni Chedeng nang tiyakin ni Marcelo ang katotohanang nilimot na nito si Luding. At isang umaga ay nasaksihan na lamang ni Chedeng ang sarili sa kabuuan ng isang tunay na pangarap. Sa isang katedral sa lunsod ay mapayapang idinaos ang kasal nila ni Marcelo. Maligayang-maligaya si Chedeng. Wala na siyang mahihiling pa sa Diyos. Pagka't ang kulimlim na lambong na nakabadha sa kanya ay naging isang maaliwalas na langit.

At wala na nga sanang katapusan pa ang mga kaligayahang yaon ni Chedeng kung di siya ginimbal ng muling pagbabalik ni Luding.

—Chedeng?... —Ang malamyos na tinig na iyon ni Marcelo ang pumukaw kay Chedeng. Lumapit siya sa asawa at iniayos ang uniporme nito. Iyon ang palagiang ginagawa ni Chedeng tuwing umagang magbibihis si Marcelo ng pagtungo sa kampo.

Ilang araw na ang nakararaan...

Tuwing umagang mananaog ng bahay si Marcelo at lululan na lamang sa sariling sasakyang panghukbo ay malimit na napapansin ni Chedeng na kausap-usap ito ni Luding. Minsan ay mauulinigang na lamang niya ang pagpulas ng matamis na hagikgik ni Luding, at si Marcelo ay parang giliw na giliw naman ng pakikipagniig sa dating katipan. Parang binabayo ang dibdib ni Chedeng sa matinding paninibugho. Kung di nga lamang pinipigil siya ng kagandahang asal ay nasugod na sana ng panaog si Luding at tatalampaking inaakit nito ang kanyang asawa. Kaya't sa halip ay lagi na lamang siyang nagpipinid ng bintana upang kahiman lamang sa pamamagitan noo'y maipahiwatig sa kapitbahay ang kanyang tinitimping galit dito.

Hindi nakatulog si Chedeng nang gabing iyon. Saglit man ay hindi siya nagpipinid ng mga mata. Hatinggabi na ay hindi pa dumarating si Marcelo. Ibig-ibig nang patangay siya sa silakbo ng paninibugho. Hindi naman dating ginagabi ng uwi si Marcelo. Tumatawag ito sa telepono at nagpapaabot sabi sa kanya kung nagkakataong may mahalagang panayam ang mga pinuno ng hukbo ukol sa kilusan.

At kinabukasan...

Katulad nang dating ginagawa ni Marcelo, ay hindi nito kinaligtaang hagkan muna ang kabiyak bago patuluyang umalis. Sinundan ng tanaw ni Chedeng ang nananaog na asawa. At nang makitang lumabas na naman ng sariling bakuran si Luding at magiliw na lumulan pa sa sariling sasakyan ni Marcelo, ay nabuo na nga sa isip ni Chedeng ang paghihinala. Nahuhumaling si Marcelo sa dating katipan. Napahagulgol na lamang si Chedeng nang maglaho sa mga paningin niya ang sasakyan ng asawa. Hindi! Hindi maaaring agawin sa kanya ni Luding ang pagmamahal ni Marcelo! Iyon ang isinisigaw ng kanyang budhi.

At nang gabi ngang umuwi ng bahay si Marcelo ay hindi nito mapaniwalaan halos ang malaking ipinagbago ng asawa. Namangha si Marcelo. Putol na ang mahabang buhok ni Chedeng na dati'y aayaw na ipaputul-putol sa mapiling kahilingan niyang sumunod ito sa makabagong panahon. Pati mga labi ni Chedeng ay may pahid na lipstik na hindi naman dating ginagawa nito. Areglado ang kilay at... —Talagang malaki ang ipinagbago ni Chedeng. Magandang-maganda!

—Hindi ba ito ang gusto mong gawin ko? —Untag ni Chedeng nang mapansing takang-taka at di makapaniwala si Marcelo sa pag-

(Sundan sa pahina 38)

TANGING HANDOG SA BAKASYON — 20% BAWAS
MAG-ARAL KAYO SA MALAKI AT TANYAG NA PAARALAN NG PANANAHI, PAGBUBURDA, PAGKUKULOT, AT PAGPAPAGANDA SA

AMERICAN FASHION SCHOOL

725 QUEZON BLVD., CENTER THEATER BLDG.. MAYNILA * TEL. 3-78-14
Kauna-unahang Paaralan sa Moda sa Maynila na binigyan ng Opisyal na Pahintulot. TANGING HANDOG—Walang bayad na pagtuturo ng "Flower Making", "Manicuring", Embroidery" at "Handicrafts" Ang pagtuturo ay sa wikang Ingles, Kastila, Tagalog, Kapampangan, Ilokano, Bisaya, Bikolano, Pangasinan at iba pa. Makabago, siyentipiko, madali at sunod sa mga pamamaraan sa Europa at Amerika ang pagtuturo. Patuloy Ngayon ANG PAGPAPATALA.
Pangalan ..... *Tirahan* ..... (Blk.)

KATOL..!
Ang 2 tàmyàg na tàtak na pamuksa ng lamok, langaw àt iba pang maliliit na hayop...

Hindi nakapipinsala sa tao matipid gamitin — ang isang ikid ay tumatagal ng 6 na oras at 30 sandali!



Subukin ninyo ngayon
Mabibili sa lahat ng bazar



Tanging tagapamahagi

PHILIPPINE ALLIED ENTERPISES CORP.
415-T. Lunta P. O. Box 3608

HINDI KATULAD...

(Buhat sa pahina 29)

pitas.

Simula noo'y malimit maging panauhin si Menardo kina Dina. Lagi siyang may dalang handog. Malugod siyang pinakikiharapan ng dalaga. Subali't madalas na nararatnan niyang panauhin din ni Dina ang lalaking may bigote. Magiliw din si Dina sa lalaking iyon, tulad din ng pagka-giliw nito sa kanya.

Minsa'y inanyayahan ni Menardo si Dina sa *naitklab*. Napansin ng binata na wari'y atubili sa pagsagot ang dalaga.

—Maaari bang bukas na? —may-himig pakiusap nito.

—May pupuntahan ka bang higit na mahalaga?

—E... wala naman, kaya lamang ay...

—Ay ano?

Sandaling waring nag-isip si Dina. —Sige, sasama ako, —sa huli'y naipasiya nito.. —Sandali lang at magbibihis ako.

Sa naitklab, habang nagsasayaw sina Menardo at Dina, ay laging napapansin ng binata ang pangungulimlim ng mukha ng dalaga.

—Hindi ka nasisiyahan dito?—naitanong ni Menardo sa dalaga.

Nagtaas ng mukha si Dina. Pinaaliwalas ang mukha at saka pangiting tumugon ito: —Aba, nasisiyahan!

Hindi na kumibo si Menardo. Nagkakaila si Dina. Naisip niya, baka may suliranin ang dalaga na ikinababalisa, at nagpaunlak lamang ito sa kanya dahil sa hindi siya mapahindian. May kasiyahang pumuno sa dibdib niya. —May pagtingin sa kanya si Dina, —naisaloob niya.

Maraming ataw ang lumipas. At isang hapo'y nasumpungan ni Menardo na nagtatapat siya kay Dina. Matagal na natigilan ang dalaga bago nakapagbuka ng bibig. Sa isinagot ng dalaga ay walang bakas ng pagtutol na naaninag ang binata. May pag-asang nabuhay sa dibdib ni Menardo.

Kaya't nang gabing yaon, ay nagdiriwang ang puso ni Menardo sa kaligayahan nang magpaalam sa dalaga.

—Aasahan ko ang kapasiyahan mo sa Linggo....

Naging kainip-inip ang takbo ng mga raw para kay Menardo. Hindi siya mapalagay na kung paano. Para siyang nasasabik na di niya mawari. A! naisaloob niya, dapat na niyang alamin ang suliranin ng puso niyang inilulihog kay Dina... ang pasiya nito!

—At hindi ako mabibigo. Ako ang higit na makapagpapaligaya sa kanya! —parang nahihibang na sabi ni Menardo.

Hindi na nga nakatiis si Menardo. Kaya, Sabado pa lamang ay sakay na siya ng kotseng patungo sa dalagang nilalangit. Nagdiriwang ang puso niya sa kaligayahan. Malaon na siyang nangungulila sa isang pagmamahal. Ulila na siyang lubos at wala isa mang malapit na kamaganak. At si Dina lamang sa palagay niya ang makalulunas ng kaulilahang yaon.

Parang idinuruyan sa alapaap ang puso ni Menardo nang umibis siya sa kanyang kotseng inihinto sa tapat ng malaking pintuang bakal nina Dina. Para pa niyang nariririg ang sabihan ng mga kakilala niya, habang binabagtas ang halamanan: "Mapalad ka, Menardo, kapag si Dina ang mapapangasawa mo. Maganda, mayaman, kasibulan at romantika." Waring kinilig pa siya nang bahagya, nang itanong niya sa utusang dinatnan ang dalaga.

—Nasa itaas po, —anang utusan.

—Aalis ba? —usisa ni Menardo.

—Ewan po.

—Ang mga matanda?

—Nasa "klub" po nila.

Napangiti si Menardo. Alam niya ang ibig tukuyin ng utusan: ang madyungan.

—Mayroon yatang bisita?

—E.... mayroon po. Nguni't tila nakaalis na.

Muling napangiti si Menardo.

—Maaari ba? —aniya na ang ibig sabihi'y kung makapapanhik siya. —Mahalaga lamang ang sasabihin ko.

—Aba, hindi po ba dati na kayong nakapapanhik? —nakangiting tugon ng utusan.

Nanhik si Menardo. Gayon din ang nadarama niya. Maligaya siya. Parang nakalutang sa alapaap. Nakita niyang nakapinid ang silid ng dalaga nang makapanhik siya. Alam niyang iyon ang silid ni Dina. Patiyad siyang lumapit sa pinto.

Kakatok na lamang si Menardo nang punitin ng tinig ni Dina ang katahimikang nakalutang sa paligid. Hindi naituloy ni Menardo ang pagkatok. May kausap ang dalaga sa loob ng silid.

—Baka ako'y paglalaruan mo lamang, Mar! —Dinig na dinig ni Menardo ang tawanan sa silid na tila sa kanya iniuukol.

Ilang sandali pa'y papalapit na mga yabag sa may pinto ang narinig ni Menardo. Mabilis siyang kumilos. Hindi siya dapat makita nina Dina at ng kung sinuman ang kausap nito. Nanaog siyang dali-dali, nguni't naging maingat siya sa paghakbang upang huwag lumikha ng kalatis.

—May lakad pala ang senyorita mo, —sabi ni Menardo sa napanaugang utusan. —Huwag mo na lang mababanggit na naparito ako, ha? Paalam na!

Napakunot ang noo ng utusan nang tumalikod na nagdudumali si Menardo.

Matulin ang sibad ng kotse ni Menardo, parang palasong ibinanit sa pana. Mar! Mar! Mar! Iyan ang lumabas-pumasok sa isip niya. Kilala niya iyon. Mar! Ang lalaking nakabigote, kulot nang bahagya ang buhok at maputi sa karaniwan.

Sa pagliliwanag ng isip ni Menardo nang araw na yaon ay sabay na napawi sa alala niya si Dina at ang lahat ng pagpapahalaga niya sa dalaga.

AT SAKA nga dumating sa buhay ni Menardo si Cora at siya niyang pinakasalan. Hindi singganda si Cora ni Dina, hindi sintanyag, at hindi kasing-yaman. Nguni't iba si Cora kay Dina. Ang kaibhang yaon ang inibig niya sa dalaga. At kaibhang hindi pinapansin at inuuring mababa ng mga kakilala ni Menardo. Tanso sa mga ito si Cora. Subali't kay Menardo, tanso man si Cora ay may uri namang mataas pa sa lantay na ginto. Kaya't kung nayayamot man siya sa pagbibiro ng mga kakilala niya tungkol sa kapintasan ng asawa'y nagsasawalang-kibo na lamang siya. Ayaw rin niya ng basag-ulo. —Hindi nila kilala kung sino si Dina. —iyan ang ipinang-aaliw niya sa sarili.

—MAGBIHIS KA "dear," —masayang sabi ni Menardo kay Cora, nang hapong iyong makapanggaling siya sa tindahan sa Eskolta.

—Bakit?

—Tutungo tayo sa piging, kina Conrado.

Pakunot-noong napatingin kay Menardo si Cora. Marahang napatawa si Menardo.

—Oo, ito na lang, peks man,—ani Menardo. —Hindi ko lang mahiya si Conrado, e. Malakas na mamamakyaw natin siya. At isa pa'y....

—Ano na naman?

—Ibig kong ipagmalaki ang mabait kong maybahay.

Matalim ang irap ni Cora.

Kainitan na ang sayawan, nang dumating sina Menardo sa handaan. Isang pagdiriwang iyon na may uring "buffet." Kaya't ang iba'y kumakain sa isang panig at sa kabila naman ay nagsasayawan.

Naihatid na ni Menardo si Cora sa isang upuan nang lumapit ang may piging sa kanya. Inakba-

(Sundan sa pahina 76)

EMMA

(Buhat sa pahina 5)

uro, ay nasa puso ng bawa't isang kristiyano...

Datapuwa't si Lauro'y matigas... singtigas ng marmol ang kanyang puso. Hindi niya maamin na ipagwalang-bahala ang usapin nilang mag-asawa...

—At siya pa ngayon ang nagsasabing wala siyang kasalanan?... Siya pa ang nagbabansag na siya'y malinis... busilak... marangal?... —at saka natawa ng malakas at mahaba ang lalaki sa harap ng pari. —Sino?... Sino ang kanyang dadayain?... Ako ba?... ang sambayanan ba?... Napakahangal na ba ako upang maniwala at ibigay sa kanya ang aking mga anak?... upang magmana sa kanya?... upang makilala ng mga bata kung sino at ano ang kanilang malinis na ina?...

Hindi na umimik si Padre Domingo... Iniwan ng alagad ng Diyos ang tahanang yaon na kulimlim na kulimlim ang mukha. Nakita niyang si Lauro ay walang tigil ng kaiinom ng alak... Alam ng pari ang damdamin ng lalaki. Sa kabila ng kanilang pagkakalayo ni Emma, si Lauro'y naghihirap din...

Kung sa bagay, ang banal na hangad ng pari ay ang maghiwalay silang matiwasay kung hindi na sila magkakasundo. Huwag nang daanin sa hukuman. Maaari namang pag-usapan ng tahimik. Kung si Emma ang may kasalanan, dapat niyang sundin ang kalooban ng asawang pinagtaksilan.

—Ako'y galing kina Lauro, Emma, —ang patuloy pa ng pari matapos silang magkumustahan. —Ako'y inyong matandang tagapayo, Emma, katungkulan kong akayin kayo sa landas na matahimik. Humarap kayo sa altar at napakasal, at ang pinagtali ng Diyos ay di maaaring paghiwalayin ng tao...

—Ano po ang sagot ni Lauro, Padre?... —ang malungkot na tanong ni Emma.

—Mahigpit siyang tumutol sa akin... Ang kasalanan mo raw ay sumusuko hanggang langit. At ang kanyang dangal at pangalang nadungisan ay di...

—Nguni't Padre, isinusumpa kong ako'y hindi nagkasala sa banal naming pagsasama. Iyan ang isipin ninyo, Padre...

—Emma, walang maniniwala sa iyo niyan... Ang lahat ay...

—At pati ba naman kayo?... kayong aking kompesor?... —at sa mata ni Emmang nakatitig sa matandang pari ay sumungaw ang luha. —Padre Domingo, bata pa akong munti ay kayo na ang aking pinagkukumpisalan. Kailan man ay hindi ako nagsinungaling sa inyo, hindi ba?... At nang ako'y ginigiyagis ng suliranin sa pag-ibig, hindi ba't isinama ko sa inyo si Nestor upang kami'y pagpayuhan ng dapat gawin?... Nang mabalita siyang namatay, hindi ba't kayo rin ang aking hinanap? Kayo na nakatatap ng aking kaluluwa ang siyang saksi ko ngayon, Padre... Maaari akong sumumpa, maging sa harap ng Bathala, na wala akong ginawang makapupugay ng dangal ng aking asawa at makapupusyaw sa karangalan ng aking dalawang anak... Iyan ang inyong paniwalaan, padre! —at si Emma, sa pagsisikip ng dibdib, ay tuluyang napahagulgol. —Sinunod ko lamang ang tibukin ng aking puso na siya'y tulungan, hanguin sa malubhang pagkakasakit... Nagtiis ako at naghirap hanggang siya'y mailigtas sa kamatayan... At pagkatapos... pagkatapos niyang lumakas, ay ako na ang kusang lumayo sa kanya... Kailan man Padre ay hindi kami lumampas sa hinihingi ng karangalan at kagandahang asal... Paniniwalaan ba ninyo ako, Padre?...

Hindi makakibo ang matandang pari at napatungo na lamang. Binayaan niyang magpaliwanag at magtapat si Emma. Nagsa-

(Sundan sa pahina 87)

Sadyang Nababagay...

sa mga pagliliwaliw!

San Miguel Pale Pilsen

Matutuklasan ninyong tinatamasa ng lahat ang kasiyasiya't laging malinamnam na San Miguel Pale Pilsen. Ang ginintuan at suwabeng Serbesang San Miguel ay laging kinagigiliwan—sadyang naaangkop sa masisigla at masasayang sandali ng pamamahinga.

ANG HUSTONG INUMIN... UKOL SA MGA SANDALI NG PAMAMAHINGA

BREWED AND BOTTLED BY San Miguel Brewery

DALAWANG BULAKLAK

(Buhat sà pahina 7)

magkaroon naman ng bilang ang mga guro. Halimbawa, isang awit ni Celia...

—Aba... aba...— ang tutol ko.— Ano ba ang nakain mo't ako'y ibig mong igisa?...

—Siya nga naman... siya nga naman... Maiba naman sa mga bata... —ang ayon ng mga kaharap.

—Kung hindi pa sana alam namin na magaling kang umawit, Celia...,—giit pa ni Chayong.— Hala na... Sasabihin ko sa pinsan kong saliwan ka...

—Nguni't...

—Sumang-ayon ka na, Miss Fernandez,— ang wika naman ng prinsipal. —Iyan naman ay para sa ating eskuwela.

—Nguni't ang palatuntunan natin, Mr. Cruz, ay para sa mgá bata lamang... Ako ba'y bata pa hangga ngayon?...

—Aba, ikaw ang aming kinatawan, —ang sagot ni Chayong na hindi hinintay na makatugon ang prinsipal.— Hala na... ikaw ang aming napili at hindi mo kami maaaring hiyain.

Ako'y hindi na nakatutol sa amuki ng lahat. Natapos at natapos ang aming pulong sa paaralan na ibig kong mabugnot dito kay Chayong. Palagi na lamang akong isinusubo. Kaya't nang kami'y lumalakad nang papauwi ay hindi na ako nakatiis.

—Bakit ba naman, Chayong, ako na lang ng ako ang napag-iinitan ng iyong mga mata...?

—Ano ang ibig mong sabihin, Celia?...— nakatawa niyang tanong.

—Sa halip na ako'y iligtas mo sa mga kompormiso ay ikaw pa ang nagsusubo sa akin. Akala ko ba'y magkaibigan tayo?

—At hindi ba?... Kung maaari lamang, Celia, na iiay ko sa iyo ang lahat ng karangalan ah... Ibig kong ikaw ang kumatawan sa mga guro dito sapagka't hindi mo ba alam na lahat kami'y walang sinasabi? Hale, maging sa mukha, sa pagdadala ng damit, sa pagsasalita, sa tindig, sa... sa...

—Hoy... tama ka na...— at kinurot ko siya sa bisig.

—Aray naman... At isa pa, bayaan mong humanga sa iyo ang ating nayon, at ano ang malay mo kung bukasmakalawa, kung madestino si Mr. Cruz ay ikaw ang hilingin ng baryo na maging prinsipal ng ating paaralan?

—Talagang hindi ka nauubusan ng katwiran, Chayong, —ang iling ko habang kami'y lumalakad. —Pati si Marcial ay ibig mong itukso sa akin gayong ang pobre'y wala namang nasa loob sa akin...

—Naku, kulang ka pa ba ng paghalata?... Matagal na, tsika, matagal nang nagmamatang-manok sa iyo ang kasama nating iyan. Nguni't mahirap siyang magkatuson, Celia. Ako ang kalaban niya...

—Ano?... Gayon palang ikaw ang may gusto, bakit mo ipinipilit sa akin?

—Ha? At bakit ako? Ang ibig kong sabihin ay mayron ka nang pinaghahandaan ng iyong pag-ibig... Iyan ay tayong dalawa lamang ang nakakaalam, hindi ba?

—Naku, Chayong, pinatatawa mo ako... Maanong alisin mo na sa ulo mo ang kapilyahan...

—Makikita mo rin...

Sa halip na ako'y magalit kay Chayong ay napatawa na lamang ako. Talagang mapagbiro ang kasama kong ito. At salamat naman dahil sa kanyang pagpapatawa at pagbibiro ay nakakalimutan ko ang hirap sa pagtuturo at paghahanap-buhay. Dumaan pa ang ilang araw... Patuloy kami sa pag-eensayo sa mga bata tuwing hapong matapos ang klase.

Datapuwa't isang hapong agawdilim at liwanag ay bigla na lamang akong ginulat ng isang magalang na pagpapatau-po samantalang ako'y nag-iisa at nagaayos ng aking silid. Kaaalis lang noon ng mga bata na maaga kong pinalabas sapagka't nais kong makapagpahinga.

—Magandang hapon po naman, —ang aking mahinang tugon na minasdan ko ang taong nasa bungad ng aking pintuan.

—Kayo po ba si Miss Celia Fernandez?... —ang kanyang nakangiting tanong.

—Opo,— at siya'y aking pinagmasdan. Isa siyang lalaking humigit kumulang sa dalawang pu't dalawang taong gulang, naka-barong tagalog at masasabing may mukhang kaaya-aya at nakaakit ng tiwala.

—Bakit po?. ..

—Kailangan daw ninyo ako..

—Kailangan ko?... Wala akong natatandaan na sinabi sa kanyang...

Napangiti siya sa aking harap.. Minasdan ako ng matagal bago tumugon.

—Ako po ang kanyang pinsan. Sinulatan niya ako at sinabing ako'y kailangan ninyo sa inyong palatuntunan.

—Ah... alam ko na... —ako naman ang napangiti sa kanya. —Samakatuwid ay kayo ang kanyang pinsang piyanista? Akala ko, ang kanyang pinsan, ay isang... babae.

Ang kanyang tawa'y umaakit ng pagtitiwala.

—Baka po binabae!... Bihira nga po ang mga lalaking piyanista ang ginagawang hanap-buhay. Tila ang tungkuling iyan ay para sa mga babae lamang.

—Hindi po naman... Tuloy kayo...

—Ako'y po'y si Roberto Romasanta kung inyong mamarapating maging kakilala. Pinsang —buo ko po si Chayong. Sinabi niya sa akin na kailangan ninyo ang isang piyanistang sasaliw sa sayaw ng mga bata at saka sa inyong awit para sa palatuntunang pamasko ng inyong paaralan.

—Opo, Mr. Romasanta... Ako po naman ay...

—Kilala ko na kayo... Sinabi na ni Chayong sa akin ang inyong pangalan nguni't hindi siya nagkaila sa akin. .

—Hindi nagkaila?... Bakit po?

—Tungkol sa inyong... kagandahan. Tutoo pala...

Mr. Romasanta, maaari bang asikasuhin muna natin ang tungkol sa... sa palatuntunan?

—Opo, Miss Fernandez...

Lumapit siya sa aking mesang susulatan at saka inilapag ang isang malaking sobre ng papel-Manila.

—Tungkol sa sayaw ng mga bata ay mayron na akong papel sa tugtugin at ito'y ang karinyosa, ang tinikling ay may sariling tugtugin ding pangsaliw. —At isaisang inilabas ang mga papel ng tugtuging kanyang dala. —Bukod dito ay nagdala rin ako ng piyesa ng tugtugin ni Abelardo, ni Cornejo at ni Constancio de Guzman. Baka ibig ninyong pumili ng isang kundimang likha ng sinuman sa kanila upang inyong awitin. Iyan ang bilin ng aking pinsan. Dahil sa kagahulan ng pana-



hon ay dinala ko nang lahat.

—Tungkol sa akin ay huwag na kayong mabahala. Maaaring hindi na ako umawit. Sadyang si Chayong lamang ang mapaggiit ng kanyang kalukohan eh...

—Bakit po naman?... Ayaw ba ninyong awitin ang kundiman ng ating lahi? At isa pa, Miss Fernandez. Mayron akong isang kundiman ditong akda kong sarili at hindi pa naaawit ng sinuman. Narito, tingnan ninyo... —At inilabas ang isang papel na ang mga nota'y nakatitik lamang ng maitim na tinta. —Ito'y pinamagatan kong *"Talon ng Pagsanghan...."* Inilagay ko sa awit ang lagaslas ng tubig kung lamagpak sa kabatuhan, tila buhos ng isang damdaming nag-aalimpuyo upang higupin sa ilalim ng isang damdamin din. Tubig sa itaas, tubig sa ibaba... Parang pag-ibig na magkalayo, nagmamadali ang isa at naghihintay naman ang isa... Ang patak ng tubig ay tila sinalubong ng yakap ng tubig sa ibaba... At pagkatapos... sabay silang aagos... magkatabi, magkayakap, nagtatalik at nagmamahalan sa liku-likong landas ng tubig...

—Mr. Romasanta,— ang buong panggigilalas kong nawika, —tutoo ngang kayo'y isang artista. Nabigyan ninyo ng kahulugan ang tubig ng ating Pagsanghan. Tila kayo isang tunay na makata ng tugtugin...

Minasdan niya ako at saka ngumiti.

—Iyan sana'y ibig kong marinig sa inyong mga labi... Miss Fernandez, isang karangalan ko nang masasabi kung kayo ang unang umawit ng aking kundimang iyan. Sino pa ang dapat dumakila sa Talon ng Pagsanghan kundi ang mutya rin ng Pagsanghan?...

—Hindi lang kayo makata ng musika, Mr. Romasanta, kundi isa ring mapagbiro at...

—Paano'y ibig kong maging kapalagayan ninyo, Miss Fernandez. At yamang tayo'y magtutulong ngayon sa ikapagtatagumpay ng inyong palatuntunan ay maaari bang alisin na natin ang pagtatawagan ng Mister at Miss. Ang palayaw sa akin ay Berting dito sa lalawigan, at ikaw naman ay tatawagin ko na lamang ng.... Celia, ang musa ni Balagtas!

—Napaka-adelantado ninyo... —ang nakatawa kong wika. — Nguni't isa-isang tabi na muna natin iyan. Kung talagang nais ninyong magtagumpay ang ating palatuntunan ay magsimula na tayong mag-ensayo. Ang piyano ay nasa aming tahanan. Bukas ng hapon ay maaga kong tatapusin ang klase upang tayong lahat ay magtungo sa aming bakuran. Doon natin gagawin ang unang ensayo na kalakip na ang tugtugin. Makapupunta ba kayo, Mr. Romasanta?

Mr. na naman... Nguni't kung iyan ang iyong ibig ay.. oo... Iiwan ko sa iyo ang aking kundiman upang kung maari ay masanay ka sa pagtunghay sa mga titik. Kung iyong mamarapatin, ibig kong magtungo sa inyo mamayang gabi upang iparinig sa inyong piyano ang himig ng tugtuging iyan na ngayon lamang maririnig dito sa ating nayon.

—At bakit, tagarito ka rin ba?... —at sa aking kabiglaanan ay hindi ko na siya napupo.

—Ako'y ipinanganak sa Paete nguni't maaring dumating ang araw na ako'y maging tagarito rin kung... kung magkakaroon ng kapalaran...

Aywan ko kung ano ang ibig niyang sabihin nguni't napangiti na lamang ako at sumang-ayon na siya'y tumungo sa aming tahanan sa kinagabihan...

(ITUTULOY)

ULILANG BITUIN

(Buhat sa pahina 9)

katayuan mo sa hukbo ay naging alanganin tuloy. Sinabi mong hinahanap si Dora ng konsulado ng Korea, marahil ang babaing iyan ay isang espiya, ano?... Sinilo ka lamang upang makarating sa Pilipinas, at ang lalaking kanyang kasama ay maaaring isang kumunistang kanyang kainalam..."

"Ngayon ko lamang masasabi sa inyo, mama, lolo, noon pa mang nakaraan mga araw, ang himpilan ng hukbong Pilipino'y nakatanggap din ng isang liham na walang lagda na nagpapahiwatig na si Dora ay isang... tiktik. Hindi ko sinabi sa inyo ang bagay na ito agad sapagka't noon ay naniniwala akong gawa lamang ng isang walang magawa ang liham na yaon. Ang tutoo'y kinausap ko si Dora tungkol sa bagay na iyan nguni't pinabulaanan niyang lahat. Wala raw katutohanan..."

"At sino naman ang aamin sa iyo tungkol sa bagay na iyan?" ang pangangatwiran ng ina. "Sukat ang nalaman mo ngayon na siya'y pinaghahanap. Ngayon mo malaang [illegible] pinakasalan mo... Lalabas ka pa ngayong kahiyahiya sa mata ng iyong mga pinuno, Ernesto..."

"Hindi ako tutugot, mama, hanggang hindi kami nagkakatuos!..." pangitngit na wika ni Ernesto na isinuntok ang dalawang kamay. "Hindi siya makaliligtas sa akin. Kung siya'y isang tiktik at ako'y naging kasangkapan lamang niya... kung ang aking pagmamahal ay ginawa lamang niyang hagdan upang matupad ang kanyang tungkulin ay magkakatuos kami!... Bukas na bukas ay hindi ako uuwi dito hanggang hindi ko natutuklasan ang katotohanan..."

At hindi nga nagpabaya si Ernesto. Kinabukasan, halos bago pa lamang sumisikat ang Araw, ang lalaki'y nagalis ng kanyang uniporme. Nag-ayos siya ng tulad sa isang karaniwang mamamayan. Hinugot sa kanyang tataguan ang isang makintab punglo. Magdamag siyang hindi nakatulog... Ang ginawi ng asawa'y hindi maalis sa kanyang isip. Diyata't si Dora ay isang tiktik ng kumunista?... Diyata't ang kanyang asawa'y walang pagtingin sa kanya maliban sa siya'y gawing hagdan sa tungkuling lihim na ginagampanan?

Halos pagsiklaban siya ng galit tuwing magugunita ng lalaki ang kanilang pagmamahalang mag-asawa buhat sa Korea hanggang Pilipinas. Ang kabaitan ni Dora, ang pikit-matang pagsunod sa bawa't kanyang naisin, ang pagpapakumbaba sa kanyang harap na halos ang tingin sa kanya'y isang panginoong sinasamba... ang lahat kayang yaon ay pakunwari lamang upang mabuhos na mabuti ang kanyang loob at pagtitiwala?

Ipinamulsa ang pamatay na dala at saka hindi na nagpaalam sa kanyang ina, ni hindi kumain ng agahan, ibig niyang subukan ang asawa at ang lalaking kasama nito. Hindi na kinuha ang kanilang sasakyan sa garahe. Sinabi na lamang kay Sebio na siya'y may paruruunang mahalagang bagay at kung itanong ng kanyang ina, sawi...

Tumawag siya ng isang taksing paupahan at napahatid sa *Shellborne Hotel*. Upang hindi siya mahalata ng mga kawani, si Er-

(Sundan sa pahina 86)

SA PAGLIPAS NG...

(Buhat sa pahina 33)

kakatingin sa kanya. At hindi naikubli ni Chedeng sa sarili ang pagkayamot sa nakikitang pagpipigil ng tawa ni Marcelo. —Ngayong sundin ko ang hilig mo'y tatawa-tawa ka riyan...

—Mangyari'y ngayon lamang pumasok sa ulo mo ang pag-aayos? Samantalang matagal nang inuungkat kong gawin mo ang bagay na iyan. —Ani Marcelo at tinitimping mapabulalas ng tawa.

—Ang sabihin mo'y kahit na ako mag-ayos, ay mukhang katawa-tawa pa rin ako sa iyo! — May hinampong badya ni Chedeng at sinabayan ng mabilis na pagtalikod. Nagdaramdam siya pagka't hindi nadadalumat man lamang ni Marcelo ang tunay na kahulugan noon. Kung bakit ibig niyang mapaganda ang sarili sa pangmalas nito. Mahigitan ang kariktan ni Luding at ipakilalang siya man ay may katangian ding katulad noon. Sa halip ay pinagtawanan pa siya ng pinaninibughuang asawa.

Abangan Ang:

TALA SA NAYON

Nobela Ni:

CIRIO GALVEZ ALMARIO

Na Isusunod Sa Malapit Nang Matapos Na

SAYANG NA LIGAYA

Hindi malimi ni Chedeng kung bakit dapat siyang mangamba sa asawa. Wala naman siyang maging sapat na batayan kundi ang nakikitang magiliw na pag-uusap ng asawa at ni Luding at ang pagsakay-sakay nito sa sariling sasakyan ni Marcelo.

Simula pa lamang nang dumating si Luding at magbalik sa pook na iyon ay hinanap-hanap na ni Chedeng sa kilos ni Marcelo ang ano mang palagay nito at saloobin sa dating katipan. Hindi at sa halip ay parang walang ano man kay Marcelo ang pagbabalik na iyon ni Luding, na hinihinuha niyang pagtatakip lamang sa tunay na damdamin nito.

Nang sumunod na araw ay hindi na nakapagtimpi pa si Chedeng. Malalim na ang gabi ay wala pa si Marcelo. Buo na sa isip ni Chedeng at natitiyak na si Marcelo ay nakikipag-ulayaw sa dating katipan. Ipinalagay niya na ang lalaking malimit na magtungo kina Luding sa mga alanganing oras ng gabi ay walang iba kundi si Marcelo.

Matuling nanaog ng bahay si Chedeng. Sinadya niyang patayin ang lahat ng ilaw sa kabahayan upang huwag maging kapansinpansin ang gagawing hakbang. Matiyak lamang niyang si Marcelo nga ang lalaking iyon na sa palagay niya ay kaulayaw ni Luding, ay ibabalik niyang muli ang dating kalayaan ni Marcelo.

Madilim ang buong paligid ng kabahayan nina Luding. Bagama't malakas ang tahip ng dibdib, ay dahan-dahang masok ng bakuran si Chedeng at pagkuwa'y maingat na manhik ng bahay hanggang sa makasapit sa loob.

Biglang napakislot si Chedeng nang magliwanag ang kanyang paligid at mapatambad siya sa mga paningin ng pinaninibughuang babae. Parang binagsakan ng bomba si Chedeng. Hindi siya nakahuma at nakakilos sa pagkakatayo. At lalu siyang inalihan ng sindak at pagkagimbal nang tumabad sa kanya na hindi naman pala si Marcelo ang lalaking ipinalalagay niya. Hindi malaman ni Chedeng ang gagawin. Nasa harap siya ng malaking kahihiyan. Lito ang kanyang bait at tangka sanang tatalikod agad, nang...

—Hintay! —Maagap na wika ni Luding, at nadama ni Chedeng na tila tumigil ang pintig sa kanyang puso. —Yayamang naririto ka na rin lamang ay mabuti na ngang magkausap tayo. —At walang pangiming hinarap ni Luding ang halos matugnaw sa pagkapahiyang si Chedeng. —Nalalaman ko kung bakit ginawa mo ang kapangahasang ito? Naninibugho ka sa iyong asawa. —At sumilay sa mga labi ang mapait na ngiti, —nagkakamali ka, Chedeng! —At ipinagtapat na lahat ni Luding kay Chedeng kung bakit malimit silang mag-usap at sumakay sa jeep ni Marcelo. —Wala kaming ugnayan ni Marcelo! At hindi ako nagbalik sa pook na ito upang akitin siyang muling umibig sa akin. Nalalaman kong ako ang paksa ng lahat sa ating paligid. At hindi ko sila masisisi sa bagay na dapat nilang iparatang sa akin. Kung anuman ang lakas na nagbunsod sa akin... upang magbalik sa pook na ito'y isang bagay lamang ang tanging masasabi ko, Chedeng... Wala akong tanging hangad kundi ang manahimik sa buhay, na pagkatapos ng mga pagkakamalnig nagawa ko at pagkapariwara ay nagkapalad pa ring makatagpo ng isang lalaking karapatdapat sa akin. —At napaiyak na si Luding. —Hinahangaan kita, Chedeng, sapagka't, naidulot mo kay Marcelo ang isang matayog na pag mamahal. Isa siyang ulirang lalaki na karapat-dapat lamang sa mataas na pagpapahalaga ng isang may malinis na pusong katulad mo. Hindi ko nasang wasakin ang inyong pagmamahalan, Chedeng... Si Marcelo ay matapat sa kanyang sinumpaang pagibig sa iyo. At sa kanya'y ikaw lamang ang tanging babae sa kanyang buhay...

Hindi na hinintay ni Chedeng na marinig pa ang ibang sasabihin ni Luding. Sa gitna ng katotohanang iyon at kalituhan ay mabilis siyang tumalikod at kusang napailanlang sa masungit na karimlan. Walang paalam na nilisan niya ang tahanang iyon na nilukuban ng maitim niyang pagkakamali. Ibig niyang makauwi agad. Ihingi ng tawad kay Marcelo ang maling paratang sa matapat na pagmamahal nito na ibinunsod ng di makatarungang paninibugho. At siya na rin ang magsasabi kay Marcelo na ihingi ng paumanhin at patawad kay Luding ang maling ipinaratang niya dito. Mauunawaan siya ni Marcelo. Mahal na mahal siya ng asawa at natitiyak niyang ang lahat ng iyon ay maaayos upang huwag nang muli pang maulit ang pagkakamaling iyon.

—WAKAS—

Madame X POMADE

Panatiliin laging maayos ang inyong buhok. Gumamit ng Pomadang "MADAM X". Mabibili sa lahat ng tindahan at bazar.

Tagapamahagi:

KING'S INDUSTRIAL MFG.

At sa wakas

Ang ACOUSTICON Hearing Aid ay maaaring ipitin sa inyong bulsa. At sa babae ay maaaring ikubli sa buhok sa ulo! Ito ay

60% higit na maliit
40% higit na magaang
60% higit na matagal at mabuting baterya



Tanging tagapamahagi:

W. A. Chittick & Co., Inc.

510 Romero Salas
Ermita, Manila Tel. 5-30-33

ASTHMA-TUBERCULOSIS

DR. NEMESIO R. CALDERON

NAG-ESPESYALISTA SA MGA SANATORIA SA AMERICA

Gumagamot sa pamamagitan ng Aerosol at Pneumoperitoneum

RMS 605-606 GARCIA BLDG. 636 RIZAL AVE TEL. 3-77-28

DR. PERFECTO G. MENDOZA

ESPESYALISTA SA MATA, TAINGA, ILONG at LALAMUNAN
Nagsanay sa mga Hospital at Universidad ng Alemania
Maingat at walang sakit na operasyon ng CATARATA (pilak)
GLAUCOMA at NASUGATANG MATA
R-201 Laperal Bldg. 851 Rizal Ave., Manila

DR. G. LIMKAKO INSTITUTE

SA PAGPAPAGALING NG KETONG TB PAGKATUYO
NAGING PUNONG MANGGAGAMOT SA CULION LEPER COLONY
MABISANG GAMUTAN SA LEPRA AT TUBERCULOSIS
MAY 50 TAONG KARANASAN SA PANGGAGAMOT
Daan—M Paterno 162 Alfonso XIII San Juan, Rizal

DR. LEONILO E. FLORES

Espesyalista: SAKIT na LIHIM, PAG-IHI, PANTOG at BATO, SAKIT SA BALAT, SAKIT sa DIBDIB, TUBERCULOSIS at HIKA. Karamdaman ng mga BABAE. May Rayos-X at LABORATORYO KLINIKA.
(Pagsuri ng DUMI, LURA, IHI, DUGO at iba pa.)
R-301-302 Mercedes Bldg. Plaza Miranda, Malapit sa Simbahan ng Quiapo
Oras: 9:00 A.M. — 7:00 P.M. — Tel. 3-84-64

DR. MANUEL C. FERNANDEZ

Espesyalista sa Sakit sa Balat at Paggagamot sa RAYOS-X
Oras: 10-12 n.u. — 4-6 n.h.
R-211 Palomo Bldg. Azcarraga Cor. O'Donnel — Office Tel. 3-29-11

Drink Coca-Cola
Delicious and Refreshing



Sadyang naiibigan ng mga kabataan ang nagpapasigla at nagpapalusog na Coca-Cola

Sa buong daigdig ay walang kagaya ng nagpapasiglang lasa at kasiyasiyang linamnam ng Coca-Cola. Ito'y naiibigan ng mga kabataan at kinalulugdan ng mga panauhin. Bakit hindi kayo maglaan nito—tiyak na ito'y inyong **kakailanganin.**

Bumili nito nang por kahon
. . . sa pinakamalàpit ninyong groserya

MAY PAHINTULOT MAGSABOTELYA: San Miguel Brewery

SINO NAMAN ANG BABANDILA SA SUSUNOD?

MAY BANTA SINA LUMANOG, FLORES, CRUZ, ZAVALLA.



AURORA Q. LUMANOG

MAURA BAUTISTA

SONIA A. FLORES

DELY A. ZAVALLA

VERONICA MEDINA CRUZ

ERLINDA PASCUAL

VISITACION R. ESCARO

LETICIA MANLUSOC

ELISA MOJICA

PERLA DELA FUENTE

KINALABASAN NG UNANG BILANGAN

	Boto
MAURA BAUTISTA, Obando, Bulakan	1,146 300
AURORA Q. LUMANOG, 61 Asuncion, G. P. Cal. Riz.	628,350
SONIA A. FLORES, Niugan, Malabon, Rizal	502,150
VERONICA M. .CRUZ, Angono, Rizal	382,000
DELLY A .ZAVALLA, Sta. Rosa, Laguna	372,000
ERLINDA PASCUAL, H. .Duhat, Malabon, Rizal ...	250,000
ELISA MOJICA, 371 Lallana, Maynila	215,000
VISITACION ESCARO, Lopez, Quezon	126,650
LETICIA MANLUSOC, San Fernando, Cabiao, N. E.	126,650
PERLA DE LA FUENTE, P. Rivas, Balanga, Bataan	83,000
Asther Orfano Gumaca, Quezon	77,200
Melinda Gabral, 269, Zaragosa, Maynila	68,850
Alice Chabeldin, Castillejos, Zambales	68,800
Emma Centeno, Hagunoy, Bulakan	62,650
Maria Elena Eustaquio, 714 Lecheros, Tundo, Maynila	62,100
Aurelia Malabanan, Tanawan, Batangas	61,800
Amelia Laxa, Sexmoan, Pampanga	58 800
Simeona Cuevas, 813-A Miguel, Samp. Maynila	56,000
Anita Cotong, Masinloc, Zambales	54,600
Lourdes Tubera, Urdaneta, Pangasinan	38,600
Ligaya A. Sia, 805 Reyna Regente, Maynila	36,800

	Boto
Priscilla A. Mapoy, ..	33.200
Corazon Patricio, ...	28,500
Lilia de la Cruz, ...	27,900
Aida S man, ...	27,000
Aurelia de Torres, ..	26,500
Ofelia Martinez, ...	22,500
Elsie Chua, ...	22,000
Carmelita Tobias, ...	21,900
Naty Tamayo, ...	18,500
Concha Dasco, ...	17,200
Cresencia G. Luis, ...	17,100
Nenita C. Unson, ...	16,550
Hanone Y. Ong, ...	15,900
Jessie Avendaño, ...	15,600

MGA KANDIDATANG KIBILANG SA 20 NANGUNA SA UNANG BILANGANG GINAWA NOONG IKA- 24 NG MARSO, 1956.

ASTHER A. ORFANO, GUMACA, QUEZON | MELINDA CABRAL, 269 ZARAGOZA, MAYNILA | ALICE CHABELDIN CASTILLEJOS, ZAMBALES | EMMA CENTENO, HAGUNOY, BULAKAN | AURELIA MALABANAN, TANAWAN, BATANGAS

AMELIA A. LAXA, SEXMOAN, PAMPANGA | MONA CUEVAS, 813-A MABINI, SAMP., MAYNILA | ANITA A. COTONG, MASINLOC, ZAMBALES | MARIA ELENA EUSTAQUIO, 714 LECHEROS, TUNDO, MAYNILA | LOURDES H. TUBERA, URDANETA, PANGASINAN

MGA BAGONG KANDIDATA NA ANG MGA LARAWAN AY HINDI PA NALALATHALA.

NIEVES LACANLALE, RIZAL ST, TARLAK, TARLAK | EDITA S GARCIA, RIO-HONDO, ZAMBOANGA CITY | FLORENCIA M. ESPINO, BUGALLON, PANGASINAN | LILIA LUY, RIO-HONDO, ZAMBOANGA CITY | VERONICA ARZAGA, BROOKES POINT, PALAWAN

Alicia Vianzon, Abucay, Bataan	12,500
Bibiana San Pascual, Concepcion Gde. Naga City	12,300
Lourdes A. Lara, Cataning, Balanga, Bataan	12,100
Cleonor Comia, Bongabong, Or. Mindoro	11,250
Mitzi Sta. Ines, 1129 Vergara, Quiapo, Maynila	11,250
Leonila K.. Montoya, Silang, Kabite	11,150
Estrella Asencion 1705 Dart, Paco, Maynila	10.000
Lucita Felicia, Lucena, Quezon	9,100
Clarita B. Navarro, 96 B. Hall, Quezon City	9,050
Aida Enriquez 731, Matimyas, Samp. Maynila	8,650
Donata Pineda, Marilao, Bulakan	8,500
Laura N. Ordoñes, Olongapo, Zambales	7,500
Lucita Yap San Marcelino Zambales	7,250
Isabelita V. Lontoc, Calicantu, Bat., Batangas	6,850
Maria Palgar. Odicon, Pasacao, Cam. Norte	6,500
Salve Reyes, Naga City	6,450
Perla Manlicmut, Olongapo, Zambales	6,350
Olivia Janaban, Sampalok, Sorsogon	6,300
Sylvia Concepcion, Moncada, Tarlac	6,000
Norma Deveraturde, Subic, Zambales	5,500
Inoconcio L. Bognot, Guagua, Pampanga	5,500
Jovita Briones, H. Trias, Kabite	5,500
Emiliana Gomez, Tugatog, Malabon, Rizal	5,400
Priscilla de la Cruz, Guadalupe, Makati, Rizal	5,250
Salvacion Fullante, Minalabac, Cam. Sur.	5,000
Purificacion Laurente, Cadlan Pili, Cam. Sur	4,950
Cora Yumul, 1723 F. B. Harrison, Pasay	4,750
Zenaida Osana, Calawag, Quezon	4,650
Elisa Abella, 616 Quezon Blvd., Maynila	4,650
Rosalinda B. Torres, Pinamalayan, Or. Mindoro	4,500
Fe Solis, Pozorubio, Pangasinan	4,500
Jossie R. Dalagan, Quezon, Quezon	4,450
Rosemenia Villamor, Tagkawayan, Quezon	4,250
Gloria Zambales, Cotabato, Cotabato	4,150
Constancia Manuel, Tarlac, Tarlac	4,000
Virginia Chavez, 525 Barcelona, Bdo. Maynila	3,950
Baby I, Gonzales, Baliwag, Bulakan	2,950
Gloria S. Leyva, Tarlac, Tarlac	2,700
Conchita Jimenez, Balungao, Pangasinan	2,650
Nonie Santus, Talisay, Cam. Norte	2,050
Nieves Lacanlale, 93 Rizal St., Tarlac, Tarlac	1,950
Carmencita Ong, Ilagan, Isabela	1,950
Virginia Escalante, Candelaria, Zambales	1,650
Ligaya Torrero, 22 San Francisco del Monte Q. City	1,600
Fausta de Villa	800
Lilia Luy, Rio Hondo, Zamboanga City	800

ABANDONADO

Kasaysayan ni JOSE DE CORDOVA
Sinulat ni RINO BERMUDEZ

(Ika-18 Na Labas)

HABANG nalalapit si Virgilio sa kanila, ay parang nagpupugto ang kanyang hininga, samantalong patuloy ang walang tigil na pagdaloy ng luha sa kanyang mga mata. Malayo pa'y natatanaw na niya ang kanilang bahay na mistulang libingan sa kanyang paningin; ang mga durungawang dati'y palaging bukas, ngayon ay pawang nakapinid na.

Nasa hagdan pa lamang ay pasigaw nang tumawag si Virgilio, na agad namang dinungaw ni Puring. Nabigla pa si Puring nang makita ang kanyang kuya.

—Kuya! —pasigaw na nabigkas ni Puring. —Ate.... ate.... eto na ang kuya! —pagkatapos ay dalidali nitong binuksan ang pinto.

Buhat sa kusina ay patakbo nang sumalubong si Flora sa kapatid, na nuon ay pumapanhik na sa hagdan. Kasunod niya ang dalawang kapatid na maliliit.

—Virgilio! —ang salubong ni Flora, na hindi na naipagpatuloy pa ang ibang sasabihin, pagka't napahagulgol na ng panangis.

Si Virgilio man ay hindi rin nakapangusap. Niyakap na lamang ng buong higpit ang kanyang mga kapatid, na pawang nagsisitangis. Mahabang saglit ang namagitan sa kanilang lahat na sinuman ay walang umiimik. Mga impit na hikbi at malalalim na buntong-hininga ang tanging maririnig sa loob ng tahanan.

—Ate, patawarin mo ako, —gumagaralgal ang tinig na simula ni Virgilio. —Hindi ko akalaing ang nanay ay hindi ko na aabutin... Tulungan mo ako, ate, na humingi ng tawad sa kanyang kaluluwa.

Ang dating sugat ng damdamin at pagdadalamhati ni Flora na unti-unti na sanang naghihilom ay nanariwang muli. Pinipilit sana niyang pigilin ang kanyang pagluha, subali't lalo lamang siyang naiiyak habang naririnig ang pagtangis at paghihimutok ng kanyang mga kapatid.

—Tulungan mo ako, ate, sa paghingi ng tawad, —lumuluha pa ring wika ni Virgilio. —Malaking pagkukulang ang nagawa ko sa nanay!

—Pinatawad ka na ng nanay, bago siya namatay.... —tugon ni Flora, habang hinahagod ang ulo ng kapatid, —alam niyang kaya ka lumayo ay dahil din sa kabutihan nating lahat.

Hindi umimik si Virgilio, nguni't isaisa niyang tinanaw ang maliliit na kapatid na nakayapos sa kanya. Pahimutok siyang naiiling na parang sinisisi ang kanyang sarili, sa nagawa niyang paglayo sa kanyang mga minamahal.

—Sige na, —ang baling na wika ni Virgilio sa maliliit na kapatid, —maglaro na kayo sa lupa.

—Ipaghahain kita, kuya, kumain ka, ha? —alok ni Puring kay Virgilio, habang papanaog sa hagdan sina Berting at Cyntia.

—Oo, Puring; hindi nga ako nakakain sa biyahe e, —sagot naman ni Virgilio.

—Ate, —ang baling ni Virgilio kay Flora, saka dinukot ang kuwaltang ibinigay sa kanya ni Ben, —eto ang kaunting naipon ko.... bahala ka na diyan.

—Mabuti naman at may mahuhulog tayo sa Banko. —nasisiyahang wika ni Flora, matapos bilangin ang kuwaltang inilagay ng kapatid sa kanyang mga palad.

—Sa Banko? Bakit? —patakan tanong ni Virigilio.

—Isinanla pala ng tatay itong ating lupa't bahay. Sang-ayon sa dalaawng tauhan ng Banko na nagsiyasat dito sa atin, e baka maliit ito pagka't hindi nakababayad ang tatay ng kaukulang hulog, —paliwanag ni Flora.

Hindi nakakibo si Virgilio, nguni't sa pagtitiim ng kanyang mga bagang ay maliwanag na nasisinag ang panibagong poot niya sa kanilang ama.

—Halika na, kuya, —biglang tawag ni Puring, nang nakahanda na ang pagkain.

—Sige, kumain ka na na muna.

(Sundan sa pahina 95)

SUBALIT HINDI NAPANSIN NI FLORA ANG LIHIM NA GULYAPAN NINA BEN AT VIRGILIO.

Pitak ng mga

ESTRELLITA

sa puting kabibe

SA KASAYSAYAN ng pelikulang Tagalog, si Tessie Quintana, ay mayroon ding maipagmamalaking panahon — panahong matatawag niyang kanya, sapagka't nang panahong iyon, siya ang itinuturing na pinakapopular na bituin, na katambal ng isa pang popular ding bituin: si Armando Goyena.

Kung ilang panahon ding si Tessie Quintana ay nagtago sa ating paningin. Ang akala natin ay kung ano na ang nangyari sa kanya. Libu-libong sulat ang dumating sa istudyo ng LVN, na nagtatanong kung saan naroon si Tessie, kung ano ang nangyari sa kanya, at kung bakit hindi na siya lumalabas.

Bilang pagbibigay sa kahilingan ng libu-libong tagahanga ni Tessie, siya'y muling magpupugay sa madla sa malapit na hinaharap. Siya ay ipinaghahanda ng LVN ng isang kasaysayang angkop na angkop sa kanyang kakayahan.

Alam ba ninyo? Si Tessie ay itinuturing na isa sa lalong mariirilag na bituin natin, noon at ngayon...

Si Luis Gonzales, samantalang nakatitig sa isang marikit na larawan ni Gloria. Hanggang sa kasalukuyan, Luis, magtiis-tiis na muna tayo sa larawan. Anong malay natin, baka balang araw, ay...

gaanong gugol.

—Aba, aba, pupunta kayo roon, na hindi mga *bakasyonista*. Pagtungo ninyo roon, ang hahanapin ninyo ay trabaho, trabaho, at trabaho! —sabi ni Doc. Gayon nga ang nangyari: ang bakasyon ay nauwi sa trabahong katakut-takot, hanggang sa magkasakit nga ako... Gayunman, talagang ang Baguio ay Baguio, —malamig, walang alikabok, at tahimik na tahimik!

TUWING maaanyayahan ako sa himpilan ng radyo, mayroon

ouise Galla, kapatid na ni Gloria. Ang larawang dala ni Catalina A. Re- urgos, Panggasinan.

—Ika-22 Labas—

KAIPALA'Y natatandaan pa ninyo, na, nang itanghal ang "Despatsadora," sa unang araw ng pagtatanghal niyon ay nasa "lobby" kami ng sine, upang lumagda sa mga *autograph book* ng aming mga tagahanga.

Napakaraming tao noon. Tila ibig ko nang mahilo, sapagka't napakatindi ng init. Pinapawisan ako ng malamig. At tila habang tumatagal, ay sumasama ang aking pakiramdam.

Salamat at sumapit din ang oras ng amin pag-uwi. Pero marami pa rin ang [illegible]. Nahirapan pa rin kaming makipagsiksikan, upang makarating sa aking kotse. Sa pakikipagsiksikan ko, isang matandang babae ang aking nasalubong. Hinawakan agad ako nang mahigpit sa isang kamay, at hinalikan [illegible] hinalikan ang kamay kong hawak niya.

—Inera, —ang maluha-luhang wika ng matanda, —ang akala ko'y mamamatay ako nang hindi ko makikita ang aking hinahangaang bituin!

Nabagbag ang aking kalooban. Nasabi ko sa sarili, na sa kabila ng katandaan ng babaing iyon, ay nakapagbubukod pa rin ng panahong naiuukol sa isang hinahangaan, nguni't hindi kilalang nilikha.

Hinalikan ko sa noo ang matanda.

—Dumalaw kayo sa amin, para magkausap hu tayong mabuti, —ang nawika ko na lamang.

Nabatid ko sa matanda, na siya'y buhat pa sa malayong lalawigan, at nataon lamang ang pagluwas niya sa Maynila, sa unang araw ng pagtatanghal ng "Despatsadora."

Bago binitiwan ng matanda ang aking kamay, iyon ay mahigpit muna niyang pinisil. May luha na sa kanyang mga mata. Ako nama'y nagpipilit lang ngumiti, nguni't ang totoo'y nagsisikip na rin ang aking dibdib..

MULA nang ako'y pagtutuksuhin tungkol sa asong binili ni Luis Gonzales sa Baguio, na ibinigay niya sa akin, ay hindi ko na tuloy malaro ang asong iyon. Pag nilalaro ko, sasabihing nakikipaglaro daw ako kay Luis. Pag kinarga ko, sasabihing kinakarga ko raw si Luis. Pag pinakain ko, sasabihing ang pinakakain ko raw ay si Luis. Kasi'y Luis ang ipinangalan ko sa aso. Sus, e papano ba naman ang gagawin ko? Sabik na sabik pa naman ako sa aso, sapagka't totoo namang napakaganda. May kaliitan nga lamang, nguni't sadyang gayon naman ang mga asong pambahay...

NAGPASALAMAT ako nang labis, nang mabatid ko kay Dr. Jose Perez, na ang buong pelikulang "Vacacionista," ay doon namin gagawin sa lunsod ng Baguio. Nasabi ko sa aking sarili, na maaga ang bakasyon ko, at ako'y makapagbabakasyon nang walang

Makikita sa larawan si Gilbert Galla, bunsong kapatid ni Gloria, na kapiling ang kanilang ikalawang inang si Gng. Gregoria Galla. Ito'y padala rin ni Bb. Catalina A. Reyes, ng Burgos, Panggasinan..

Si Gloria Romero, na makikita sa gitna ng larawan, may tandang "X", sa piling ng kanyang mga kamag-aaral, sa Riverview High School, Panggasinan. Ang larawang ito ay padala nina Bb. Zeny at Elsa Enriquez, ng 2855 Felix Huertas, Sta. Cruz, Maynila.

ANG PAGSINTA NI GLORIA ROMERO

PAGTATAPAT NI GLORIA — SINULAT NI AMADO S. PAGSANJAN

akong isang bagay na kinatatakutan. Pagkatapos ng bahaging aking gagampanan, o kaya'y pagkatapos na kapanayamin ako, sasabihin sa akin ng tagapagbalita, na magsalita ako sa aking mga tagahanga. Sabihin ko raw ang gusto ko. Iyan ang ayaw na ayaw ko. Karaniwan nang ginagawa ng mga tagapakinig, na pagdating sa bahaging iyan, isinasara na ang kanilang radyo, sapagka't iisang pangungusap daw ang kanilang naririnig: ganito raw —"...ang masasabi ko sa inyo ay panoorin ninyo ang aking pelikula... maraming salamat!"

Kaugnay ng radyo, mayroon pa akong isang bagay na sasabihin sa inyo, na hindi ko na malilimutan. Ito'y naganap din nang minsang maanyayahan akong magtungo sa isang himpilan ng radyo. Mangyari pa, nang dumating ako roon ay napakarami nang mga tagahanga kong nagsisipaghintay sa akin, upang humingi ng larawan, magpalagda ng kanilang mga *autograph book*, o kaya'y makipag-usap sa akin nang personal. Mayroon pa ring nagtitiyagang maghintay doon ng kung ilang oras, upang masilayan lamang ako.

Nang matagal-tagal na ako roon, may isang batang babaing lumapit sa akin. Nagpalagda ng kanyang *autograph book*. Nilagdaan ko naman. Nguni't pagkatapos kong lagdaan, nang makaalis na siya, nagbalik uli siya sa akin, at ang sabi'y mali daw ang pagkakasulat ko sa kanyang pangalan.

—Naku, napakaraming magpapalagda sa akin ngayon. Ang mabuti'y makipagkita ka na sa akin

Sundan sa pahina-89

Itaas: si Gloria Romero, sa isa pa rin sa maririkit niyang larawan. Kay-ganda ng tanawing makikita, kung sa umaga ay ang ganyang anyo ni Gloria ang ating mamamalas...

Sina Gng. Jose Perez at Gloria Romero, sa isa sa masasayang pag-uusap nila. Ang larawang ito ay kuha sa lunsod ng Baguio. Kung tutuusin, mahigit pa sa magkamag-anak ang pagtutu ringan nina Gloria at Gng. Perez.

MAKÚKULAY NA KARANASAN

(IKA-9 NA LABAS)

ANG unang araw na iyon ng pagtungo ko sa istudyo ng LVN, upang irekomenda ako kay Donya Sisang, ay sadyang hindi ko na malilimot. Katulad ng naipagtapat ko na sa inyo noong araw, ang naglapit sa akin kay Donya Sisang ay ang inyong paborito, mabait at matulungin bituing si Delia Razon.

Nang sumapit ang takdang araw ng pagtungo namin kay Donya Sisang, ako'y nagkaroon ng isang mabigat na suliranin. Ang suliraning iyon ay kung alang araw ko nang inihahanap ng lunas. Nguni't sumapit at sumapit ang araw ng pagharap namin kay Donya Sisang, nang hindi ko nalulunasan ang suliraning iyon.

Kailangang makapagsuot ako ng isang bago at magandang damit. Kailangang nakaayos akong mabuti. Kailangang mabihag ko ang paghanga ng matanda ng LVN. Iyan ang nasa aking isip.

Nguni't sumapit nga ang araw ng pagharap namin kay Donya Sisang, nang hindi ko nalulutas ang suliraning iyon. Isang bagay na lamang ang maaari kong gawin, at iyon ang napag-igtingan ng isip ko. Wika ko, basta wala lang makakaaalam, hindi naman siguro masama ang gagawin ko.

Kinuha ko ang damit ng pinsan ko at iyon ang isinuot ko. Bagay na bagay naman saakin, at bagaman may kaunting kalakhan sa akin ang pinsan ko, pinili ko naman ang damit niyang medyo maliit. Kaya hustung-husto rin sa akin.

Humarap ako sa salamin, at noon lang ako nakahinga nang maluwag. Ang wika ko sa sarili: hindi na masama ang nakuha kong damit!

MAYROON kaming isang pelikula ni Nestor De Villa, na ngayo'y hindi ko na matandaan ang pamagat. Nguni't sa pelikulang iyon ay may nangyaring hindi ko na malilimutan. Sa isang eksena ng pelikulang iyon, si Nestor ay ihuhulog ko sa isang kanal, nguni't sa pagkahulog niya'y makakasama rin ako.

Bihis na bihis kami kapuwa. Sa madali't sabi, humarap na kami sa kamera. Gumiling ang kamera, at sumigaw ang direktor: "Aksiyon!"

Kumilos kami. Naihulog ko si Nestor sa kanal. Kasama ho ako. Anupa't ang eksenang iyon ay buong linis naming nagampanan. Pagkatapos, nagsisigaw na si Nestor: "Nasaan ang sapatos ko?

Sina Nida Blanca at Nestor De Villa, ang pinagapopular na magkasintahan sa puting tabing, na maaaring matagpuan sa bakuran ng LVN. Ito'y isa sa maraming nakatutuwang larawan nila.

Sina Nida Blanca, Nestor De Villa, at Delia Razon, ay matatalik na magkaibigan. Silang tatlo ay kapuwa mga sikat na bituin sa puting tabing. Silang tatlo ay kapuwa kasa LVN. At silang tatlo ay nabibilang sa mga pinakamahuhusay magsayaw.

NI NIDA BLANCA

Salaysay ni NIDA BLANCA

Ang sapatos ko?"

Iyon pala'y nawala raw ang isang paang sapatos niya. Natiyak agad namin kung saan naroon ang sapatos niya. Ang sapatos niya ay siguradong bumaon sa putik ng kanal, at naiwanan na roon. Ang ibig kong sabihin ay nahugot sa kanyang paa.

Lumapit sa akin si Nestor. Ang asim po ng kanyang mukha noon.

—Walang hiya ka, —ang sabi niya. —Bagung-bago ang sapatos ko, e nawala!"

—Aba, wala akong magagawa! Iyon ang hinihingi ng papel natin! —sabi ko, saka kinindatan ko pa siya.

—Ngayon, bayaran mo iyon! —sabi pa niya.

—Bayaran? Hindi ba may pangako ka sa akin na bibigyan mo ako ng sapatos? E, hindi mo pa naman naibibigay hanggang ngayon! Huwag mo na akong bigyan —patas na lang tayo! —ang sabi ko, saka ko siya iniwan.

Itaas, kanan: si Nida Bianca, kapiling ang isa sa dalawang tagahanga niyang sa kanila nanininiahan. Kanan: sina Nida at Nestor — ang paborito ng mga tin-edyer, sa isang marikit na sayaw na kanilang ginampanan.

NOONG araw ho, e talagang napakaraming kapilyahang nagagawa ko. Ang ibig kong sabihin ay noong ako'y magdadalagita pa lamang —noong hindi pa ako artista sa pelikula. Halimbawa, siguro, hindi ninyo magagawa ang sumakay sa taksi, nang wala kayong pera. Iyan ay nagawa ko, nang

Sundan sa pahina - 94

L. JIMENEZ

" noong ika-31 ng Enero, 1956, ako'y nagtungo sa LVN Studio upang palagdaan kay Nida ang aking "autograph," at magpakuha ng larawan na kasama siya. Nang makita ko si Nida, ako'y nasiyahan. Hindi po pala siya mapagmalaki at suplada, na gaya ng sabi. Siya ay palangiti at mapagbiro, matapatin, at higit sa lahat ay maunawain. Mula noon, natutuhan kong mahalin si Nida, at katunayan, kapag nakakita ako ng magasin na may larawan siya, kahit't punit-punit na ang magasing iyon, kinukuha ko ang larawan niya. Suyang-suya ako sa kung sinong nagpabaya o pumunit sa larawan ni Nida!"

—Padala ni **LITA JIMENEZ**
8 A. Bonifacio St., La Loma,
Quezon City

M. V. de DIOS

....nang biglang kumalat ang balita na si Nida ay nanampal ng isuper, ako'y isa sa mga nilikhang hindi agad naniwala.... Upang mapatunayan ang katotohanan, ako'y nagsadya sa LVN upang makipagkita kay Nida. Hindi naman nagmaramot ang pagkakataon. At dito ko napatunayang kasinungalingan lahat ang ibinibintang sa kanya. Hindi pala siya suplada, at hindi siya mapagmataas. Pantay-pantay ang pagtingin niya sa lahat. Pinaunlakan din ako makadalaw sa kanila. Pagdumating naman ako sa kanila, ako'y hinaharap niya kahi't siya pagod. Sa sarili ko lamang nasabi kong wala pang katulad si Nida, sa pagiging magiliw, mabait a mapagbigay...."

—Padala ni **MELANIA VERGEL DE [illegible]**
Libis, Ang[illegible]t, B[illegible]

(IKA-12 LABAS)

BUONG kagalakang binibilang ni Donya Mercedes ang salaping kinita ng kanyang *night club* nang gabing iyon. Nagagalak siya, sapagka't napapansin niyang tila lumalakas ang kanyang *night club*. Gabi-gabi'y nadaragdagan ang kanyang mga suki...

Katabi niya sa pagbibilang ng salapi si Carmen.

Binalingan ni Donya Mercedes si Carmen, saka hinagod ng tingin ang Intsik na katabi naman ni Carmen.

Dumukot sa bulsa ang Intsik, at inilabas ang isang balumbon ng mga salaping papel.

—Ayan, nalawa limo piso! —sabi ng Intsik saka ibinigay iyon kay Carmen.

—O siya, sige, pasukin mo na sa silid ang babae! —utos ni Carmen sa Intsik.

Luminga-linga ang Intsik. Minasdan ang mga kuwartong nata-tanaw niya.

—Iyong nasa No. 6, —sabi ni Carmen.

Napangiti ang Intsik.

—Mukas ma kuwato? —tanong ng Intsik.

—A, sarado nga pala! Eto ang susi! —iniabot ni Carmen ang susi sa pintuan ng silid.

Ibinigay ni Carmen sa donya ang salaping ibinigay sa kanya ng Intsik.

—Eto naman ang kaparte mo, limang daang piso, Carmen! —sabi ng donya.

—Salamat po! —sabi ni Carmen. —Pero, ano hu ba iyong mahalagang bagay na sasabihin niyo sa akin, kanina sa telepono?

—A, siyanga pala! Uuwi ako sa lalawigan mamayang gabi. Magtatagal ako roon. Gusto kong pangasiwaan mo muna ang trabaho ko dito, at bibigyan kita ng mabuting sahod! —sabi ng donya.

—Ako hu ang bahala! —sangayon ni Carmen.

Tinapik pa ng donya si Carmen sa balikat, bago ito nagpaalam at umalis.

NANG maiwan si Carmen, ay saka nakaabot sa kanyang pandinig ang kalabugan sa silid bilang 6. Napatingin si Carmen sa silid na iyon, at parang nakadama siya ng pagkasuya sa sarili.

Madaling lumabas sa silid ang Intsik, at lumapit kay Carmen.

—Ke halay mong lalaki. Babae lang, hindi mo pa talunin! —nakatawang sabi ni Carmen.

—Mosyalo molakas! —bulalas ng Intsik.

—Tse, talagang kayong mga

Kanan: si Olivia Cenizal, na ang isa sa mga bagay na ikinatangi niya sa iba pang mga artista, ay ang pagkakaroon niya ng mahabang buhok. Ibaba: si Pancho Magalona, sa isa sa kanyang mga larawang kuha sa malapitan.

Isang madulang tagpo sa pelikulang "Margarita," Makikita sa larawan, sina Olivia Cenizal, Carol Varga, at Paquito Salcedo, ng Premiere Productions.

MARGARITA

(MAKASALANANG BIRHEN)

Intsik, parang lugaw ang katawan. Hayaan mo't ako ang bahala! Halika, sumunod ka sa akin, —ang yaya ni Carmen sa Intsik.

Tinungo nila ang silid bilang 6.

Nang marinig ni Margarita ang yabag ni Carmen at ng Intsik, siya'y humanda.

Sumandal si Margarita sa pintuan, at mariing pinigilan ang pihitan ng pintuan. Sa lakas, pinipihit din ni Carmen ang pihitan.

Hindi mapihit ni Carmen ang pintuan. Lumingon siya sa Intsik at ito'y nginitian, saka marahan siyang kumatok. Nguni't narinig ni Carmen ang pagbayo ni Margarita sa pintuan. Muling napangiti siya sa Intsik. saka napailing.

—Ineng.. huwag ka nang magmatigas... —parang nanunguyang wika ni Carmen kay Margarita, na nasa loob.

Sapat ang salitang iyon ni Carmen, at ang kanyang tinig ay nakilala agad ni Margarita. Nalito siya. Hindi niya malaman ang kanyang gagawin.

—Ang hanap-buhay na ito ay madali, at masusunod mo ang lahat nang hilig ng katawan mo! parang pagunita pa ni Carmen kay Margarita.

Sadyang iyon nga ang tinig ni Carmen, nawika ni Margarita sa sarili.

—Tingnan mo ako, Ineng.... dati-rati, hirap na hirap ako, at kadalasan, hindi ako kumakain! —dugtong pa ni Carmen.

—Nguni't nang pasukin ko ang hanap-buhay na ito, tingnan mo, sariwa ako ngayon at maraming salapi! Malalasap mo rin ang kaginhawahang tinatamasa ko ngayon, kung yayakapin mo ang hanapbuhay na ito!

Walang sumasagot.

—Pumayag ka na. Buksan mo ang pinto, Ineng. Lahat nang sinabi ko ay para din sa iyong kabutihan!

Hindi rin kumikibo si Margarita sa loob ng silid.

—Payong kapatid ang ipinangangaral ko sa iyo, Ineng. Buksan mo na sana, at...

Tiningnan ni Margarita ang pihitan ng pinto. At unti-unting pinihit niya iyon. Nakita ni Carmen na untiunting bumubukas ang pinto. Nilingon niya ang Intsik, nginitian, saka kinindatan.

Napangiti rin ang Intsik.

At patuluyang nabuksan ang pinto. Pumasok si Carmen at ang Intsik.

Noon nakilala ni Carmen kung sino ang nasa loob ng silid, na kanyang pinangangaralan sa pangalang "Ineng."

—Naibigan ko ang pangaral mo, Ate. Masarap pala ang buhay mo —masaya, mariwasa, masalapi! sabi ni Maragarita.

Lumapit si Margarita sa hindi makakilos na si Carmen.

—At, tandaan mo Ate, hanggang ngayon ay batas pa ring susundin ko ang anumang iyong ipag-uutos. Yamang iniuutos mo sa akin na ipariwara ko ang aking puri, tulad ng pagkakapariwara ng sa iyo, iyan ay susundin ko! —sabi ni Margarita.

Nguni't ang naging tugon ni Carmen kay Margarita ay isang mariing sampal sa pisngi nito.

Isang mariing sampal din ang iginanti ni Margarita.

—Baka akala mo, totoong susundin ko ang utos mo! Hindi na ako magpapaliwanag pa sa iyo. Sapat ang sabihin kong mula ngayon, ikaw ay itituring ko nang isang patay! Hindi na kita maaaring kilalaning kapatid! —wika ni Margarita.

Lumakad-lakad na nakapameywang si Margarita sa silid, nguni't siya'y hinarang ng Intsik. Tinabig niya sa mukha ang Intsik, at ito'y muntik nang mapalugmok.

Samantala, balisang-balisa si Carmen. Nagsisimula nang gumiti ang kanyang pawis. Nanlalamig ang dulo ng kanyang mga daliri. Malakas ang kaba ng kanyang dibdib. Ano kaya ang kanyang gagawin? Isang paraan, isang paraan ang kailangang maisip niya. Ang pagkakataon, ay maaaring makatulong, o makasama sa kanya... at ito'y naaayon sa paraang kanyang maiisip.

SA NIGHT CLUB...

ISANG gabi, samantalang umaawit si Margarita, ay dumating si Peping. Nanlaki ang kanyang mga mata. Halos malimutan tuloy niya ang pag-awit. Nang makita naman siya ni Jose, naisip agad nito na kailangang magkausap sila.

Natapos ang pag-awit ni Margarita. Madaling tumungo siya

Sundan sá pahina - 95

Ang mahigit na 50 taong karanasan sa paggawa ng sigarilyo at tabako ay siyang matibay na batayan ng mataas na uri ng mga yaring Alhambra.

Alhambra
CIGAR AND CIGARETTE MFG. CO.

31 TAYUMAN, MANILA • TEL. 2-98-96

Talaang Bughaw ng Gintong Kaarawan

RUDY FRANCISCO

Kaliwa: Si Rudy Fracisco, binatang bituin ng Sampaguita, na nagpakuha ng larawan, kasama ang kanyang mga tagahanga, na nagdaos ng isang sayawan sa kaarawan ng "Saint Valentine's." Dulong kaliwa: sina Fred Montilla at Rudy Francisco, magkapatid, na kapuwa mga sikat na bituin sa puting tabing.

MAWIWIKANG Rudy Francisco ng Sampaguita Pictures, ay nabubuhay sa *ibang daigdig!* Huwag po kayong mabibigla, hindi namin ibig sabihing siya'y nabubuhay sa ibang planeta. Ang ibig po naming sabihin, sa lalong maliwanag na pangungusap, siya ay nabubuhay sa isang daigdig na hindi bagay sa kanyang propesyon bilang isang mapanagumpay na mananananggol at bantog na bituin sa pinilakang tabing.

Narito po ang dahilan. Kaiba sa mga karaniwang bituin, 'aluna kung bituing lalaki, siya'y hindi mahilig sa mga kasayahan. Siya'y isang taong tahimik. Hindi siya paladalo sa kung anu-anong pagdiriwang, laluna sa mga aliwang panggabi, halimbawa'y sa *night club*.

Kung tutuusin, mawiwikang iyan-sana ang hinihingi ng kanyang propesyon. Kailangang makisalamuha siya sa lipunan. Kailangang magparami siya ng mga kaibigan at kakilala. Nguni't ang taliwas ang siyang nangyayari. Gayunman, ang pangyayaring iyan nama'y hindi nakasasama sa dalawang propesyong kanyang napiling pasukin.

Malimit kaming makatanggap ng mga liham ng mga tagahanga ni Rudy, na nagtatanong kung saan siya maaaring makita nang personal. Apat na pook lamang ang kailangang puntahan, upang siya'y matagpuan: una, sa istudyo ng Sampaguita Pictures; ikalawa sa kanilang tahanan; ikatlo, sa kanilang bupete sa Abad Santos and Pablo Law Office; at

Sundan sa pahina-95



Duiong itaas: si Rudy Francisco, na kasama sa larawan si Dr. Jose Perez at si Gng. Azucena V. Perez. Nakatalaksan sa kanyang harap ang mga autograph book na pinalalagdaan sa kanya ng kanyang mga tagahanga. Itaas: sa pagtitipong ito na idinaos ng mga taga-Sampaguita, ay kasamang dumalo at nagpakuha ng larawan si Rudy Francisco. Makikita siyang nakatayo sa gawing likuran, ikalima mula sa kaliwa. Ang nangunguna ay ang kapatid niyang si Fred Montilla. Ang kasunod hu naman ni Fred ay... ewan hu ba namin — hindi namin kilala!

VIA DOLOROSA

EMOTIONAL!
POWERFUL!
GRIPPING!
DARING!
RAW!
TURBULENT!
BRUTAL!
SHOCKING!

STARRING:

FRED MONTILLA ★ RITA GOMEZ

CO-STARRING:

ETANG DISCHER • BELLA FLORES • ARURAY • ROD NAVARO

SERIALIZED IN ESPESYAL KOMIKS BY:
MARS RAVELO

MUSIC: RODOLFO CORNEJO

DALISAY THEATRE April 9-18

DIRECTION:
CONRADO CONDE

ISRAEL

PAMPAARALAN

Natatag ang Israel bilang isang nagsasariling estado sa Palestina noong 1948. Sa pagpili ng ginamit na mga kulay ay naging patnubay ang maalamat na alampay sa panalangin ng mga Hudyo na dili iba kundi isang balabal na sutlang puti na may guhit na asul. Ang kalasag o pananggol ni David, isang estrelyang may anim na dulo, ay sagisag ng proteksiyong dinanas ng mga mamamayang Hudyo sa panahon ng paghahari ni David.

Kasapi ang Israel sa Samahan ng Magkakaanib na Bansa.

[illegible]

[illegible] Labas: BANDILA NG POLONYA

Suplimento ng BULAKLAK

MODA
by Frankie

CELIA FUENTES
NG EVERLASTING PICTURES
"PINAKAMAHUSAY NA
KATULONG NA BITUIN
NG 1955"

GABI NG FAMAS

MGA LARAWANG KUHA NINA PLACIDO NALLAS AT ROMEO PERALTA

Narito ang iba't-ibang larawang kuha sa Manila Hotel noong Marso 17, nang ipagkaloob ng FAMAS ang mga gantimpala ukol sa "pinakamahusay" sa iba't-ibang kategoriya ng pelikulangTagalog ng taong 1955: (1) Ang mapapalad, mula sa kaliwa: July Hidalgo, Celia Fuentes, Panchito Alba, Rosa Rosal, Manny de Leon, Rogelio dela Rosa, Susana de Guzman, Gregorio Fernandez, Tony Maiquez, Ricardo Marcelino, at ang batang bituin ng Cebu, Ondo Juezan. (2) Si Susana de Guzman, nagkamit ng gantimpala sa pinakamahusay na "screenplay" sa kanyang "Sonny Boy". (3) Si Rosa Rosal pinakamahusay na artistang babae, ng 1955 at Rogelio dela Rosa, pinakamahusay na artistang lalaki, ng 1955. (4) Tinatanggap ni Direktor Gregorio Fernandez ang kanyang "trophy" bilang pinakamahusay na direktor na inaabot ni Direktor Cesar Gallardo, pinakamahusay na direktor noong nakaraang taon. (5) Si Manny de Leon, na siyang tumanggap ng "trophy" para sa LVN Pictures, sa pinakamahusay na pelikula. (6) Si Panchito Alba, pinakamahusay na katulong na bituing lalaki, nabang tinatanggap ang "trophy" kay Ruben Rustia (nanalo noong 1954). Tuwang-tuwa si Etang Discher, ina ni Panchito. (7) Masigabo ang palakpakan ng pangkat ng taga-LVN ng ihayag ang pagkapanalo ni Rosa Rosl. (8) Si Celia Fuentes, pinakamahusay na katulong na artistang babae, ng 1955. (9) Si J. V. Cruz, "press secretary" ng Malakanyang, na siyang panauhing pandangal sa gabi ng FAMAS...

(UNANG LABAS)

may bituin sa pelikula, na mawiwikang sensasyonal ang pagkasikat, sa tunay na kahulugan ng katagang "sensasyonal," kaipala iya'y wala nang iba kundi si Renato Dela Riva.

Ilang pelikula pa lamang ang kanyang nagagawa bilang isang ganap na bituin, siya'y nakapagtayo na ng sariling bantayog sa puso ng madla, at siya'y kinilala na bilang "Idolo Ng Puting Tabing."

Ang pagkakapagtatag ng mga kapisanan ng kanyang masusugid na tagahanga, ay naging parang kabute. Nagsulpot-sulpot sa iba't ibang dako ng kapuluan. Ni hindi niya nalalaman ang pagkakatatag ng mga kapisanang iyon, na binubuo ng mga kaluluwang kung hindi man niya kilala at nihindi niya nakikita, ay naghahangad naman sa kanya ng lalong mababangong tagumpay, at ng lalong matatayog na karangalan. Kaya lamang niya malamang mayroon pang isang kapisanan ng mga tagahanga niya, na itinatag, ay kung makatanggap na siya ng sulat. Karaniwang tumatanggap siya ng sulat ng paanyaya upang siya ang maging panauhing pandangal, bago itatag ang kapisanan. Sa malimit na pagkakataon, siya'y nakapagbibigay at nakadadalo. Nguni't sumasapit ang pagkakataong siya'y abalang-abala sa istudyo, at masakit man sa kanyang kalooban, wala siyang magawa kundi ang tanggihan, lakip ang paghingi niya ng paumanhin..



SINULAT NI NATOY B. CATINDIG

PUWING sasapit ang unang pagtatanghal ng pelikula niyang kayayari pa lamang, parang isang panatang tinu upad ni Renato, na siya'y makaparoon sa "lobby" ng sineng pagtatanghalan, upang tanggapin ang kanyang mga tagahanga, kausapin, at lagdaan ang mga "autograph book" ng mga iyon. Kahi't hindi inaatasan ng istudyong kanyang pinaglilingkuran, siya na ang nagkukusa. Sinasabi niya sa kanilang pinuno, na sa palagay niya'y kailangang magpunta siya sa "lobby" upang makaniig naman niya ang kanyang mga tagahanga.

Ang magtungo sa "lobby" sa unang araw ng pagtatanghal ng pelikula, ay hindi gawang biro. Batid niya ang init na kanyang daranasin doon. Makikipagsiksikan siya. Magugusot ang kanyang damit, papawisan siya. Hindi niya malalaman ang kanyang susunod na gagawin, sa dami ng mga tagahanga niyang lalapit sa kanya. at hihilingin at makikiusap ng kung anu-anong bagay. At, mangangalay ang kanyang mga daliri sa kalalagda sa mga *autograph book* na inilalapit sa kanya.

Nguni't ang lahat nang iyan ay kailangang tiisin niya, sapagka't batid niyang sa isang dako, ang niya sa kanyang mga tagahanga ang lahat nang tagumpay at karangalang kanyang inaani. Karapat-dapat namang ukulan niya ng panahon at pansin ang mga kaluluwang iyon, na nag-akyat sa kanya sa tugatog ng tagumpay, nang walang hinihintay na sukli sa kanilang pagpapagod, kundi ang sa pana-panahon ay makita lamang siya, makausap, at mapalagdaan ang kanilang mga *autograph book.*

ISANG pelikula pa ang natapos ni Renato Dela Riva. Ang pamagat: "Dakilang Mangingibig." Ginagawa pa lamang ang pelikulang iyon, nakita na sa lahat nang palatandaan na iyon ay isa pang tagumpay na ipuputong sa kan-

Itaas: nang maging isa sa mga panauhin si Rogelio Dela Rosa, sa gabi ng paggunitang sa nahalal na "Bb. Bulaklak Ng 1955." Ang maringal na palatuntunan ay ginanap sa Bambang, Bulakan. Kasama ni Rogelio, na naging panauhin sa pagtitipong iyon, sina Senador Francisco "Soc" Rodrigo, Kongresista Erasmo Cruz ng Bulakan, at iba pa. Kanan: isang palatuntunan sa himpapawid, na dinaluhan ng "idolo sa puting tabing."

yang noo. Magiging masigla ang pagtanggap ng publiko sa pelikulang iyon. .

Kaya naman, nagugunita na ni Renato ang hirap na kanyang titiisin sa "lobby" sa unang araw ng pagtatanghal ng "Dakilang Mangingibig." Nguni't tuwing magugunita niya ang mga hirap na iyon, siya'y nagkikibit lamang ng balikat. Iyon ay isang katungkulan at pananagutang kailangang gampanan niya... isang pananagutang hinding-hindi niya mailwasan.

At, sumapit ang unang araw ng pagtatanghal ng "Dakilang Mangingibig." Maaga pa'y gising na si Renato. Ganyan ang laging ginagawa niya tuwing unang araw ng pagtatanghal ng kanyang pelikula.

Nang araw na iyon, naisipan niyang mabuti yata ang maaga siyang magtungo roon, upang maiwasan niya ang pagsisiksikan. Nguni't iniwaksi din niya ang isiping iyon.

Ilang mahahabang sandali ang matuling lumipas. Tumawag siya sa sine, sa pamamagitan ng telepono. Itinanong niya kung maaari na siyang magtungo roon.

—Oo. Madilim pa'y nagsisiksikan na rito ang iyong mga tagahanga. Hinihintay ka. Pumarito ka na, upang hindi naman sila mainip! —sabi ng nakausap niya.

Humanda na si Renato.

Ilang sandali pa'y nakarating na siya sa "lobby." Totoo ang sinabi ng nakausap niya sa telepono. Nang dumating siya sa harap ng malaking sine, nakita niya ang makapal na taong nagkakagulo sa pagkuha ng tiket sa takilya. Nakaabot sa kanyang pandinig ang pagsisigawan, laluna nang mabatid at makitang siya'y dumating na.

Mula sa kanyang kotse, sinugod na siya ng kanyang mga tagahanga. Doon pa lamang ay hindi na niya mabilang ang mga *autograph book* na kanyang nilagdaan

MULA sa kanyang kotse, si Renato ay nakasapit din sa "lobby," sa tulong na rin ng ilan sa kanyang mga tagahanga, na siyang nagpatabi sa mga taong nasa kanyang daraanan. Sa lahat nang sandali ay kumakaway siya sa mga naroroon, ngumingiti siya sa mga nakikita niyang ngumingiti sa kanya, nakikipagkamay siya. Anupa't maitutulad siya sa isang kandidatong ipinagbubunyi ng kanyang mga tagapagtaguyod.

Sa "lobby", lalong pinagkaguluhan si Renato. Sa malas ay hindi masawata ang pagsisigawan ng kanyang mga tagahanga. Mula sa kanyang kinaroroonan, nadarama ng kanyang mukha, ang mainit na singaw na bunga ng nagsisiksikang mga tao.

Mula roon, sinipat niya ng tingin ang takilya. Kung gaano ang pagkakagulo ng kanyang mga tagahanga sa pagpapalagda sa kanya ng kanilang mga *autograph book*, gayon din ang pagsisiksikan sa takilya sa pagkuha ng tiket. At, naisaloob niyang ang kanyang pelikulang *Dakilang Mangingibig* ay isa na namang tagumpay niya at ng kanyang istudyo. Isang tagumpay, na utang niya sa mga nilikhang ngayo'y nagsisiksikan sa kanyang harapan...

MAHIGIT na isang oras na namalagi si Renato sa "lobby." Nang maakala niyang madalang na ang mga nagpapalagda sa kanya, minarapat niyang pumasok sa sine, upang panoorin ang kanyang pelikula.

Dalawang oras siyang namalagi

sa loob ng sine, sa panonood sa kanyang pelikula. Nguni't nang lumabas na siya upang umuwi, nakita niyang tila naragdagan pa kaysa rati ang mga taong nagyo'y naghihintay na naman sa kanya.

Ikinaway lamang ni Renato ang kanyang kanang kamay, saka siya ngumiti sa makapal na taong naroroon at naghihintay sa kanyang paglabas.

Nguni't sadyang hindi na siya maaaring mamalagi sa "lobby." Nagpapahiwatig na ang kanyang sikmura. Nagugutom na siya. Isa pa, pagkapananghali ay kakailanganin niyang makapagpahinga naman. .

Mula sa hagdan, inut-inot siyang nanaog. Hanggang doon ay nagkakagulo ang mga tao. Gusot na gusot ang kanyang damit. Maraming humihipo sa kanya, mara-

ming pumipisil sa kanyang mga kamay. Iyon ay hindi na niya pinapansin. Kung iyon ay may kahulugan man, ang kahulugan niyon ay sadyang siya ang kinikilalang "idolo" ng mga taong na-

Sundan sa pahina - 89

TRANKASO?

Naito ang Dagling

PANLUNAS!



MABILIS

LIGTAS

Kapag pinapanghihina kayo ng pananakit dala ng trankaso, lumunok ng CORTAL! Ang CORTAL ay nagbibigay ng kagyat na ginhawa . . . pinasisigla pa kayo!

KAPAG SINUMPUNG NG KIROT, Humingi Ng —

Cortal

DAGLI-LIGTAS-TIYAK

—Ika-4 Labas—

SA ISIPAN ni Paua, dalawa ang mahahalagang bagay na kailangang lutasin niya nang naaayon sa kanyang kasiyahan: una, ang kanyang pag-ibig kay Antonia; ikalawa, ang napipintong pakikipaglaban nila sa mga Kastila, na noon ay patuloy ang lalong paghihigpit at pagmamalabis sa mga mamamayan.

Ukol kay Antonia, isang bagay ang natitiyak ni Paua: na ito'y nagkakaroon na ng pag-ibig sa kanya. Katunayan: ang kanilang malimit na pagniniig. Sa mga pagniniig na iyon, nagkakaroon siya ng pagkakataong liwanagin sa dalaga ang suliranin ng kanyang puso. Ang masuyong paguusap nang sarilinan, napangahasan pa nga niyang mahawakan ang isang kamay ni Antonia. Yaon ang unang pagkakataong nahawakan niya ang manipis na palad ng dalaga, at nadama niya ang walang kahulilip na kaligayahan sa kaibuturan ng kanyang puso.

SAMANTALA, ang lihim na kilusang itinataguyod nila laban sa Kastila, ay unti-unting nagkakaroon ng init at sigla. Habang tumatagal, ang pagkamuhi ng mga Pilipino sa mga Kastila ay lalong nararagdagan.

Ngayo'y gumaganap ng mahalagang papel si Andres Bonifacio. Unti-unti na siyang nagkakaroon ng pangalan sa kanyang mga kasamahan dahil sa kanyang kapangahasan at kapusukan.

Sa isang paghaharap..

Hawak ang itak sa isang kamay, at ang cedula naman sa isa pa, si Bonifacio ay bumibigkas ng isang maapoy na talumpati sa kanyang mga kasamahan.

MALAKI ang nagawa ng maapoy na pagtatalumpati ni Bonifacio sa ikasusulong ng pakikibaka nila laban sa mga Kastila. Noong Agosto ng taong 1896, sa isang paghaharap sa Balintawak, sa matinding puyos ng damdamin, ay hindi napigilan ni Bonifacio ang kanyang sarili.

—Ang pag-iingat sa cedulang ito ay tanda ng pagkaalipin natin sa mga Kastila! —ang wika niya sa isang bahagi ng kanyang maapoy na talumpati.

Nag-ingusan ang kanyang mga kasamahan. Naisip nilang tila wasto ang palagay ni Bonifacio.

—Kailangang punitin ang mga cedulang iyan! —ang patuloy ni Bonifacio.

At, sa isang iglap, pinunit ng maliliit ni Bonifacio ang kanyang cedula. Parang iisang taong kumilos ang kanyang mga kasamahan. Dumukot sa kanilang bulsa, inilabas ang kani-kanilang cedula, at iyon ay pinunit din ng maliliit. At, naganap ang *Unang Sigaw Sa Balintawak!*

Ang Unang Sigaw Sa Balintawak na siyang isa sa mga tuwirang bunga ng sa bana-panaho'y pagtatalumpati ni Bonifacio, ay siya namang pinagmulan ng puta-putaki nang pakikipagpingkian ng lakas nina Don Emilio Aguinaldo, sa lakas ng mga Kastila.

Si Paua ay napasama kay Hen. Aguinaldo, at ang heneral ay pinahanga niya sa angking katapangan, at sa taimtim na hangaring makatulong sa adhikain ng mga Pilipino, sa kanilang pakikipaglaban, sa kabila ng katotohanang siya'y isang taal na banyaga.

ISANG araw, sa himpilang pangkalahatan ni Aguinaldo...

Isa-isang siniyasat ni Heneral



Sinulat ni
GREGORIO F. ZAIDE

Kanan: sina Danilo Montes (Heneral Paua) at Cynthia Zamora (Carolina Imperial) na kapuwa nagsisiganap ng mga pangunahing papel sa pelikulang "Heneral Paua" ng Larry Santiago Productions.

Aguinaldo ang mga sandata ng kanyang mga tauhan. Karamihan sa mga sandata nila'y sira at luma na...

Nguni't hindi sapat iyon upang si Aguinaldo at ang mga tauhan niya'y mawalan ng pag-asa sa pakikipaglaban. Manapa, lalong nakapaglagay ng init at sigla ang katotohanang iyon, sa kanilang puso, na ang tunay na hangari'y makámit ang kalayaan ng Inang Bayan, at makahulagpos sa pangaalipin ng mga Kastila.

Nguni't...

—Heneral, ang aming lakas at tibay ng kalooban ay lalo sanang pakikinabangan, kung mayroon tayong sapat na sandatang magagamit sa ating pakikipaglaban! —sabi ng isang kawal.

Napahinto si Aguinaldo sa kanyang pagsisiyasat sa mga sanda-

Itaas: Nang mga sandaling hindi magkaunawaan sina Heneral Paua at Carolina Imperial. Ang ibig ni Carolina ay huwag nang tumungo sa larangan ng digmaan si Paua. Nguni't mapilit si Paua, sapagka't umano'y tawag iyon ng kanyang Inang Bayan... Kaliwa: tinutunghayan ni Paua ang padalang sulat, na minsan pang nagaalok sa sumama siya sa kilusan, na tinalikuran na niya, pagkatapos mabatid na siya'y ipinapapatay ng isang kapitan. Nasa gawing kaliwa si Rodolfo Ruiz, na gumaganap sa papel na Kapitan Salazar. Nasa likuran ni Paua si Carolina Imperial, (Cynthia Zamora.)

tu. Tinapik niya sa balikat ang kanyang kawal.

—Nalalaman ko, nalalaman ko, —sabi ni Aguinaldo.

Lumapit si Paua kay Heneral Aguinaldo, at sumaludo.

—Ano iyon, Tenyente? —tanong ng heneral kay Paua.

—Mabunying Heneral, nalalaman ko rin ang kakapusan natin sa mga sandatang panglaban Ang bawa't masira'y itinatapon na lamang natin Kung ganyan nang ganyan ang mangyayari, darating ang araw na ang ipanglalaban natin ay bato na lamang... —sabi ni Ten. Paua.

—Higit kong nalalaman iyan Tenyente. Nguni't mayroon ka bang maimumungkahi upang malunasan ang ating suliranin?

tanong ng heneral kay Ten. Paua,

—Kung bibigyan po lamang ninyo ako ng karapatang makapagtayo ng kumpunihan at gawaan ng ating mga sandata, gayundin ng iba pang mga kagamitan natin, inaakala kong lalong malaki ang maitutulong ko sa ating hukbo, at sa ating Inang Bayan! —sabi ni Ten. Paua.

—Tenyente, ikaw ay isang Intsik... at para sa akin, wala ng nakalulugod marinig kundi ang ariing parang tunay na Inang Bayan ng isang banyaga ang aming Inang Bayan! —nasabi ni Aguinaldo

—Para sa akin, Heneral, ang Pilipinas ay siya ko na ring Inang Bayan, sapagka't dito ako lumaki, dito ako nagkaisip, at dito ko natagpuan ang babaing unang nagpatibok ng aking puso. Kaipala'y dito ko rin matatagpuan ang magiging kapilas ng aking buhay! —mahabang paliwanag ni Ten. Paua.

Napangiti lamang si Hen. Aguinaldo.

Hinawakan ni Aguinaldo si Paua sa dalawang balikat, at nakangiting tinitigan ito.

—Tila tama ang iyong sinabi, Tenyente. Ngayon din ay pumili ka ng iyong mga tauhang kakailanganin, at makapagsisimula ka na, —pasiya ng heneral.

—Ngayon din po, Heneral! — maagap na tugon ni Paua.

Sumaludo si Paua sa kanyang heneral, at pagkatapos ay tumalikod na, upang tuparin ang bagong tungkulin at pananagutang nakaatang sa kanyang mga balikat.

NAISIPAN ni Paua, na imungkahi sa kanyang heneral, na bigyan siya ng pagkakataong makapagtayo ng kumpunihan at gawaan ng mga sandata, sapagka't noong bagong lunsad pa lamang siya sa Pilipinas. ang naging gawain niya'y ang maging katulong ng isang Panday. Sa gawaing ito ay nagkaroon siya ng maraming karanasan. hanggang sa ga-

Sundan sa pahina- 94

SAKIT ng ULO?

Naito ang Dagling PANLUNAS!



MABILIS LIGTAS

Upang mapawi ang sakit ng ulo sa madaling paraan, lumunok ng CORTAL! Ang CORTAL ay nagdudulot ng dagling ginhawa, at . . . pinasisigla pa kayo!

KAPAG SINUMPUNG NG KIROT,
Humingi Ng —

Cortal

DAGLI·LIGTAS·TIYAK

Ea. tablet contains: Acetylsalicylic Acid 0.35 gm., Phenacetin 0.15 gm., Caffeine 0.05 gm.

CRISTINA PACHECO

Sinulat ni Amelia Arcega

SA mga nilikhang nangangarap maging artista sa pinilakang tabing, kaipala'y dumaranas sila ng iba't-ibang uri ng pagsubok at mga pakikipagsapalaran. Kung minsan ay hindi pa sila nagkakaroon ng pagkakataong makalabas man lamang sa pelikula. Mapalad na rin naman ang mga nagtatagumpay sa sining na iyan.

Subali't pambihira na ang naging kapalaran ni Cristina Pacheco. Pagkatapos na mahalal na *Miss Philippines* ay siya ang ipinadalang dilag sa Long Beach, California, upang ilahok ng Pilipinas sa pagka *Miss Universe*. Hindi man siya nagtagumpay ay nasisiyahan na rin si Cristina, sapagka't nakilala niya at nakadaupang-palad ang lalong magagandang babe sa buong daigdig. Si Cristina ay anak nina G. Alfonso at Gng. Maria Shy Pacheco, ng lunsod ng Maynila. Kaisa-isa siyang babae sa kanilang limang magkakapatid. Nagtapos si Cristina ng High School sa Abad Santos, at tapos din siya ng secretarial course sa Gregg Business Institute. Sa kasalukuyan

Sundan sa pahina-95

Sina Leopoldo Salcedo at Cristina Pacheco, na kapuwa tumupad ng buong husay sa kani-kanilang papel, sa pelikulang Saigon.

Si Leopoldo Salcedo at si Cristina Pacheco, sa isang madamdaming tagpo. Iyan ay ilan lamang sa magagandang tagpo sa pelikulang "Saigon"

MGA BLAH-BLAH ni A. S. P.

ANG tanging bituing lalaking nalalaman namin, na may "panata" tuwing Mahal Na Araw, ay si Ben Perez. Tuwing sasapit ang panahong iyan, siya'y bumabasa ng pasyon.

NAIBALITA na namin sa inyo, na si Leila Morena, ay nagsilang na ng sanggol na babae. Ngayon naman, ibinabalita namin, na sina Pol Salcedo at Naty Tuason, ay mayroon na ring sanggol: lalaki naman, na sumilang noong ika-17 ng Marso.

SINA Lou Saivador, Vicente Liwanag, at Pepe Zalameda na lamang ang hindi pa nagsisilang ng sanggol. Nagpatingin na hu sila sa hilot. Sabi naman ng hilot —hindi na raw magtatagal, at idinugtong pang baka si Pepe Zalameda ng Sampaguita, ang maunang magsilang. Gayunman, sinabi naman ni Lou Salvador, na mauna man si Pepe Zalameda, limang sanggol daw naman ang kanyang isisilang. Ayaw patalo sa kanyang mga karibal, sinabi naman ni Vicente Liwanag, na pinakatangi daw sa lahat ang isisilang niyang sanggol. Magkakaganyan na nga, kung natitiyak niyang dalawa ang paa ng kanyang isisilang!

NAPAG-USAPAN hu dito sa opisina ang tungkol sa kape. Sa nalalaman hu namin, pinakapihikan na sa kapeng iniinom niya, si Pancho Magalona. Kaya naman, tuwing tatanggap siya ng bisita, una munang iniaalok niya ay kape. Kapag tumango ang inalok, suwerte niya, sapagka't walang mahinang klaseng kape sa tahanan nina Pancho.

SA bakuran ng LVN, si Charito De Leon daw ang *pinakamailap* Dahil naman sa kanyang pagiging mailap kaya siya nakakagiliwan ng mga kapuwa niya artista, maging babae o lalaki. Ang ibig naming sabihin, iyan ang tunay na artista. Balang araw, si Charito ay magkakaroon ng pangalan, sapagka't "inaalagaan" siya ng LVN.

ISANG gabi, nakita naming pumasok si Leroy Salvador sa isang sine. Maniwala't dili naman kayo, ang taba ng babaing kasama! Siksikan pa naman sa loob ng sine. Hila-hila hu niya ang dambuhala. Ewan nga hu ba namin kung paanong nakakahila ng elepante si Leroy, gayong may rayuma na sa hita... Nang pumasok hu sa pintuan ng sine ang babae, binuksan hu ni Leroy ang dalawang pintuan —hindi hu magkasya sa pintuan, e! Huwag kang matakot, Leroy, hindi mababasa ito ni Charito!

LALONG naging marikit at kaakit-akit si Lolita Rodriguez, pagkatapos ng ilang panahong pamamahinga. Lalong gumandang lalaki si Tony Maiquez, nang magkamit ng karangalang kaloob ng FAMAS. Lalong nagiging makinis ang pag-arte ngayon ni Pancho Magalona, sa ilalim ng Premiere. Lalong kumisig si Ramon Revilla, pagkatapos gampanan ang papel niya sa "Babalu". Lalong nagiging maingay at magulo ngayon sa Premiere, sapagka't higit ngayon kailanman, ang istudyong ito ay laging punung-puno ng mga gawain: ang ibig sabihi'y gagawa sila ngayon ng maraming pelikula.

BAKA nangangailangan kayo ng ahente. Inirerekomenda namin sa inyo si Jim Dela Rosa. Pakinggan ninyo ang "Mahiwagang Tunog." Kung minsan, nalulugi nang malaki —kung minsan nama, nagtutubo nang malaki! Ganyan ang ahente: kung minsa'y masaya, kung minsa'y malungkot!

UKOL SA TUNAY NA DAGLIANG LUNAS

SA PANGANGASIM NG SIKMURA

LAGI AKONG LUMULUNOK NG MGA TABLETANG

PHILLIPS' MILK OF MAGNESIA

MASARAP ANG LASA!

ANIMO'Y KENDY!

Each tablet contains Magnesium Hydroxide 309 gm. 20-2T

EFREN REYES

EDDIE DEL MAR

LOPITO

LAURO DELGADO

JOSE ROMULO

POL SALCEDO

LITO ANZURES

OSCAR RONCAL

—Ika-9 Labas)—

ISANG nakatutuyang ngiti ang iniukol ni Magno kay Lukas, bago nameywang, saka lalong lumapit dito. Walang kakurapkurap si Lukas.

—At, alam mo ba kung bakit gusto naming makuha mo na ang parte mo sa Rancho Montalan, at kung bakit ang gusto nami'y ang malapit sa bundok ang iyong kunin? Sapagka't matagal ko nang natuklasang ang bahaging iyon ay mayamang-mayaman sa mina ng ginto. Iyan ang dahilan kung bakit ipinain ko sa iyo ang aking kasintahang si Elisa —sa paniniwalang iyan ay makatutulong sa amin! —mahabang salaysay ni Magno.

Hindi kumikibo si Lukas.

—Pero ngayon, tumatanggi ka. Ibig mo yatang ipakilala ang tigas ng kalooban mo. Kaya naman ipakikilala ko rin ang aking lakas! Nalaman mo na ang nakatagong kayamanan sa Rancho Montalan; nguni't ibig ko ring malaman mo, na ang kayamanang iyan ay hindi mo mailalabas sa kuta kong ito! —pasiya ni Magno.

Biglang napatingin si Lukas sa nagsalita.

—Walang hiyaaa! —mariing wika ni Lukas.

Hindi napigilan ang pagngingitngit ng kalooban, biglang niluran ni Lukas si Magno sa mukha. Ngumiti lamang si Magno, saka inilis ang kanyang mga manggas. Isang tuwid na suntok ang pinadapo ni Magno sa panga ni Lukas, at ito'y napalugmok noon din. Madaling sumaklolo si Elisa.

SA boong panahong ito, si Elias ang matiyagang nag-aalaga sa may karamdamang si Elvira. Nasisiyahan si Elias sa kanyang gawain, sapagka't laging nasisilayan niya ang babaing unang

JOSE PADILLA

nagpatibok ng kanyang puso.

—Nakahihiya sa iyo, Elias, — minsa'y wika ni Elvira. Kung ilang araw nang inaalagaan mo ako!

—Huwag mong alalahanin iyon. Ang isipin mo'y ang maaga mong paggaling! —sagot ni Elias.

Buong pagmamahal na tinitigan ni Elvira si Elias.

—Ang inaalaala ko'y baka nakagambala ako sa iyo. Baka dahil sa pagtingin mo sa akin ay mapabayaan mo tuloy ang iyong tungkulin sa rancho? —may alinlangang tanong ni Elvira.

—Naroroon naman ang aking tatay saka ang aking mga kapatid, e! Isa pa, alam ng tatay na ako'y dito sa inyo naglalagi!

—A, e... e... wala... gusto ko lamang makatulong sa iyo! — nakikiming tugon ni Elias.

RAMON REVILLA

Sa sandaling iyon ay narinig nila si Pitong.

—Kuya! Kuya! —tawag ni Pitong.

—Bakit, Pitong?

—Ipinasusundo ka ng Inay. Madali ka raw!

—Bakit daw?

—Ewan ko. Sa hagdan lang sinabi sa akin, e! Sige na!

Nagpaalam si Elias kay Elvira.

—Bakit kaya, Pitong? —tanong ni Elvira.

—Hindi ko nga alam, e! O, ano, kumusta ka? Magaling ka na?

—Kaunti...

—Mabuti. Gumaling ka sana agad, sapagka't may naghihintay sa madali mong paggaling!

—Sino, si Elias ba? —nananabik na tanong ni Elvira.

—A, hindi!

—E, sino?

—Ako! —sabi ni Pitong, saka napabulalas ng tawa.

Lumabas na si Pitong. Naiwang iling-iling at nakangiti si Elvira sa kanyang silid.

SA kabilang dako, si Magno at ang kanyang mga kabig ay napilitang makipag-usap kay Tandang Islaw. Gayon na lamang ang pagpupuyos ng kalooban ng matanda, nang mabatid ang pakay nina Magno, laluna nang sabihing si Lukas ay papatayin nila, kung hindi ipagkakaloob ng matanda ang bahagi ng lupa, na kailangang mapapunta kay Lukas.

—Anuman ang mangyari kay Lukas ay wala na kaming pakialam. At, walang kabuluhan sa amin, kung siya man ay inyong patayin. Nguni't ito ang inyong tandaan: kailanma'y hindi ko mapapayagang mapapunta ang kahi't isang dangkal ng lupang ito kay Lukas, mangyari na ang mangyayari! —matigas na turing ng matanda.

Umiling-iling si Magno.

—Kahi't matanda na si Mang Islaw, e mainit pa rin ang ulo!

—sabi ni Magno.

—Ba, ang ibig yata ninyo'y ikatuwa ko pa ang inyong sinabi. Ang ibig ninyo'y ipagbili ko sa inyo ang lupa, sapagka't nabibingit sa kamatayan si Lukas. Pero talos kong ang lahat nang iyan ay kagagawan lang ninyo! At kayo rin ang may kagagawan ng pagtalikod ni Lukas sa kanyang sumpa, hindi ba?

—Puwes, Tandang Islaw, kung ayaw ninyong ipagbili sa amin ang buong rancho, kahi't na iyon lamang nasa paanan ng bundok. Iyon lamang, at makaaasa kayong si Lukas ay makababalik pa sa inyo —babalik siyang ligtas, at nagsisisi! —wakas ni Magno.

Kinalabit ni Tandang Sora si Tandang Islaw, saka paanas na nagwika: "Baka nga naman nasa panganib ang ating anak, bakit hindi mo pa ipagbili?"

Biglang tinabig ni Tandang Islaw si Tandang Sora.

—Hindi ko ipagbibili ang lupa. Makaaalis na kayo! —sabi ni Tandang Islaw.

Noon lamang sumagot si Elias: "Narinig na ninyo ang pasiya ng matanda.

at muling nalugmok ang kabig.

Ang isa pang kabig ay nagkaroon ng pagkakataong makabangon. Nguni't siya'y minsan pang napalugmok nang abutan ng isa pang lalong matinding suntok ni Elias.

Hinarap ni Elias si Magno, na noo'y nakangiting parang nakatutuya.

—Ikaw, halika! —utos ni Elias kay Magno.

Sapat ang katagang iyon upang masiraan ng loob si Magno. Umurong ito. Ibig sanang mapangiti ni Elias, nguni't nagpigil siya.

—Ano, lalayas ba kayo o hindi? —muling tanong ni Elias.

Hinarap ni Magno ang kanyang mga kabig.

—Tayo na, mga bata! —utos ni Magno.

Nguni't nang babangon na ang isa pang kabig ni Magno. ito'y muling inunatan ni Pitong ng kahoy niyang hawak. Nilapitan ni Magno ang kanyang kabig, at walang kibong tinulungan iyon upang makabangon.

—Tandaan ninyo, yamang hinmang ang pagkabakla ni Elias nang makitang nananaog na sa hagdan si Elvira.

—Elvira! —tawag ni Elias.

—Hindi ako maaano, Elias. Kailangang maglakad-lakad na ako. Kaya ko na ang katawan ko! —matuwid ni Elias.

Lumapit si Elias kay Elvira upang ito'y kanyang tulungan.

—Elias, ikaw muna ang bahala sa kanya at ihahanda ko lang ang kanyang tulugan! —bilin ni Belen.

—Oo —maikling tugon ni Elias.

Umalis na si Belen.

—Elvira, hindi mo dapat ginawa ito. Baka mabinat ka! —paalaala ni Elias.

—Kung mabinat —di mamatay? —sagot ni Elvira.

Umiling si Elias. —Nguni't...

—Alam ko, alam ko, hindi mo ibig mabinat ako!

May kahulugan ang tinging iniukol ni Elvira kay Elias.

—Hindi mo ibig, sapagka't kailangan mo ang aking buhay!

Hindi umimik si Elias.

—Hindi ba?

Napatungo lamang si Elias.

Halos hindi niya naramdaman pala niya ngayon, kaya naghanda ako ng kaunti! —sabi ng matandang ina.

Tiningnan ni Elias ang inihandang pagkain ng kanyang ina.

—Kuwww, ang sarap nito! —sabi ni Elias.

—At, ibabalita na tuloy niya sa Kuya Tomas mo, na ngayon ay kaarawan niya. Alam mo na naman ang ama mo: gusto, samasama kayo tuwing sasapit ang kanyang kaarawan. Hindi daw siya magiging masaya kung hindi kayo makikita sa kanyang kaarawan!

—Kung gayon, may sorpresa kaming gagawin para sa kanya!

Tinawag ni Elias sina Carlito, at Matias.

Dumating sina Carlito at Matias.

—Carlito, Matias, kaarawan pala ng tatay ngayon. Kailangang magtago tayo, at bigla nating kantahan siya ng "happy birthday."

Nang dumating ang kanilang ama, nakapagtago na silang tat-

MONTALAN "BROTHERS"

Biglang napatingin sa kanya si Magno at ang mga kabig nito.

—Layas na! Ano pa ang hinihintay ninyo? —pasigaw na tanong ni Elias.

—Mukhang matigas ang isang iyan, Tsip! —pabulong na wika kay Magno ng isang kabig niya.

Si Magno at ang kabig niyang bumulong sa kanya, ay lumapit kay Elias. Ang mga magulang at mga kamag-anak ni Elias ay humanda na upang mamagitan. Nguni't sila'y pinigil ni Tandang Islaw.

—Sino ka bang sisigaw-sigaw sa amin, ha? —tanong kay Elias ng kabig ni Magno.

Isang malakas na suntok ang naging katugunan ni Elias. Isa pang kabig ni Magno ang dumaluhong, nguni't ito'y naunatan din ng isang suntok.

Nakita ni Pitong ang nangyari. Madali siyang nakakuha ng kapirasong kahoy. Nakita ni Pitong ang isang kabig ni Magno na napalugmok. Ito'y nagsisikap na makabangon. Isang malakas na palo ang ibinigay ni Pitong,

di kayo makuha sa mabuting salitaan, hindi rin ninyo pakikinabangan ang inyong rancho! —pasigaw na wika ni Magno, nang sila'y nakalalayo na nang ilang hakbang.

Hinabol pa mandin ni Pitong si Magno, at ito'y tinamaan pa ng isang palo.

—Tandaan mo rin ang palo kong iyan, —sabi ni Pitong, saka humalakhak.

Nguni't binalikan siya ni Magno.

—Elias! Elias! —ang tawag ni Pitong, na patakbong bumalik.

—Bakit? —tanong ni Elias.

—Aba'y hinabol ako ng dalawa, e!

Kumilos si Elias. Hahabulin niya sina Magno, nguni't nagpasikat na muli si Pitong.

—Pabayaan mo na ako, Kuya, pabayaan mo na ako! —nagtatapang-tapangang wika ni Pitong.

Napailing na lamang si Elias sa kanyang kapatid...

INAALALAYAN ni Belen si Elvie sa pagpanaog. Gayon na lanang dampian siya ng isang halik ni Elvira, sa pisngi.

—Iya'y tanda lamang ng pagkilala ko sa iyo ng malaking utang na loob! —sabi ni Elvira. UMUWI na si Elias.

—Inay, Inay! —ang kanyang tawag.

Si Tandang Sora, na noong inihahanda ang kanilang hapunan, ay napatigil sa kanyang gawain.

—Ano iyon, anak?

—Inay, hinalikan ako ni Elvie, hinalikan ako! —pagbabalita niya.

—Hinalikan ka?

—Oho, at naramdaman ko sa halik niya, na minamahal na niya ako. Ang sarap-sarap ng halik niya. Saan naroon si Itay? Ibabalita ko sa kanya! —sabi ni Elias.

—Nagsimba sandali!

—Nagsimba? Bakit ngayong gabi?

—Paano, nawala sa ulo niya dahil sa walang hiyang taga-Maynila. Saka ngayong hapon lang namin nagunitang kaarawan nga lo.

Nguni't ang mga sandaling iyon na dapat makapagpaligaya sa kanilang lahat, ay naging mga sandaling naghatid sa kanila ng kalagim-lagim na pangyayaring hindi na nila malilimot...

Halos pigilin nina Elias ang kanilang paghinga, sa kanilang pinagtataguan. Samantala'y nagmamatyag sila kung nakapanhik na si Tandang Islaw.

Nakarinig sila ng mga kaluskos. Natitigib naman ng kaligayahan ang puso ni Tandang Sora. Hindi pa ma'y parang nakikinikinita na niyang magiging pinakamaligaya ang kaarawang iyon ng kanyang kabiyak. Marami nang nairaos na kaarawan si Tandang Islaw, nguni't sa palagay ni Tandang Sora ay mapapatangi ang isang iyon.

Kunwa'y ipinagpatuloy niya ang kanyang gawain sa pamamahay. Ayaw niyang mamalayan ng kanyang kabiyak ang inihandang sorpresa para dito ng kanilang mga anak.

—ITUTULOY—

ITO ANG HINDI KO MALILIMOT...

KAYO ba'y naniniwala sa mga pamahiin? Ako'y hindi naniniwala. Noong araw, naniniwala ako, nguni't nang maganap sa akin ang isang karanasang hindi ko na malilimot, nasabi ko sa sarili, na hindi pala dapat paniwalaan ang mga pamahiin. Ewan ko rin, maaaring sa ibang araw ay maniwala ako sa pamahiin, kung may mangyari sa akin, na nagpapatotoong ang pamahiin ay isang tagapagbadya ng darating na katotohanang magaganap sa buhay ng isang tao.

Ganito po ang nangyari. Ako'y malungkut na malungkot noon na nakaupo sa isang likmuan sa aming tahanan sa San Anton. Nagugunita ko ang aking mga pagsisikap sa larangan ng pelikula, na hanggang nang mga sandaling iyon, ay hindi pa nagagantimpalaan.

Walang anu-ano'y dumating sa amin si Ramon D'Salva. Si Ramon D'Salva ay tiyuhin ko, at katulad ng inyong alam, siya'y naglilingkod sa Premiere Productions.

—Ano, umasenso ka na ba? —tanong niya sa akin.

Malungkot akong napailing.

Hala, magbihis ka't may pupuntahan tayo!

—Saan? —ang tanong ko.

—Basta magih's ka't' sumama ka sa akin!

Pagkatapos makapag-paalam sa aking ina, at pagkatapos na ako'y pahintulutan, ako'y madaling nagbihis.

Nanaog na kami ng aking tiyuhin.

Nang lumabas na kami sa pintuan ng aming bahay, at nang tumawid na kami sa daan patungo sa kanyang nakaparadang kotse, isang pusang itim na itim ang kulay, ang biglang tumawid sa aking daraanan.

Tiningnan ko ang aking tiyuhin. Nakatingin din pala siya sa akin. Ang ibig sabihin ng aking tingin ay —"Tutuloy pa ba tayo?"

—Tutuloy tayo! Huwag kang matakot sa pusang itim! —sabi ng aking tiyuhin.

—Malas yatang lumakad pag nakasalubong mo ang pusong itim!

—Owww, pamahiin lang iyan!

Sumakay na kami sa kotse. Hindi ko alam kung saan ako dadalhin. Basta sumunod lang ako sa aking tiyuhin.

Iyon pala'y dadalhin ako ng aking tiyuhin kay Dr. Ciriaco Santiago, at irerekomenda sa mga pelikula ng Premiere Productions.

Noon ko napatunayang hindi totoo ang mga pamahiin, sapagka't nang makita ako ni Doc, kaagad na sinabing ako'y kanilang gagawing bida, kung makikita nilang may kakayahan ako. Isa pa, sinabing "introducing" agad ako sa pelikulang "Unang Halik." At hindi lamang iyan. Pagkaraan daw ng ilang araw ay magbalik ako, at palalagdain na ako sa isang kontratang may bisa sa loob ng isang taon.

—Nakita mo na? Sabi ko na't hindi totoo ang pamahiin! —sabi ng aking tiyuhin.

Hindi nga naman totoo, sapagka't nang umalis ako sa aming bahay, ako'y isang dalagang sawi ang mga pangarap sa buhay. Nguni't nang ako'y bumalik, taglay ko ang isang kanggit-inggit na kapalarang bihirang makamit ng isang tao.—*Sariling salaysay ni Symthia Zamora ng Premiere Productions.*

PAKIKIPAG-USAP ★ SA ★ MGA ★ BITUIN

Efren Yago, Anos, Tay Quezon — Tutoo po bang asawa ni Dolphy si Gracita Dominguez?

Sagot: Wala po sa kanila si Dolphy nang tawagan namin sa telepono.

Orlando Casupanan, Florida Blanca, Pampanga — Tanong: Maaari po bang bigyan ninyo ako ng isang larawan ninyo na naka *bathing-suit* Miss Carol Varga?

Sagot ni Carol: Ayaw ba kayo ng hindi nakasuot Pampailgo? Sayang wala na ho ako ng hinihingi ninyo eh.

Sonny Jarlego, Pandacan, Maynila — Tanong: Wala po kayang magalit kung maging magkaibigan kami ni Ike Jarlego?

Sagot ni Ike: Wala pa naman akong katipan eh!

Juanita Nieva, Gumaca, Quezon— Tanong: Nanliligaw po ba si Nestor kay Delia Razon?

Sagot ni Delia: Hindi po, aling Juanita.

Delia Gonzaga, Tutoo po bang si Gloria Romero ay may kasintahan na?

Sagot ni Gloria: Sino po ba ang nagbalita sa inyo?

Luzviminda Adiao, Dinalupihan, Bataan — Tanong: Saan po ba maaaring sulatan si Romeo Vasquez?

Sagot ni Romeo: Sa Sampaguita Pictures po.

Zenaida de la Paz, Sampaloc, Maynila — Tanong: Bakit po ba hindi sinasagot ni Nenita Vidal ang aking liham?

Sagot ni Nenita: Natitiyak ba ninyong lumiham kayo sa akin?

Bienvenido Turqueza, Upi Cotabato — Tanong Maaari po bang maging kaibigan si Corazon Rivas?

Sagot ni Cora: Sa lahat ng oras basta't walang magagalit sa inyo.

Lucrecio Relatado, Phil. Railway Co., Cebu City — Tanong Maaari bang makipagkaibigan kay Oscar Roncal?

Sagot ni Oscar: Opo.

Luz Paz, Makati, Rizal —Tanong: Wala ho bang apelyido si Dolphy?

Sagot ni Dolphy: Mayroon ho bang taong walang apelyido? Quizon po!

Angelina de la Cruz, Bulakan, Bulakan — Tanong: Ano po ba ang pangalan ng anak ni Olivia Canizal?

Sagot ni Olivia: Mopet na lamang ang itawag ninyo.

(Sundan sa pahina 74)

ULILANG BITUIN

LVN *presents*

Mario MONTENEGRO
Charito SOLIS

As serialized in BULAKLAK
by LUZ DEL MUNDO

Music by
Lt. Col. A. BUENAVENTURA

Directed by
Susana C. DE GUZMAN

DALISAY APRIL 29 – MAY 8

mga BAGONG MUKHA

LETTY MARCEL

Si Letty Marcel ay anak ni Dr. Meni Marcellana, naging direktor ng "Marcel Dentistry & Institute of Hygiene". Nais sana ng amang sumunod sa kanyang bakas si Letty, subali't ipinagtapat nitong nais niyang mag-artista. Madalas na sumasama si Letty sa kanyang kapatid na si Connie Marcel, na kasalukuyan noong mang-aawit sa Riviera. Nuon pa ay nakahalubilo na ni Letty ang mga tanyag na bituin sa pinilakang tabing. Pinsan niya si Nida Blanca. Dahil sa laging nakakausap niya ang mga artista ay nagkaroon siya ng adhikaing matulad sa kanila. Humingi ng pahintulot si Letty sa kanyang ama upang lumabas sa pelikula, subali't nagpakatanggitanggi -ito, sapagka't batang-bata pa siya. Nitong maging dalaga na si Letty ay pinagpag-aral siya sa Premiere Dramatic School. Dito nagkaroon ng pagkakataon si Letty, na makalabas sa Stage Show sa pagtatanghal din ng Premiere. Pagkaraang magkaroon ng karanasan sa Stage show, binigyan na siya ng pagkakataong maging ekstra sa pelikulang Ha-cha-Cha.

Isang araw ay nakita ni Dr. Gervacio Eraña si Letty, sa pagawit nito sa Manila Hotel. sa pamamahala ng kanyang ama sa sariling banda nito. Inirekomenda nito si Letty nito kay Bading de Leon Eraña, ng LVN. Naging sapat yaon upang bigyan agad siya ng papel sa pelikulang "Filipino Custom No Touch." Nakita rin siya ni direktor Felising Constantino, at ipinakilala siya kay donya Sisang. Isang mahalagang papel ang kanyang ginampanan sa "Talusaling." Pagkatapos ng pelikulang iyan ay binigyang muli siya ng papel sa "Chaperon," na pinagungunahan nina Armando Goyena at Emma Alegre.

Hanggang saan kaya makararating si Letty, sa kanyang pagaartista? Walang makahuhula. Maaaring bukas makalawa ay maging isa siyang sikat na bituin. Siya'y maaaring sulatan sa 1612 Herran, Pako Maynila.

PAKIKIPAG-USAP SA MGA BITUIN

Ida Lozada, Gerona Tarlac—Tanong: Taga saan po ba si Nestor de Villa?

Sagot ni Nestor: Taga Cabanatuan, Nueva Esiha.

Angelina Enesario, Cotabato, Cotabato—Tanong: Ano po ba ang tunay na pangalan ni Miss Number 1 at Mister number 1?

Sagot: Amalia Fuentes at Juancho Gutierrez.

Rebecca Ramos, Tayabas, Manila Tanong: Ano po ba ang tunay na address ng Sampaguita Pictures?

City.

Sagot: Gilmore, Cubao Quezon

Reynita Mayo, Coron, Palawan — Tanong: Nagbibigay po ba ng larawan si Nenita Vidal?

Sagot ni Nenita: Mangyari pa po, di nawalan ako ng tagahanga kung hindi ko sila bibigyan ng larawan.

Ely Tabacon, Surigao-Suarigao — Tanong: Tutoo bang bakla si Dolphy?

Sagot: Hindi naman ho...

Emiliano Bonita, Tagbac, Camarines Sur: — Tanong: May asawa na po ba si Lydia Montañez?

Sagot ni Lydia: Opo.

Margarita Badac, Tanong: Saan ho ba ipinanganak si Gloria Romeo?

Sagot ni Gloria: Denver, Colorado, U.S.A. po. Basahin sana ninyo ang kasaysayan ko na lumabas dito sa Bulaklak.

Fe Espino, Rizal Ave., Manila — Tanong: Hindi kaya magalit si Nenita Vidal kung sulatan ko si Manding Claro?

Sagot ni Manding: Kay Nenita ninyo itanong iyan.

F. Villares, R. Camaries Sur — Tanong: Maaari po bang makahingi ng larawan kay Edna Luna?

Sagot ni Edna: Yaon lamang pala eh.

B. L. Amon, Gumaca, Quezon — Tanong: Ano po ba ang hinahanap na katangian ni Teresa Gallardo sa isang lalaki?

Sagot ni Teresa: Siyempre, yaong mabait.

Felisicimo Estrada, Dulag, Labrador, Pangasinan — Tanong: Wala po ba kayang magagalit kung ligawan ko si Nida Blanca?

Sagot ni Nida: Baka ho magalit ang katipan ninyo, eh.

Cecilia Magayaner, Daraga, Albay — Tanong: Saan poba maaaring sulatan si Nelly Baylon?

Sagot ni Nelly: Sa Sampaguita Pictures po.

Cristina Simon, Anacleto Sta. Cruz, Manila — Taos-puso kong binabati si Gloria Romero dahil sa pagsapit ng kanyang maluwalhating kaarawan at nawa'y manatili siyang maganda at mabait.

Sagot ni Gloria: Kay sarap namang pakinggan ang inyong isinulat, aling Cristina.

Lilia Basco, Daraga Albay — Tanong: Ano po ba ang pelikulang ginagawa ni Carol Varga?

Sagot ni Carol: Ang "Santa Lucia" at panoorin ninyo ho.

Leticia Novales, Calapan, Mindoro — Tanong: Ilang taon po si Nenita Vidal?

Sagot ni Nenita: Labing apat po.

Eleuterio Putong, Acoje Mines — Tanong: Mabait po ba si Corazon Rivas?

Sagot ni Cora: Mabait na mabait po ako, may ipinag-aalinlangan ba kayo sa aking kabaitan?

Demy Folores, Roxas City —Tanong: Ano po ba ang tunay na pangalan ni Luis Gonzales?

Sagot ni Luis: Luis Mercado po, magandang pangalan hindi hu ba?

Glicerio Quiriquito, Binubusan, Lian, Batangas — Tanong: Tutoo po bang hiwalay na sina Arsenia Francisco at Jose Padilla,

Sagot ni Senyang: Gaya po nang nalathala na sa mga babasahin?

Narito pa ang mga pangalang ipinadala namin sa mga prodyuser: Marcelo Francisco, Aurora Docdocil, Silverio Bolidoy, Isayas Villarubia, Lolita Lee, Segundino Pecorro, Emily Adraneda, Lydia Villarono, Feliciano Aguinaldo, Samuel Tubera, Ric Querilla, Milagros Garcia, Exequiel Monleon, Benedicto Duran, Maximo Velasco, Cer Sangalang, Conrado Rivera, Eulogio Aquino, Peter Pasenoje, Leoncio Payopay, Solomon Taleno Jr., Natalio Villanueva, Atanacio Pado, Celestina Custodio, Gil Aro, Valentino Palma, Viviane Arago, Ambrocio Villeta, Evelyn Villasis, Dalmacio Jauel, Eliseo Merilo, David Amoroso, Pacita Castro, Rolando Prinsipe, Lelita Walican, Crispin Ramos, Gabriel Venturina, Berlinda Glodoviejo, Ernesto Toguilar, Fidela Muñoz, Julita Melendez, Francisco Reyes, Porfirio Miranda, Herminia Mercado, Lydia Garcia, Ramon Bautista, Aurora Reyes at Cristina Miranda.

K U P O N

1. Pangalan .....
2. Tirahan .....
3. Babae o lalaki .....
4. Taas ..... Timbang .....
5. Kulay Ng Balat ..... Gulang.....
6. Anong instrumento ang alam ninyong patugtugin? .....
7. Mahusay ba kayong umawit? .....
8. Anu-anong wika ang nalalaman ninyo? .....
9. Nagkaroon na ba kayo ng karanasan sa paglabas sa pelikula?

. .....

. .....

(Gupitin at lakipan ng pinakahuli ninyong larawan at ipadala sa amin ang kupong ito).

IPINAGKAKAPURING IHANDOG NG

LEBRAN

SINA

Leopoldo SALCEDO **Ben PEREZ**

Cristina PACHECO **Khark NGOC**

NG VIETNAM

Saigon

PRODUCED AND FILMED IN VIETNAM

Kasama ang 800,000 taong gumanap at tumulong sa pagbibigay buhay sa pelikulang ito!

Kagila-gilalas na kasaysayang pampelikula! Ang "Saigon" ay tunay na kahanga-hanga sa kasaysayan ng pelikulang Pilipino!

STORY AND SCREENPLAY BY
CESAR AMIGO

MUSIC BY
TITO AREVALO

DIRECTED BY
Gerardo DE LEON

Hindi Katulad...

(Buhat sa pahina 34)

yan siya ni Conrado at inilayo sa asawa.

—Nariyan si Dina, —anas ni Conrado, sa himig panunudyo.—Lalong maganda!

Napangiti si Menardo. Para nang nahuhulaan niyang ang kasama ng dalaga'y ang lalaking iyon: si Bing! Nabalitaan niyang hindi na si Mar ang laging kasama ni Dina. Iba na raw. Iyon nga si Bing! At iyon ang inaasahan ni Menardo na kasama ng dalaga.

—May kasama? —pasumalang tanong ni Menardo.

—Kasi pa! pakli ni Conrado.

—Sino?

—Kilala mo na, e.

—Kilala ko na?

—Oo, si Dan!

—Si Dan, ba ikamo? —Muntik nang masamid si Menardo.

—Hayun sila! Sayang, kung hindi ka lang nag-iba ng isip...

—Huwag mo nang ituloy, Conrado, —hadlang ni Menardo at tinapik-tapik sa balikat si Conrado, nang makitang si Dan nga ang kasama ni Dina at hindi si Mar. —Hindi ko pinagsisisihan iyon.

Humiwalay si Menardo sa mayhanda, at tinungo niya si Cora. Sumidhi ang nadamang pagmamahal niya sa asawa. Lalong dumilag sa paningin niya si Cora. Parang bituing lalong nagningning sa puslit na karimlan. Hindi maraya. May sariling ningning, di tulad ni Dina!

—Oo, bakit mo ako tinititigan? —nakatawang pansin ni Cora kay Menardo nang titigan niya nang walang kaalis-alis ang asawa.

Napatawa si Menardo. —Wala, wala! —aniya. —Nagbibilang lang ako.

Napakunot ang noo ni Cora. Subali't hindi nagsalita si Menardo. Hindi niya sinabi kung ano ang binibilang niya.

—Sukat bang pati si Dan ay napabilang! —naibulong ni Menardo sa sarili, at di-sinasadyang nakabig ang asawa nang pumailanlang ang isang malamyos na tugtugin.

—WAKAS—



Ang Pagbili Ng Mga Bono Ay Mabuti Para Sa Bayan, Mabuti Para Sa Pangangalakal

- *Pinakaligtas na paraan upang kumita ang inyong naiimpok*
- *Itinutustos sa mga balak na pagpapaunlad na pambansa*
- *Nagpapalaganap sa produksyon ng higit na kayamanang pambansa*
- *Nilulunasan ang kawalan ng hanap buhay, pinatataas ang halaga ng salapi*

TINUTULUNGAN NINYO ANG INYONG KALAKAL KAPAG KAYO'Y BUMILI NG BONONG PW & ED

Makipag-alam sa Securities Market Dept.

CENTRAL BANK OF THE PHILIPPINES

MANILA

TAGUMPAY NG...

(Buhat sa pahina 31)

nag-iisa ka lamang noon sa tahanan ng iyong Tiya na siya mong pinakikituluyan sa Maynila.

Nakaupo na si Edgar ay wala pa rin ni anumang katagang mamutawi sa kanyang mga labi.

—Ed, sa palagay mo kaya ay babagay ito kay Raquel? —mahinahon mong basag sa katahimikang sandali ring namag.tan sa inyong dalawa, at binuksan mo ang kahong kinasisidlan ng damit-pangkasal na binili mo.

Hindi parin humuhuma si Edgar.

Sa sulok ng iyong mata ay pinakaw mo siyang sinulyapan. Nakita mong sa iyo siya nakatitig. Nagbaba ka ng mukha. Nguni't sa iyong pagkakatungo ay bigla kang nagulantang nang maglaro sa iyong muni si Raquel sa kasuotang pangkasal!

Dagling gumuhit sa iyong damdamin ang lalong masigid na panibugho! Gumapang ang kilabot sa iyong buong katawan. At bago mo nagunitang ikanlong kay Edgar ang may hapis mong mukha, ay may mga butil na pala ng hinanakit na nakapaglandas sa iyong magkabilang pisngi.

—Lourdes, —bigkas niya sa mababang tinig, at noon lamang siya nagsalita. May timyas ng pagsuyo ang pagkakabigkas niya sa iyong pangalan, —Hindi ka dapat lumuha, sapagka't para sa akin, ang nararapat na magsuot ng damit na iyan ay... ikaw!

Gayon na lamang ang iyong pagkabigla sa narinig mong sinabi ni Edgar. Hindi ka makapaniwala! At bagama't may galak na nagbangon sa iyong damdamin ay nagunita mo pa rin sa Raquel.

—Nguni't, Ed, sadyang para kay Raquel, at hindi sa akin nauukol ang damit na ito. Binili ko ito para sa kanya, sapagka't sa kanya ko rin nabatid, na ako ang kinapos ng palad sa ating pustahan. Nakatanggap ako ng sulat niya na nagsasabing...

—Na nagsasabing, kami'y magkatipan na, —maagap niyang agaw, —Na kami ay ikakasal na bago sumapit ang napipintong bakasyon sa ating paaralan. Subali't, Lourdes, si Raquel ay naging kasintahan ko dahil lamang sa ating pustahan, at iyon ay alam mo. Nguni't ang hindi mo pa natatalos ay ang isang katutohanang tanging ikaw lamang ang aking inibig sa mula't mula pa upang pakamahalin hanggang sa dulo ng aking buhay!

Lalo kang nagulat sa ipinagta-

(Sundan sa pahina 79)

INTHAHANDOG NG.
PEOPLE'S PICTURES INC.
ANG PELIKULANG PANG-IKA. 4
NA ANIBERSARYO!

MALAKI!

SAPAGKA'T BINUBUO NG 4 NA KUWENTO!
SAPAGKA'T GINAGAMPANAN NG 19 BITUIN!
SAPAGKA'T PINAMAMAHALAAN NG 4 NA DIREKTOR!

4

ANG KUWENTO: "NGAYON AT KAILAN MAN"

ANG MGA BITUIN:

ROGELIO DELA ROSA PANCHO MAGALONA CORAZON RIVAS CYNTHIA ZAMORA

ANG DIREKTOR: TEODORICO C. SANTOS

ANG KUWENTO: "30 SANDALI"

ANG MGA BITUIN:

ARSENIA FRANCISCO DANILO MONTES LAURO DELGADO

ANG DIREKTOR: CIRIO H. SANTIAGO

NA KASAYSAYANG GINTO

ANG KUWENTO: "LUIS SACRAMENTO"

ANG MGA BITUIN:

JOSE PADILLA EFREN REYES EDNA LUNA JOSE ROMULO RAMON D'SALVA CAROL VARGA

ANG DIREKTOR: CESAR GALLARDO

ANG KUWENTO: "HATING-GABI"

ANG MGA BITUIN:

LEOPOLDO SALCEDO ANITA LINDA EDUARDO DEL MAR OLIVIA CENIZAL

ANG DIREKTOR: GERARDO DE LEON

IPINAMAMAHAGI NG PREMIERE PRODUCTIONS, INC.

ABANGAN! ITATANGHAL SA SINE LIFE - ABRIL 14-23!

NANGUNGUSAP NA...

(Buhat sà pahina 110)

ang tindig sa pakikibaka sa kabiguan.

Ulila na si Rosenda sa ama. Siya ang pinakamatanda sa anak nina mang Takyo at aling Danding. Napaatang sa kanyang balikat ang tungkulin ng kanyang ama nang ito'y sumakabilang buhay. Masasaktin si aling Danding at maliliit pa ang kanyang mga kapatid. Nakatapos lamang ng mataas na paaralan si Rosenda. Nagkapalad siyang mapasok na takigrapa sa pribadong kolehiyo sa kanilang bayan. Subali't hindi siya nagtagal sa paglilingkod sa nasabing paaralan pagka't tumanggap ng utos ang Dekano ng kolehiyong yaon na ipinid ang paaralan.

Buhat noon ay sinikap na niyang humanap ng ibang mapapasukan upang maitaguyod ang mga kaluluwang umaasa sa kanyang kalinga. Subali't marami nang sapatos ang kanyang nagasgas, makapal na ang kalyo sa kanyang sakong sa paglakad at pagbabakasakaling makatagpo ng gawain, datapuwa't iisa ang naging hantungan ng lahat niyang pagsisikap... —mapait na kabiguan...

—Nahan ang katarungan ng Lumikha? Nahan ang kanyang awa? Bakit Niya natiis na magdusa tayo ng ganitong kasawian sa buhay; gayong hindi ako nagkukulang ng pagtawag sa Kanya? —Buong kapaitang naihimutok ng dalaga. — Mabuti pa yatang si Satanas ang aking tawagan at ako'y kanyang kahahabagan...

—Anak ko!... —nanghihilakbot na sabi ng kanyang ina.— Hindi mo dapat bukhin sa labi mo ang gayon. Ang kabigua'y isang hamon, isang pagsubok sa katatagan ng iyong pananalig sa Kanyang kapangyarihan. Ano ang malay mo, baka kaya pinagkakaitan ka sa ngayon, ay sapagka't may higit na mabuting kapalarang inilalaan para sa iyo, sa atin, kung mapagtitiisan natin ang dinaranas nating kasaliwaang palad.

—Nguni't kailan pa?... Kung tayo'y patay na? Paano tayo mabubuhay kung laging sa pag-asam nauuwi ang lahat ng aking pagsisikap?... —at walang lingonglikod na linisan ang inang nangangaral.

—Mahal na Panginoon... patawarin Mo po ang aking anak, pagka't hindi niya nalalaman ang kanyang sinasabi. Liwanagin Mo po ang kanyang nadirimlang kaisipan. —Pabuntung-hiningang nausal ng matandang ina ng dalaga. —Tibayan Mo po ang kanyang puso sa pagtanggap ng kabiguan.

Si Rosenda ay dating maloob sa Diyos. Kasapi siya sa lang banal na kapisanan sa kanilang simbahan. Subali't ang sunudsunod na kabiguan ang nagparupok ng kanyang pananalig sa katarungan at kapangyarihan ng Dakilang Lumikha.

Sa kanyang sarili ay lagi niyang nasasabi na kung may katarungan ang Diyos ay hindi siya titikisin sa gayong paghihirap. Bakit yaong mga nakaluluwag pa sa buhay ang siyang madaling mapasok sa gawain. Tulad nina Aurora, Emma, Elisa, Weny at Linda.. Ang mga iyon ay hindi niya tulad na kung di magsikap na magbanat ng buto ay hindi kakain.

Ang lalong pinakamasakit na dagok ng kabiguan sa kanyang buhay ay nang siya'y tuluyang layuan ni Miguel. May ilang taon na silang magkatipan ni Miguel. Ang binata ay naging masigasig na sila'y malagay na sa tahimik upang di-umano'y mapagtulungan nila ang pasanin ng dalaga. Subali't matatag si Rosenda sa kanyang sariling panindigan sa kabila ng mga kabiguan.

—Hayaan mong sarilinin ko ang tungkulin ko sa kanila. Miguel, pagka't gayon ang pangako ko kay Tatay. Pasasaan ba at hindi natin matutupad ang ating malaon nang pangarap.

—Nguni't... kailan pa Rosenda,... kailan pa?... Kung tayo'y matatanda na? — may pagkabugnot na tugon ng binata.

—Miguel!... —at napatitig siya sa katipan. Matagal na nga ang ipinaghintay ni Miguel, subali't kung papayag siyang makasal na sila ay batid niyang hindi niya magagampanan ang tungkuling inihabilin ng kanyang ama. Kawawa ang kanyang masasakiting ina at ang maliliit niyang mga kapatid. Muli niyang tinitigan ang binata at siya'y napabuntung-hininga. —Alam mong mahal kita, subali't hindi sakim ang aking puso upang sikilin ang iyong kaligayahan, at ang kaligayahang hinahangad mo"y hindi ka maidudulot sa iyo ngayon pagka't wala pa ako sa kalagayan upang pagbigyan ka, kaya, kung naiinip ka at hindi ka na makatatagal ay kinakailangan na kita sa iyong kapangakuan. Malaya ka na mula ngayon at ituring mong pangarap ang lumipas.

Nakita niya ang pagdidilim ng mukha ni Miguel sa pagpipigil ng damdamin. May garalgal sa tinig ng binata nang muling magsalita.

—Rosenda, kung ito'y isang hamon ay tinatanggap ko. Masakit sa loob kong magkalihis ang ating landas'n subali't nasusunod kung siya mong nais. Ngayon ko natatap ang katotohanang hindi mo ako inibig.

Ibig niyang habulin noon ang binatang umalis nang walang paalam at sabihing pinakailbig niya ito, subali't muli siyang napaupo nang kumapit sa kanyang kandungan si Nante ang kanyang bunsong kapatid. Nawalan siya ng lakas na bigyang kasiyahan ang kanyang puso. Nangibabaw ang pagkahabag sa kanyang mga kapatid at matanda nang ina.

Hindi naglipat-buwan, natunghan ni Rosenda sa pitak panlipunan ng isang pang-umagang pahayagan, ang pakikipag-isang dibdib ni Miguel. Daig pang pinagsakluban siya ng lupa't langit sa masaklap na balitang yaon.

Ang susun-susong kabiguang yaong pumupuno sa kanyang puso ang nagparupok ng kanyang pananalig sa katarungan ng Diyos. Subali't ang walang sawang pangangaral ng kanyang ina ang kanyang nagiging gabay upang hindi maging lubos ang kanyang pagtalikod sa paniniwalang may isang Diyos na makapangyarihan at makatarungan.

Sa mabagal na pag-isod ng panahon ay nagantimpalaan na rin ang mga pagpapakasakit, at pagtitiis ni Rosenda. Napabilang siya sa mga "social worker" na naglilibot sa mga bayan-bayan at namamahagi ng tulong sa dukhang mamamayan.

Natupad ang kanyang pangarap na mapaligaya ang mga kaluluwang mahal sa kanyang buhay. Kung may hinanakit mang nananatili sa kanyang dibdib ay ang pangyayaring lubusang naunsiyami ang kanyang pag-ibig. Sinisikap niyang paghilumin ang sugat ng kanyang puso sa pagpapakalibang sa kanyang gawain, subali't tuksong habang pinagpipilitan niyang limutin si Miguel ay kung bakit lalo lamang niyang nadarama ang kakulangan ng katauhan ni Miguel sa kanyang buhay. Hindi niya lubos na masisi si Miguel pagka't siya ang nagbigay ng kalayaan sa dating katipan.

Sa kanilang paglilibot sa mga liblib na nayon sa pamamahagi ng tulong pangkabuhayan sa mga dukha ay lalo lamang kumikirot ang sugat ng kanyang puso pagka't nasasalang ng mga tanawin sa lalawigan ang naluoy na pangarap nila ni Miguel.

Sa nayon binalak nila ni Miguel na mamuhay. Isang malit nguni't sariling tahanang may manukan sa likod-bahay, may namumungang halaman sa paligid ng bakuran, nakatayong malayo sa karamihan, maluwang ang bakuran paglalaruan ng mga mumunting anghel ng kanilang pagibig... —iyan ang kabuuan ng pangarap nila ni Miguel, na ngayon ay isang mapait na gunita na lamang.

At sa pagdaraan ng alaalang yaon ay hindi niya mapigil ang pangingilid ng kanyang luha. Tanging si Liling na pinakamatalik niyang kaibigan ang naging sakdalan ng kanyang mga sama ng loob. Kilala ni Liling si Miguel at batid niya ang namagitang pangyayari sa dalawa.

—Hindi ko siya malimot Li-

(Sundan sa pahina 85)

NEW LOCATION
DR. BUENAVENTURA S. REALICA
Chest Specialist
Tisis Hika-Sakit sa Dibdib Ubo, Hingal, Paglura Ng Dugo
(BATA O MATANDA KLINIKA: Pedro Cruz, Bldg. 2 Palapag
401 Evangelista Quiapo Malapit sa Simbahan ng Quiapo.
Oras: 4:00 — 7:00 P.M. Araw-araw
Silid Blg. 201 X-RAY — Aerosol-Pneumotherapy

KLINIKA SA PUSO AT BAGA
Dr. LUIS Z. GONZALES
Rayos-X, Fluoroscopia at Electrocardiograpia (aparatong pangsuri sa tibok ng puso). R-209 Palomo Bldg., 815 O'Donnel, Maynila. Oras ng konsulta. 9-12 N.U. — 3-6 N.H.
Tel: Klinika — 3-75-65; Tahanan — 3-78-69

INEKSYON sa ALMURANAS
DR. V. T. SANTOS
Tiyan—Sikmura—Rayos-X
R-210 Palomo Bldg. Azcarraga, Maynila
Oras. 9:0 – 12:00 n.u. ... 9:00 n.h. Tel. 3-70-49

Espesyalista sa SAKIT sa ISIP at NERBIYOS
DR. RAFAEL E. GARCIA
Dalubhasa sa nerbiyos, matatakutin, pagkasindak at mga pagkabalisa convulsion sakit ng ulo at pagkaliyo. Hindi mapagkatulog at nasisiraan ng isip.
Tanggapan silid Blg. 309; Pangatlong palapag
Mercedes Bldg., Quiapo, Maynila

TAGUMPAY NG...

(Buhat sa pahina 76)

pat niyang iyon. Di maulatang kagalakan ang bumalot sa iyong munting puso. Ang dati mong hinanakit ay biglang nasubhan ng maningning na pag-asa. Gayonman ay nagpakatimpi pa rin ang iyong sarili.

—Lourdes, —patuloy pa niya, —higit kanginuman ay ikaw ang nakababatid na kung kaya ko hinainan ng pag-ibig si Raquel, ay dahil sa ating pustahan. Kaya't, utang na loob, patunayan mo sa kanya na siya ay hindi ko tunay na iniibig, —sumasamo pati ang kanyang tinig nang bigkasin ang pakiusap na yaon. —Noong una'y dinadaya ko sana ang aking damdamin, —dugtong pa niya, — nguni't ngayon ko lubos na naunawaang, ang isang pag-ibig na tapat at bukal sa puso ay higit palang makapangyarihan kaysa pagsuyong marupok na supling ng isang pustahan, kaya...

At biglang nauntol ang iba pa niyang sasabihin nang makarinig kayo ng sumalit na tawag ng kartero sa purok na iyon. Isang sobre ang iniabot sa iyo ng tagahatid-sulat, saka ● magalang na nagpaalam.

Sa unang sulyap mo lamang ay natiyak mo kaagad na kay Raquel galing ang natanggap mong iyon.

"Anang huling bahagi ng kalatas:

Kaya, ikaw na sana, Lourdes ang bahalang magpaabot kay Edgar ng malungkot kong napagsapit. Utang na loob, sabihin mo ang katutohanan, na ako ngayon ay kasal na sa lalaking gumamit ng dahas upang makamtan ang aking pag-ibig na sadyang para sa kanya ko inilalaan.

Ang iyong kaibigan
Raquel"

Sapat na ang liham na iyon upang maparam na biglang-bigla ang ligalig ng iyong damdamin at alinlangan ng iyong puso sa ipinagtapat ni Edgar. Nuon din ay nagningning sa kaligayahan ang dati'y malamlam na kislap ng iyong mga mata! Pati ng iyong maamong mukha, na nuong una ay mistulang larawan ng kawalang pag-asa ay biglang nabihisan ng matimyas na ngiti.

Sa makapangyarihang atas ng lihim mong pagmamahal kay Edgar ay napalingon ka sa kanya. Nagsalubong ang inyong mga paningin, na ang sa kanya ay may hiwatig ng pagtatanong ukol sa liham na hawak-hawak mo.

Sa pagkakaugnay ng inyong mga titig ay nadama mong sumigla ang tibok ng iyong puso! Nagunita mo tuloy ang damit-pangkasal. At nang sulyapan mo iyon ay waring naging higit na busilak at lalong gumanda sa iyong pangmalas; kaipala'y sa dahilang, ang mapalad na magsusuot niyon ay wala nang iba kundi... ikaw!

—WAKAS—

PAGDIDILIDILI

(Buhat sa pahina 25)

yumapos sa amang malaon nang sabik na mayakap ang bunsong nawalay ng tatlong taon sa kanyang piling.

..—Ama ko! Ama ko! —ang umiiyak na wika ni Denang. —Patawarin mo po ako sa nagawa kong pagkakamali! —Patuloy niya na waring hindi napansin ang maraming kanayong nakapaligid sa kanilang mag-ama. Ang iba'y pinapahid ang kanilang luha. Ang iba na may marurupok na kalooban ay tumalikod upang hindi makita ang tagpong yaon ng mag-ama na nangungusap ang luha sa kani-kanilang mga mata.

—Magdalena! Anak ko! —Lumuluhang wika ni mang Ambo. — Nagpapasalamat ako at nagbalik ka sa aking piling!

Pagkaraan ng ilang sandali, matapos pahirin ang mga butil ng luha sa kani-kanilang mga mata, ay nagpalitan ng balita ang mag-ama. Sa katagalan ng kanilang pagbabalitaan ay noon lamang napansin ni Denang na wala roon si Angel, ang nagbalita sa kanya, na may sakit ang kanyang ama.

—Si.... si Angel, ho, nahan? — Tanong ni Denang sa ama.

Matagal na sandaling hindi nakaimik si mang Ambo. Lumunok iyon na parang pinadudulas ang lalamunan. —Mag-iisang taon na ngayon siyang PATAY! —at napayuko ito.

—Ho?.... —ang tanging namutawi sa mga labi ni Denang. Matagal na tinakasan ng kulay ang kanyang mukha. —Nguni't ama....

FIGHTER
Cigarettes



Anong inam na sigarilyo! Maging sa paggawa o sa pamamahinga, matitiyak ninyo na ang sigarilyong FIGHTER ay may angking uri na nagbibigay sa kanya ng taguring "Ang Paborito ng Madla!'

LA PERLA CIGAR & CIGARETTE FACTORY, INC.
224 Quirino Avenue, ParaRaque, Rizal Tel. 8 36

noon lamang nakaraang linggo ey nakausap ko siya sa Maynila. Siya ang nagsabi sa akin na pabasa raw ninyo ngayon, at siya rin ang nagbalitang may sakit daw kayo?

—Ha?.... —Si mang Ambo naman ang hindi makapaniwala sa kanyang narinig. Paano'y isa pa siya sa mga nakipaglibing nang ihatid sa huling hantungan ang kasintahan ng kanyang anak. — Talagang mahal na mahal ka sa kanyang puso!

Ayaw pa sanang paniwalaan ni Denang na patay na nga si Angel. Subali't nang patunayan sa kanya ni aling Trining, ina ni Angel, na patay na nga ang anak nito, ay saka lamang naniwala si Denang. Nguni't kalakip naman niyon ang hapding kirot na nabuhay sa kanyang puso.... higit na mahapdi kaysa sa tiname niyang kasawian sa palad ng mga mapagsamantalang ape ni Adan, na matapos siyang lamuyutin sa palad ng mga iyon, ay naiwan siyang lantang bulaklak na wala nang bango.

—"Oh, Bakit.... bakit kinailangang sapitin ko ang ganitong kasawian? Bakit?.... At bakit ko pa naisipang lumayas sa amin at pagtaksilan si Angel at sumama ako sa lalaking dumaya ng aking pag-ibig? Bakit ko pa sinunod ang kabaliwan ng aking diwa upang pumagitna sa magulong lunsod ng Maynila? Bakit?.... Bakit?...."

PARANG multong nagbalik sa gunita ni Denang ang isang umagang naglalako siya ng gulay at isda, na kamunluk na siyang nabundol ng biglang lumikong kotse. Isang lalaki ang umibis at nilapitan siya. Iyon si Arturo, na matapos hingin ang kanyang pagpapaumanhin, ay nakipagkilala sa kanya, hanggang sa maging laging panauhin niya iyon, at matangay siya ng katamisan ng dila nito, hanggang naakit upang liparin ang pinapangarap niyang lunsad ng Maynila. Sa ginawa niyang pagsama kay Arturo ay nailibing tuloy niya sa paglimot ang mabait na kasintahan, si Angel. At kaya lamang niya naalaala ang pinagtaksilang kasuyo ay nang malaman niyang may asawa't anak pala ang sinamahan niyang lalaki. Parang nabulagan ay namasukan siya sa isang Bar bilang tagapagsilbi. Nguni't hindi niya akalin na sa pook na iyon ay marami pala ang maglulugso ng kanyang napariwara nang puri.

—Kalamayin mo, anak, ang kapalaran ikinabit sa iyong buhay ng ating Panginoon. —Tinig ng kanyang ama ang gumambala sa malalim na pagdidili-dili ni Denang.

—Tena, Denang! —Tawag ni aling Trining sa namimighating dalaga. —Saliwan mo kami sa pagbasa ng pasyong mahal!

Gayunpaman ay hindi umimik si Denang. Nakaharap na siya sa pasyong mahal ay parang wala pa siya sa sarili. At nang umaawit na siya ay maiinit na luha ang pumatak sa kanyang dibdib. Naalaala niya si Angel! At ang kanyang puso'y nauuhaw.... nauuhaw sa timyas ng pag-ibig ni Angel.

——WAKAS——

MAY ISANG...

(Buhat sa pahina 23)

kuwintas ng mapuputing bulaklak ng sampagita na sa kasariwaan ay nagtatapon ng masamyong halimuyak, at sa isang saglit ay parang lumaganap at napuno ang buong restawrang iyon.

—Ako! Ako! —Ang namulas na sunod-sunod sa labi ni Erlina. —Ako. Ako....

Tinanggap niya ang sampagita at nakita niyang may sulat na kasama iyon. Nanginginig ang mga daliring dinampot iyon at binuksan. Pinahid ang ulap ng luhang tumatakip sa kanyang paningin at binasa.

At saka pa lamang nalunasan ang mabigat na suliranin ng puso ni Erlina.

"Erlina,

Nabasa ko ang pakikipagtsang dibdib ni Artemio. Ako'y makikiramay sa pagdaramdam mo.

Dahil sa pangyayaring iyan, kaipala'y hindi mo na ibabawal sa aking padalhan kitang muli ng sampagita —ang sagisag ng aking pagmamahal na masusumpungan mong may bangong isusuob sa iyo sa habang buhay. Kaya, tanggapin mo sana, Erlina ang una't huling yamang inihahandog sa iyo ng aking kaluluwa.

Rafael."

—WAKAS—

Walang Patawad

(Buhat sa pahina 21)

kundi laguk-lagok, hindi na konti-konti lamang, kopa-kopang puno na; at habang tumutungga ay lalo siyang nauuhaw. Lalo siyang nagpapanibagong bulas. Nakikita niyang tila panoramang umiinog ang magagandang tanawin sa kanyang paligid, at kasabay niyo'y parang mga puting silahis na humahawi ng maiitim na guniguni sa kanyang isipan. Napapangiti na siya ng sariwang mga ngiti. Noon lamang siya natawang may matutunog na halakhak. Naisip niyang ang malasing pala'y parang masayang panaginip. Wala siyang malay na iyon pala'y simula na ng "Delirio," o paghihingalo ng isang buhay na nalalapit sa kanyang wakas.

Samantala'y patuloy na sumisidhi ang kanyang uhaw. Isang lagok pa, dalawang lagok pa ng alak at sa wari niya'y maaari na siyang makalipad na parang ibon kahi't walang pakpak. Maaari na siyang makalipad na parang ibon kahi't walang pakpak. Maaari na siyang makatakas dito sa mundong kahapis-hapis.

Hinawakan niya ang prasko at siya'y magsasalin, subali't wala na palang laman. Ilang patak na lamang ang tumulo sa kopa. Ang ilang patak na-alak ay hindi sapat upang magkabagwis ang kanyang kahibangan. Sayang. Kung wala na siyang matutungga ay kay daling mapuputol ang kanyang pag-aaliw.

Nguni't hintay! Mayroon siyang naalaala. Nagunita niyang sa estante ng mga kagamitan sa pagluluto sa kusina ay may isang bote ng Giniebra San Miguel na kakaunti lamang ang kulang, at marahil iyo'y nalabi sa isa nilang piging at naitago doon ni Binday.

Dali-dali siyang nagtindig at

ISANG TIKET NG SWEEPSTAKES

ay naglalaro sa SAMPUNG bilang?

Mga kaibigan, ito ay isang katotohanan na natupad dahil sa pagkakaroon ng isang bagong pamamaraan ng pagbola.

Ang bawa't libreta ay naglalaman ng SAMPUNG BILANG. Sakaling isa sa mga bilang ang magwagi ng malaking gantimpala, lahat ng bilang o tiket mula sa libretang ito ay magwawagi rin ng malaking premyo!

Samantalahin ang bagong paraang ito! BUMILI NG INYONG TIKET para sa bolahan ng sweepstakes sa Abril 22! Tulad ng dati, mahigit na KALAHATING MILYONG PISO ang ipinamamahagi, LIBRE SA BUWIS.

PHILIPPINE CHARITY SWEEPSTAKES

Ibabang Palapag, Gusali ng NAMARCO
M. de la Industria, Maynila Tel. 2-7391

walang iniwan sa paroparong pagiray-giray na lumabas sa kusina, at nang muling pumasok ay hawak na ang boteng sa boong akala niya'y alak nga ang laman. Hindi niya batid na iyon pala'y pinagsidlan lamang ni Binday ng Alcohol Denaturado, o "Wood Alcohol" na ginagamit sa pagpapaningas ng Kusinilya. Isang mabagsik na Ingridyenteng nakakalason, at ang ilang lagok lamang ay labis nang makamatay ng isang kabayo.

INUMIN KAYA NI ERLINDA ANG LAMAN NG BOTENG IPINALALAGAY NA HINIEBRA?

(ITUTULOY)

ISANG TANYAG...

(Buhat sa pahina 19)

panig niya, ang kanyang kakayahan.

Ang mga tao ay halos napipigil ang pahina dahil sa nakikita nilang ang mabibilis na tuldok sa bastidor ay mabilis na nakayari.

Ang bawat panig ay humahanga sa kanilang namamalas. Pinupuri ng mga mayamang nagmamasid ang kakisigan at kabilisan ni Maria. Gayon ding paghanga at pagpupuri ang inuukol ng mga nagmamasid sa hindi kilalang bordadora.

Ang ginagawa ng dalawa ay dumating sa pinakamahirap na bahagi. Natutuwa ang mga nagmamasid kay Maria at hinuhulaan nilang, sa bahaging ginagawa ay magagahis ni Maria ang kalaban.

Nguni't laban sa inaasahan, ang kalaban ni Maria ay matatag at patuloy na mabilis ang mga daliri sa pagtuldok at paghigit ng sinulid. Ang mga tuldok ay tiyak at hindi sumasala. Patuloy na nakikita ang kayarian na maganda at kahangahanga.

Isa sa mga taong nakatingin sa mahiwagang bordadora ay hindi napigil ang sarili sa pagsasalita ng malakas.

—Tingnan ninyo, anya — ang kagandahan, kalinisan at ang mga kulay na parang sariwangsariwa; hayan, malapit nang matapos. —Ang pinupuri ay ang ginagawa ng kalaban ni Maria.

Totoo nga naman. Hindi nàglipat-saglit at ang ginagawa noon ay natapos. Ang dalaga ay tumindig at tumanaw sa lahat ng panig. Isang maugong na palakpakan ang iniukol ng maraming tao nang makita siyang nakatapos.

Hindi pa natatapos si Maria. Natigilan ito. Inukulan ng tingin ang bastidor ng kalaban na nakalapag, at nakita niya ang kayarian. Natigilan si Maria.

Muling umugong ang pagbubunyi ng mga tao sa naunang nakatapos. Masaklap na hatol ang gayon sa isang napipilan.

Dinamdam ni Maria ang nangyari. Nanlulupaypay siya at hindi makatunghay sa mga tao. Ganoong napakalamig ay para siyang sinisilgan. Ang pawis niya ay humihlam sa kanyang mga mata.

Isang kapasyahan ang bumangon sa isip ni Maria, ang pagpapatiwakal. Hinawakan ang gunting na ginagamit at isasagawa na sana ang makutim na tangka. Siyang paglapit ng mahiwagang kalaban, at anya; Maria, huwag. Hindi mo dapat gawin ang tangka mo. Mangilabot ka. Dapat kang lumawig upang magsisi. Ang iyong kataasan, kapalaluan at hindi mabuting pakikitungo sa mga nag-akyat sa iyo, ay dapat mong pagsisihan.

—Sino ka ba? —payamot na naitanong ni Maria.

—Ako ang hinahangad mong makalaban; ang Dyosa ng Karunungan. Pinakiharapan kita. upang ang mali mong pagkakilala sa sarili ay huwag nang maulit, at ang karampatang parusa ay dapat mong matamo sa kaukulang panahon.

Napatigagal si Maria. Ang pagkatingin niya sa Dyosa ay nagbabadha ng alinlangan. Ibig niyang ibuka ang bibig upang humingi ng tawad ay hindi niya magawa. Ang kapalaluan din ang nakapangyayari sa sarili. Ang kanyang mga mata ay nagsisimulang manalim.

Siyang pagsasalita ng Dyosa.

—Mula ngayon, ang iyong katangian sa paghabi, ay dadalhin mo sa lahat ng panahon. Sa pamamagitan ng paghabi, gagawin mo ang iyong magiging tahanan. At sa tahanang iyong yayariin, ay doon ka mabubuhay.

At nakita na lamang ng mga tao ang untiunting paglalaho ni Maria at nang ito ay maparam ay lumitaw ang isang malaking gagamba na noon din ay nagsimulang humabi ng kanyang tahanan.

Nangabaghan ang mga tao.

Hindi nila akalaing humantong si Maria sa gayong kalagayan. Natitilihan sila sa pagtingin sa patuloy na paggawa ng gagamba. Sa paggawa ng kanyang bahay.

—Hanggan diyan mga anak ang kuwento. Maging aral nawa sa inyo ang sinapit ni Maria.

—Napakalungkot po ng kanyang sinapit, ingkong. —Si Pekto ang nagsalita.

—Iyon ay nangyari, upang maputol ang kanyang kapalaluan. Kaya, kayo mga anak, iyang pagpapalalo sa kapuwa ay huwag ninyong magagawa-gawa. Mangilabot kayo sa sinapit ni Maria.

—Isa nga pong magandang aral ang sinapit niya, ingkong.

—Siya, kayo ay dapat nang lumakad. Iligpit pa ninyo ang mga alaga ninyo.

—Opo, ingkong. Lalakad na po kami. —Si Manuel ang nagpaalam.

—Samahan kayo ng Mahal na Poon.

—WAKAS—

BUHAY NA LARAWAN

(Buhat sa pahina 17)

na kaibigang inanyayahan ni Abogado Santos, na siyang may handog ng idaraos na "stag party", alangalang sa nalalapit na pakikipag-isangdibdib ni Rogel. Ito man naman ay naroon na rin at nakangiting nakikipagkamay sa bawa't dumating at bumati sa kanya.

Sinimu'an ang inuman ng alak .Isang madaling tablan, kaharap ng mga nagmamalagihay na rin ang lumapit pa kay Rogel, pagkatapos na tunggain ang nalalabing wiski sa kanyang hawak na kopa.

—Bakit mo binili ang buong baka... gayong mura ang gatas at maaari ka namang bumili ng unti-unti...? —tanong ng lasing nang tatangu-tango pa sa pagsasalita.

—Siyanga... bakit maaga kang nakaisip na magbigti..? —susog ding tanong ng isa namang nagmamalagihay nang mapulang-mapula ang mukha.

Nangiti muna si Rogel, lumagok ng serbesa sa hawak na baso, saka marahang sumagot. .

—Ang pag-aasawa ay katulad din ng kamatayan, mga kaibigan... Iya'y may panahon nang pagdating, sa ayaw mo't sa ibig.

—Pero, kung hindi ka lumigaw, hindi darating iyan... —biglang sagot ng isa sa mga kaharap na namumu-

Tiki-Tiki MANUEL ZAMORA

Sumusugpo Sa Anemia!

Ako'y may anemia sapul pa noong ako'y nag-aaral sa mababang grado hanggang sa aking primera anyo ng "high school." Ako noo'y payat, maputla at mabina sa klase. Matapos akong makainom ng Tiki-Tiki Extract Manuel Zamora sa tuwina—ako ngayo'y malusog na may kutis na animo'y rosas at ang aking anemia ay ganap na nawala.

Andrea Bartolo

Andrea Bartolome

TIKI-TIKI EXTRACT Manuel Zamora

A QUALITY PRODUCT SINCE 1912

Ang Tiki-Tiki Extract Manuel Zamora ay isang mabisang pampalusog na sagana sa Bitamina B complex, ito'y sumasansala at tumutunas sa beri-beri, diuresis at anemia; tumutulong sa pagtunaw ng kinain at sumusugpo sa nagsisimulang pagkatuyo. Ito'y isang ligtas na panlunas sa mga karamdamang nagpapahina. Ang nagdadalang-tao o nagpapasusong mga ina at mga bata ay kailangang uminom ng mataas na uring pampalusog na ito. Ito'y sariwa!

SALAPING GANTIMPALA

Isulat ang tunay ninyong katanasan tungkol sa Tiki-Tiki Extract Manuel Zamora sa 50 salita at ilakip ang larawan at ang polyetong nakabalot sa bawa't botelya. Kung mapili at malathala, kayo'y tatanggap ng salaping gantimpala.

—Ito ang aming bagong botelyang may 15 cc.

Farmacia Manuel Zamora

981 R Hidalgo

ngay na rin ang mga mata.

—E, bakit naman hindi liligaw... Ang ibig mo ba'y maparis sa iyo, na gayong mahigit nang tatlumpung taon ay hindi pa marunong lumigaw hangga ngayon, kaya hindi makapag-asawa... —pakli naman ng isa, na naging sanhi ng malakas na paghahalakhakan ng magkakaharap.

—Ang inaalala ko kay Rogel ay baka matulad sa kaibigan nating si Masiong, na habang ang asawang abogada ay nasa hukuman at humaharap sa usapin, ay siya naman ang naiiwan sa bahay na naglalaba ng mga lampin at nag-aalaga sa bata... — anang isa pa.

Nagkatawanan ang magkakaharap, sapagka't ang Masiong na sinasabi nito ay kasa'ukuyang pumapasok sa kanilang kinalalagyan. Narinig pala ni Masiong ang sinabi ukol sa kanya, kaya nakangiting sumagot.

—Mabuti na ang maglaba ng lampin at mag-alaga ng bata, kaysa katulad ng kaibigan nating nagsalita na kasapi sa Kapisanang Hampas-bakya.

—Anong hampas-bakya...? —nakatawang tanungan ng mga kaharap.

—E, hindi makapanaog kung ayaw ang asawa... at ni hindi makapagpaalam na aalis, oras na makitang hawak na ng asawa ang bakya nito... at nang minsang magtanan sa pag-alis... alam ninyo ang nangyari nang magbalik...?

—Ano ang nangyari...? tanungan uli ng mga kaharap na sinundan ng tawanan.

—Nagkasira-sira ang bakya ng asawa sa kanyang ulo... kaya matagal na hindi nakapanaog ng bahay... —sagot ni Masiong, na sinundan ng halakhakan ng lahat.

—Hindi marahil mangyayari kay Rogel ang bagay na iyan... —anang isa naman.

—Malay natin... Iyang bait ni Rogel na iyan... Ang sabihin mo'y baka pagsuotin pa iyan ni Rosella ng kamisola... —sunggab ni Pakito, na malagihay na rin, na ikinangiti lamang ni Rogel.

—Huwag mong gagawin iyan, Rogel... Hindi baleng mag-nait gaun ka... pero huwag kang magkakamisola at kahiya-hiya... —nakatawang salo ni Ramon, na malakas ding ikinatawa ng magkakaharap.

Patuloy ang inuman at ang pagbibiruan, hanggang ikawalo ng gabing yaon, na siyang oras na ipinaghiwa-hiwalay ng magkakaibigan. Lulan ng kanyang awtong nagtungo si Rogel sa bahay ng kanyang katipan. Inabutan niyang naghihintay si Rosella.

—Naiinip ka na ba, mahal ko...? —masuyong tanong ng binata, saka inilagda sa pisngi ng doktora ang isang matamis na halik.

—Alam mo nang nagiging kainip-inip sa akin ang mga sandali, habang ikaw ay hindi ko nakikita at nakakausap... —malambing namang sagot ng dalaga.

—Kaya naman sinikap kong makaparito agad, upang huwag kang mainip, aking mahal... —maagap na sagot ng binata, saka naupong kapiling ng katipan.

Nang magkapiling na silang nakaupo ay saka nabanggit ni Rosella, ang guniguning-takot na hindi niya malaman kung bakit hanggang nang mga sandaling yaon ay lumiligalig sa kanya.

—Ukol sa ating kasal ay wala kang dapat na ikatakot... Tiyak na matutuloy ang ating pagiisangdibdib. Hindi na taon, hindi buwan, ni linggo ang ating bibilangin, kung hindi oras na lamang at magaganap na ang ating malaong pinanabikang pagharap sa dambana... —sagot ni Rogel.

—Ewan ko nga ba... Hindi ko malaman kung ano ang aking kinatatakutan... nguni't ako'y natatakot... Kakaba-kaba ang aking dibdib... Hindi mapanatag ang aking kalooban... at lagi nang may kalungkutang nakikisuno sa aking puso... Tila may kung anong pangitaing sumusurot sa aking paningin, habang nalalapit ang ating kasal... —ani Rosella, sa marahan at basag na tinig.

—Limutin mo ang kalungkutan... Ang lagi mong isa-isip ay ang kaligayahang naghihintay sa atin, pagkatapos nang kasal... Pagkatapos ng agahan sa Manila Hotel ay magtutuloy tayo sa Baguio, at pagkaraan ng isang buwan ay magtutuloy tayo sa Hongkong... sa Hapon... sa Haway... Sa Amerika... sa buong daigdig... —ani Rogel, saka muling hinagkan ang mabangong pisngi ng katipan.

—Iyan ang iyong pangarap at iyan din ang sa akin... Kahimanawari ay matupad ang pangarap nating dalawa|| —nakangiting tugon ni Rosella.

Marami pa silang napag-usapan, bago marahang tumindig si Rogel at nagpaalam sa katipan, nang marinig niyang tinugtog ng malaking orasan sa bahay na yaon ang ikalawa ng madaling-araw.

—Matulog ka na, pagkaalis ko, —ang bilin ni Rogel, pagkatapos na gawaran ng halik ng pamamaalam ang kanyang mahal.

—Gayon din ang iyong gawin. Huwag ka nang magdaan kung saan-saan. Umuwi ka na at pagdating mo sa bahay ay matulog ka... —ganting bilin ng doktora.

Sa ganyan sila nagkahiwalay. Buhat sa bahay ng kanyang katipan ay tuwiran nang umuwi si Rogel. Si Rosella naman ay nahiga na, upang makatulog. Nguni't gayong mariing pinipikit ang kanyang mga mata ay kung bakit ayaw siyang dalawin ng antok, hanggang sa abutin pa siyang gising ng tawag ni Rogel sa telepono, pagdating na pagdating sa bahay.

—Hangga ngayon ba naman ay hindi ka pa natutulog, mahal ko...?

—Pinipilit ko nga sana, nguni't ewan kung bakit ayaw akong dalawin ng antok... Marahil ay sa laki ng galak na nag-uumapaw sa aking dibdib, dahil sa nalalapit nating kasal... —ang sagot ni Rosella, sa hangad na huwag nang mabalisa ang kanyang katipan. —Matulog ka na, at huwag mo akong alalahanin. Mamaya lamang marahil ay aantukin na rin ako, —patapos ng dalaga.

—Hindi na rin ako matutulog habang ikaw ay gising... Magusap na lamang tayo sa telepono, hanggang sa tayo ay sabay na antukin, —tugon ng binata.

—Ipinapayo ko sa iyong matulog ka na. Masama sa iyo ang mapuyat, sapagka't maghapon ka pang pumapasok. Ayaw kong mangalumata ka sa araw ng ating kasal. Matulog ka na at ipinapangako ko sa iyong ako man ay matutulog na rin... ani Rosella.

—Ikaw ang bahala kung iyan ang iyong ibig. Alam mo na namang walang iniutos sa akin, na hindi ko sinunod... Kung gayo'y "sweet dreams", mahal ko, —patapos ni Rogel.

—Gayon din sa iyo, aking mahal, —tugon naman ng doktora.

Pagkatapos na ipinid ang telepono, ang ginawa ni Rosella ay kinuha buhat sa aparador ang kahong kinalalagyan ng kanyang damit-pangkasal. Isinabit itong kasama ng mahabang belo sa isang dulo ng kanyang kama, matagal na tinitigan, saka nakangiting hinagod-hagod. Nang ang mahabang belo ay hagkan na niya at idiit sa kanyang pisngi, hindi malaman ni Rosella kung bakit natulo ang kanyang luha, lumakas

Naisasauli Ang Lakas, Napapabata Ang Glandula

Hindi na kailangan ngayon ang magtiis buhat sa paglalaho ng pagkalalaki at lakas, panghihina ng isip at katawan, nerbiyos, maruming dugo balat na may karamdaman kalungkutan hindi mapagkatulog sapagka't isang Manggagamot na Amerikano ang nakatuklas ng isang madali at maginhawang paraan upang mawakasan ang mga bagabag na ito.

Ang tuklas na ito ay nasa kaayaayang ayos tabletang madaling lunukin. Ganap na walang panganib, magliligtas sa inyo sa operasyon ng glandula at nakapagdudulot ng bagong sigla at kabataan sa libo-libo. Tuwirang nagkakabisa sa glandula at nerbiyos at nagbibigay ng bagong sagana ng dugo at lakas sa inyong mga ugat. Makikita at madarama sa inyong sarili ang kabataan. Magniningning ang inyong mga mata magkakaroon kayo ng kasiglahan at mapanalaytay sa inyong katawan ang lakas at sigla ng kabataan.

At ang kahangahanga at bagong pangpalakas ng mga glandulang ito na kung tawagin ay Vi-Tabs ay pinananagutan. Napatunayan ito ng libo-libo sa Amerika at ipinamamahagi ngayon ng mga botikaryo dito sa Pilipinas sa ilalim ng pananagutang ganap na makasisiya sa inyo o isasauli ang inyong salapi. Dapat kayong padamhin ng kalakasan at magkaroon kayo ng tagal makadama ng kabataan o ibalik lamang ang hasyong pakete at ang inyong salapi ay isasauli. Ang isang tanging botelyang naglalaman ng 48 Vi-Tabs ay murang-mura ang halaga at ang pananagutan ang magsasanggalang sa inyo.

Vi-Tabs

Each Vi-Tabs Tablet contains in Grains, Iron Lactate, 1/3; Tobacine, 1/6; Acid Arsenous, 1/200; Pulverized Nux Vomica, 1/16; Pituitary Substance Whole, 1/4; Thyroid Substance Whole, 1/24; Adrenalin Substance Whole, 1/3; Yohimbine Hydrochloride, 1/24; Zinc Phosphide, 1/30.

MARY CHILES HOSPITAL & MATERNITY

Lahat ng uri ng karamadaman — Operasyon, Panggagamot at Panganganak
MAY RAYOS X AT HUSTONG KAGAMITAN SA KLINIKA AT LABORATORYO
SCHOOL OF MIDWIFERY
DR. M. FLORENDO, M.D.
135 Gastambide, Sampaloc, Maynila Tel. 3-79-34

DR. F. A. FIDELINO

DR. PILAR V. CRUZ — FIDELINO
MGA DALUBHASA SA PAGPAPAANAK. NA WALANG SAKIT, BOCIO ILONG, LALAMUNAN, TONSIL, APENDICITIS, MATRIS DAANAN NG IHI, LUSLOS, BALI NG BUTO, SAKIT NA LIHIM, BALAT, IIKA TUBERCULOSIS. May Pneumothorax at Rayos X sa mga BATA
KLINIKA: R-318 Mercedes Bldg. Oras: 9:30-12:00 N.U. 3:30-6:30 N.H.
Plaza Miranda, Quiapo Tel. 3-33-28 — Tahanan Tel. 7-20-53

ang kaba ng kanyang dibdib at may takot na namang nakisuno sa kanyang puso. Gayon man ay pinilit niyang aliwin ang kanyang sarili. Ginunità niya ang sinabi ni Rogel... Limutin mo ang kalungkutan... Ang lagi mong alalahanin ay ang naghihintay sa ating kaligayahan pagkatapos ng ating kasal...

Pabulong niyang inuulit iyan sa sarili, habang nakatingin siya sa larawan ni Rogel, na nakapatong sa ibabaw ng kanyang tokador. Buhat sa kinatatayuan ay marahan siyang humakbang, kinuha ang larawan ng katipan, matagal na idinikit sa kanyang pisngi... pinaliguan ng halik... idinikit sa kanyang dibdib, upang marahil ay marinig nito ang ibinubulong noon ng kanyang puso... *"Rogel, aking mahal, hindi na magtatagal at matutupad din ang pangarap nating kaligayahan..."*

Patuloy na hinahagkan-hagkan niya ang larawan ng katipan, hanggang sa siya'y mahiga... Ipinatong ito sa ibabaw ng kanyang unan, at patuloy na tila kinakausap. *"Rogel, mapaligaya kaya kita ng gaya ng aking pangarap...?"*

Hindi malaman ni Rosella, kung bakit naluha siya, pagkatapos na bigkasin ng pabulong ang tanong na iyan, kaya't nabasa ng luha ang larawan ni Rogel, nang ito'y muling halikan at idikit sa kanyang pisngi.

Nasa ganyang ayos si Rosella, nang muli niyang marinig na tumunog ang timbre ng kanyang telepono. Inisip niyang hindi na maaaring tumawag ang kanyang katipan, pagkatapos na magkasundo silang matutulog na. Naitanong niya sa sarili, kung sino pa ang maaaring tumawag sa kanya sa gayong oras. Wala siyang magunitang sino man. Nagawi ang kanyang mga paningin sa bukas na durungawan habang siya'y nag-iisip. Nakita niyang laganap ang di magkitang-sututing karimlan. Parang binabayo ang kanyang dibdib, habang patuloy ang pagtunog ng timbre ng telepono. Alinlangan siya ngayon, kung yaon ay dapat niyang sagutin o hindi...

(ITUTULOY)

GININTUANG...

(Buhat sa pahina 15

sa isang taksing naghihintay at buhat noon ay iniwasan mo na ako!

—Ano naman ang napagusapan ninyo noon, Bert?

—Humingi siya nang paumanhin. Sinabi niyang siya'y nagkamali at pinagsisisihan naniya ang lahat. Hiniling niyang magkasundo kami uli!

—Hindi ko akalaing lalambot ang kanyang puso, na, sa akala ko'y sinigas ng bakal. Hindi ba ang sabi pa niya noon! *"Isa kang sinungaling, magdaraya! Utot lamang ang bawong papatol sa iyo! Salamat at nangyari maaga'y nakilala kita! Makaliwas pa ako sa iyo!* At, ang iba pa niyang sinabi'y hindi ko na nga naring danil sa aking pagmamadaling makarating sa amin!

—Hindi nga kapanipaniwala, Fanny, nang sabihin ko sa kanyang tapos na ang lahat sa amin. Namagitan pa ang kanyang mga magulang sa amin, nguni't nagulo lamang ang aking isip pagka't nag-iisip ako noon kung bakit hindi mo ako binigyan nang pagkakataong makapagpaliwanag hinggil sa nangyari at ako'y niisan mo nang walang paalam. Buhat noon, Fanny, ay isinaisang-tabi ko muna ang pagibig. Mahirap, nguni't nagawa ko rin, hanggang sa makalipas ang ilang taon sa ating pagkakalayo. Salamat sa araw na ito ng PASKONG PAGKABUHAY, inaakala kong muling mananariwa at mabubuhay ang ating pagiibigan...

Sa huli kong pangungusap na ito'y pinagmasdan kita, Fanny. Nakita kong masaganang luha ang namamalisbis sa magkabila mong pisngi, kaya't hindi ako nakatiis. —Fanny, kung nasugatan ko ang iyong puso dahil sa kahilingan kong buhayin mo ang ating pag-iibigan, ipalagay mong wala kang narinig sa akin. Alang-alang sa iyong kaligayahan ay nakahanda akong magtiis...

—Walang sugat ang puso ko, Bert. Pinananabikan ko ngang magbalik ang ating kahapon, nguni't...

—...Huli na ang lahat, Fanny? Ganyan ba ang ibig mong sabihin?

—Oo, Bert, sapagka't naibaling ko na sa iba ang aking pag-ibig. Malapit na kaming humarap sa Dambana ng Diyos, nguni't bago ang lahat, hinihingi ko ang iyong kapatawaran pagka't ako ang maysala. Magkakalayo tayo, nguni't laban sa aking puso't kaluluwa, kaya hindi ko itinuturing na ako'y maligaya, bagaman umusbong sa

aking puso ang isang bagong pag-ibig. Kapalaran natin, Bert, ang magkalayo! Dinaramdam ko ang ganap nating paghihiwalay buhat ngayon...

Nalalaman kong may pagtingin ka pa sa akin, Fanny, kung iibigin ko lamang patayin ang bagong pag-ibig na umusbong sa iyong puso. Datapwa't hindi ko magagawa. Pasko pa naman noon nang pagkabuhay. Dapat sikapin ng sangkakristiyanuhan, na, panatilihing buhay ang nangabubuhay, at, tulungang mabuhay ang taong namatayan ng pag-asa. Iyan ang diwa nang muling pagkabuhay ng ating DAKILANG KRISTO, kaya naman buhat noon, Fanny, ay itinuring kong *ginintuan* ang araw na yaon, na siyang saksi sa banal nating pag-iibigan.

—WAKAS—

Wise Parents And Guardians Choose This Institution, Because They Have Seen The Efficiency And

success OF ITS GRADUATES

Enroll Them At The

DE LUXE FASHION SCHOOL

Recognized by the Government The Oldest, Largest & Famous in the Far East



The alma-mater of hundreds of Fashion School Directresses and Thousands of successful Dressmaker, beauticians and tailors in the Philippines, China, Japan, Siam, India, Guam and Borneo.

FAMOUS for great achievement integrity, quality of teaching, square dealing and fairness to students.



CHAMPION in the National & International Fairs

MEMBER
Philippine Especial Vocational Schools Association

All American Schools of Beauty Culture Associated Inc.

Free uniform, scissors, tape-measure notebook, pencil, needles, threads, thimble textbooks, curve ruler and 2 yards muslin. Free supplies, equipment and textbooks also. Free courses in Flowermaking Fancy Jewelry. Enroll your children at 333 E. Corrado-Carrido-Rizal Ave. Plaza Goiti. No bluffs * No rackets

Mail this coupon and receive Free souvenir Fan and prospectus.

Name .....
Address .....

SAYANG NA LIGAYA

(Buhat sa pahina 13)

kong dámit, na nasa may paanan ng aking kama. Habang nakaku'a ang mga damit pagkatapos mong sabunin ay saka mo naman simulan ang pagwawalis sa bakuran. Kung may tatawag sa telepono at itatanong ako, sabihin mong bukas na siya tumawag, sa ganito ring oras... —ang bilin ni Nena, na sinundan ng pagpanaog, kasunod din ang anak, na sasayaw-sayaw pa at waring ikinagagalak ang nakitang paghihirap ni Rosita sa paglilinis.

Hindi nakalimutan ni Nenang ipagbilin sa pamangkin ang ukol sa tawag sa telepono; nguni't mano man lamang nagunitang sabihin kay Rosita, kung saan ito kukuha ng pananghalian gayong alam na alam niyang wala naman siyang iiwang ulam at kanin, na maaaring makapawing-gutom sa kanyang pamangk'ng pinagtatrabaho niya ng masahol pa sa isang alila.

Tumango lamang si Rosita, at hindi sumagot ng ano man.

Lumulan ang mag-ina sa nagdaraang taksi. Habang tumatakbo ang sasakyan ay tinuturuan ni Nena ang kanyang anak ng sasabihin kung sila'y nakaharap na kay Danilo.

—Lalong mabuti kung mapipilit mong ikaw ay maiyak, at nang lalong maniwala ang iyong daddy, —wika pa ni Nena.

—Magagawa ko, mammy.... Kayang-kaya ko ang mag-iyak-iyakan... Puwede akong artista, mammy... —may pagmamagaling namang sagot ng anak.

—Magaling... Huwag mo lamang kalilimutan ang mga itinuro ko sa iyo, na dapat mong sabihin... Ako na ang bahala sa huli, —nagagalak namang wika ng ina.

Nataunan nilang wala namang maraming ginagawa si Danilo, nang sila'y dumating. Napansin agad ni Danilo ang nangingitim na mata at ang may pinsalang bisig ni Laura.

—Ano ang nangyari sa iyo...? Bakit ka nagkaganyan...? —nagtatakang tanong ni Danilo.

—Iyan ang dahilan kung bakit kami naparito agad, Danny, at hindi ko na nahintay na dumating ka pa sa bahay, upang maibalita ko sa iyo ang nangyari sa aking anak, —biglang sagot ni Nena, na kusang pinalungkot ang tinig, habang kinukusot ang mga mata sa pagsasalita.

—O, e, paano nga ang nangyari...?

Si Laura na ang sumagot na sinabayan ng iyak.

—Daddy, pinagtulung-tulungan ako roon ng mga nag-aaral at ng mga madre...

—Pinagtulung-tulungan? Bakit naman hindi mo inalam agad Nena, kung ano't ginayon nila ang iyong anak...? —ulit na tanong ni Danilo.

—Sa bahay na nagpunta ang dalawang madre, na kasama si Laura, kangina... Akalain mong ang anak ko pa ang pinalilitaw na masama ng dalawang madreng iyon...? At, ang lalong kasakit-sakit, Danny... —ani Nena, na sinimulan na ang pag-iyak, --nang nagpapaliwanagan na kami ng dalawang madre, pagka't ayaw kong maniwala sa kanilang mga kasinungalingan, ay sila pa ang kinampihan ng iyong anak... —patuloy pa ni Nena, na tinapos sa pananangis.

Kinagat ni Danilo ang kanyang labi. Napabuntong-hininga siya habang nakatanaw sa umiiyak na mag-ina. Pagkatapos na dampian ni Nena ng mabangong panyolito ang luha sa mga pisngi niya, ay saka nagsalita uli.

—Danny, ang isa pang dahilan ng biglang ipinarito naming mag-ina, ay upang magpaalam na kami sa iyo...

—Magpaalam....? Bakit....? Saan kayo pupunta...? —punungpuno ng pagtatakang tanong ni Danilo.

—Wala kaming tiyak na puntahan, nguni't mabuti na ang kami'y umalis kaysa manatili kami sa iyong bahay, upang tumanggap ng masasakit na salita, buhat sa iyong anak... —nananaghoy na tugon ni Nena.

—Hindi kita maunawaan, Nena...

Si Laura naman ang sumagot. Nagsalita siyang umiiyak din.

—Mangyari daddy, sinabi ni Rosita, kangina na kami raw ay nabubuhay at lumalamon, sa salaping naiwan ng kanyang namatay nang ina...

—Napakasakit, ang nangyayari sa aming mag-ina... Kung kumakain man kami at kami naman ay dinudusta... mabuti na ang kami'y magpalimos na lamang ng aming kakanin... —sunggab ni Nena, na basag ang tinig dahil sa patuloy na pagiyak.

—Daddy, masakit sa aming loob, na ikaw ay aming iwan, nguni't...

Hindi na natapos ang sasabihin ni Laura, sapagka't napahagulgol na ng iyak, sabay yakap sa kanyang ina.

Kagat naman ang labing tatangu-tango si Danilo, habang nakapako ang mga mata sa umiiyak na mag-ina.

(ITUTULOY)

PUSO * ALTA PRESYON * TUBERCULOSIS * ASMA
DR. MANUEL C. GUZMAN M. D.
ESPECIALISTA AT CERTIFICADO NG U.S.A.
HARVARD MEDICAL SCHOOL & TRUDEAU MEDICAL SCHOOL
FLECTROCARDIOGRAPHIC * X-RAY * FLUOROSCOPIC APPROCH
9-12 A.M. — 569 Herbosa St. Tondo, Manila — 4-7 P.M.



DR. V. G. LOPEZ
Tuberculosis—sakit na lihim—sa bulat at anumang karamdaman sa loob ng katawan. Libre ang Pasilip sa X-Ray tuwing Lunes, Sabado at Linggo ng umaga. May silid pribado para sa mga taga-lalawigan.
Rm. 208 Margarita David Bldg.
Rizal Ave., Kanto ng Azcarraga
Tel. 3-83-57

LUKSANG TAGUMPAY

(Buhat sa pahina 11)

ikinamatay.

Samantala, buhat sa barong-barong ni Anita, sadyang tinungo ni Carding ang tahanan ni Rafael, upang ito'y kausapin at hingan ng pa'iwanag dahil sa ginawang pagbulag kay Anita. Hindi niya na'alaman, samantalang siya'y patungo ruon ay nagaganap ang paglalaban ni Lucy at ni Rafael. Nang siya'y malapit na sa bahay na tutunguhin, masasalubong niya

ang isang pulis, nguni, siya'y nangubli, at nang ito'y makalampas ay saka siya tuwirang nagtungo sa bahay ni Rafael. Nakapinid ang mga pinto, kaya kinailangan niyang mangunyapit sa baging upang makapasok sa isang silid.

Samantalang buong panggigilalas na minamasid ni Lucy ang katawang hindi na kumikilos ni Rafael, nakaramdam siya ng mga yabag sa itaas; kinailangang itago ang sarili at magmatyag. Buhat sa ikalawang palapag ng bahay ay nakita niyang nananaog si Carding at, nakita rin niyang napahinto ng pagpanaog. Ito naman ay parang nabigla, hindi niya inisip man lamang na makikita niya si Rafael sa gayong kalagayan. Nagtuloy siyang bumaba at siniyasat ang bangkay; napapailing siya at hinagod ng masid ang mga paligid; walang buhay siyang nararamdaman sa mga paligid. Gayunman, siya'y kinilabutan at naitanong sa sarili: sino ang maaaring umutang ng buhay ni Rafael?

Sa mga sandaling iyon ay siyang pagpasok sa bulwagan ng isang utusan. Nang makita nitong nakalupasay ang katawang walang buhay ng kanyang panginoon na naliligo sa sariling dugo ay napatili nang malakas at humingi ng saklolo.

Bago dumating ang utusan ay nakatalilis na si Lucy, samantalang si Carding ay nanggilalas nang marinig ang tili. Nang siya'y tumindig buhat sa pagkakaluhod sa tabi ng bangkay, ang kanyang kamisadentro, pati ng kamay ay napuno ng dugong buhat sa mga sugat ni Rafael. Naisipan niyang mapangan.b ang kanyang kalagayan; maaaring datnan siya ng maykapangyarihan at siya ang dakpin at papanagutin sa pagkapatay kay Rafael, kaya minabuti niya ang lumisan. Hindi na nanaog sa hagdan; nagtungo sa silid at sa isang bukas na bintana ay naghugos, nguni, hindi pa siya nakababa sa lupa ay naramdaman niya ang mahigpit na hawak sa kanyang mga bisig ng isang alagad ng batas.

—Huwag kayong magtatangkang tumakbo, ginoo!

Ginawa ng mga maykapangyarihan ang ukol na pagsisiyasat at pagkatapos na mapag-aralan ng piskal ng Lunsod ang mga katibayang natipon ng mga tiktik na nagsiyasat, ay ipinasyang ipagharap ng sakdal na "asesinato" si Dr. Ricardo Llamas, dahil sa pataksil na pagkapatay sa dating Komandante ng Hukbo, Rafael Butamante.

Nagimbal ng gayon na lamang ang mataas na lipunan sa Maynila, at hindi nila inakala man lamang na ang pagkakapakasal ni Dr. Llamas sa ipinalagay na balo ng nabalitang namatay na Major Rafael Bustamante, ay humantong sa isang madugong pangyayari.

Ang samahan ng mga manggagamot na kumikilala sa katalinuhan ni Dr. Llamas ay kumilos upang tumulong sa pagtatanggol sa balitang siruhano, subali't anumang paghahangad ng samahang iyon ay walang nangyari.

—Ako'y napasasalamat sa inyo nang marami; nguni ang kinasangkutan kong suliranin ay sarili ko, "personal", at dito'y hindi nakakasama ang dangal ng ating propesyon, kaya huwag na kayong mag-abala, at pagpipilitan kong magtanggol sa sarili, at inaasahan kong ako naman ay magtatagumpay.

Gayundin, ang mga kasamahang doktor sa Ospital sa Dabaw kasama ang mga maykapangyarihan sa lunsod na iyon sa Timog, sa pamamagitan ng pahatid-kawad ay nagsipaghandog din ng tulong, nguni, lahat ay pinasalamatan, at tinanggihan ni Dr. Llamas.

(ITUTULOY)

NANGUNGUSAP NA...

(Buhat sa pahina 78)

ling... —padaing niyang sabi sa kaibigan.

—Nguni't may asawa na siya, Rosenda. Isang kahibangan na lamang ang pag-ukulan mo pa siya ng gunita. Ikaw lamang ang makakatulong sa iyong sarili upang makalimot. Paano kang makalilimot kung sa tuwina ay siya ang iyong aalalahanin, —masuyong alo ni Liling. —Ayaw mong ibaling sa iba ang iyong pansin. . Parang siya na lamang ang lalaki sa dagidig. Marami namang nanginginig sa iyo. Subukin mong umibig na muli. Sa palagay ko'y higit pa ang katangian ni Romulo kaysa kay Miguel.

—Aywan ko Liling... Aywan.. kung bakit ako nagkakaganito. —aniyang mapapabuntung-hininga. —Sa kabila ng lahat, ay pinakaiibig ko pa rin siya. Pinag-aralan ko na ring ibigin si Romulo nguni't hindi pala natuturuan ang puso. Kusa itong tumitibok kapag nakatagpo ng katugong tibukin.

Si Romulo ay matagal nang nangingibig sa dalaga. Hindi masasabing kapos siya sa katangian upang maibig ng isang babae. Tapos ng komersiyo si Romulo at sa kasalukuyan ay palagiang kontador publiko ng isang malaking kompanya. Datapuwa't sa kabila ng katangiang yaon ng binata ay hindi niya maantig ang matigas na puso ng dalaga. At bagama't wala siyang madamang pagtingin sa dalagang pinipintuho ay hindi siya nanghihinawa sa pagkatok sa puso ni Rosenda.

Ilang taon pa ang nagdudumaling lumisan... Namayapa na ang matandang ina ni Rosenda. Malalaki na ang kanyang mga kapatid. Nasa huling taon na ng mataas na paaralan si Nante na kapatid na bunso ni Rosenda. May mga sarili nang hanap-buhay ang dalawa pa niyang kapatid. Dalaga pa rin si Rosenda at patuloy pa rin ang walang sawang pamimintuho ni Romulo. .Subali't para kay Rosenda ay si Miguel pa rin ang lalaking nakadambana sa kanyang puso.

—Bakit hindi mo pa tanggapin ang pag-ibig ni Romulo, Rosenda. Batid mo na ang katapatan ng kanyang hangarin sa iyo, — minsan ay nasabi ni Liling sa kaibigan. —Hanggang ngayon ba'y pinapanaigili mo pa sa iyong alaala ang isang kahapong natitiyak mong hindi na magbabalik at kung sakali mang magbalik ay hindi mo na maaangkin...?

Nangiti lamang si Rosenda at hindi tinugon ang sinabing yaon ng kaibigan. Alam niya ang paghahangad ni Liling na matulungan siya.

At minsan pang nanukso ang mga pangyayari. Nagkatagpo sina Miguel at Rosenda sa isang pagtitipong kapuwa nila dinaluhan. Kasama ni Rosenda sina Liling at Romulo. May kasama rin si Miguel, pinsan ni Corazon di-umano. Huminging-pahintulot si Miguel kay Romulo na maisayaw si Rosenda.

Nagsayaw ang dating magkasuyo... At lalo nang napatunayan ni Rosenda na di pa napapawi sa kanyang puso ang katauhan ni Miguel. Lalong makisig si Miguel ngayon, at higit namang kaakit-akit si Rosenda sa kabila ng mga taong naragdag sa kanyang gulang.

—Kumusta Rosenda? —basag na tanong ni Miguel sa namagitang katahimikan habang sila'y nagsasayaw.

—Ma-mabuti... —aniyang kasaliw ng malakas na pintig ng nagpupumiglas niyang puso. Ang kaba sa kanyang dibdib ay inilalantad ng gatol sa kanyang tinig. —I-ikaw?... Si Cora, bakit hindi mo siya kasama ngayon?... — iniiwasan niyang masalubong ang titig ni Miguel. Pinipilit niyang patatagin ang kanyang tinig.

—Hindi sana ako dapat nagpunta rito na hindi ko kasama si Cora, —at naramdaman ni Rosenda na tinitigan siya ni Miguel,— nguni't siya ang nagtaboy sa akin upang samahan si Lourdes na kanyang pinsan. Taglay niya ngayon sa sinapupunan ang ikatlong supling ng aming pagsasama.

Muling namagitan ang katahimikan sa kanilang dalawa. Tila nanghahagilap ng sasabihin si Miguel at siya naman ay waring naghahanda ng itutugon. Naramdaman ni Rosenda ang paghigpit ng mga bisig ni Miguel sa kanyang baywang, na hindi niya matutulan. Lalong nagdumalas ang kaba sa kanyang puso. —Matagal ko nang hinangad ang ganitong pagkakataon, Rosenda. upang sabihin sa iyo na hindi ko natagpuan

FREE

MOVIE STAR PICTURES:

1 Postcard size colored picture of your favorite artist (Philippine artist only) will be given to anybody upon request. Copy or cut this coupon and enclose 20 centavos for handling & mailing charges. Send to

MR. MODESTO BARTOLOME
MOVIE STAR DEPT. 1732 Dart. Paco, Manila
Sir: Please send me the Picture of.
My name & Address:

sa piling ni Corazon ang kaligayahang ipinagkait mo. —May lungkot na mababakas sa tinig ni Miguel.

Sapat ang bulong na yaon upang saglit na makalimot si Rosenda. Buong laya niya naipaubaya kay Miguel ang nangangarap na puso ni Rosenda, sa purok ng mga salamisim.

At kaya lamang napukaw ang saglit na pagkalimot ng dalaga ay nang magawi ang kanyang tingin sa kinaroroonan ng kasama ni Miguel na ang titig ay di niya mawari kung may panibugho o paghihinala. Natanaw rin niya si Romulo na waring nangingimbulo sa pagkakahilig ng kanyang ulo sa balikat ng kasayaw, at ang tingin ni Liling na waring nagpapagunita. —Kapuwa tayo nagdusa sa aking pagkakamali, Rosenda, —patuloy na bulong ni Miguel. — hindi ko maitatawa ang katotohanang iniibig pa rin kita, pinakaiibig pa rin kita, Rosy.

Napapitlag ang dalagang tila nagising sa panganagarap. Inilayo ang kanyang katawan sa mahigpit na pagkakahapit ng kasayaw.

—Miguel!... Utang na loob... huwag mo akong turuang magkasala, —aniyang pinagsisikapang paglabanan ang kanyang sariling damdamin. Nakahinga siya nang maluwag nang matapos ang tugtog.

Natapos ang tagpong yaong nag-iwan ng lalong matingkad na alaala sa puso ni Rosenda. Nakadikit sa kanyang balintataw ang nakangiting larawan ni Miguel. Taglay pa rin ng dating kasuyo ang kakisigang umakit sa kanyang puso.

At ang pagkikita nina Rosenda at Miguel ay nasundan pa ng maraming ulit. At saka pa lamang nanumbalik kay Rosenda ang dating sigla nito. Ang gayon ay hindi nalilingid sa mapanuring pansin ni Liling, na lagi niyang kasama-sama kahit saan siya mapatalaga sa pamumudmod ng tulong buhat sa kagalingang panlipunan. Nakikiramdam lamang si Liling sa mga gawi ni Rosenda at nang hindi na makatiis palibhasa'y nababahala rin siya sa kalagayan ng kaibigan na nanganganib magkasala dahil sa panunukso ng pangyayari ay minsan pang pinagpaalalahanan si Rosenda na tulad sa isang kapatid.

—Rosy, ang pagpapaalaala ay gamot sa taong nakalimot. Alam mong si Miguel ay mayroon nang pananagutan sa mata ng tao at maging sa harap ng Diyos. Aanhin mo ang kaligayahang hindi mo masasarili? Samantala, kung si Romulo ang...

—Tama na Liling!... Tama na... hindi ko kailangan ang iyong paalaala. Kung inaakala mong mabuti si Romulo, kayong dalawa ang magsama, —pasinghal niyang sabi kay Liling at nagmamadali nitong tinungo ang isang barung-barong sa pook na yaon ng mga dukha na pinagkakalooban nila ng tulong.

Naiwan si Liling na nabigla sa inasal ni Rosenda. Alam ni Liling na nasalang niya ang mahinang bahagi ng damdamin ni Rosenda, kaya't ito'y biglang nanghimagsik. Bagaman nasaktan siya sa ginawi ng kaibigan ay hindi niya magawang pagtamnan ito ng sama ng loob. Mahal si Rosenda at mahalaga ang kapakanan nito para sa kanya.

May ilang sandali ring nanatili sa pagkakatayo si Liling at sinundan na lamang ng tingin ang lumayong kaibigan. Pagkaraan ng saglit na pagkakatigagal ay nanimigat ang mga paang humakbang si Liling patungo sa kinaroroonan ni Rosenda.

Samantala... Nakalulunos ang tanawing nabungaran ni Rosenda sa barung-barong na yaong kanyang tinungo. Halos ay mag-away sa pagkaing kanyang ibinigay ang dalawang batang lalaking dinatnan niya roon. Marurungis ang mga batang yaon... Nakasusulasok ang amoy na sumasalubong sa bawa't aakyat sa barung-barong na iyon. Sa sulok ng halos ay giray nang dampa ay nakalatag ang kapiyangot na banig na kinahihigan ng sanggol na sa malas ay may ilang linggo pa lamang sa maliwanag. Mapula't nanganganglirang ang batang katulad ng kanyang ina. At nanghilakbot si Rosenda nang makilala ang ina ng bata ay walang iba kundi si Corazon na asawa ni Miguel. May kilabot na gumapang sa buo niyang katauhan.

Nagunita niya nang gabing magkatagpo sila ni Miguel sa sayawang kapuwa nila dinaluhan na iba ang kasama ni Miguel. Diumano ay pinsan ni Corazon na kanyang asawa. Nanumbalik sa kanyang alaala ang kakaibang kislap sa mga mata ng babaing kasama ni Miguel habang sila'y nagsasayaw. Ngayon niya nabigyan ng kahulugan ang nanunukat na tingin niyon. At ang mabilis na pag-iwas ni Miguel nang minsang sila ay naglalakad sa may Abenida nang makita ang babaing yaong nakasama nito sa sayawan.

At saka pa lamang siya nagising sa isang mapait na katotohanan. Katotohanang nagpapatingkad sa kanyang napakalaking kamalian sa pagkilala sa lalaking sinamba ng kanyang puso't kaluluwa. Saka pa lamang niya nabigyang halaga ang katauhan ni Romulo, ang mga pagunita ni Liling, ang mahahalagang pangaral ng kanyang yumaong ina...

Nahihiya siyang napatungo nang masalubong ng kanyang tingin ang nagtatakang mga mata ni Liling na sumunod sa kanya nang makita si Corazon sa nakahahambal na ayos na yaon. .

Ang pagkaawang sumapuso ni Rosenda sa nakahahambal na katayuan ng mag-iina ni Miguel ay nagpaapoy ng pagkamuhi sa lalaking malaong idinambana sa kanyang puso.

—Patawarin mo ako Liling, may katuwiran ka. Ngayon lamang namulat sa katotohanan ang aking mga mata. —at pinahid ang luhang ibinunsod ng magkahalong awa at pagkamuhing namumugad sa kanyang puso.

Isang marahan at nakauunawang pisil sa kanyang bisig ang naging tugon ni Liling. At magkasunod nilang tinalunton ang landas na palayo sa pook na yaong kinatuklasan nila ng nangungusap na katotohanan sa buhay at pagkatao ni Miguel...

—WAKAS—

ULILANG BITUIN

(Buhat sa pahina 37)

nesto'y nagtungo sa kainan ng otel at doon humingi ng aalmusalin. Buhat sa hapag ng kanyang kinakainan ay tanaw na tanaw niya ang malaking pintuang labasan-pasukan ng malaking gusali. Marahan ang kanyang pagkain upang siya'y hindi mahalatang may hinihintay.

Ganap na ika walo ng yata ng umaga nang manglaki ang kanyang mga mata. Isang babaing nakabupanda ang pumasok na kasunod ang isang lalaki at isang dalagita.

"Si Dora...! Si Dora nga...!" ang kanyang nasambitla na kauntik nang malaglag sa kamay ang sigarilyong hinihitit.

Hindi niya gaanong namukhaan ang lalaki, ang kanyang mata'y nakapako sa asawang matulingmatuling umakyat sa hagdanan. Hindi siya agad sumunod... Ibig niyang magkaroon ng panahong makapag-isip kung ano ang hakbang na kanyang gagawin. Kinapa ang rebolber na namumutok sa bulsa ng kanyang amerikana.

Mahinahon niyang tinawag ang tagapaglingkod at binayaran ang kanyang kinain. Hindi rin siya nagmadali... Banayad din ang kanyang lakad upang hindi siya mahalata. Akala ng mga kawaning kanyang nasalubong, siya'y isa ring naninirahan sa otel na yaon kaya't hindi man lamang siya binati. Upang lalong malubos ang pagtitiwala sa kanya ay

ST. JUDE'S CLINIC & MATERNITY
302 Maria Clara, Sampaloc, Manila
Tel. 3-34-98
DR. RAMON ATIENZA JR.
Nag-espesyalista sa Unibersidad ng Harvard Cook County Hospital, Michael Reese at St. Catherine Hospital, Amerika
Sa sakit sa puso, alta presiyon at mga bata.
DRA. FELICIDAD CALIP-ATIENZA
Nag-espesyalista sa Johns Hopkins Hospital, Cook County Hospital Women & Children Hospital at St. Catherine Hospital, Amerika. Sa hindi mag-anak panganganak, Sakit sa matris, at sakit sa obario.

DRA. CARMELITA R. BELMONTE
Espesyalista
Sa Sakit ng mga Bata
Klinika at Tahanan: 1111 Dos Castillas, Maynila
Oras: 2-4 P.M. Araw-araw
Telepono — 3-96-50

Victoria Fashion School
Recognized by the Government
458 QUEZON Blvd., Quiapo Enrollment Going On
DRESSMAKING—EMBROIDERY
Day—Evening Classes Individual Instructions

DR. J. Y. FORES
(Espesyalista)
Cancer, Sakit ng Lalamunan
Tiyan, Atay at Bituka
Tahanan: ELPO COMPOUND Grace Park Tel. 20-377
Tanggapan: ST. LUKE'S HOSPITAL 1015 Magdalena St. Tel. 2-69-01
ORAS NG KONSULTA: 10-12 N.T. — 4-6 N.H.

humingi pa siya at bumili ng isang kahang sigarilyo. Matagal siyang tumayo-tayo at nagpausok sa loob ng bulwagan at pagkatapos ay marahan din siyang nagtungo sa hagdanang paakyat...

Bagama't nag-iinit ang kanyang dibdib, si Ernesto ay larawan ng kahinahunan kung lumakad at kumilos. Tila walang anuman ang lahat... Sa tapat ng silid bilang 22 na pinasukan nina Dora, si Ernesto ay huminto. Nakita niyang nakapuwang ng kaunti ang pinto nguni't hindi niya masilip ang mga tao sa loob. Marahan siyang tumabi at nakimatyag.

"Dali-daliin mo at nang hindi tayo gahulin sa panahon..." ang kanyang narinig na wika ni Dora." Ibig kong makaalis dito agad... Ang sabi ng *bell-boy* ay maraming nagtatanong sa akin..."

"Oo, kaunti na lamang ang ating babalutin..." ang tinig-babaing narinig din ni Ernesto na tumugon sa salita ni Dora. "Ang mabuti ay ayusin mo na, kuya, sa lupa ang mga kuwenta upang matapos na ang lahat."

"Iyan nga ang mabuti nang tayo'y makaalis agad..."

Sinugod ni Salvador ang pintuan, nguni't hindi pa man siya nakalalabas ay sinagupa na siya ni Ernesto, hinawakan sa dalawang bisig at saka biglang ipinagtulakan sa loob ng silid...

"Diyos na maawain!" ang pagulat na wika ni Nene nang makitang napasubsob ang kapatid sa malakas na pagkakatulak ng isang taong nasa pintuan at hawak ang isang makintab na rebolber." Kuya!..."

Sa sigaw na yaon ng dalaga ay lumabas si Dora na nasa munting silid.

"Nene, bakit?..." nguni't hindi na niya naipagpatuloy ang sasabihin. Nakita niya ang namumulang mukha ni Ernesto, nanginginig ang kamay at ang rebolber ay nakatuon kay Salvador na noon ay unti-unting bumabangon buhat sa pagkakasubsob dahil sa malakas na pagkatulak ni Ernesto.

"Ernesto!..." ang sambitla ni Dora na halos nawalan ng dugo sa mukha.

"Oo, ako nga... Naparito ako upang makipagtuos sa iyo at... sa lalaking ito... Hala tayo...!" —ang matigas na utos kay Salvador.

"Ernesto, kilala mo ako?..." ang wika ni Salvador na nagpapagpag ng damit. "Hindi ko akalaing..."

"Oo, kilala kita... Ikaw pala... si Kapitang Salvador del Mundo ng hukbong panglaan ng Pilipinas. Itinuturing kong kaibigan sa Korea... Nguni't... ngayon ko nakilala kung ano ang iyong mukha!..."

"Ernesto, maghunos-dili ka... Ngayon dapat mong malaman ang lahat na ako'y..."

"Sukat na... ayoko nang marinig. Sapat na ang aking nakita sa inyo... Alam mo buhat pa nang una na si Dora'y aking asawa, nguni't pinakialaman mo siya... inilayo sa akin, nabuhay kayong parang... parang..."

"Ernesto, hindi tutoo iyan!..." ang sigaw ni Dora na anyong lalapit sa asawa...

"Huwag kang lumapit kung ibig mong mabuhay pa ng matagal." ang banta ni Ernesto na nagngangalit ang ngipin...

—Nguni't Ernesto, hindi ako nagkakasala sa iyo..." At sinabayan ni Dora ng yakap sa asawa.

"Sukat na, walang hiyang babae..." ang paangil na wika ni Ernesto na sinabayan ng tulak at sampal sa asawa.

"Ernesto, huwag mong saktan si Dora..." ang agaw ni Salvador na biglang sinugod ang lalaking tumabig sa asawa.

Isang malakas na putok ng rebolber ang narinig sa loob ng silid na yaon at si Salvador ay napalugmok. Sa kanyang kanang bisig ay umagos ang dugo.

"Kuya!... Kuya!..." ang umiiyak na wika ni Nene na tinakbo ang kapatid na nakalugmok sa lapag. "Nabaril ka... nabaril ka, kuya...!"

Pati si Dora ay napasugod sa binaril... Hindi inalintana ang dugo sa kanyang bibig dahil sa malakas na pagkasampal ni Ernesto. Tumulo na ang luha sa mata ni Dora.

"Iyan ang bagay sa inyo...!" pagigil na wika ni Ernesto. "Ngayon ay hindi na kayo makapagkakaila, nahuli ko na kayong dalawa!..."

"Ernesto," lumuluhang wika ni Dora. "Bakit mo binaril ang taong nag-ampon sa akin? Nang ako'y umalis sa inyong tahanan, ang taong ito ang tumulong at dumamay hanggang ako'y makaligtas sa kamatayan, kailan man ay hindi siya lumagpas sa tungkulin ng isang taong marangal...

"Sukat na... magaling kang mangatwiran..."

Sasagot pa sana si Dora at magtatanggol nguni't siyang pagpasok ng may-ari ng otel na kasama sina Donya Adela at Belen na nakarinig ng malakas na putok sa lupa.

"Anong sigalot ito?..." tanong ng may-ari ng otel nang makitang nakaupo sa lapag si Salvador at inaagusan ng dugo sa bisig.

"Binaril po niya!..." ang tugon ni Nene na umiiyak. "Binaril po niya ang aking kapatid..."

"Ernesto," ang tawag ng ina." Kaya kita sinundan ay dahil sa... dahil sa... "nguni't nabalingan ng tingin si Dora." Ah... alam ko na... Ikaw ang dahilan ng lahat... Ginoong *manager*, ang babaing ito ay may asawa. Hayan ang kanyang asawa... May katwiran ang aking anak na barilin ang taong umagaw ng kanyang asawa. At ito pa palang otel ninyo ang ginagawang..."

Nguni't hindi pa niya natatapos ang sasabihin nang biglang pumasok sa silid na yaon ang anim na lalaking nakabihis ng magara. Kasama nila ang dalawang alagad ng batas ng Maynila.

"Mga ginoo at mga ginang." Ang magalang na wika ng isang lalaking may anyong kagalanggalang, nakasalamin at nakabaston ng kamagong.

"Sino kayo?..." ang tanong ng tagapamahala ng otel.

"Ako'y si Kung Cheng Heng, Konsul ng Korea..." ang magalang na pagpapakilala, "naparito kami sa himatong na dito matatagpuan si Dora Wang Lee."

"Dora Wang Lee?..." ang ulit ng tagapamahala. "Wala kaming nakikilalang Dora Wang Lee..."

"Hayan... Hayan ang inyong hinahanap!..." malakas na wika ni Donya Adela at itinuro ng daliri si Dora na noon ay nakatayo at alalay si Salvador sa bisig. "Hayan ang taksil na... taksil na..."

"Ikaw?..." ang tanong ng konsul na lumapit kay Dora, sa kanilang wika. "Ikaw si Dora Wang Lee...?"

Bahagya lamang tumango si Dora sa tanong ng konsul. Naglapitan ang iba pang kasama ng konsul at sila'y nag-usap ng marahan sa kanilang wika. Ang mata ng konsul naman ay laging nakapako sa nag-uulap na mukha ni Dora.

(ITUTULOY)

EMMA

(Buhat sa pahina 35)

salita si Emma na umiiyak. Malimit siyang mapahinto upang humikbi... Tumingala sa langit

ang babae, sinapo ang dibdib at saka nagpatuloy...

—Minamahal ko si Nestor, iyan ay inyong alam... Siya ang aking unang pag-ibig... Nais ko siyang lumigaya... Nang mga sandaling siya'y naglulubha, buhay ko man ang naging kailangan, gumaling lang siya, ay malugod kong ipagkakaloob. Iniwan ko ang aking tahanan, hindi ko nilingon ang samo ni Lauro na huwag akong umalis... Iyan ang inaamin kong kasalanan, Padre. Nguni't sa kasalanang iyan ay isang buhay ang aking nailigtas... Ang buhay ng isang minamahal... Datapuwa't ang Diyos ay di natutulog... Nakikita Niya ang lahat nang nangyayari sa daigdig... Siya, opo, Siya, Padre, ang aking saksi na sa buong panahong yaon ay wala akong sinikap kundi ang mailigtas sa tiyak na kamatayan si Nestor... At nang siya'y gumaling at lumakas, upang huwag kaming matukso, upang hindi kami magkasala, ako... ako ang lumayo at umalis... Kasalanan baga ang ganyan?...

—Ang dila ng tao at ang mata ng tao'y...

—Opo... hinatulan na nila ako! Iyan ay alam ko rin. Nguni't kayo... kayong aking kompesor, ako ba'y may kasalanan?...

Napabuntong-hininga ang pari at minasdan si Emma. Si Emma naman ay unti-unting napapaluhod sa harap ng matanda.

—Padre, ako'y nananalig na maaaring ibigin mo ang isang lalaki kahi't ka napakasal sa iba... Ang katawan ko at buhay ay nakasangla kay Lauro... Isinumpa ko sa harap ng altar na siya'y aking asawa at magiging ama ng aking mga anak. Ako'y magpapakatapat sa sumpang iyan... Maaari akong mabuhay at mamatay na nasa kanyang piling... Hindi ako maglililo kailanman. Nguni't ang tibok ng aking puso, Padre, ay maaari kong ibilanggo sa loob ng aking dibdib... Maaari akong umibig na hindi magkakasala sa aking asawa, hindi po ba?

—Malalim na talinghaga ang binanggit mo, anak ko... Ang pag-iisang dibdib ay dapat mabuklod ng pagmamahalan. Kung wala kang pagmamahal, nasaan ang iyong katwiran upang sumumpa ka sa harap ng altar na susundin mo ang iyong asawa? Iyan ang kasal na walang pag-ibig, Emma... Isang kasal na..

—Nguni't Padre, iyan ay tatap ninyo... si Nestor ay...

—Wala akong maipapayo sa iyo, anak, kungdi baguhin mo ang iyong paniniwalang iyan. Yamang ikaw ay nakatupad na kay Nestor, nailigtas mo na siya sa malubhang pagkakasakit, limutin mo siya... Mahalin mo ang iyong asawa sapagka't iyan ang hinihingi sa iyo ng katungkulang iyong sinumpaan. Ang pag-aasawang walang pag-ibig ay walang kaligayahan at malimit magbunga ng di pagkakasundo at pagkakasala ng isa at isa.

Hinaplos ng matandang pari ang buhok ng umiiyak na babae sa kanyang harap.

—Bayaan mo, anak ko, tutulungan kita sa iyong pagdarasal. Alam ko ang iyong kabutihan, Emma. Ako'y naniniwala sa iyong pagtatapat sa akin. Oo at banal ang iyong ginawang pagtulong kay Nestor, sapagka't iniligtas mo siya sa kamatayan. Nguni't hindi mo mapapaniwala ang mga tao sa ganyang katwiran. Isa na rito ay si Lauro... Paniwalang-paniwala na siya'y iyong pinagtaksilan... Nguni't alam ko, Emma, na kung gaano ang iyong paghihirap ay gayon din at marahil higit pa ang paghihirap ni Lauro. Ang iyong asawa, buhat nang kayo'y magkahiwalay na naging manginginom ng alak. Ibig niyang lunurin ang sama ng loob sa bisa ng alkohol... Iyan ang sumisira sa kanyang magandang pangangatawan...

—Diyata, Padre?... —at nagtaas ng mukha si Emma.

—Oo, Emma. Kangina lamang na kami'y nag-uusap, ay wala siyang tigil ng pag-inom sa pagitan ng bawa't pagsasalita.

—Padre, utang na loob, tulungan ninyo siya... Ipaliwanag ninyo sa kanya na masama ang kanyang ginagawa... Kung kailangang lumapit ako sa kanya at magmakaawa ay aking gagawin, huwag lamang masira ang kanyang katawan...

—Ngayon ko nalaman na may pagtingin ka rin sa iyong asawa, Emma.

—Sa harap ng Diyos at sa harap nb batas, ako'y kanyang asawa, Padre...

Marahang nagtindig ang matanda at kinuha ang baston...

—Aalis na ako... —ang pagpapaalam ng pari. —Nawa'y bigyan ng Diyos ng liwanag ang inyong nadirimlang mga kaisipan... Kayo naman ay mabubuting Katoliko. Lalo na ikaw, ikaw na madasalin at masimbahin... Hindi ka pababayaan ng langit na mabigo...

—Salamat po, Padre... —at hinagkan ni Emma ang kamay ng matandang kura. —Ilakip po ninyo ako sa inyong pagdarasal...

—Maiba ako, saan ko makakausap si Nestor?...

—Hindi na po kami nagkikita, Padre, —tugon ni Emma. —Buhat nang ako'y kanyang ihatid sa Maynila ay wala na akong nalalaman kung saan siya nagtitira ngayon. May balita po akong siya'y naglilingkod na naman sa hukbo.

—Maaari ko kaya siyang makausap?...

—Sa oras po siyang tumawag sa akin ay aking sasabihin, padre...

Sinamahan pa ni Emma ang matanda hanggang sa pintuan... Nang makasakay na ang pari sa kanyang sasakyan ay saka lamang nagbalik si Emma sa kabahayan. Hindi maalis ang paninikip ng kanyang dibdib... Ang kanyang mata'y mabasa-matuyo sa luha...

Sa loob ng maraming araw, si Emma ay di umaalis ng tahanan. Ibig niyang magtago sa mapanuring mata ng tao. Ang katanyagan ng kanyang usapin, ang pagkakalathala sa mga pahayagan, ay sapat na upang kahi't saan siya magtungo, ang mata ng bawa't masalubong niya ay nakatudla sa kanya. Tila siya ang laging minamasdan...

Iyan ang dahilan kung bakit anumang yaya ang gawin ni Nena na sila'y magpasyal o dumalaw sa mga dating kadalawan ay kanyang tinatanggihan... Ibig niyang lumayo sa mata ng bayan... Ibig niyang sarilinin ang sariling buhay...

Buhat sa kanyang kinaruroonan ay dating naman ng dating ang balita. Alam niyang si Lauro ay malimit sa mga bahay-sugalan, sa mga bar, at sa iba't ibang pook na liwaliwan... Ang labis niyang ikinalungkot ay ang balitang ito'y nahuhumaling sa pag-inom. Dati-dati naman ay di ganuon si Lauro... Ito'y isang mabait at masunuring asawa.

Siya kaya ang naging dahilan?... Siya kaya ang naging sanhi ng pagkakagayon ng asawa? Dahil kaya sa kanilang pagkakalayo kung kaya't dinadaan na lamang ni Lauro sa pag-inom ng alak ang paglimot sa kanilang mabigat na usapin?...

Sa gitna ng kanyang pag-iisa at paghihinagpis, ay wala nang nagiging gawain si Emma kungdi ang lumuhod at magdasal... Idalangin ang kaligtasan ng asawa at mga anak!...

(ITUTULOY)

Sabong TIONG SING

Pinakamabisang kalaban ng Dumi



Ang sabong TIONG SING ay mabula, dalisay matigas at mabango. Madaling makaalis ng dumi sa damit na inyong nilalabhan at hindi mahihirapan. Ligtas sa anumang sangkap na makapipinsala sa inyong kamay at gayon din sa inyong damit na nilalabhan.

Ugaliing gamitin ang sabong TIONG SING sa araw-araw na paglalaba ninyo ng damit kayo'y makapagtipid ng panahon at salapi

Gawa ng
TIONG SING SOAP FACTORY
San Pablo, Laguna, KP.

Tagapamahagi sa Maynila
TIONG SING TRADING CO.
748 J. Luna — Tel. 2-80-75

Kasaysayan Ni Gloria...

(Buhat sa pahina 45)

sa ibang araw, lalagdaan ko uli ang *autograph book* mo. Pasensiya na, ha? —sabi ko, saka humingi ako ng kaunting paumanhin sa kanya.

Nakangiti namang nagpaunlak ang batang babae.

Ilang araw pagkaraan ng tagpong iyon, nagsadya sa aming tahanan ang batang babae. Ang dahilan ay dalawang bagay: una, upang muling palagdaan ang kanyang *autograph book*, at ikalawa, upang isauli ang aking *fountain pen* ,na nawala nang magkita kami sa himpilan ng radyo.

—E, saan mo naman nakita ang *fountain pen*? —ang tanong ko sa kanya.

—Doon hu sa lapag. Kamuntik na nga hung mayapakan ng isang lalaki, e! —sabi ng batang babae.

Alam niyang sa akin ang plumang iyon, sapagka't mayroong pangalan ko.

Para sa akin, ang batang iyon ay napakauliran, sapagka't sa ganang akin, ang pinakadakilang katangiang maaaring taglayin ng isang tao, ay ang katapatan. *Honesty*, wika nga. Ang plumang iyon ay may halaga din mang iyon ay may halaga din naman. Nguni't sa kabila ng kahirapan ng batang babaing iyon, hindi niya hinangad na mapasakanya na ang aking pluma. Kapag gayon namang lahat ang aking mga tagahanga, lalong magkakaroon ako ng karangalang makapagmalaki. Sa panahon ngayon, mahirap makatagpo ng mga taong hindi marunong maghangad sa mga hindi nila ari...

—ITUTULOY—

ANG IDOLO

(Buhat sa pahina 65)

roroon.

Sa sanda-sandali, ang inaabatan ni Renato ay ang pagkakataong makasiksik siya sa makapal na tao, upang makaisod na patungo sa kanyang kotse, na nasa labas ng sine.

Utay-utay, si Renato ay nakarating sa kalagitnaan ng "lobby" mula sa itaas ng hagdanan. Mula roon ay ilang mahahabang sandaling napatigil siya, sa gitna ng mga taong lalong nagsiksikan sa hangad na mahipo lamang siya, makausap lamang siya, makita lamang ang kanilang "idolo."

Ilang sandali pa ang buong bagal na nakalipas, bago siya tuluyang nakarating sa labas ng sine. Sinundan pa mandin siya roon ng kanyang mga tagahanga. Sadyang ayaw siyang palayuin. Ang totoo, tila nauulinigan niyang may mga sumisigaw na siya'y maupo muna upang makapagpahinga, at upang pagsawaan munang makausap nang sarilinan ng kanyang mga tagahanga. Nguni't naisip naman niyang iyon ay isa nang pagmamalabis sa kanyang katawan, na kangina pa humihingi ng kailangang pagpapahinga.

Mula naman sa labas ng sine, minalas ni Renato ang kanyang kotseng nakaparada, at sa malas ay kangina pa naghihintay sa kanya. Matagal din bago siya nakasapit sa kanyang sasakyan.

At nang mabuksan niya ang pintuan niyon, madali siyang naupo sa upuan, at binunot sa kaibuturan ng kanyang dibdib ang isang malalim na buntung-hinin nga, saka ngumiti at minalas ang kanyang mga tagahanga na naroroon din. Pinahid pa ng likod ng isang kamay niya ang pawis na namuo sa kanyang noo.

Umayos ng pagkakaupo si Renato. Naisip niyang upang mapadali ang kanyang pag-alis, kailangang walang makamalay sa pagpapaandar niya sa kanyang kotse. Pinaandar na niya ang makina. Nguni't hindi pa lumalakad ang sasakyan. Kumaway siya sa kanyang mga tagahanga. Nagpaalam siya...

Kay-raming kamay na tumaas at kumaway din sa kanya. Sa dako pa roon, nakita niyang isang bugso pa ng kanyang mga tagahanga, na sa malas ay nahuli ang pagdating, ang nakahanda na upang siya'y sugurin.

Tinapakan niyang bigla ang gasolina, at sumibad ang sasakyan. Kanginang-kangina pa niya inaasam-asam na makaalis at makauwi... parang kanginang-kangina pa niya hinahangad na masuong ang sarili sa isang mabigat na sakuna, na siyang hahabi sa mahalagang kabanatang magaganap sa kanyang buhay sa hinaharap Kung nalalaman lamang niyang gayon ang mangyayari, kung na lalaman lamang niyang siya'y napipinto sa isang mabigat na sakuna, sana'y minais niyang manatili na lamang siya sa habang panahon sa "lobby" ng sine.

Ano kaya ang nangyari sa ating "idolo"?

(ITUTULOY)

Upang lubos kayong masiyahan...



uminom ng

MANILA Rum

Laging Malinamnam!

LA TONDEÑA, INC.

427-453 ECHAGUE, MANILA TEL., 3-91-61

ANG MGA MILAGRO NG ATING INA NG LAGING SAKLOLO

TINAGALOG NI: TERESA MANSILLA ISINAAYOS NI: E. REYES TAN GUHIT NI: JESS

IKA-23 LABAS

NAKITA NI CARMELA ANG BATANG TINATANGANAN NG ISANG BABAE NA HUWAG NANG MAKAUWI-UWI KUNG WALANG TAGLAY NA KUWALTA, SINABAT NINA CARMELA ANG BATA AT TINANONG KUNG ANO ANG IKINAGAGALIT DITO NG BABAE. IPINAGTAPAT NG BATA, NA PINAPANGHIHINGI SIYA NG LIMOS NG KANYANG ALE. SA AWA NI CARMELA AY IBINIGAY SA BATA ANG KANYANG MAGANDANG SUPOT NA MAY LAMANG DALAWAMPISO. ANG MGA KASAMAHAN NI CARMELA AY NAGANDAHAN SA SUPOT AT PINANGAKUAN SILA NI CARMELA NA PAGKAKALOOBAN NOON...

NARATNAN NI CARMELA SA BAHAY NA MAGKAUSAP ANG BARONESA AT ANG KONDE. NAGBIGAY GALANG SIYA SA KONDE AT PAGKATAPOS, LUMAPIT SA BARONESA AT HUMALIK DITO...

KONDE MAURICIO, ITO PO ANG KAISA-ISA KONG ANAK, SI MARIE.

MAPALAD KAYO BARONESA, AT MAY ANAK KAYONG MAPAGMAMALAKI.

SALAMAT PO.

AT NAGPAALAM SI CARMELA...

SA, INYO PONG KAPAHINTULUTAN.

NAGPAALAM NA RIN ANG KONDE AT NANG ITO AY MAKAALIS, TINUNGO NG BARONESA SI CARMELA SA SILID NITO.

ANAK, NGAYON AY HINDI NA CARMELA ANG ITATAWAG NAMIN SA IYO. MARIE NA ANG ITATAWAG KO SA IYO NA SIYANG PANGALAN NG ANAK KONG NAMATAY.

SALAMAT PO, MAMA, KUNG AKO PO'Y PINAGING MARAPAT NINYO SA PANGALAN NG INYONG ANAK.

AT IBINALITA NI CARMELA ANG PAG-UWI NIYANG KASAMA NG MARAMING BATA...
MASAYANG MASAYA PO KAMI, MAMA. HABANG LUMALAKAD. KASABAY KO PO ANG MGA NAG-AARAL KAY MESTRO ANTON.
HA?.. HINDI MO NA ISINAALANG-ALANG ANG IYONG KALAGAYAN?
HINDI NAKAHUMA SI CARMELA AT BIGLANG LUMUNGKOT ANG MUKHA NITO. NAPANSIN ANG GAYON NG BARONESA...
BAKIT? BAKIT BIGLA KANG NAMANGLAW, ANAK?
MAMA, NAKALIMUTAN NA PO YATA NINYO NA ANG DIYOS AY NANAOG PO SA LUPA NA ANG HINANAP NA KAIBIGAN AY MGA MAHIHIRAP. AKO PO'Y HAMAK NA ALABOK LAMANG.

ANG SINABI NI CARMELA AY TUMALAB SA PUSO NG BARONESA KAYA'T HINDI NITO NAPIGIL ANG PAGLUHA....
MAMA, BIKIT KAYO LUMULUHA? MASAMA PO BA ANG SINABI KO SA INYO?
ANO PONG GAWA IYON NA DAPAT KONG IPAGPATULOY?
IKINATUWA KO ANG ISINAGOT MO SA AKIN. ANG LUHA KO AY LUHA NG KATUWAAN. YAMANG GANYAN ANG KALOOBAN MO, IBIG KONG ITULOY MO ANG GINAGAWA NG AKING ANAK.
SI MARIE AY NAGSISIMBA TUWING MIYERKOLES AT NAMAMAHAGI NG LIMOS SA MGA PULUBI. KUNG LINGGO AY NAGSISIMBA AT NAGHAHANDOG NG PAGKAIN SA MGA DUKHA.
MAMA, PANGARAP KO PO IYAN PAGKAKAISIP KO NA, DANGAT MAHIRAP PO LAMANG KAMI.

NGAYON AY MAGAGAWA MO NANG LUBOS ANG PINAPANGARAP MO.
MAMA!
SIYANG PAGPASOK NI RAQUEL...
RAQUEL, DUMATING KA NA PALA. MAY MAHALAGA AKONG SASABIHIN SA IYO.
ANO KAYA ANG IBABALITA NG BARONESA KAY RAQUEL?
MAISAGAWA KAYA NI CARMELA ANG MGA SINABI NG BARONESA?
ABANGAN ANG KASUNOD

Hiwalat sa GULOD
Nobela ni COCHING
Guhit ni RUBEN M. FABIAN

Nakaraan"
PAGKATAPOS IPAHAYAG NI MARIA NA ANG MATIRANG MATIBAY AY SIYANG HAHALILI KAY FELISARDO AT MAG-AARI NG KAYAMANAN SA LOOB NG YUNGIB AY PUMAYAG ANG DALAWANG TAKSIL, NA NAGSIPAGBUNOT NG TALIBONG AT SINIMULAN ANG PAGHAHAMOK...
MARAHAS NA NAGSAGUPA SI PELIS-BALIBOL AT SI PEDRONG-HANTIK. NAGBIBIGWASAN NG WALANG PUKNAT NA TAGA AT ULOS. DUGUAN NA SILA KAPUWA, NGUNIT SA MALAS AY WALANG UURONG O HANGGANG SA MAGKALAGUTAN....
MALAPIT NA RITO ANG MGA PUTOK. BAYAAN MO NA SILANG MAGPATAYAN, TUMAKAS KA NA! ILIGTAS MO ANG BUHAY MO...!
HE-HE-HE-...! KUNWARI'Y MAHAL MO PA RIN AKO. HUWAG MO AKONG LINLANGIN PAGKAT HINDI AKO GAYA NOONG TUNGGAK...!
IKA-56 NA LABAS

HINDI KITA NILILINLANG, MARIA. SINO MAN ANG MANALO SA DALAWANG BALAKYOT NA IYAN AY HINDI AKO LAMANG ANG UUTASIN KUNDI PATI IKAW AY NANGANGANIB PAGKATAPOS KANG PAGSAWAAN.
ALAM KO, NGUNIT NASABI KO NA BA IYONG MGA KAMAY KO NA RIN ANG MAGPAPARAMDAM SA IYO NG LALONG MASAKIT NA KAMATAYAN....!
NANG MULING LINGUNIN NI MARIA ANG DALAWANG NAGHAHAMOK AY BIGLANG NATIGAGAL AT NAPABULALAS NA ANYA'Y...
ABA, AT TAPOS NA PALA ANG LABANAN! SINO KAYA ANG....!

HINDI NAITULOY ANG SASABIHIN PAGKA'T NALINGAPAN NIYA SA GAWING KANAN SI PELIS-BALIBOL NA NAKABULAGTÁNG HALOS PUTOL ANG LIIG AT LUMULUTANG SA SARILING DUGO, SA GAWING KALIWA NAMAN, SI PEDRONG HANTIK AY NADAPANG WAKWAK ANG TAGILIRAN...
HA-HA-HA-HA-HAAAA!.. ANG MGA ULOL NA DAYUKDOK SA KAMUNDUHAN. SA PAGHAHANGAD NG ALIW SA KANDILNGAN KO, AT MGA GUSI NG GINTO AT PILAK, AY KAPUWA NILANTONG SA MALASIM KAMATAYAN!....


NAKITA MO ANG NAGING WAKAS NG DALAWANG BUHONG NA PAGKATAPOS MONG PAGTIWALAAN AY SIYA RING GUMAPOS SA IYO... UBOS NA ANG MABABANGIS MONG KAMPON, AT NGAYO'Y MATUTUPAD NA ANG LAON KONG NASANG PAGHIHIGANTI SA IYO!
ANG TIGAS NG PUSO MO, MARIA... IYON PALAY MAY BANTA KANG HIGANTI SA AKIN AY BAKIT HINDI NOON PANG UNANG ARAW AY PINATAY MO NA AKO?

NABATA MONG MAKAPILING, AT NAPAGTIISAN MONG TANGGAPIN ANG MGA HALIK AT YAKAP NG LALAKING ISINUSUMPA MO AT KINASUSUKLAMAN NANG LABIS.
DIYAN MO MASUSUKAT NA TINIIS KONG LUNUKIN ANG NAKADIDIRING KAPAITAN NG MAKA-HAYOP MONG PAG-IBIG, UPANG MATUPAD ANG HANGARIN KONG MALIPOL KAYONG LAHAT NA MGA TULISAN DITO SA BUNDOK!

KUNG IYAN LAMANG HAMAK NA BUHAY MO AY HINDI SAPAT NA KATUMBAS NG IGINUHO MONG KALIGAYAHAN NAMIN NI SIMON. NGAYO'Y IPINAGTATAPAT KO SA IYONG AKO'Y ESPIYA NG KOSTABULARYA. SAMANTALANG INIHAHANDA KO ANG PLANO NG MGA LIHIM NA LAGUSAN SA IYONG KUTA AY UNTI-UNTI KONG PINUPUKSA SA TUDLA NG BUSOG ANG MGA PUSAKAL MONG KAMPON... AKO RIN ANG NAGHUDYAT SA PAGSALAKAY NA ITO NG MGA KOSTABULARYO....!

KUNG GAYO'Y ANO PA ANG HINIHINTAY MO? PALIPARIN MO NA ANG BAO NG ULO KO UPANG HUWAG NANG MAGLUWAT ANG MGA SAKIT NG AKING LOOB...
HA-HA-HA-HAAAA! TALAGANG PATATAGALIN KO MUNA ANG IYONG PAGHIHIRAP. HINDI KITA PAPATAYING BIGLA. LALASLASIN KO MUNA ANG IYONG TIYAN UPANG MARAMDAMAN MO ANG SAKIT NG PAGDUKOT KO SA IYONG PUSO...
ITUTULOY

General Paua

(Buhat sa pahinà 67)

nap niyang matutuhan, ang gawain ng isang panday. Ang kaalaman at karanasang kanyang natipon ay ngayon niya pakikinabangan...

Isang araw nga ay makikitang si Tenyente Paua ay abala na sa kanyang gawain sa isang pandayan, na ipinatayo niya. Buhus na buhos ang kanyang kalooban sa kanyang gawain...

Isang araw, isang kawal ang dumating sa kanyang pandayan, at pagkatapos luminga-linga, may iniabot na isang sulat sa kanya.

Madaling binuksan ni Tenyente Paua ang sulat, at maingat na binasa ang nilalaman niyon.

—Galing po sa heneral ang sulat na iyan, —sabi ng naghatid na kawal.

Pagkatapos matunghayan ang katatanggap na liham, tinipon ni Tenyente Paua ang lahat nang kanyang mga tauhan sa pandayan.

—Magsipaghanda kayo ngayon din! Ipagtatanggol natin ang Binakayan, na kasalukuyang sinasalakay ng mga kawal Kastila! — ang sabi niya.

Maliwanag sa kanyang mga tauhan ang sinabi ni Tenyente Paua. Noon din, binitiwan nila ang kanilang ginagawa at nagsipaghanda.

Mula roon, nilakbay nila ang Binakayan. Parang nagh.hintay lamang sa kanila ang labanan. Pagdating na pagdating nila roon, madali silang napalaban sa lakas ng Kastila.

Sa pakikipaglabang iyon ay minsan pang nagpamalas si Tenyente Paua ng kanyang pamb.hirang katapangan, at dahil doon, siya'y itinaas ng tungkulin. Isa na siyang kapitan ngayon.

Ang totoo, tuwing manggagaling si Paua sa labanan, siya'y laging natataas ng tungkulin sapagka't pinatitibayan niya ang kanyang katapangan at katalinuhan sa pakikipaglaban sa kanilang mga kaaway.

ISANG araw, isang kawal ang dumating sa imbakan ng mga kagamitang-digma...

Lumapit ang kawal sa tanod.

—Sino ang kailangan mo? — tanong ng tanod.

—Nariyan ba si Kapitan Paua? Si Heneral ay may sulat para sa kanya! —tugon ng kawal.

Nakarating kay Kapitan Paua ang sulat ng heneral. Pagkatapos niyang tanggapin iyon, pinaalis na niya ang kawal. Matamang tinunghayan niya ang sulat. At pagkatapos, kinuha ang kanyang sableng nakasabit sa dinding. Masasalamin sa kanyang mukha ang isang sulliraning masalimuot at mabigat...

—ITUTULOY—

Makukulay Na Karanasan

(Buhat sa pahinà 47)

wala akong kakaba-kaba. Basta sumakay ako, napahatid sa patutunguhan ko, at pagkatapos, pinapaghintay ko ang tsuper. Nabayaran ko rin naman, sapagka't may pera sa pinatunguhan ko. Pero, isang rekord na iyan, hindi ba? Kung inaakala ninyong malakas din ang inyong loob, subukin ninyong gawin iyan. Makita ko lang...

NATATANDAAN ba ninyo ang tsuper na sinampal ko noong araw? Kung sa bagay ang usaping ito ay matagal nang tapos, at ito'y natapos nang nasisiyahan kaming dalawa ng tsuper. At batid na rin ng madla kung paanong nangyari ang "sakunang" ito.

Pero mayroon akong isasalaysay sa inyo tungkol sa kabiyak ng tsuper na aking tinutukoy. Ang kabiyak pala ng tsuper na iyon ay ubod nang ganda. Mabait, tahimik, masipag, at mahilig sa polikulang Tagalog. Ang halos hindi ko mapaniwalaan ay ito: ang asawa pala ng tsuper na iyon ay isa sa masusugid kong tagahanga. (Kung sa bagay, ito'y balita lang naman ng iba sa akin.) Nang mangyari nga raw ang "sakunang" iyon, binawalan ng tsuper na manood ng pelikulang Tagalog ang kanyang kabiyak. Iya'y maaaring gawin ng sinumang lalaki, sa sama ng loob. Ipinaalis daw ang mga larawan ko na matiyagang idinikit ng babae sa kanilang mga dinding.

Mangyari pa, hindi maiiwasan ang magkaroon ng kaunting "Sagutan." Masamang-masama ang loob ng babae, nguni't palibhasa'y babae, walang nagawa kundi ang sundin ang ipinag-uutos ng kanyang kabiyak. Inalis ang lahat ng larawan kong nakadikit sa dinding, bagaman masakit na masakit iyon sa kanyang kalooban.

Pero nang magkaintindihan naman kami ng tsuper, isang araw daw, ang tsuper naman ang kumuha sa mga larawan ko, at siya ang nagdikit na muli niyon, sa kanilang dinding. Tuwang-tuwa daw ang babae. Ito'y isa sa mga pangyayari sa aking buhay, na hindi ko na malilimutan. At, kaipala'y hindi kayo maniniwala, lalong napamahal sa akin ang tsuper na iyon. Ang totoo, balang araw ay inaasahan kong ako'y dadalawin niya sa aming tahanan, na kasama ang kanyang kabiyak, na isa ko palang tagahanga.

(ITUTULOY)

Margarita

(Buhat sà pahinà 49)

bilang pagpupugay sa mga lalaking naroroon, at pagkatapos ay lalong madaling tumalikod at umalis.

—Margarita! Margarita...! — ang tawag sa kanya ni Peping.

Napansin ng iba pang mga naroroon ang pasigaw na pagtawag ni Peping kay Margarita. Nguni't iyon ay hindi niya pinansin. Ang kailangan niya'y makausap nang sarilinan si Margarita. Kailangang-kailangan, sapagka't marami siyang uusisain.

Nang hindi man lamang siya nilingon ni Margarita, naisipan niyang ito'y sundan. Kumilos siya agad. Sinundan niya si Margarita. Huminto si Margarita. Lumapit si Peping.

—Margarita, bakit ka nagkakaganyan sa akin? —bungad na tanong ni Peping.

Sa halip na tumugon, si Margarita ay napayuko lamang.

—May nagawa ba akong pagkakasala sa iyo upang.. —patuloy ni Peping.

—Wala... —mahinang tugon ni Margarita.

—Iyan din ang pagkakaalam ko. Pero, bakit...

—Alam mo na, Peping. Sapagka't inilibig ka ng aking kapatid, —tuwirang tugon ni Margarita.

—Pero batid mo namang hindi ko siya iniibig!

—Kailangang ibigin mo siya, Peping!

Pagkasabi niyon ay aalis na sana si Margarita, nguni't nahawakan siya sa bisig ni Peping.

—Hindi mo lang nalalaman, Margarita, sa pag-ibig mo naroon ang aking buhay. Kung mawala ka sa akin, wala naring kahulugan ang buhay kong ito. Kaya naman tiniis kong maglakad gabi't araw sa paghahanap sa iyo... sapagka't batid kong ang aking hinahanap ay ang aking buhay, ang aking kaligayahan, ang aking tanglaw, na siyang maghahatid sa akin sa rurok ng kaligayahan at kaluwalhatian! —mahabang sabi ni Peping.

—Jose... —mahinang sabi ni Margarita, saka napayupyop sa dibdib ng binata.

—Mula ngayon, hindi ko na tutulutang magkahiwalay tayo!

—Nguni't paano mo patutunayan ang pagmamahal mo sa akin?

—Isasama kita sa aming lala-

DR. FLORENTINO N. SANTOS

Sa operasyon ng sikmurá,, ápdo, bocio, bituka, pilay at bali

DRA. CARMEN ENVERGA—SANTOS

Post Graduate sa Universidad ng Harvard at Loyola, Amerika

Sa hindi magkaanak panganganák, sakit sa matris sakit sa obáryo suso—Umaga—sa pakikipagtipanán; Hapon—3-6. R-212 Alcazár Bldg. Cárriedo at Estero Cegado—Tel. 3-70-62. Tahanan—Tel. 60 Local 364R

DR. B. M. VILLAPANDO

ESPESYALISTA SA MGA SAKIT SA MATA, ILONG, TAINGA AT LALAMUNAN. Tumutustis ng Tonsil sa 2 minuto na hindi na kailangang matira sa Ospital. Mga bagong kagamitan sa pagsukat ng salamin sa mata at Rayos-X

WALANG BAYAD ANG KONSULTA KUNG LINGGO

Oras: 9-12 N.U. at 2-5 N.H. — Linggo 9-12 N.U. — Tel. 3-42-82

Pedro Cruz Bldg. Tagiliran ng Simbahan ng Kiyapo, Maynila

DRA. CELESTINA G. LIM-ESPIRITU M. D.

Sakit ng babae at Bata, Panganganak ng walang sakit (by trilene) Laging nakukunan at hindi mag-anak, pigilin ang pag-anak. Sirang regla. Masakit na pag-ihi, Almoranas, Tonsil na gagaling ng walang tistis Nerbiyos, Manhid, Rayuma, Tagyawat.

ESPIRITU MATERNITY & GENERAL CLINIC

1284 Paz Paco. Mga taga Hilaga, Sakyan áng "Pañdakan" o "Stá. Aña" Bus sa Quiapo at bumaba sa Calle Paz malapit sa Obras.

SARAT na ILONG

Mapatatangos na pirmihan ng hindi titistisin

Sumangguni kay DR. AMANDO V. SANTOS

Espesyalista sa mga sakit sa MATA, TAINGA ILONG at LALAMUNAN

Klinika—Silid 213 PALOMO BLDG. Azcarraga kanto ng O'Donnel

Konsulta: 9:00-12:00 N.U. — 3:00-6:00 N.H. — Tel. 3-71-25

HOLY ROSARY HOSPITAL & MATERNITY — Mayroong X-RAY

DR. ROMEO C. MONTES, M.D.

Espesyalista sa sakit ng bata sa dibdib at sakit na ilhim

DRA. VIRGINIA D. MONTES, M.D.

Espesyalista sa sakit ng mga babae sa hindi magkaanak, Pangangának at sakit ng mga bata

Oras: 9-12 N.U. araw-araw 2-6 N.H. maliban kung Linggo.

1425 Narra St. Maynila Tel. 2-63-12

wigan — ipakikilala kita sa aking ina — at pakakasal tayo sa lalong madaling panahon!

(ITUTULOY)

CRISTINA...

(Buhat sa pahina 68)

ay nag-aaral siya sa Centro Escolar University. Noong una ay ayaw ni Cristinang mag-artista, subali't dahil sa himok ni Gerry de Leon ay napahinuhod na rin siya. Sadyang mapalad si Cristina, sapagka't sa kanyang kaunaunahang paglabas sa pelikula ay hindi na siya naging ekstra o bit player, kaya, kundi isang ganap na bituin na katambal si Leopoldo Salcedo, sa pelikulang "Saigon". Ang pelikulang ito ay kuhang lahat sa Vietnam.

Kung sa sukatan sa pagtatagumpay ng isang bituin ay ang kanyang anyo, tindig, kilos at pagbigkas ng salita, walang alinlangang si Cristina Pacheco ang makatutugon sa sukatan iyan.

RUDY...

(Buhat sa pahina 50)

ikapat, sa mga hukuman, sapagka't sa mga sandaling iyon, kung siya'y wala sa tatlong unang aming binanggit, siya'y maaaring nakikipagbalitaktakan sa ibang mananangol.

Nguni't huwag naman ninyong hinalaing si Rudy ay wala nang ibang pook na nararating kundi ang aming mga tinuran. Madalas siyang sumama kina Dr. at Gng. Jose Perez, kasama ng ibang mga bituin, sa pagliliwaliw sa iba't ibang magaganda at makasaysayang pook dito sa Pil'pinas.

BIBIGYAN namin ng isang magandang *tip* ang kadalagahan. Kapag tinanong ang isang lalaking bituin, laluna kung ang nagtatanong ay isang babae, kung ang bituing iyon ay binata pa o may pananagutan na sa buhay, ang tiyak na isasagot ay *wala pa!* Mayroon din namang mga nagtatapat ng katotohanang hinggil sa kanilang katayuan sa buhay. Nguni't yaon ang mga bituing hindi na maikaila ang tungkol sa kanilang katayuan sa buhay. Hinggil kay Rudy Francisco, kami ang gumagarantiya na siya'y isang abugado at artistang binatang-binata. Nguni't saliwa naman ang ginagawa ni Rudy. Tuwing may magtatanong sa kanya, kung siya'y binata pa o may pananagutan na, ang sinasabi niya'y may pananagutan na siya, saka niya ngingitian ang nagtatanong sa kanya. Iya'y pagbibiro lamang ni Rudy.

ISANG magandang katotohanan pa ang mawiwika natin kay Rudy Francisco. Maaaring hinalain nating si Rudy ay marami ng salapi ngayon. Maaari nating sabihin iyan, sapagka't bukod sa siya'y isang taong titulado, siya'y isa pa ring bituin sa pinilakang tabing. Nguni't magkakamali tayo. Sapagka't sa palagay namin, si Rudy ay hindi magiging mayaman. Para sa kanya, ang salapi ay pabango lamang sa buhay ng isang tao. Halimbawa, sa kanya, higit ang kahalagahan ng pagtulong kaysa sa salapi. Kahi't walang ibabayad, ang isang kliyente ay kanyang ipinagtatanggol. Hindi niya inaalagata kung masusulit ang pagod niya sa pamamagitan ng salaping ibabayad sa kanya ng kanyang ipagtatanggol. Iya'y prinsipyo sa buhay ng isang taong kahanga-hanga.

SA PAGIGING asiwang lagi sa kanyang dalawang propesyon, paano mapag-uukulan ng panahon ni Rudy ang tungkol sa suliranin ng kanyang puso? Iyan kaipala ang dahilan kung bakit hanggang ngayon, siya'y isa pa ring binatang may layang humanap ng babaing inaakala niyang karapatdapat mag-ingat ng kanyang pangalan at karangalan.

Kung sa bagay, natitiyak na rin naming isa kayo sa mga nakababatid na si Rudy ay naghahain ng pag-ibig kay Gloria Romero. Kung totoo, o hindi ang balitang iyan, siyang hindi namin masasabi. Ang kalahati ay maaaring totoo, at ang natitira pang kalahati ay maaaring hindi. Sa ibang kahulugan, ang hula ninyo, o ang paniwala ninyo, ay kasing-husay na rin ng sa amin.

Nguni't isang bagay ang aming titiyakin: nakaharap sa walang kahulilip na kaligayahan ang sinumang babaing magiging kabiyak ng puso ni Rudy Francisco. Nasa kanya na yata ang lahat nang katangiang maaaring hanapin ng isang babae sa isang lalaking naisin niyang maging katalik ng buhay: mabait, maginoo, walang bisyo, mapagtagan, mabini, titulado, bantog na artista, managkawanggawa sa kapuwa, mahabagin sa mahihirap, kaibigan ng lahat, mabuting makisama, at... naku, siguradong walang kulangan ito, kung isasalaysay namin ang lahat ng katangian ni Rudy Francisco. Ang lahat ng kanyang mga katangian ay sa gayon tong paraan na lamang namin sasabihin: siya'y isang mabuting Kristiyano!

—WAKAS—

ABANDONADO

(Buhat sa pahina 42)

—amuki naman ni Flora.

Pagkatapos kumain, si Virgilio ay hindi na nagpahinga. Nagpaalam siya sa kanyang mga kapatid, idinahilang titingnan niya ang lupang inilaalok sa kanya ng isang may bukid upang bungkalin. Wala siyang binanggit na anuman tungkol sa nangyaring pagkikita ni Ben, at sa mga bagay na kanilang pinagkayarian.

Ang pag-uwi ni Virgilio at ang hindi pagkakatanggap sa kanya sa pagsusundalo, ay nakapagpatiwasay sa kalooban ni Flora. Anuman ngayon ang mangyari ay hindi na siya lubhang mag-aalaala pagka't magkakasama na silang magkakapatid.

Patuloy ang matuling takbo ng mga araw. Bawa't sandaling magdaan ay nakakatumbas ng isang butil na ginto sa ganang kay Virgilio, na walang sinasayang na araw sa paghahanda ng bukid na ipinagkatiwala sa kanya ni Ben.

—Kung may panahon naman si Ben, siya'y lihim ding tumutulong kay Virgilio sa paghahanda na lupa, upang huwag gahulin, sa hi naharap na taniman.

Si Flora, na kadalasa'y siyang naghahatid ng pagkain kay Virgilio, upang ito'y huwag nang maabala sa gawain, ay wala pa ring kamalayan sa pagiging magkasama ng kanyang kapatid at ni Ben. Nasisiyahan na siya sa kasalukuyang takbo ng kanilang pamumuhay. Hindi na sila gaanong nagdadahop ngayon, pagka't madalas na siyang binibigyan ni Virgilio ng kailangang gugulin sa bahay, kahit na hindi siya dumaraing sa kapatid. Kung usisain naman niya si Virgilio, tungkol sa pinagkukunan ng kuwaltang iniuuwi nito, walang laging isinasagot ang kanyang kapatid, kundi inuutang daw sa kanyang kasama o pinagbibilhan kaya ng kanyang mga pananim na gulay.

Ang mga dating utang nila ay unti-unti nang nabayaran ni Flora, at naipagpapatuloy na rin nila ang pagbabayad ng kaukulang hulog sa Banko.

Lalo pang nalugod si Flora, nang sabihin sa kanya ni aling Clara,

(Sundan sa pahina 102)

KAIBIG-IBIG, KAHALIHALINANG KUTIS
NA NAG-AANYAYA NG ROMANSA

Gawing sariwa maamis at kaibig-ibig ang inyong balat sa pamamagitan ng ORCHID FACE POWDER na tutugon sa kanyang puso.

Mabibili sa lahat ng basar at tindahan.

IKA-10 LABAS

Nakaraan:

NAKALIMOT ANG DALAWA SA KANILANG SUMPA AT SILA'Y NAGYAKAP, SUBALIT SAGLIT LAMANG IYON. KAAGAD NA NAGYAYA ANG BINATANG SILA'Y UMUWI NA. NADAANAN NILA ANG MGA PILYONG KABINATAAN AT PINASARINGAN NG MAHAHAYAP NA SALITA SI SATURNINO. NILAPITAN NG BINATA ANG MGA DON AT PINAKIUSAPAN, NGUNIT LALO LAMANG SIYANG HINAMAK AT PINAGTAWANAN. TIM ANG MGA BAGANG NA NAGPIGIL ANG BINATA...

PAGLAPIT NA PAGLAPIT NI PACIO, AY...
TEKA NGA MUNA... IKAW BA'Y TALAGANG... ARAY! ANIMAL! TRAIDOR! ARUY!
UH! UH!
PAK
AT, PAGKATAPOS, BIGLANG SINUGOT NI SATURNINO ANG MGA KASAMAHAN NI PACIO, AT...
ARAY KO POOO! ANG PIGSA KO!
UH! UH! SIGE, BAKIT DI KAYO LUMABAN NGAYON!
MATUTULIN PA SA KOTSENG NAGPANAKBUHAN ANG MGA BARKADA NI PACIO...
MGA DUWAG! MAGBALIK KAYO! MAGBALIK KAYO!
NGUNI'T NI ISA'Y WALANG NAGBALIK UPANG HARAPIN ANG GALIT NA GALIT NA BINATA. MARAMING ARAW ANG MATULING NAGDAAN. ISANG GABI...
SAAN KO KAYA NAITAGO ANG LUMANG LIHAM NI TIYO PORONG? HUWAG NA LAMANG SANANG MAWALA IYON. DOON NASASALALAY ANG PAGASA KONG MAGING MARIWASA SA BUHAY!
MAYA-MAYA...
A... ETO, ETO NGA!
At kung ibig ninyo, kuya Pentong, yaman din lamang wala kaming anak ni Asiang ko, ay pamalagiin na ninyo rito si Saturnino nang makapag-aral naman ang bata. Hanggang dito na lamang, kuya Pentong... inaasahan kong pagsikulan ninyo ng pansin ang aking mungkahi. Ang iyong kapatid, Porong
SI TIYO PORONG! SA MAYNILA... MAKIKIPAGSAPALARAN AKO SA MAYNILA... KUNG MAMAMALAGI AKO RITO, HINDI MATUTUPAD ANG PANGARAP KONG MAGING MAYAMAN!
ITUTULOY

"Aking KALIGAYAHAN"

NOBELA NI P.A. LIJAUCO
GUHIT NI P. JUSTIMBASTE

ANG NAKARAAN:

SA MAHUSAY NA PANLILINLANG NI RONNIE, ANG NALALABING PINAGBILHAN SA LUPA'T BAHAY AY NAKUHA NIYA KAY CONCHITA... AT HABANG SI CONCHITA AY ABALA SA PAGHAHANDA SA PANGAKO NIYANG PAGPAPAKASAL, AY NAMAMALI NAMAN NIYA PA-SAWAYUNIN SI LULU SA BALAK NIYANG PAGTATANAN...

IKA-40-LABAS

MATAPOS MAIPAGBILIN NI RONNIE KAY LULU, ANG MGA KAILANGAN NILA SA PAGKUHA NG LISENSIYA SA KASAL, AY UMUWI NA ANG DALAGA. SI RONNIE NAMAN, AY HINDI NAG-AKSAYA NG PANAHON. NANG HAPONG RING IYON AY NAGSADYA SIYA SA ISANG MATALIK NIYANG KAIBIGAN.
"SERIOUS" AKO SA ISANG ITO TONY. KAILANGAN KO ANG IYONG TULONG UPANG KAMI AY MAKASAL AGAD.
BASTA TOTOHANIN MO, AY AREGLADO. ALAM MO, E, AYAW KONG MAGALI SA GUSOT, NGUNI'T KONG GANYAN AY MAAASAHAN MO ANG AKING TULONG ...
SA PANGAKONG IYON NG KAIBIGAN AY NASISIYAHANG UMUWI SI RONNIE. NAGULAT PA SIYA NANG DATNAN NIYA SI CONCHITA, NA ABALA SA PAGHAHANDA NG "IMBITASYON".
IKAW PALA, "DEAR". TAMA NA KAYA ITO. BASAHIN MO...
BUONG-BUO ANG PANINIWALA NIYANG SIYA'Y AKING PAKAKASALAN.
MATAPOS NIYANG KUNWA'Y BASAHIN ITO, AY...
MAGANDA... AKO NA "HONEY" ANG MAGPAPAGAWA NITO. MAY KILALA AKONG MAHUSAY NA IMPRENTA.
LALONG MABUTI DEAR. IPAGAWA MONG "FIRST CLASS", HANE?
'DI KASI NAMAN "FIRST CLASS" ITO SA BASURAHAN.
MADALING IPINAGHAIN NI CONCHITA SI RONNIE, AT...
HMMM...TALAGANG NAPAKASARAP MONG MAGLUTO "HONEY"
SAAN KAYA MABUTING GAWIN ANG ATING "WEDDING BREAKFAST" SA "SKY ROOM" O SA "MANILA HOTEL"?
IKAW NA ANG BAHALA. KUNG SAAN MO INAAKALANG MABUTI, "HONEY".
KAAWAAWA RIN NAMAN ITONG SI CONCHITA... NGUNI'T TALAGANG GANYAN ANG BUHAY... ISANG MANGLILINLANG AT ISANG MALILINLANG, KAYA WALA AKONG MAGAGAWA..." SORRY NA LANG."
ITUTULOY

Dalawang Kasal

IKA-34 NA LABAS

ANG NAKARAAN:

BAGAMAT NABIGO SI IMELDA SA KANYANG PAGSUBAYBAY KAY MILA, IPINANGAKO NIYA SA KANYANG SARILI NA HAHANAPIN NIYANG MULI ITO SA KINABUKASAN. SAMANTALA, SI MILA NAMAN AY NAKAUWI NA, AT MATAPOS NIYANG AMBIGAY ANG SALAPING KANYANG NAPAGPALIMUSAN AY NATUWA SIYA NANG MAKITA NIYANG LUMAMIG ANG ULO NG KANYANG ASAWANG SI PEPE.

SA KABILANG DAKO AY NALIGALIG NA LUBHA SI GREG NANG MALAMAN NIYANG HINDI PA UMUUWI NG BAHAY SI LUCY... NAGDAGDAG PA ANG KANYANG PAG-AALALA NANG MABATID NIYANG WALA RIN ANG KANYANG ASAWA SA KANI-KANILANG MGA MAGULANG...

Nina: REDONDO at ZUÑIGA

PADABOG NA TUMAYO SI GREG, MULA SA KANYANG KINAUUPUAN AT NAGNGINGITNGIT NA NAGLAKAD NG PABALIK-BALIK SA LOOB NG KANYANG UPUSINA...

SAAN KAYA NAGTUNGO SI LUCY AT HANGGA NGAYON AY HINDI PA SIYA UMUUWI?... TANGHALI NA, AT NI HINDI MAN LAMANG SIYA NAGPAALAM SA AKIN! ALAM NAMAN NIYANG AYAW KO NANG GANO'N! PAG-UWING PAG-UWI KO AY PAGSASABIHAN KO SIYA!

TEKA... SA KABILANG DAKO, AY BAKA NAMAN KUNG ANO ANG NANGYARI SA KANYA! BAKA NAMAN KAYA SIYA'Y NAAKSIDENTE NA!...

AT HABANG INIISIP NI GREG ANG BAGAY NA IYON AY LALONG SINIKLOT ANG KANYANG PUSO NG MALABIS NA TAKOT...

PATAKBONG BINALIKAN NI GREG ANG TELEPONO AT ISA-ISANG TINAWAGAN ANG MGA OSPITAL...

OPO, ISANG BABAING MAY DALAWAMPU'T TATLONG TAONG GULANG... MAGANDA ANG HUBOG NG KATAWAN... MAY KATAMTAMAN ANG TAAS... MAY NUNAL SA BATOK... WALA PO BA?... SALAMAT PO!...

PAGKARAAN NG ILANG TAWAG SA OSPITAL AY NAISIPAN NI GREG NA TUMAWAG SA KANILA...
"HELLO"... NARIRIYAN NA BA ANG SENYORA MO?... NARIRIYAN NA? SABIHIN MONG NUWAG SIYANG AALIS AT UUWI AKO!


SA TINDI NG GALIT NI GREG NAGMAMADALING LUMABAS NG UPISINA ANG LALAKI... PARANG NAKIKIPAGKARERA SA KAMATAYAN NA PINATAKBO NI GREG ANG KANYANG KOTSE...
MAKIKITA NG BABAING IYAN, PAG-UWI KO! SASABUNIN KO SIYA NG HUSTO! BINIGYAN NIYA AKO NG ALALAHANIN SA GINAWA NIYANG IYON!

SUBALI'T NANG MAKAUWI NA ANG LALAKI AY SINALUBONG SIYA NG YAPOS AT HALIK NI LUCY...
LUCY, HALIKA RITO! GUSTO KITANG MAKAUSAP TUNGKOL SA...
GREG... DARLING!...

BIGLANG LUMAMIG ANG ULO NI GREG. HUMUPA ANG KANYANG GALIT KAYA'T NANG TANUNGIN SIYA NI LUCY AY MALUMANAY NA SIYANG SUMAGOT...
ANO ANG SINASABI MO KANINA, DEAR?... GUSTO MO AKONG MAKAUSAP TUNGKOL SA ANO, DEAR?...
A...E... WALA NAMAN... GUSTO KO LAMANG MALAMAN, KUNG SAAN KA NAGSUOT!... KUNG SAAN-SAAN KITA HINANAP, E...

SA SINE LAMANG, GREG... BAKIT, NAGAGALIT KA BA, HA? ANG SABI NG KATULONG NATIN AY PARANG GALIT DAW ANG BOSES MO NANG TUMAWAG KA DITO KANINA...
HINDI NAMAN AKO NAGAGALIT, LUCY... NAG-AALALA LAMANG AKO KUNG SAAN KA NAGPUNTA, E...

MASAMA ITO... BAKA NAGSISIMULA NA SIYANG MAGSUSPETSA! KAILANGANG PAG-IBAYUHIN KO ANG PAGIINGAT SA PAKIKIPAGTAGPO KAY FRANK...
ITUTULOY—

ABANDONADO

(Buhat sa pahina 95)

nang minsan siyang maghatid ng labada, na ang salaping inutang niya na ginugol sa pagkamatay ng kanilang ina, ay kusang-loob nang iniaabuloy sa kanya ng butihing ginang. Wala siyang kamalay-malay na nabayaran na rin ni Ben ang salaping yaon, ayon sa lihim na pakikipagkasundo nito kay aling Clara.

Binabalak na sana ni Flora, na tigilan ang kanyang paglalabada, yamang maluwag namang nakautang si Virgilio sa kasama nito, at upang maiukol ang kanyang panahon sa kanyang mga kapatid at sa ibang gawaing-bahay; nguni't dahil sa kagandahang-loob ni aling Clara, ang kanyang balak na pagtigil ay hindi niya nagawa.

Sa kabila ng lahat ang bahagyang kaluwagan sa buhay na nalalasap ngayon ng magkakapatid ay naipagpapasalamat ni Flora sa kabutihan ng bagong kasama ni Virgilio, na hindi niya nalalamang yao'y si Ben.

At minsang magbisita si Ben kina Flora, hindi kinukusa ay nauwi ang kanilang pag-uusap sa lupang sinasaka ni Virgilio, na kaharap din sa pagkakataong yaon.

—Talaga namang napakabuti ang bagong kasama ngayon ni Virgilio, —papuring wika ni Flora, subali't ang hindi niya napansin, ay ang lihim na pagsusuriyapan nina Virgilio at Ben. —bihirang makatagpo ang isang magbubukid ng gayong kasama.

—E, sino ba iyong bagong kasama ngayon ni Virgilio? —tanong ni Ben, na tila sinusubok niya, kung may higing na si Flora, tungkol sa kanilang dalawa ni Virgilio.

—Aba, e, ewan ko ba diyan kay Virgilio, —palagay ang loob na sagot ni Flora, —hangga ngayon e hindi ko pa rin nakakausap o nakikaharap kung sino iyon.

—Hindi ninyo siya makikilala kung sabihin ko man sa inyo, —agaw naman ni Virgilio. —Hindi siya taganto sa atin. Kung kailan lamang niya nabili ang lupang ipinasasaka sa akin e, —patapos na wika nito at saka lihim na namang tumingin kay Ben, na nangiti naman ng bahagya.

—Madalas ko ngang niyayaya itong si Virigilio, na sadyain naming minsan ang kanyang kasama upang pasalamatan o hatidan kaya ng kaunting bunga ng halaman, nguni't ayaw naman akong samahan nito e, —paliwanag ni Flora.

—Papano naman ang gagawin ko, ate, —wika ni Virgilio, —alam mo namang abalang-abala ako sa bukid.

—Siyanga naman, Flora, —may himig pagpapatibay na wika ni Ben, pagka't nag-aalala din siya, na baka mapilit nito si Virgilio sa tangkang pagdalaw sa kasama ng kanyang kapatid, —pasasaan ba't di magkikita rin kayo ng kanyang kasama.

Natapos ang kanilang paguusap, na ni bahid ng paghihinala ay hindi nagkaroon si Flora, hinggil sa lihim nina Ben at Virgilio.

Sa ganang kay Virgilio, kung tumatanggap man siya ng tulong kay Ben, ay hindi niya iniaasa, na pag-ibig ng kanyang kapatid ang kanyang itutumbas duon. Siya man ay hindi rin nakatitiyak kung may pagmamahal si Flora kay Ben. Buong-buo sa kanyang pasiya, na susulitan niyang lahat kay Ben ang nauutang niya dito, pagsapit ng tag-ani.

——oOo——

Samantala....

Si Ponso na walang kamalay-malay sa pagkamatay ng kanyang asawa at sa mga bagay na nangyayari sa kanyang mga anak, ay walang tigil sa paghahanap ng bagong mapapasukan, na tila naman kusang nagmamaramot sa kanya. Halos nadulugan na niyang lahat ang mga pagawaan at ibang bahay-kalakal, nguni't lagi siyang nabibigo.

Ang mga pagsasakit at pagtitiyaga ni Ponso, ay wala siyang tanging pinag-uukulan kundi si Anita. Simula nang mawalan siya ng trabaho, ay nagsimula na rin ang hindi nila pagkakasundo ni Anita. Kung dumarating siya sa bahay buhat sa paghahanap ng mapapasukan, napupuna niya ang pagiwas ni Anita, sa pakikipagusap sa kanya. At kung siya naman ang unang kumausap sa babae, paangil siyang sinasagot nito.... Wala na siyang nalalasap na mabuting pakikitungo sa kanya ng babaing pinag-ukulan niya ng lahat, at siya ring sanhi ng mga kapaitang dinaranas niya ngayon at nilasap ng kanyang pamilya.

Subali't ang puso ni Ponso ay pinalalaki pa rin ng maling paniniwala at pagmamahal kay Anita. Sa kabila ng sama na ipinakikita ngayon sa kanya ng babaing ito, ay nagtitiis pa rin siya at umaasa na muling manunumbalik sa kanila ang dating tamis ng kanilang pagsasama. Si Ponso'y walang humpay sa paghanap ng bagong mapapasukan. Alam niyang sa gayong paraan lamang maaaring mag-init na muli, ang nanlalamig na pagtingin sa kanya ni Anita.

Sa kabilang dako, ang mga pagwawalang-bahala at masamang pagpapalagay na ipinakikita ni Anita kay Ponso, ay sadyang kinukusa lamang nito. Inaakala niya, na sa gayong paraan ay maaaring abutin na ng panghihinawa ang lalaki, at siya'y tuluyan nang lalayuan nito, na siya niyang ninanais. Ngayong wala nang hanap-buhay si Ponso ay wala na rin itong halaga kay Anita.

Nagkukunwari si Anita, na ang kanyang ipinagkakagayon ay ang madalas na kawalan niya ng salaping mapupuhunan sa paglalaro, subali't lihim pa rin kay Ponso, si Anita'y hindi nawawalan o kinukulang ng salaping isusugal, pagka't ito'y lihim na tinutustusan ni Pete.

Hinihintay ni Anita na siya'y iwanan na ni Ponso, upang siya nama'y mapanibulos na ng pakikisama sa kanyang bagong kalaguyo, na buked sa masalapi ay bata pa at makisig. Alam niyang may asawa rin si Pete, nguni't ang gayon ay hindi nagiging sagabal kay Anita, pagka't siya'y hirati nang makisama sa gayong uri ng mga lalaki.

—Bakit hinihintay mo pang siya ang lumayas? Bakit hindi mo siya iwanan? —nawika ni Pete, kay Anita.

—Bayaan mo at hindi na tatagal ang ulol na iyon, —pagdadahilang sabi ni Anita. —Mabuti nang siya ang kusang umalis.... sa gayon e wala na tayong aalalahanin.

—E, ano naman ang ikatatakot mo? —usisa ni Pete.

—E, ano ang malay mo? Maaaring paghigantihan tayo, kung siya'y iwan ko, —giit na paliwanag pa rin ni Anita.

—Owww, papano pang maghihiganti iyon? —wika ni Pete, na tila hindi nababalino sa anumang mangyayari. —Lalaki rin naman ako e.

—Ang isang taong nagugulo ang isip ay maraming paraan ng paghihiganting magagawa, darling, —tutol ni Anita. —Katulad mo halimbawa, may asawa ka.... kung sa kalaunan, e matuklasan niya ang asawa mo at isiwalat duon ang ating lihim, di walang ibang mapipinsala kundi tayo; mapipilitan kang humiwalay sa akin. Kung sa bagay, hindi ako natatakot kung malaman man ng asawa mo ang nangyayari sa atin.... Maaasahan mong hindi ako lalayo sa iyo, pagka't minamahal kita.... ikaw ang aking inaalala.

Nakuro ni Pete ang maliwanag na pagmamatuwid ni Anita. Lalong natiwasay ang kanyang kaloobang at nagtibay ang kanyang paniniwala kay Anita, dahil sa huling sinabi nito.

Bagama't ibig ni Pete na masarili niya si Anita, napahinuhod na rin siyang maghintay ng pagkakataon, na si Ponso ang magkusang lumayo sa babae. Siya man ay unti-unti na ring nalalason ng pakunwaring pagmamahal ni Anita. Hindi niya akalaing mabubuhos ang kanyang loob sa babaing ito, na nuong una ay binabalak niyang paglaruan lamang.

—ITUTULOY—

DORY'S
BEAUTY PARLOR
1048 Rizal Avenue
(infront of Scala Theater)
TEL. 97 — Call 4042
DORY ACUNA
Proprietress

SPECIAL PRICES

POODLE CUT	P3.50
COLD WAVE	5.00
MAKE-UP	5.00
SPIRAL	5.00
MANICURE	1.50
TRIM & SET	1.50
SHAMPOO & SET	1.50

Paints Better for Less

KUNG ang ginagamit ninyong pintura ay YCO, kayo ay namumuhunan sa kagandahan at tibay—sa pagsasanggalang sa bayo ng hangin sa tropiko sa init ng araw at ulan na sa araw-araw sa buong taon ay nakatatambad ang tahanan ninyo. At sapagka't ang YCO ay nakapagsasanggalang sa pamiminsala ng masamang panahon sa paraang higit na mabuti at lalong matagal, kayo ay nakapagtitipid ng lalong malaki kaysa kung gumagamit kayo ng pinturang may tatak na mababang uri.

KAYA, igiit na hingin ang mga pinturang YCO—na subok nang gamitin ng mga may-ari ng tahanan at maging ng mga kontratista sa konstruksiyon.

TUMATANGGAP NG KONTRATO SA PAGPIPINTA — WALANG BAYAD ANG PAUIWANAG.

YP 4-56

YCO Paints

made in the tropics
best for the tropics

21-1

Masdan...



ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MANINGNING AT MALUSOG NA MATA

ANG ARAW-ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG

EYE-MO

AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA

1 Fl. oz. Contains: Chlorobutanol 1 gr.; Boric Acid 10 gr.; Berberine Sulphate 1/8 gr.; Zinc Sulphate 1/4 gr

Ramir

KATHA T GUHIT ni

...Jesi M. Jodloman...

Ang Kasaysayan...

NABUHAY ANG PAG-ASA NI RAMIR NANG TIYAKIN NI GUNAR NA ITO NA NGA ANG BAKAL NA HINDI YUYUKO SA TAGLAY NIYANG LAKAS AT KAPANGYARIHAN. SUBALI'T KULANG UPANG MAKAPANDAY AT MAKABUO NG TABAK NA KANYANG PINAPANGARAP. KAYA'T NAPAGPASIYAHAN NG BINATA NA HALUAN NG PINAKAMATIGAS NA MAKALUPANG BAKAL. DATAPUWA'T ANG KANYANG LAKAS NA PINAG-IIBAYO LAMANG NG NABUHAY NIYANG PAG-ASA AY TULUYANG NAGLAHO NANG ANG MAKALANGIT NA METAL AY AYAW MAGHALO SA MAKALUPANG BAKAL, AT SIYANG NAGING DAHILAN NG TULUYANG PAGPANAW NG KANYANG ULIRAT. NAGDADALAMHATING PINAGYAMAN NI EDA ANG WALANG MALAY NA KAPATID. AT SA TINDI NG PAGDARAMDAM AY NAIBULALAS ANG MGA KATANUNGANG IHINAHANAP NG KATUGUNAN SA KAKAIBANG DAMDAMING MATAGAL NA NIYANG KINUKUYOM.

IKA 15

BALISANG NILAPITAN NG MAG-ASAWA UPANG KALAMAYIN ANG KALOOBAN NG ANAK.! PATI ANG INA'Y NAPAYAPOS NA RIN KAY RAMIR... AT NAPAIYAK SA KALUNOSLUNOS NA AYOS NG ANAK...

NANG TULUYANG MAPAYAPA ANG KALOOBAN NI RAMIR AY SAKA...



SA SUSUNOD:

Ang TALAARAWAN ni Wilfredo

Nobela ni REDONDO

SI BEN ANG TSUPER NG TRAK NG AMPUNAN...
TSUPER NG AMPUNAN? MABUTI YATA'Y MAGSALAYSAY KA SA SIMULA AT NANG MAINTINDIHAN KO ANG BUONG PANGYAYARI... SIMULAN MO SA IYONG PANGALAN...
NAWALA ANG PANGINGIMI NG DALAGANG MAGSALITA AT NAHALATA KONG ANG DAHILAN NOON AY ANG PAGNANAIS NA MAIHINGA ANG MALAON NA NIYANG KINUKUYOM NA MGA DAMDAMIN..."
CLEOFE ANG IPINANGALAN SA AKIN NG MGA MADRE AT NABINYAGAN AKO SA PANGALANG IYAN... NOONG ISANG TAON AY NABATID NG MGA MADRENG KAILANGAN NG AMPUNAN ANG ISANG TRAK UPANG MAGAMIT PARA SA KAPAKANAN NG LAHAT ROON... TINIPID NAMIN ANG KAUNTING SALAPING INAABULOY SA AMIN HANGGANG SA MAKAIPON KAMI NG SAPAT NA IBIBILI NG ISANG LUMANG TRAK...

MAY ILANG DALAGA KAMING ALAGA NG AMPUNAN, KAYA MINARAPAT NG MGA MADRENG ISANG MATANDA ANG KUKUNIN NILANG MAGMAMANEHO SA TRAK... ITO'Y UPANG MAKAIWAS SILA SA ANUMANG ALINGASNGAS NA MAAARING ISIPIN NG MGA TAO KUNG ISANG BATA PA ANG MAGLILINGKOD SA AMPUNAN...

ISANG MABAIT NA MATANDANG LALAKI ANG KANILANG NAPILI...
ANG MATANDANG IYAN BA ANG SINASABI MONG BEN?

PABAYAAN NINYO AKONG MAGPATULOY... TULAD NG INAASAHAN NG MGA MADRE AY NAGING ISANG MALAKING TULONG ANG TRAK NA KANILANG BINILI... KUNG MGA LINGGO NG HAPON AY IGINUGUGOL NAMIN KAY KAMI RITO AT NAGPAPASYAL KAMI SA TABING DAGAT... SA POOK NA ITO...

ALAM KO NA... DITO MO SIGURO NATAGPUAN AT NAKILALA SI BEN, HINDI BA?
HINDI... SA IBANG PARAAN AT POOK KO NAKILALA SI BEN... ISANG ARAW AY NALIGALIG ANG MGA MADRE SAPAGKA'T ISANG DI-INAASAHANG PANGYAYARI ANG NAGANAP...
TUTULOY

AY, NAKU... RITA!

BLG. 75 nina PETE & PASTOR

Ang Nakaraan:

HINDI NAKAILA KAY MELBA, ANG TUNAY NA SANHI NG PAGLUHA NI MANG OSCAR. BATID NIYANG INILULUHA NITO ANG KASAWIAN SA PAG-IBIG. GAMANTALA, DAHIL SA PAGKAWALA NI MELBA, AY NAPIPILITANG MANGUTANG KAY TSAK BONG ANG MAG-INA NI RITA. NANG MINSANG SI RITA AY MANGGALING SA TINDAHAN NI TSAK BONG, AY NAKITA NIYA SI BERTING. TINAWAG NIYA ITO, NGUNI'T HINDI SIYA PINANSIN...

MALAYO NA SILA BERTING, AY TINATANAW PA SIYA NG NAGDARAMDAM NA SI RITA.

'NONG ARAW AY TINATAWAG NIYA AKO AT BINIBIGYAN PA NIYA AKO NG "BENTE"... NGAYON, PARANG 'DI NA NIYA AKO MAHAL...

KLANG! KANG! KLANG!

SIGURO, AKALA NIYAY HIHINGI AKO NG PERA.

OY, OY, HINDI NA PU AKO MUKHANG BENTE GAYA 'NONG ARAW... MABAIT NA PU AKO NGAYON...

MALUNGKOT NA UMUWI SI RITA... NAPANSIN NAMAN AGAD NI ALING SIDRA ANG ANAK, KAYA...

BAKIT RITA... HINDI KA BA PINAUTANG NI TSAK BONG?

HO?? ABA, PINAUTANG PO. O, ETO INAY.

GANON PALA, AY BAKIT KA TILA NAGMAMAKTOL?

KASI HO, E TINATAWAG KO ANG KUYA BERTING, AY HINDI AKO KINIBO-KITANG-KITA NAMAN NILA AKO...

SIYANGA... E SINO ANG KASAMA NIYA?

HMMM... IYON NA NAMAN PALA.

DALAWANG BABAING MAGANDA, IYON PU BANG "MESTIZA" INAY.

MAY KATWIRANG MAGDAMDAM ANG ANAK KO... HINDI NGA NAMAN DATING GANOON SI BERTING.
ULI-ULI RITA, AY HUWAG MO NA SIYANG BABATIIN KAPAG KASAMA NIYA ANG MGA IYON, HANE?
OPO INAY.
HALA, MAGDILIG KA NA NG MGA HALAMAN AT AKO NA ANG BAHALA RITO.
OPO. SIYEMGA PALA, MABUTI PA INAY AY DAGDAGAN NINYO ANG NILUGAW...KASI, BAKA MAKAUWI NA NGAYON ANG ATE.
O-OO ANAK.
SINUNOD NI RITA, ANG UTOS NG INA. SI ALING SIDRA NAMAN AY TULUYAN NG NAPAIYAK...
DIYOS KO... ITULOT PO NINYONG MAKAUUWI NA SI MELBA... HINDI KO NA PU YATA MATATAGALAN ANG PAGHIHIRAP NA ITO NG AKING LOOB.
SAMANTALA, NANG UMAGA RING IYON, SA GUBAT...
MELBA, KAHIT PALA ANO ANG ISUOT MO AY MAGANDA KA...
NAKU, HINDI NAMAN... ALAM N'YO MANG OSCAR, MALAKAS NA AKO AT WALA NA AKONG LAGNAT.
MAGALING KONG GANON. NAITO ANG IYONG ALMUSAL, ITLOG ITO NG LABUYO AT ITO NAMA'Y INIHAW NA IBON.
NAKU, PALAGAY KO'Y MARAMI AKONG MAKAKAIN NGAYON.
ABA, KAIGIHAN LAMANG MEL, MAHIRAP NA ANG IKAW AY MABINAT, HANE! TAYKA SANDALI'T TATAWAGIN KO SI' KA SELO, UPANG PAGUSAPAN NATIN ANG ATING PAG-UWI.
OHO, MANG OSCAR.
LANG SAGLIT LANG NAMAN, AT...
MUKHANG MAKAKAUWI NA NGA TAYO OSCAR. MASIGLANG-MASIGLA NA NGA SI MELBA.
KAYO PALA, KA SELO. TOTOO PO ANG INYONG SINABI. MAAARI NA AKONG MAKAUWI.
PINULSUHAN PA MUNA NI KA SELO ANG DALAGA AT...
MAAARI NA NGA HU BA?
OO OSCAR.
KUNG GANON AY GAGAYAK NA TAYO.
KUNG SA BAGAY AY HINDI KO PA YATA MAKAKAYA ANG SUMAKAY SA KABAYO-AT TILA KUMAKALOG PA ANG AKING MGA TUHOD, NGUNI'T BAHALA NA.
WALA NA KAYANG MAKAPIGIL SA PAGUWI NILA MELBA?
ITUTULOY
50 HALAL
Kay
Sa pagka
Bb. BULAKLAK
NG 1956
MAY BISA HANGGANG SA MAYO 26, 1956

Nanganganib na KATOTOHANAN

Kaya Lang Nagbago Ang Kanyang Isipan Ng Matalastas Na Ang Katotohanan

maikling nobelang tapos ni cresencia m. gordoncillo

NANLULUPAY P A Y na ang kanyang pag-asa. Pagal na ang kanyang katawan, subali't ang lahat ng kanyang pagsisikap ay pawang kabiguan ang nagiging bunga.

—Huwag kang mawawalan ng pag-asa, anak. May awa ang Diyos. Huwag mong lilimuting tumawag sa Kanya at ikaw ay Kanyang diringgin.—Gayon ang malimit ipayo ni aling Danding na kanyang ina, sa tuwing siya ay uuwing hapung-hapo sa paghahanap ng mapapasukan. At ang pananalig niyang yaon sa pangaral ng ina ang siyang nagbibigay ng lakas sa kanyang nanlulupaypay nang pag-asa, upang magsikap, magtiyaga, at tatagan

Sundan sa pahina-78